His Jinx Butterfly

by helliza

Completed


HIS
Jinxed
Butterfly
By Hellixa

Table of Contents

1. Jinx Butterfly
2. Prologue
3. 1
4. 2
5. 3
6. 4
7. 5
8. 6
9. 7
10. 8
11. 9
12. 10
13. 11
14. 12
15. 13
16. 14
17. 15
18. 16
19. 17
20. 18
21. 19
22. 20
23. 21
24. 22
25. Please Read:)
26. 23
27. 24
28. 25
29. 26
30. 27

31. 28
32. His Mischevous Lady synopsis
33. 29
34. 30
35. 31
36. Wakas
37. SC1

Jinx Butterfly

Alaina Montecro- branded as Jinx. She just want to give her mother a happy and peaceful life. Kahit hindi marangya, basta natutustusan nya ang lahat ng pangangailangan nito.

Simpleng pangarap na mahirap abutin sa tulad nyang mahirap, kinukutya at malas.

Malas na iniiwasan, nilalait at binubully.

Impyerno ang dinadanas nya sa San Gabriel University.

Until she got the attention of Sky Aragon.

New boy, sikat, playboy at mayaman.

Sa bawat galaw nya andon ito, sa bawat hirap nya nakaalalay ito, wala itong pakialam kahit na malas sya.

Pilit nya itong iniiwasan pero lapit naman ito ng lapit.

"You're mine butterfly." mga katagang lagi nitong sinasabi sa kanya.

He kissed her, as if he owned her. He embraced her as if she really belong to him.

Nang unti-unti na syang naniniwala kung kelan mahal nya na ang binata saka naman nya nalaman na kunyari lang ang lahat.

Namatay ang Mama nya kasabay ng pagkawasak ng puso at pagguho ng mundo nya.

Yna Montess- sexy sassy. Matapang at walang iniurungan.

Sya ang inatasang maging bodyguard ni Sky Aragon.

The first time they met. Nakaramdam na sya ng kakaiba.

At nang halikan sya nito.

Nang banggitin nito ang mga katagang.

"You're mine. You're my Jinx Butterfly. You're my Alaina."

Nalito sya. Ano bang pinagsasabi ng gwapo at possessive na boss nya? At parang baliktad yata bakit ito ang promoprotekta at nagbabantay, imbes na sya?

At anong kinalaman nito sa parte ng buhay nya na di nya maalala?

Prologue

Palipat-lipat ang tingin ni Yna kay Angela, ang kanyang boss at kaibigan, at sa envelope na nakalapag sa mesa.

"Are you kidding me, right?" sabi niya.

"Do I look like I'm joking to you?" malamig na balik na tanong ni Angela sa kanya.

Natigilan naman siya.

Kailanman talaga nakakatakot ang titig ni Angela Fuentebella Santiago, lalo na kapag seryoso ito.

Nakakatakot kapag walang emosyon ang asul na mata nito.

"B-but A, iba na lang. Ayokong mag-bodyguard, you know naman, I hate babysitting—walang thrill iyon."

"My decision is final. You handle this assignment. And believe me, hindi ka maiinip sa trabahong ito. So, if I were you, I'd pack my bag and go to San Gabriel."

Sumimangot siya kapag ganoon na ang tono nito—huwag ka nang makipagtalo, hindi ka mananalo.

"Fine." Inabot niya ang envelope at binuksan ito. Mahirap na pag nagagalit ito, nakakatakot.

Si Angela ang isa sa pinakamabait na taong nakilala niya, huwag lang itong gagalitin—nagiging demonyo ito.

Tanging ang asawa nitong si Dylan Santiago ang nakakapagpakalma at nakakapigil dito.

Tss. Ano ba ang sinasabi niya? Parehas na nakakatakot ang mag-asawang iyon kapag nagagalit. Period.

Ang boss nila. The D&A.

Inilabas niya ang picture ng susunod na assignment niya.

And nothing prepared her nang makita niya ang larawan ni Sky Aragon.

May mga paruparong nagliparan sa tiyan niya habang pinagmamasdan ang matang tila nakatingin din sa kanya.

Ramdam niya ang paninikip ng dibdib; napahawak siya roon at bahagyang napapikit.

"Are you okay?" tanong ni Angela.

"Ha? O-oo." Ibinalik niya ang litrato sa envelope.

"Sige, A, magre-ready na ko." Tumayo siya at humalik sa pisngi nito.

Habang naglalakad, humihigpit ang hawak niya sa envelope.

What the heck was that?

Hindi niya alam kung bakit ganoon ang naging pakiramdam at reaksyon niya nang makita ang larawan ni Sky Aragon.

Sumakay siya ng kotse.

But one thing is for sure: excited siya na makita ito.

Mula naman sa bintana ng 3rd floor sa opisina niya, pinagmasdan ni Angela si Yna.

"So, you really did it?" tanong ni Dylan sa asawa niya na yumakap sa kanyang bewang.

"Ylan."

"Ibinigay mo na sa kanya ang assignment?"

Tumango siya at yumakap dito. Kinarga naman siya nito, at umupo sila sa couch na naroon. Nakaupo siya sa hita ng asawa.

"It’s time na muli silang magkasama. Mahirap makalimutan ang minamahal, pero mas mahirap isipin na wala na ito at kailanman ay hindi mo na makikita," she said, remembering her own suffering nang mabura siya sa alaala ni Dylan.

Hinalikan naman siya nito.

"If they’re really meant for each other, forgotten memories can’t stop them from being together. Just like what happened to us. My heart remembered you because you belong to me and only me."

Ngumiti siya at hinalikan ito.

"You're right, pero hindi naman masama kung tutulong ako ng konti, di ba?"

Tumawa si Dylan.

"Knowing you, hindi lang kaunti ang itutulong mo. I’m sure na hindi ka titigil para magkasama ulit sila."

Nagkibit-balikat siya.

"I want them to be happy."

"Yeah, lahat naman kami, gusto mong sumaya. That’s why we love you."

"And I love you too, Ylan ko."

Ngumiti siya bago hinalikan ulit ito nang mabilis.

"Come, let’s see our children."

Nakangiting tumango siya.

Yeah, she is happy, at gusto niyang maging masaya ang pamilya niya, kahit na mag-playing cupid pa

siya.

1

Marahang iminulat ni Alaina ang mga mata.

Tumambad sa kanya ang butas-butas na bubong ng kanilang kwarto.

Saka dumako ang tingin nya sa ina na nakahiga sa tabi.

Isang ngiti ang sumilay sa mga labi nya.

Napansin nyang hindi na ganon kapayat katulad ng dati ang mama niya. May laman na at medyo mabilog ang pisngi nito na dati ay humpak na humpak.

Humalik sya sa noo ng ina bago tumayo sa papag na higaan.

5:30am na ayon sa orasan nilang basag ang salamin at nakasabit sa tablang tagpi tagpi na nagsisilbing dingding nila.

Lumabas sya ng kwarto na kurtina ang nagsisilbing pinto.

Ang sala nila na salat na salat ang bumati sa kanya.

Tagpi tagpi ring plywood ang haligi ng bahay nila.

Isang mahabang plastik na upuan , isang maliit na lamesa na mayroong nakalagay na maliit na radyo at lumang tv na libangan nila ang tanging gamit na makikita ruon.

Sa isang bahagi naman ay ang kusina nila kung saan nakatayo ang isang mesang kainan, pati narin ang apat na upuan ang pugon na lutuan, dalawang malaking drum na imbakan nila ng tubig at isang banga na lagayan nila ng tubig inumin, at lagayan ng plato na pwede na nilang itapon sa kalumaan.

Napabalik ang tingin nya sa sala ng makitang tumayo ang ate Cheska nya na kanilang ampon sa sahig na tinutulugan nito.

Pupunga-pungas ito na tumayo. "Gising ka na pala." Sinimulan na nitong tupiin ang pinaghigaan.

"Naku ate sorry nagising ba kita? Maaga pa ho matulog pa po kayo, ako na ho bahala magluto ng umagahan."

"Ay sus okay lang. Pagkatapos namang magluto nang umagahan at tanghalian wala na akong gagawin, magk-kwentuhan na lang kami ni ate Imelda." Sabi nito saka dumeretso sa lababo para maghilamos.

Bata lamang ito ng limang taon sa Mama nya.
Dati itong GRO sa may bayan dito sa San Gabriel. Tinulungan nila ito ng makita nilang namimilipit ito sa sakit sa gilid ng kalsada.

Binugbog ito ng kinakasama at parang hayop na pinalayas.

Walang tumulong rito kahit sino...
...Dahil dito sa San Gabriel salot ang tingin sa kung sino man ang mababa ang lipad ,may madilim na nakaraan o nagmula sa isang walang kwentang pamilya...malas ang tingin ng mga taga San Gabriel sa

ganong uri ng tao...tulad nya.

Nakita nyang nagsindi ng pugon ang ate Cheska nya kaya naman kinuha nya na lang ang balde at sumalok ng tubig sa drum. Natigilan sya ng makitang walang laman iyon.

"Naku! Pasensya na Alaina. Sumakit kasi ang likod ko kahapon pagkatapos kong maglaba. Ngayon palang sana ako mag-iigib ng tubig. Teka at ipag-iigib kita-."

"Ako na ho ate, sabi ko naman kasi sa inyo ako na ang maglalaba at mag-iigib."

"Alam mo naman ito lang ang maigaganti ko sa inyo sa pagpapatuloy nyo sakin dito."

"Si Ate talaga alam nyo naman na hindi kami nanghihingi ng kapalit sapat na pong sinasamahan at inaalagaan nyo si Mama kapag wala ako.

Ngumiti ito.

"Sigurado kaba? Mapapagod ka may pasok ka pa naman."

"Okay lang ate nine pa naman first subject ko." naglakad na sya papuntang likod bahay.

Sa likod bahay naka pwesto ang poso na pinagkukuhaan nila ng tubig. Ilang metro din ang layo nito sa kubo nila, duon din ang labahan.

Habang nagb-bomba ng poso, pinagmamasdan nya ang kubo nila na nakapwesto sa paanan ng bundok. Kung malakas lakas na bagyo lang ang dumating sigurado syang magigiba iyon.

Kung sana lang naging mulat ang mga tao sa lahat ng bagay...kung sana di makitid ang isip ng mga taga San Gabriel...kung sana hindi sya pinanganak na malas...

"*Kung sana buhay si papa."* Malungkot nyang bulong.

...Hindi sila ganito kahirap.

Pagkatapos nyang mapuno ang drum, dumeretso na sya ng banyo para maligo.

Nang makapaligo nadatnan nyang gising na ang mama nya at mag-aalmusal na.

"Good morning Ma." humalik sya sa pisngi nito.

"Kain na Alaina." Yaya ng Ate Cheska nya.

Tinignan nya ang umagahan nila.

Kaunting sinangag at tatlong pirasong tuyo lang iyon. Kapeng malabnaw na sigurado syang wala ding asukal.

"Kape na lang ang sa akin ate Cheska."

"Ano ka ba namang bata ka,bakit kape na naman ang aalmusalin mo?" saway ng Mama nya ng marinig sya.

"Eh Ma alam nyo naman na nagd-diet ako." pilit nyang pinasigla ang tinig at sinamahan pa ng isang ngiti habang nakatingin sya sa ina na tagos- tagusan ang tingin sa kanya.

"Aba Alaina Mae, bulag lang ako, pero may pandama pa din." pakapa-kapang hinanap nito ang braso nya.

"Ayan o ang payat payat muna,at saka hindi mo naman kailangan na magdiet. Dahil sigurado ako na kahit puro kadiliman lang ang nakikita ko sigurado akong maganda ang anak ko. Mana ka yata sakin."

Napatawa naman sya kahit nangingilid ang luha sa mga mata.

Nakakaunawang pinisil naman ng Ate Cheska nya ang kamay nya.

"S-sige na nga kakain na ko, pero susubuan ko kayo ha."

"Sus naglambing pa ang anak ko. O sige subuan mo ang Mama."

Sinibuan nga niya ito. Pinaubos nya rito ang pagkain at sinabing marami syang kinakain, kahit ang totoo dalawang subo lang ang ginawa nya. Nang makatapos pinainom nya ito ng gamot saka sya nagpaalam na aalis na.

"Aalis na ako Mama ate Cheska, huwag kayong magpakapagod ha, ako na ang bahala sa mabibigat na gawain ate."

"Anong oras ka uuwi anak?"

"Huwag nyo na po akong hintayin, baka gabihin na ho ako. Ate Cheska pakisamahan na lang po muna si Mama sa kwarto."

Tumango si Cheska sa kanya.

"Ingat ka sa daan anak."

"Opo."

Pagkatapos halikan ang ina at magmano kay Cheska. Umalis na sya sakay ng lumang bisekleta nya.

Higit dalawang oras ang layo ng bahay nila sa bayan kapag nakabisekleta at duon sa bayan nakatayo ang Saint Gabriel University na siyang pinapasukan nya.

Full scholar sya sa pangmayaman na unibersidad na iyon.

In her every day life ganon kalayo at kahirap ang dinadanas nya para makapasok hindi lang sa SGU kundi pati narin sa dalawa nyang trabaho.

Pababa at bako-bako ang daan bago sya makarating ng highway.

Sa highway, sasakyan at ang buong mamayan ng San Gabriel na nakakakilala sa kanya ang kalaban nya, at hindi na bago iyon.

Tulad ng inaasahan pagdating nya sa bayan lahat ng mga mata nakapako sa kanya, mga matang puno ng panlilibak at panunuya.

"Ayan na naman ang malas." Narinig nyang sabi ng isang ale sa isa pang ale.

Patay malisya naman sya at tila walang narinig.

Sa minsang paghinto nya sa gilid ng daan. Sa tapat ng isang tindahan, sigaw naman ang narinig nya sa tindero.

"Hoy Malas! Umalis ka dyan sa tapat ng tindahan ko! Naku baka mawalan ako ng costumer! Layas diyan! Layas!" binato pa sya nito ng tansan.

Walang imik at yuko ang ulo na pinaandar nya ang bike.

Malas! Salot! Iyon ang turing sa kanya ng mga naruon. Malas daw sya, dahil sa kasalanan ng magulang nya. Anak daw sya ng dyablo!

Ilan lamang ang mga salitang iyon sa tinatawag sa kanya.

Dahil nakayuko, hindi nya nakita ang papasalubong na sasakyan kung hindi nya pa narinig ang busina, hindi pa sya titingala.

Nanlaki ang mga mata nya ng makita na mabubunggo siya.

Kinabig nya ang manibela patabi, para lang muling magulat ng may makitang nakaparadang sasakyan duon. Wala syang nagawa kundi isadsad ang bike nya sa tabing kalsada.

Nagtilian ang mga naruon at nagtakbuhan palayo.

Bumagsak sya paupo. Napapikit ng mariin ng maramdaman nya ang sakit nang madaganan ng bike ang kanang hita nya.

"How tanga! Kung magpapakamatay ka huwag mo akong idamay, bwisit ka!" bulyaw sa kanya ng driver ng sasakyan.

"Naku nagsabog na naman ng kamalasan ang salot na to."

"Buti na lang di ako nabagsakan kundi mata mo lang walang latay na malas ka!"

At kung anu-ano pang bulung-bulungan ang narinig nya, wala man lang kahit na isa ang lumapit para tulungan sya.

Pilit nyang itinatayo ang bike na dumagan sa kanya para makatayo na. Ngunit bahagyang mabigat iyon kaya hirap na hirap sya. Maluha luha narin sya sa sakit.

She knows na walang tutulong sa kanya. She need to help herself dahil kung hindi hindi sya makakaalis ruon at gagawing kakatawanan ng lahat.

Nang biglang isang kamay ang humawak sa kamay nya, tumulong na maialis ang bike, bago sya inalalayan na tumayo.

Bumilis ang pintig ng puso nya. Hindi lang dahil sa nagulat sya na may tumulong sa kanya sa kauna-unahang pagkakataon, Kundi dahil din sa init na nagmumula sa kamay na ngayon ay nakahawak sa kamay nya at sa kuryenteng hatid nuon na gumagapang sa buong katawan nya.

"Miss masakit na masakit ba?"

Napatingala sya. Pamilyar ang baritonong tinig nito.

Ganon na lang ang pagsinghap nya ng makilala ito.

"Miss masakit na masakit ba ang hita mo? Kailangan ba na dalhin na kita sa hospital?"

Hindi nya magawang ibuka ang bibig para sagutin ito. Pakiramdam nya namanhid ang buong katawan nya. Natulala sya rito.

Kumunot naman ang noo ng lalaki. Bumakas ang pag-aalala sa gwapong mukha.

"Ganon ba talaga kasakit at hindi mo magawang makapagsalita? Lets go to my car para madala ka na sa hospital."

"Anong ginagawa ng binatang Aragon?" Narinig nyang anas mula sa likod nya.

"Bakit dinidikitan nya ang malas na yan?"

"Naku! Baka malasin sya!"

Dahil sa mga narinig tila napapasong nahila nya ang kamay na hawak pa din nito saka sya dali-daling lumayo.

"Hey!" Nagulat ito ng hilahin nya ang bike.

Yuko ang ulo at iika-ikang naglakad sya palayo rito.

"Hey Miss di kaman lang ba magpapasalamat?"

Napahinto sya. Napakagat labi.

Yuko ang ulo na hinarap nya ang binata.

"S-salamat." Halos pabulong na sabi nya.

Pagkasabi nuon ay tumalikod sya. Para lang muling tawagin nito.

"Miss wait, mukhang nasaktan ka. I think you really need to go to hospital." he said habang naglalakad papalapit sa kanya.

Nanigas sya. "*Ano bang gusto ng lalaking ito? Imposibleng di nya ako kilala."*

"Miss." Napapitlag sya ng hawakan sya nito sa balikat. "Iika-ika ka dapat talaga-."

"Ayos lang a-ako s-salamat." Saka nagmamadali syang sumakay sa bike nya, ignoring the pain in her left leg.

"Miss wait." Mas binilisan nya ang papadyak ng tinawag sya nito.

Hingal kabayo siya ng makarating sa back gate ng Saint Gabriel University. Shock parin sya sa mga nangyari kanina. Pinilig nya ang ulo para alisin sa isip ang gwapong mukha na iyon.

Dito sa may likod ng unibersidad sya dumadaan simula ng pumasok sya.

She's a 4th year students sa kursong Management. Ito ang unang araw ng klase.

Every time na pumapasok sya dito sa SGU mas ramdam nya na hindi sya tanggap ng San Gabriel.

Sa suot nyang kupas na maong lumang t-shirt at halos masira nang rubber shoes nagmumukha syang basahan kapag napapahalo sa mga estudyanteng nag-aaral rito.

Halos lahat mamahalin ang suot, mamahaling alahas. Mga fashionista at...mayayabang.

Ipinarada nya ang bisekleta nya, malayo sa tabi ng mga mamahaling sasakyan na naka park ruon.

Nadala na sya noon, nang minsang di sinasadyang dumikit ang bike nya sa isa sa mga mamahaling sasakyang, nagalit ang estudyanteng may-ari niyon at sa galit nito sinira nito ang lumang bike nya.

At hanggang ngayon naruon parin ang bakas ng galit nito.

Baluktot ang manibela ng bisekleta nya, at hanggang ngayon sumasakit parin ang puwitan nya sa nasirang upuan na hindi nya parin napapaayos.

Mula nuon sinisigurado nya na laging malayo ang bike nya.

Nang maiparada ang bike yuko ang ulo na naglakad sya.

Ang parking lot na ito ang nagsisilbing daanan nya. Mas komportable syang maglakad dito kesa sa quandrangle kung saan marami syang estudyante na nakakasabay.

Tahimik ang paligid habang naglalakad sya.

Katahimikan na binasag ng ingay ng makina mula sa paparating na motorsiklo.

Patuloy parin syang naglakad at hindi pinansin ang paparating. Kapag natawag ng pansin ng estudyanteng iyon na naandito sya malaki ang posibilidad ng mapagtripan sya.

"Look who's here."

Napahinto sya kasabay ng paggapang ng takot sa sistema nya ng makilala ang sakay ng motor.

Si Randy Orneso at ang grupo nito, na kilala sa pagiging addict at maloko. May bali-balita na rapist din ito at nalulusutan lang ang mga kaso sa tulong ng angkan nito na mayaman. Isa rin ito sa madalas mantrip at mang bully sa kanya. Minsan nanakit din ito.

"Mukhang nag-iisa ka Ms. Jinx."

Umiwas sya at hindi ito pinansin.

Ngunit isa sa kagrupo nito ang humarang sa kanya.

"Please padaanin nyo ko. M-mahuhuli na ko sa k-klase ko." fear is visible in her voice.

Umatras sya ng lumapit si Randy na sakay parin ng motor nito.

"Bakit ka naman nagmamadali? Dont you want to be with me?"

Ganon na lang ang takot nya ng himasin nito ang pisngi nya.

Tinabig nya ang kamay nito.

Napagkakamali nya dahil biglang tumalim ang tingin nito sa kanya.

"Aba! Matapang ka rin pala."

Nagulat at napaigik sya ng sambunutan sya nito.

"You know what. Kahit malas ka may itsura ka rin, pwede narin kitang pagtyagaan. " Tinignan nito ang kabuaan nya. "Seksi ka rin naman."

Nakadama sya ng kilabot at pandidiri ng mabasa nya ang pagnanasa sa mga mata nito.

"B-bitawan mo ko p-please." lalong nadagdagan ang takot nya ng mapansin ang pamumula ng mata nito. He is high!

Nang tumawa si Randy, tumawa din ang grupo nito.

"Kita nyo mga pare ko, pakipot pa." Humigpit ang pagkakasambunot nito sa kanya. Making her cried in pain.

"Hoy babae! Huwag ka nang mag-inarte, dapat maging thankful ka pa nga at papatulan ko ang isang tulad mo."

Nag-umpisa nang mangilid ang luha nya dahil sa sakit.

"Ipapatikim ko sayo kung gaano ako kasarap humalik ewan ko lang kung hindi ikaw ang maghabol sakin." Naghiyawan na at tuwang-tuwa ang kagrupo nito nang makita na hahalikan sya.

Pilit naman syang kumakawala dito.

"*Please somebody! Help me!"*

"Orneso!" Ang malakas na sigaw na iyon, na umalingawngaw sa buong parking lot, ang nagpahinto kay Randy sa balak nitong gawin sa kanya, sabay pa silang lumingon para tignan kung sino iyon.

Sumalsal ang tibok ng puso ng makilala kung sino ito.

"What are you doing?" may galit ang tinig na tanong ng tagapagligtas nya.

"Huwag kang makialam dito Sky Aragon, away magsyota ito." Irita ang boses na sabi ni Randy.

"Hindi ganon ang tingin ko Orneso."

"Eh Di itanong mo sa kanya." Binalingan sya ni Randy ng may pagbabanta. Inalis nito ang kamay sa buhok nya.

"Hindi ba away syota lang to sweetheart!"

Hindi sya makasagot. Dumako ang tingin nya kay Sky.
Nabasa nya sa mga mata nito ang assurance na walang mangyayaring masama sa kanya kapag nagsabi sya ng totoo.

"H-hindi." Umiling sya. " Hindi ko sya boyfriend. H-hinaharass n-nya ko p-please help me!"

"You slut!"

Napapikit sya ng umangat ang kamay ni Randy para sampalin sya. Hinintay nya ang sakit na ibibigay nito.

"Don't dare Randy! Lay your hand to her at sisiguraduhin ko na may mangyayaring di maganda sayo!" bakas sa boses ni Sky na totototohanin nito ang sinabi at hindi isang pagbabanta lamang.

Nagtagis ng tingin ang dalawa. Matatalim ang kay Randy habang malamig at nakakatakot ang kay Sky.

Unang sumuko si Randy.

Marahas sya nitong itinulak. Sa lakas ng tulak nito nawalan sya ng panimbang at kung hindi sa mga bisig na sumalo sa kanya malamang lumagpak sya sa semento.

"Ayan magsama kayo! Marami pang iba dyan! Sayong sayo na ang malas na yan!" Pagkasabi nuon pinaandar nito ang motor at umalis kasunod ang grupo nito.

Nang mawala ito sa pangingin nya nakadama sya ng panghihina. Noon lang din nya pinakawalan ang hikbi na pinipigilan.

"Hey okay na." Lumipat si Sky sa harap nya at hinawakan sya sa magkabilang balikat.

"Its okay Alaina. Stop crying everything is alright now."

Napahinto sya sa pag-iyak at napatingin dito.

"K-kilala mo ako?"

"Of course." nakangiting sagot nito.

"*Of course Alaina, kilala ka nya, walang hindi nakakaalam sa pagiging Jinx mo remember?"*

Sa isiping iyon naitulak nya ito.

"S-salamat sa p-pagtulong mo." Inayos nya ang backpack na suot bago dali-daling naglakad.

"Hey wait." Napasinghap sya ng malakas ng hawakan siya nito sa braso at hilahin. Nanlaki ang mga mata nya ng sumadsad siya sa katawan nito.

"Dalawang beses na kitang tinulungan hindi ba dapat may reward na akong matatanggap mula sayo?" Suwabeng sabi nito na humawak pa sa bewang nya.

Muli syang napasinghap. "A-anong ibig mong sabihin?"

"How about a date?"

Napaawang ang mga labi nya. Hindi makapaniwala. "*Si Sky Aragon niyaya akong magdate?*"

Tumingin sya sa mga mata nito. Mockery is evident in his eyes dahilan para mawala ang kilig na nararamdaman nya.

"T-thank you sa d-dalawang beses na pagtulong mo Mister. H-hanggang thank you lang ang k-kaya kong ibigay p-pasensya na."Tumalikod sya at lakad takbo na lumayo. Laking pasalamat nya ng hindi ito sumunod.
Nasa papalikong daan na sya ng marinig nyang sumigaw ito.

"Nice meeting you Ms.Alaina Mae Montecro. Im Sky Aragon i'll claim my reward some other time."

Bumilis na naman ang tibok ng puso nya pero hindi na nya ito nilingon.

Gusto nya lang makaalis rito dahil tila aatakehin sya sa puso kapag nagtagal pa sya.

"*Ano bang nangyayari?"* litong tanong nya sa sarili.

Helliza's Note...

Ellow here it is hope na basahin nyo;-)

Please read my other story. His Blue Eyed Bad Girl Angel.

Thank you, thank you.

God Blessed.

2

Natahimik ang buong silid ng pumasok sya. Lahat ng estudyante na naroon ay napatingin sa kanya.

Nasa classroom sya ng first subject nya para sa araw na iyon at tulad ng mga nakaraan na taon. Nagbulungan na naman ang mga bago nyang classmates, all in her expenses.

"Schuck! Bakit classmate natin ang panget na malas na yan!"

"Oh my mahahaluan tayo ng basura!"

"I want to go lipat na ng classroom ayaw kong mahawa kay Malas!"

Lahat iyon naririnig nya,dahil sadyang pinaparinig sa kanya.
Hindi sya umimik at yuko ulo lang na naglakad at naghanap ng upuan.

Nakakita naman sya ngunit bago pa man sya makaupo may sumigaw na.

"Hoy malas huwag kang umupo dyan, ayaw kitang katabi!" singhal sa kanya ng magandang babae na nakatayo sa harap nya. Si Pricilla ang anak ng amo nya sa pinagtratrabahuhan na restaurant, isa rin ito sa madalas na mambully sa kanya.

Tahimik na umalis sya sa upuan at sa harap nito.

Sa pinakadulo sya nakaupo sa tabi ng bintana, may dalawang bakante pa sa tabi nya na sigurado syang di uupuan.

Nasisinagan sya ng araw sa pwesto nyang iyon, na hindi nya pinansin di bale ng mainitan wag lang mapag-initan ng mga classmates nya.

Yuko ang ulo at tahimik lang syang nakaupo. Samantalang ang mga classmates nya maiingay at sige sa pagyayabangan.

Inabala nya ang sarili sa pagbuo ng key chain puzzle nya na paruparo ang design.

Hindi pa sya nag-iinit sa pagkakaupo ng may lumipad na libro sa harap nya.

Sa gulat nya napatayo syang bigla dahilan para tumama ang nasaktan nyang hita sa table ng armchair. Napasinghap sya sa sakit.

Tumawa ang mga classmates nya.

"Oppss sorry nabitawan ko at lumipad. Hindi ko alam kung bakit." Si Priscilla na hindi naman mukhang nags-sorry nakangiti pa nga ito. Napahawak ito sa bibig. "Oh i think i know na, kasi malas ka! Ang dami-dami namang pwedeng bagsakan ng libro ikaw pa. You are really a jinx, right guys?"

Sumigaw bilang pagsang-ayon ang mga classmates nya saka tumawa ulit.

Napaupo na lang siya at muling yumuko.

"Mukhang nagkakasayahan tayo ah."

Napatingin silang lahat sa pinto ng may nagsalita mula ruon.

"Sky!" Tili ni Priscilla.

"Hi to all of you." bati naman nito na humakbang papasok.

Sinalubong ito ni Priscilla, ng ilang kababaihan at mga lalaking kaibigan nito.

"OMG, don't tell me classmate kita sa subject na'to!"

"Come on Priscilla, para namang napakalaking deal kung magiging classmate nyo ako."

"Of course karangalan namin na maging classmate ang isang Sky Aragon." sumang-ayon ang lahat sa sinabi ni Priscilla at nagpakilala rito.

Lahat nagpakilala rito maliban sa kanya na nagpakayuko yuko pa.

"*Classmate ko sya...classmate ko si Sky Aragon."*

"And that girl at the back? What's her name?"

Natahimik ang lahat sa tanong ni Sky samantalang napaangat sya ng tingin.

Ganon na lang ang pagbilis ng tibok ng puso nya ng magtama ang mga mata nila, his eyes is piercing her. Tila palaso ang mga mata nito na nakatitig sa kanya.

Kanina sa parking lot hindi nya napagtuunan ng pansin ang mga mata nito dahil sa takot.

Pero ngayon habang nakaupo sya at nakatitig dito nararamdaman nya na natutunaw sya...sa paraan ng pagtitig nito, na para bang binabasa nito ang kaluluwa nya. At hindi sya makapaniwala na tinitigan sya ni Sky Aragon. Iyong titig na walang halong panunuya, pang-aasar at galit bagkus iba ang nababasa nya sa mga mata nito na ayaw nyang paniwalaan.

"Hay naku! Don't bother Sky, hindi sya importanteng tao at hindi sya karapatdapat na kilalanin, she is nothing."sabi ni Priscilla.

Gusto nyang mapayuko sa sinabi nito But Sky eyes held her eyes captive.

"She's going to be my classmate for a year so dapat makilala ko sya." sagot ni Sky na saglit lang itong tinignan.

"Oh, you're so kind talaga lalo tuloy akong naiinlove sayo." Maarteng sabi ni Priscilla.

"Yun oh."

"Kaw na Priscilla."

Nagsigawan pa ang iba.

Si Sky tila walang naririnig patuloy lang ito sa pagtitig sa kanya. Nakadama sya ng pagkailang.

Sumimangot si Priscilla ng hindi ito pansinin ni Sky.

"Anyway, Sky meet Alaina Mae Montecro. A.K.A Malas or Ms. Jinx. Alam mo naman kung bakit Jinx diba? Lahat ng lumalapit sa kanya minamalas, kaya beware Sky kapag nasa paligid sya. And hindi bagay sayo ang mapadikit sa tulad nya dahil malinis at ginagalang ang pamilyang kinabibilangan mo unlike her."

Yumuko sya, sanay na syang pinapahiya at mapahiya. Hindi nya na pinapansin ang mga ganon. But now di nya mapigilan na mangilid ang luha sa mga mata sa tindi ng panliliit na nararamdaman sa harap ni Sky Aragon.

"**Dito ka na maupo sa tabi ko Sky."** alok ni Priscilla after syang ipakilala.

"No thank you, pero sa dulo ako mauupo."

Nagsinghapan ang mga classmates nila at kahit hindi sya nakatingin alam nyang ang katabi nyang upuan ang tinutukoy nito dahil iyon na lang naman ang bakante.

Naramdaman nya na may naglakad papalapit sa kanya.

"Hi Alaina may nakaupo ba rito?"

"Ha?" napaangat sya ng tingin. Nakatayo na ito sa gilid nya. Iniwas nya ang tingin ng magkasalubong ang mga mata nila.

"W-wala." mahina nyang sagot.

"Good." sabi nito at sa gulat nya ay mabilis na naupo ruon. Duon mismo sa tabi nya.

"My God! Sky bat dyan ka naupo!" Si Priscilla.

"Oo nga pare wag dyan sa tabi ni Malas." segunda ng isang classmate nilang lalaki Kay Priscilla.

"Lumipat ka na lang dito Sky hindi ka bagay dyan." wika pa ng isang babae.

"No Im fine here. Mas komportable akong maupo rito." Napatingin sya rito. Hindi nya inaasahan na ganon ang sasabihin nito. Inaasahan nya na tatayo ito at aalis sa tabi nya.

Eksaktong tumingin din ito sa kanya. Napahawak sya sa tyan ng tila may paruparo na nagliparan duon nang ngitian sya nito, kasabay ng pagtriple ng tibok ng puso nya. Nag-iwas kagad sya ng tingin.

"Hey you Malas!" napapitlag sya ng sigawan sya ni Priscilla.

"Siguro naman hindi mo gustong hawaan ng kamalasan si Sky. Baka naman you want to stand up na at lumipat. Napaka ambisyosa mo naman kung gusto mo syang tabihan."

Nakuha naman nya ang gusto nitong sabihin.

Walang imik na dinampot nya ang bag at tumayo. Pinilit nyang wag masanggi si Sky sa pagdaan nya sa harap nito, ngunit ito na mismo ang humawak sa braso nya sa labis na pagkagulat nya.

"Wait you don't-aray!" dahil tila napaso sa hawak nito nahila nya ang braso, hindi nito inaasahan iyon, kaya ang kamay nitong nakahawak sa kanya ay tumama sa labi nito.

"I-im sorry." natatarantang sabi nya, lalo na ng makitang may dugo ang labi nito.

"Sky! OMG! Give me a tissue, bilisan nyo." si Priscilla na natataranta din.

"Hey relax Im okay." Kinuha ni Sky ang panyo sa bulsa at pinunasan ang labi.

"I told you na kasi na mamalasin ka pag tumabi ka sa malas na yan eh. Look what happened wala pang five minutes, minalas ka na."
Binalingan sya ni Priscilla.

"Tignan mo ang ginawa mo! Malas ka talaga!" asik nito sa kanya.

"I-im s-sorry hindi ko n-naman sinasadya."

"Hindi sinasadya? Pwede ba lumayo ka kay Sky o mas maganda don't go into this class ever again. First day of class naghahatid ka ng lagim. Get out!"

"Yeah umalis ka rito we don't want you here!"

"Get out bago pa kami mahawa sa Jinx mo!"

Sunod-sunod na pagpapalayas pa ang narinig nya.

Naiiyak na kinuha nya ang bag para lumabas na ng umalingawngaw ang sigaw ni Sky.

"Stop." puno ng awtoridad ang boses nito.

Nahinto ang lahat at napatingin dito, even her.

This time wala ang ngiti sa mga labi ng binata, napalitan iyon ng seryosong ekspresyon.

"Hindi nyo sya kailangan paalisin, it was an accident at nagsorry na si Ms. Montecro sakin." he said.

"But Sky nasugata-." pinutol nito sa pagsasalita si Priscilla.

"Na hindi naman malala. So its no big deal."

Walang nakapagsalita sa mga ito. Sino nga ba naman ang mangangahas na salungatin ang isang Sky Aragon.

"Fine hindi na sya aalis." Pagsang-ayon ni Priscilla " But you." tinuro sya nito. "You better stay away to Sky para di na sya mapahamak sa kamalasan na dala mo. Huwag kang tumabi sa kanya. Alis dyan."

"No!" muli na namang kontra ni Sky. "Hindi sya lilipat sa ibang upuan. Dito sya uupo sa tabi ko."

"Pero Sky baka malasin ka!" gulat na sabi ni Priscilla.

"Don't worry Priscilla, hindi ako naniniwala na malas sya and i can take care myself, no need to be worry."

Binalingan sya ni Sky.

"Pwede ka nang maupo ulit rito Alaina." wika nito na nakangiti na ulit.

Nag-alinlangan sya at tumingin kay Priscilla na masama ang tingin sa kanya bago lumipat sa mga labi ni Sky na may hiwa.

"T-tama sila b-baka mas lalo kang madisgrasya kapag nasa m-malapit ako."

"See Sky kahit sya aminado sa malas na dala nya."

"Uulitin ko ang sinabi ko kanina Alaina." Hindi nya alam pero nag-iiba ang pakiramdam nya kapag sinasabi nito ang pangalan nya. "Hindi ako naniniwala na malas ka and I can take care myself. Now umupo ka na rito because any minutes now darating na ang professor natin."

Ibat-ibang emosyon ang nararamdaman nya habang nakatayo at nakatingin rito.

Gulat,alinlangan at takot ngunit sa kabila nuon isang emosyon pa ang mas nangingibaw...tuwa. Ito ang unang taong nagsabi na hindi sya malas.

"Now Alaina tatayo ka na lang ba o bubuhatin kita? Believe me mag-eenjoy ako na gawin iyon." He playfully said. Bagamat nabasa nya sa mga mata nito na hindi ito nagbibiro.

Nanlaki ang mga mata nya at napabalik sya kaagad sa upuan, kasabay ng pag-upo nya ay ang pagtawa ni Sky, habang ang mga classmates nila ay di makapaniwala na nakatingin sa kanilang dalawa.

Sky Aragon. Anak nina Carmela at David Aragon.

David Aragon is the Mayor of there town habang kilalang businesswoman ang Mama nito. Pag-aari ng mga ito ang mga five star hotel dito sa San Gabriel sa iba pang karatig bayan at Maynila. May hotel din ang mga ito sa Greece.

Kaedad nya ito 23years old at business administration ang course.

Galing itong Greece at nagtransfer lang last year.

Kahit bago lang ito sikat na ito kaagad. Bakit? Dahil gwapo ito. He is 6' at kulot ang buhok nito na bagay rito. He is fit. Kulay brown ang mga mata at may dimples sa magkabilang pisngi.

Isa pang dahilan ng pagsikat nito ay ang pagiging friendly nito, lagi itong may nakahandang ngiti. And he is a playboy, a typical type para sa isang tulad nitong mayaman at gwapo. Hindi naman ito iyong tipong linggo linggo iba-iba ang girlfriend actually wala pa syang naririnig na naging girlfriend nito o nanligaw ito ang lagi nya lang naririnig ay na l-link ito.

Unang beses nya itong nakita ng mabangga sya nito sa restaurant nila Priscilla.

Nagsorry ito sa kanya, at tinulungan pa syang tumayo and when he smiled at her nalaglag yata ang puso nya.

Mula nuon lihim nya na itong pinagmamasdan, kahit na nga madalas syang nakayuko pagnagkakasalubong sila.

Kuntento na sya sa ganon. Ang pagmasdan ito ng lihim sa malayo.
Kaya hindi nya sukat akalain na makakatabi nya ito sa upuan ngayon.

Deretso ang tingin nya sa white board. Pilit na iniignora ang binatang katabi nya.

Kung pagmamasdan sya aakalain mo na ang buong konsentrasyon nya ay nasa professor nila na nagtuturo sa harapan pero ang totoo sapiliting pumupunta ang konsentrasyon nya sa katabi.

"*Umayos ka Alaina*." Saway nya sa sarili.

"Hindi ka ba naiinitan?"

Napapitlag siya sabay tingin dito.

"Ha?"

Ngumiti ito. "I said hindi ka ba naiinitan nasisinagan ka na ng araw." Tumingin ito sa relos. " And its already past nine hindi na yan healthy at masakit na sa balat."

Tumingin sya sa bintana at napapikit ng tumama ang sinag ng araw sa mga mata nya. Saka lang sya naging aware sa sakit na dulot niyon.

Masyado syang naiilang sa presensya ng binata at nakalimutan nya na ang init.

Binaling nya ang tingin kay Sky para maiwasan ang sinag na nakakasilaw.

"O ayan ang init na ng braso mo." Nagulat sya ng hawakan nito ang braso nya. "Dapat siguro magpalit tayo ng pwesto. Ako na lang dyan." Suhestiyon nito.

Hinila nya ang braso.

"H-hindi na o-okay na ako rito." Ibinalik nya ang tingin sa professor nila na abala sa pagsusulat.

Narinig nyang bumuntunghininga ang binata.

Tumayo ito at tinawag ang pansin ng professor nila.

Tumigil naman ito at humarap kay Sky.

"Yes Mr. Aragon?"

"Pardon me for disturbing you sir. Gusto ko lang nama itanong kung pwede nating ibaba ang kurtina ng bintana. You see naiinitan na po ang mga classmates ko na nakapwesto sa bintana, especially Alaina. Buksan na lang ho natin ang ilaw para hindi ganon kadilim."

Napaawang ang labi nya. Alam nyang mabait si Sky pero hindi nya sukat akalain na i-special mentioned nito ang pangalan nya. She didn't know kung ano ang gusto nitong palabasin. Hindi naman sila close para gawin nito iyon.

Pumayag naman ang Professor nila.

Muling naupo si Sky. Binalingan ulit sya.

"Ayan hindi ka na naiinitan. Okay ka na ba?" tanong nito, at sa ikalawa at ikatlong pagkakaton nagsinghapan ulit ang mga classmates nya.

Tumango sya hindi sinasalubong ang mga mata nito. "S-salamat." Ayaw nyang salubungin ang mga mata nito dahil baka makita nito ang kilig na nagpupumilit na kumawala sa kanya.

"*You fool Alaina bakit ka kinikilig ? Talaga lang na mabait sya, if ever na may pinahiwatig nga siya don't be stupid to believe it. He is a play boy. So stop dreaming and acting like a teenager."* Kastigo nya sa sarili.

Bumuntunghininga sya at pilit na inaalis ang isip sa binatang katabi.

But how can she do that? Gayong ramdam nya ang ang mga titig ni Sky Aragon sa kanya.

*****

3

"**Hey Alaina wait."** Narinig nya ang pagtawag na iyon ngunit imbes na huminto, mas lalo nya pang binilisan ang paglalakad. Lumiko sya sa isang pasilyo at nakihalo sa maraming estudyante.

"Alaina!" Muling tawag sa kanya na hindi nya parin nilingon.

"*Ano bang kailangan nya?"*

It was Sky who keeps calling her. Kanina pagkatapos ng klase tahimik syang lumabas. Iniwasan nyang mapatingin kay rito na kinakausap ni Priscilla at ng iba pa nilang kaklase.

Kaya naman nagulat sya nang pagbaba nya ng hagdanan ay tawagin sya nito. Sa kung ano mang dahilan wala na syang balak na alamin.

Mula pagkabata hindi sya nilalapitan ng mga tao wala nga sya kahit isang kaibigan. Kaya hindi nya maintindihan kung anong kailangan nito sa kanya.

Dati naman di sya pinapansin at nilalapitan nito, at lalong di sya umaasa na mapansinin nito, sya na tinaguriang malas ng buong San Gabriel dahil sa pamilyang pinagmulan nya.

Wala talaga syang maisip na dahilan kung bakit pa sya tinatawag nito.

Unless ibu-bully rin sya nito. Iyon lang naman iyon, nilalapitan lang sya para i-bully at pagkatuwaan.

Huminto sya sa tapat ng locker nya at inilabas ang tatlong libro na kakailanganin nya sa mga susunod na subject.

After that yuko ang ulong naglakad sya ulit.

"Alaina." Kasabay ng pagtawag na iyon ay ang paghawak sa braso nya.

Napaharap at nabangga sya sa isang matipunong dibdib. Dahil hindi nya inaasahan nabitawan nya ang mga librong dala and the next thing she hear ay ang pagsinghap ng taong humila sa kanya na walang iba kundi si Sky.

"Shit!" bumagsak ang mga libro nya sa paa nito makakapal iyon at kung ang dulo ang tumama dito alam nyang nasaktan ito talaga.

"S-sorry."

Yumuko sya para tignan ang mga paa nito.

Ang mga estudyante sa corridor na iyon ay sa kanila na nakatingin.

Lumuhod sya at hinawakan ang sapatos nito.

"You don't have to do that." mabilis syang pinigilan ni Sky. Hinawakan ang kamay nya.

Ayan na naman ang kakaibang kuryente at init, nararamdaman na naman nya.

Napatingin sya rito. Nagtama muli ang mga mata nila.

Tulad kanina, para siyang nalulunod sa mga mata nito. Ang paraan ng pagtitig nito para bang may binabasa na kung ano sa mga mata nya.

Nanlaki ang mga mata nya ng lumapit ang mukha nito sa mukha nya. Nakaluhod parin sya kaya yumukod ito.

"You have a beautiful eyes and kissable lips." bulong nito.

Hindi kaagad na process ng utak nya ang ibig nitong sabihin at bago pa sya makapag-react may babaeng humila kay Sky palayo sa kanya.

"My God Sky! What happened?" tanong kaagad ng babae na nakilala nya. Margaret Escobar ang babaeng patay na patay at hayag na hayag ang damdamin kay Sky. Anak ito ng vice mayor at mayaman din ang angkan.

Bago pa makasagot si Sky nakita na sya ni Margaret.

"Oh I know na, napadikit ka kay Malas."

Nagyuko sya ng ulo at dali-daling pinulot ang mga libro.

Nakalapit naman ulit sa kanya si Sky. "Let me help you."

"A-ako na." binilisan nya ang pagdampot para maunahan ito.

Sa kagustuhan nyang makaalis kaagad duon nawala sa isip nya ang hita nyang nasaktan kanina ng matumba, di sinasadyang tumama iyong sa kanto ng locker, nakatingkayad na sya nuon kaya naman nawalan sya ng panimbang at natumba, at dahil talagang malas sya tumama pa ang noo nya sa locker. Napapikit sya sa sakit at bahagyang nagdilim ang paningin.

"Alaina!" mabilis naman syang nadaluhan ni Sky. Naalalayan sya nito at napasandal sya sa matigas na katawan nito.

"Hey are you-." Mukhang active ngayon ang kamalasan na dala nya. Naputol sa pagsasalita si Sky ng mapatid ito sa mga librong nabitawan na naman nya.

"Sky!" Tili ni Margaret kasabay ng pagbagsak Sky sa sahig kasama sya.

Tulala at tahimik ang lahat sa eksena nila.

"Aray!" daing nya ng habang hawak ang noo.

Dahan-dahan syang tumayo, itinukod nya pa ang kamay, nang bigla syang matigilan at manlaki ang mga mata.

Nakatukod ang kamay nya sa dibdib ni Sky at...

...at nakapatong sya rito.

"*Oh God!"* kulang na lang lumuwa ang mga mata nya sa labis na gulat.

"Sky!" Tili ulit ni Margaret habang papalapit sa kanila. "Get off him you Jinx!" halos mapunit ang manggas ng lumang t-shirt nya ng marahas syang hilahin ni Margaret. Itinulak pa sya nito kaya lumagpak pa sya sa locker.

"Margaret!" si Sky habang bumabangon. Halata sa mukha nito na hindi nito nagustuhan ang ginawang pagtulak ni Margaret sa kanya.

Hindi naman ito pinansin ni Margaret.

"Are you alright ha Sky?" Saan ang masakit?" she asked worriedly."Hey you Jinx pwede bang umalis ka rito, huwag kang dumikit kay Sky o sa kahit na kanino! Baka makapatay ka!'

"Stop it Margaret." saway ni Sky na nakatayo na.

"Why? I'm just telling the truth, kanina nakita ko syang binangga ka kaya nahulugan ka ng mga libro, then this! Talagang malas yang anak ng mga makasalanan na iyan!"

"Margaret!" Sa pagkakataong iyon sumigaw na si Sky.

Nanigas naman sya sa pagkakatayo.

"*Anak ng mga makasalanan na iyan!"*

Paulit-ulit na Nagp-play sa utak nya ang mga sinabing iyon ni Margaret. Tinignan nya ang mga estudyante na nanonood at nagbubulungan na.

Nangilid ang luha sa mga mata nya. Muli dali-dali nyang pinulot ang mga libro at bag na nalaglag, saka iika-ikang lumayo sa mga ito.

"Alaina." Narinig nyang tawag sa kanya ni Sky, na sinundan ng boses ni Margaret na tinatawag naman ito..

Alam nyang sinundan sya ulit ng binata, kaya mas binilisan nya pa, halos lakad takbo na nga ang ginawa nya. Ngunit dahil ika-ika naabutan sya nito sa may hagdanan.

"Alaina wait." pinigilan ulit sya nito sa braso.

Umikot sya paharap at binawi ang braso rito. "Ano bang kailangan mo!?" her eyes is shining with unshed tears.

Nabigla ito.

"Hey! Why are you crying?" aktong hahawakan ang pisngi nya.

Iniwas nya ang mukha.
"Ano bang kailangan mo sakin Mr.Aragon at kanina mo pa ako sinusundan?" Gusto nyang batiin ang sarili dahil nasabi nya iyon ng di nauutal at sa pormal na ekpresyon pa.

Ngumiti ito.

"Anong nakakatawa?"

Napaatras sya ng humakbang ito papalapit.

Sinaklit naman nito ang bewang nya.

"Wait, careful! Nasa hagdanan tayo, kapag umatras kapa mahuhulog ka and that the last thing I want to happen to you." sabi nito, nakapaskil parin ang pilyong ngiti sa labi.

Para syang natuklaw ng ahas, yakap sya nito!

Sky Aragon is embracing her!

"Bitawan mo ako." Kahit gusto nya ang pakiramdam na nasa katawan nya ang braso nito, alam nyang walang ibang pagkahulugan iyon. Base narin sa pilyong ngiti nito, pinaglalaruan sya ng binata.

Ngunit imbes na bitawan,pinangko sya nito sa labis na gulat nya.

"Ay." Naisampay nya ang kamay sa batok nito.

"A-ano ba Mr. Aragon, put me down." Angil nya kasabay ng pamumula ng pisngi, pinagtitinginan na kasi sila.

Tumawa ito. "Finally mas matagal kong narinig ang boses mo. You have an angelic voice by way."

Napaawang ang bibig nya sa narinig.

"*Ano bang gustong palabasin ng lalaking ito?"*

"S-saan mo ba ako dadalhin?" asiwang tanong nya ng maglakad ito.

"Sa clinic. Kaya kita sinusundan at tinatawag kanina pa, its because i know you are hurting. Akala mo ba di ko napansin yang paika-ikang paglalakad mo! Dapat kanina pa kita nadala duon ng nagkita tayo sa parking lot. Alam kong nasaktan ka ng mabagsakan ka ng bike mo." pumalatak ito "And now this, bumangga ulit sa locker yang injury mo. Pagkatapos nauntog ka pa! Nagkabukol ka tuloy!"

Parang may humamplos sa puso nya sa narinig na sinabi nito.

Ito ang kauna-unahang tao na nagpakita ng kabutihan sa kanya. The first time na may kumarga sa kanya at nagpakita ng concern bukod sa Mama at ate Cheska nya.

Hindi nya inaasahan na si Sky Aragon ang gagawa at magpaparamdam ng ganon sa kanya.

Iyong pakiramdam na para kang dinuduyan sa mga bisig nito. Nasa sobrang komportable ng pakiramdam gusto nyang ihilig ang ulo sa balikat nito.

"Stop thinking that way Alaina, wag mong isipin na may ibig sabihin lahat ng ginagawa nya."

"K-kaya ko naman na maglakad ibaba mo na-." Napahinto sya sa pagsasalita ng ilapit nito ang mukha sa mukha nya, iyong tipong halos magkabungguan na sila ng ilong.

"Bubuhatin kita hanggang sa clinic and that's final at kapag magpumilit ka pa na bumaba i'll kiss you, right here, right now, understand."

Bumilis lalo ang tibok ng puso nya. Sa sobrang bilis parang aatakehin sya. At ang hininga nito, gusto nyang mapapikit dahil sa bango.

"Understand hmm?" ulit nito na ang mga mata ay nasa labi nya.

Sa gulat nya napakurap-kurap at napatango na lang sya sabay iwas ng tingin rito.

Laman ng isip nya ang pangyayaring iyon sa campus. Kahit anong gawin nyang pagc-concentrate sa mga gawain nya, paulit-ulit parin na nagp-play sa utak nya.

Kahit ngayon na naglalampaso sya sa sahig sa restaurant na pinagtratrabahuhan.

Ang Diner's Fav.

Janitress/Dishwasher sya duon two to seven ang oras ng pasok nya, after that sa Joy Stop naman sya isang 24hours na convenient store, Janitress pa din sya don hanggang 7 to 11.

Maliit parehas ang sahod, na pinagtyatyagaan nya dahil tiyak na wala silang kakainin kapag umalis sya. Bukod pa sa wala ng ibang tatanggap sa kanya.

Pag hindi kasi sya tinataboy, at pinapalayas, pang-aalipusta at panlalait naman ang natatanggap nya.

"*Hindi ako tumatanggap ng malas baka imbes na gumanda ang kita ko, malugi pa ko."* Mga salitang madalas nyang marinig.

Pinagpapasalamat nya na may tumanggap pa sa kanya.

Napatingin sya sa pinto ng may grupo ng lalaki at babae na pumasok ruon at nagtatawanan.
Mga schoolmate nya ang mga ito at kabilang duon si Priscilla.

Ibinalik nya ang atensyon sa ginagawa, saka nagpakayuko-yuko.

She knows na kapag napansin sya ni Priscilla, pagt-trip-an na naman sya nito, wala itong pinipiling lugar. Gagawin nito ang lahat para may magawa syang mali at mapagalitan ng manager nya.

"Sky, Margaret you're here!"

Nanigas sya ng marinig ang mga pangalan na binati ni Priscilla.

"Hi Priscilla." ganting bati ni Margaret.

Pasimple syang lumingon. Naruon nga ang binata na ang lakas pa din ng dating kahit na naka pantalong maong at white t-shirt lang. Nakahawak sa braso nito si Margaret na mukhang manikin sa suot na dress.

"Im happy na pumasyal kayo sa resto namin." Inakay ni Priscilla ang dalawa papunta sa mesa ng grupo

nito.

"Niyaya ako magdinner ni Sky and i said masarap ang pagkain dito, so here we are."

Ewan nya pero parang nakaramdam sya ng pinong kirot sa dibdib ng marinig kay Margaret na niyaya ito ni Sky kumain.

"*Ano namang pakialam mo sa kanila Alaina*?"

Pakiramdam nya masyado syang pilingera, natulungan lang sya ng isang beses, inisip nya na na may gusto ito sa kanya.

"*As if bagay kayo."*

Kasabay ng kirot, nakaramdam din sya ng lungkot. Lungkot na naramdam nya din kanina ng takasan nya ito sa clinic.

Habang ginagamot sya, dumating si Margaret at sinabing may itatanong sa binata. Pumayag naman si Sky but before he left sinabihan sya nito na huwag umalis at maghintay.

But she left...dahil nalilito sya sa paglapit nito.

Sige sya sa paglalampaso habang nag-iisip, pag-iisip na nagambala nang may nabasag na plato at baso di kalayuan sa pwesto nya.

Lumingon sya para alamin kung ano ang nangyari.

Nabitawan ni Rina isa sa mga waitress ang tray na hawak-hawak nito.

Lahat ng costumer nakatingin dito.

"What's happening here?" hindi nakasigaw ngunit halata ang galit sa boses ni Priscilla.

Namutla si Rina sa nyerbyos.

"M-ma'am h-hindi ko po sinasadya."

"What do you mean na hindi mo sinasadya?"

"Ma'am k-kasi po bigla na lang nadulas iyong tray sa k-kamay ko." kandabuhol sa pagsasalita at pagpapaliwanag si Rina.

"Stupid! Nakakahiya sa mga costumer namin at nandito pa si Sky Aragon, ngayon ka pa pumalpak!" mariin ngunit mahinang sabi ni Priscilla sapat lang para marinig ni Rina.

"P-pasenya na po t-talaga Ma'am...kasi...kasi-" napadako ang tingin ni Rina sa kanya. "Hindi ko po talaga sinasadya m-minalas lang po a-ako kasi nasa tabi ko si Alaina." sabi ni Rina na kinanlaki ng mga mata nya.

Napaatras sya ng tignan sya ng matalim ni Priscilla.

Hinarap ni Priscilla ang mga costumer na naandon.

"Im sorry for this little accident. Hindi naman araw-araw na ganito dito. Nagkataon lang na narito si Jinx at nagkalat na naman ng kamalasan nya."

Nagulat sya.

Bakit sya ang sinisisi?

"Bakit kasi hindi nyo na lang paalisin si Malas Pris?" tanong ng isa sa kagrupo nito.

"Oh, gustuhin ko man nakakaawa sya eh, and my mom pity her, you know naman my mom masyado mabait. Kung ako lang matagal na syang wala, buti nga di pa nalulugi itong resto namin."

Siya nga talaga ang sinisisi.

"Ipapabawas ko ito sa sahod mo,and please lang magsorry ka sa mga guest namin nawawalan sila ng gana dahil sayo."

"P-pero wala naman-." napahinto sya sa pagsasalita ng tignan sya ni Priscilla ng matalim.

Nangingilid ang luha na tumingin sya sa mga naroon.

Taas ang kilay ng mga ito habang nakatingin sa kanya. Naghihintay sa pags-sorry nya. And then she met Sky's eyes, lalong nanlabo ang paningin nya sa pagpipigil sa luha na tumulo.

Yumuko sya. Hindi nya kayang salubungin ang tingin nito.

"S-sorry."Garalgal ang boses na sabi nya. Hindi nya na napigil ang ilang luha na pumatak sa mga mata.

"S-sorry po kung-."

"Ok that's enough." Tumingin ang lahat kay Sky na sumingit sa pagsasalita nya at tumayo mula sa pagkakaupo.

"Sky?" Si Margaret.

"Ako na ang bahalang magbayad sa platong nabasag Priscilla."He said ng makalapit sa kanila.

Naiangat nya ang luhaang mukha.

"You don't have to do that Sky. Si Jinx-."

"I insists wala kahit na sino ang may kasalanan ." Hinarap nito ang mga costumer. "It was an accident no one was to blame, walang sisihin at walang mags-sorry." Seryosong sabi ni Sky bago humarap kay Priscilla. " Maliwanag ba?"

Walang nagawa si Priscilla kundi ang mapatango, natakot ito sa malamig na titig ng binata.

Saka naman bumaling sa kanya si Sky at sa pagkagulat nya...pati ng mga naroon...

...ikinulong nito sa mga palad ang mukha nya and gently wiped her tears away.

"Stop crying baby...everything is alright now." bulong nito.

Labis syang nagulat sa ginawang iyon ni Sky.

Tulala lang sya rito nang bumalik ito sa mesa nito.

Bumalik ito sa mesa nito na parang walang kakaiba itong ginawa, na para bang walang mga mukha na nagtataka na nakatingin dito, na para bang hindi isang Malas ang hinawakan nito.

Tulala lang sya at hindi pa kikilos sa kinakatayuan kung hindi pa sya sininghalan ni Priscilla na pumunta ng kusina at utusan na maghugas na ng plato.

Sumunod sya pero bago iyon nahagip pa ng tingin nya ang matatalim na tingin ni Margaret at nakakatunaw na titig ni Sky Aragon.

*****///***

Sorry sa mga mali, please do point it out to me para maiayos ko.

Thanks
Helliza

4

Past one na sya nakauwi ng bahay. Pagod na pagod at antok na antok.

Hanggat maari gusto nyang umuwi araw-araw, maliban na lang talaga pag di nya kaya. Mayroon syang lugar na pinags-stay-an kapag di na talaga sya makauwi.

Isang lumang kubo na pag-aari ni Aling Lita. Isang matandang babae na may bahay sa punong bayan. Nasa boundary ng San Gabriel at ng daan papuntang bahay nila ang kubo. Ayaw pa ni Aling Lita na pumayag na magpalipas sya ng gabi ruon. Pumayag lang ito ng sinabi nyang lilinisin nya iyon tuwing gagamitin nya, matanda na ito at hirap narin kumilos para puntahan ang kubo at linisin

Pwede na iyon kesa magbayad pa sya ng upa.

Tahimik syang kumilos para di maistorbo ang ina at si Cheska na tulog na.

Ginisang petchay at isang tuyo ang nadatnan nyang pagkain sa mesa.

Napangiti sya.

Kahit anong pang-aalipusta ang ibigay sa kanya tatanggapin at titiisin nya, as long as na, nandyan ang Mama at Ate Cheska nya. Dahil kahit papaano alam nyang may nagmamahal at nagmamalasakit sa kanya.

Kahit nga hindi sigurado ang mga ito na darating sya pinagtatabi parin sya ng pagkain.

Gutom sya ngunit limang subo lang ang ginawa nya para may aalmusalin pa ang mga ito kinabukasan.

Pagkatapos kumain at ligpitin ang pinagkainan sinilip nya ang kuwarto.

Matagal niyang tinitigan ang payat na bulto ng ina. Kitang kita nya ang paghihirap sa mukha nito. She know na kahit hindi ito magsalita, naghihirap ito sa kapansanan, kapansanan na dulot ng trahedya, trahedya na naging dahilan ng pagkamatay ng Papa nya.

Nangilid ang luha sa mga mata nya.

"*Kahit alipustahin nila ako at pahirapan, titiisin ko para sayo Mama."* kinagat nya ang mga labi para di umalpas ang pinipigil na pag-iyak. "*Kahit magkandakuba ako sa pagtratrabaho sisikapin kong makatapos at makaipon, iaalis ko kayo dito Ma at ipapaopera ko kayo. Matutupad na ang pinangako ko sa puntod ni Papa at sayo.* " Pinunasan nya ang mga luha." *Malapit na Ma...malapit na."*

Bumalik na sya sa sala at nahiga sa higaan na nakalatag roon.

Pagod sya pero ang mga mata nya nanatili paring mulat. Hindi sya makatulog dahil sa mga problema nila. Ngunit mas laman ng isipan nya si Sky Aragon at ang mga naganap kanina. Paulit-ulit na bumabalik ang mga iyon sa isip nya, at paulit-ulit din syang nakakaramdam ng kilig. Kasabay din niyon ay pagkalito. Lahat ng nararamdaman nya ngayong araw, bago sa kanya. Pakiramdam na nagsimula lang ng magtama ang mga mata nila ni Sky, nang magdikit ang mga balat nila. Bago rin sa kanya ang di makatulog dahil lang sa pag-iisip sa isang lalaki.

Pinikit nya ng mariin ang mga mata.

"***Ahh, tigilan mo na ako Sky!*"** she said at pinilit na makatulog.

"You like butterfly aren't you?" nabigla sya sa tanong na iyon ni Sky.

Hindi nya namalayan na nakaupo na ito sa tabi nya.

Nang pumasok sya kanina , abala ito sa pakikipagkwentuhan kina Priscilla sa harapan. Nakita sya nitong dumating at nginitian sya. Ramdam din nya ang mga tingin nito na sumunod sa kanya hanggang sa makaupo sya sa upuan. Bumalik din naman ito sa pakikipagkwentuhan habang sya nakayuko lang at pasilip silip sa bintana.

"Hey are you okay?" tanong nito ng di sya kaagad sumagot.

"Ha? O-oo."

"Anong oo, oo mahilig ka sa butterfly? O oo na okay ka lang?" tanong nito na nakangiti ng pilyo.

"P-pareho." Nag-iwas sya ng tingin. Ayan na naman kasi ang nakakatunaw nyang tingin.

"Sabi ko na nga ba. Halos lahat kasi ng gamit mo may design na paruparo."

Totoo iyon, lahat ng gamit nya may design na ganon. Minsan natural, minsan inilalagay nya lang. Tulad ng bag nya. Recycled lang iyon tinagpian nya ng mga paruparo na ginupit nya sa lumang damit ng ate Cheska nya. Ang relos nya luma na at paruparo parin ang design.

She like butterfly because somehow she can feel that her father are with her. Dito nya nakuha ang impluwensya sa pagkahilig sa mga paruparo.

"So tama ang hinala kong sayo to."

Iniangat nito ang key Chain puzzle nya.

"That's mine!" Sabay hablot sa key chain na mabilis nitong nailayo sa kanya.

"A-akin yan, p-paanong napunta sayo?"

He smile tenderly. "Nakita ko dyan sa upuan mo kahapon. Alam kong sayo kaya kinuha ko na."

"K-kung ganon s-salamat." aktong aabutin nya ulit iyon nang muli nitong inilayo.

"Not so fast lady, I'll give it to-." he stopped in his mid sentence, nang may pumailanlang na kakaibang tunog.

Kasabay ng pagtingin nito sa tyan nya ang pamumula ng kanyang pisngi.

Kumalam muli ang tyan nya. Napahawak sya ruon.

Actually kanina pa nag-aalburuto sa gutom ang tyan nya. Hindi kasi sya nakapag-almusal kanina, kahit man lang kape, dahil naubusan sila. Hindi na nya nagawang kumain dahil sapat na lang iyon sa Mama

at ate Cheska nya. Nagdahilan na lamang sya sa mga ito na maaga ang pasok at sa canteen na lang mag-aalmusal kahit ang totoo eksakto na lang ang pera nya na pambili ng gamot ng Mama nya, ilang groceries na kailangan nila at pang lunch nya ng dalawang araw.

Muling tumunog ang tyan nya sa labis nyang pagkapahiya.

"Nagugutom ka ba?"

Hindi sya sumagot, nag-iwas lang ng tingin.

"Tell me did you have your breakfast?" tanong nito sa seryosong tinig na nagpailang sa kanya.

"Ah... H-huwag mo akong pakialaman p-pwede. Ibalik mo na sakin ang key chain ko." inabot nya iyon. "Ano ba! Give me that!" she said with matching hint of irritation ng muli nitong inilayo ang key chain sa kanya.

She gasped ng sa muli nyang pag-abot sa key chain ay ang paglapit naman ng mukha nito sa mukha nya.

Halos isang dangkal ang ang layo ng mukha nito sa kanya.

"Answer my question baby, nagbreakfast ka na ba?" bilang sagot sa tanong nito, muling kumalam ang tyan nya.

Itinaas nito ang dalawang kilay at inilapit pang lalo ang mukha sa mukha nya.

Napalunok sya. Nangingilo sya sa bango ng hininga nito.

"C'mon baby answer me or Im going to kiss you."

Sa peripheral vision nya nakita nya ang mga classmates nila na nakangangang pinapanood sila.

Kaya naman bago pa nito totohanin ang banta at makagawa sila ng eksena, sinagot nya na ito.

"H-hindi pa."

Ilang sandaling natahimik si Sky bago muli itong nagsalita.

"Come." Nagulat siya ng kunin nito ang bag nya, isinabit ang key chain duon saka sya hinila patayo. Hawak-hawak ang kamay nya na naglakad sila papuntang pinto.

"W-wait saan mo ba ako d-daldalhin?" gulat na tanong nya sabay hinto sa paglalakad.

Huminto din si Sky para di sya makaladkad.

"We're going to have breakfast, i think naman di na papasok ang prof natin."

"A-ano? B-bakit?"

"Stop asking question Alaina, baby."

Wala syang nagawa ng muling syang hilahin nito. Lalo na ng hawakan nito ng mahigpit ang kamay nya.

Alaina P.O.V

Ilang na ilang ang pakiramdam ko habang nasa canteen kami ni Sky.

Nakaupo na ako sa isang mesa habang nakapila na sya sa may counter.

Kanina ko pa syang gustong iwan, lalo na at kanina pa kami pinagtitinginan, pagpasok pa lang ng canteen.

Bakas sa mga mukha ng mga ito ang pagtataka kung bakit kasama ng isang Sky Aragon ang tulad ko.

Kahit ako nalilito, bakit ako nandito?

"Here." Inilapag ni Sky ang tray na naglalaman ng tigdalawang hot chocolate, topsilog dalawang slice ng chocolate cake at tubig.

Nakatulala lang ako sa kanya habang inaayos nya ang pagkain sa harap ko.

"Kain na." Sabi nya.

Hindi ako gumalaw tumingin lang sa kanya.

"Hey, why are you staring at me like that, na g-gwapuhan ka na sakin no." napayuko ako sa biro nya. Alam ko huling huli nya ang pamumula ng mga pisngi ko.

"Just kidding...come on eat ka na gusto mo bang subuan kita."

Inunahan ko sya ng umangat ang kamay niya para kunin ang kutsara ko.

Ako susubuan nya?
Baka magwala na ang mga nanonood sa kanila pagnangyari iyon.

"H-hindi na ako na lang s-salamat." Sumandok ako ng kanin. Nanginginig ang kamay ko sa tindi ng gutom.

Narinig ko ang pagbuntunghinga nya sabay hawak sa pulsuhan ng kamay ko. Natigil ako sa aktong pagsubo.

"*Great Alaina patay gutom ka talaga hindi mo man lang sya pinaunang sumubo, sya kaya ang bumili nyan. Nakakahiya."*

Binitawan ko ang kutsara.

"S-sorry i-inunahan kita sa pagsubo. Pasen-." lumapat ang hintuturo nya sa mga labi ko para patigilin ako sa pagsasalita.

"Its not what i mean ng hawakan kita." humamplos ang hinlalaki nya sa pulsuhan ko na hawak nya parin. "You're so thin. Bakit pinapabayaan mo na malipasan at magutom ka? Tignan mo nanginginig ka na."

Nakagat ko ang labi ko sa tanong nyang iyon. Di ko masabi na wala akong pera kaya ako nagugutom, na eksakto lang ang pera ko sa mga dapat kong bilhin at hindi kasama ang pag-aalmusal duon.

Masusuyo ang ginagawa nyang paghaplos sakin. Sa sobrang suyo naiiyak ako.

Here for the first time ang isang tao na nagpapakita ng pagsuyo at pag-aalala sa akin. Unang-una na ibang tao na nagpapakita ng kabaitan. Unang lalaki na hindi ako pinandidirihan at pinagnanasaan.

"Hey! I didn't brought you here para paiyakin." gulat na sabi nya ng may tumulong luha sa mga mata ko. Mabilis nyang pinunasan iyon.

"I-im sorry." Iniwas ko ang mukha ko at ako na ang nagpunas. Nakakahiya baka isipin nyang ang drama ko dahil binigyan nya ako ng pagkain.

Sky smiled tenderly. Ngiti na nagpabilis na naman ng pintig sa puso ko.

"Its okay. Sige na kain na baka tuluyan kang malipasan ng gutom. From now on sabay na tayong mag breakfast, no pati sa lunch. Para siguradong di ka na nagugutom." pahayag nito.

Napatingin ako sa gwapo nyang mukha. Iyong buhok nyang kulot bahagyang magulo, nakaramdam ako ng urge na isuklay ang mga daliri ko ruon.
Nag-iwas ako ng tingin.

"B-bakit?" tanong ko.

"What why?" balik tanong nya.

"*Bakit masyado kang mabait sakin kahit alam mo kung sino ako? Bakit ayaw mo akong nagugutom? Why you care,as if napakahalaga ko para sayo?"*

Iyan ang mga tanong na sana ay sasabihin ko na hindi ko naisatinig ng biglang dumating si Margaret kasama si Priscilla.

"Hi Sky."

Napaiwas ako ng tingin ng halikan nito sa pisngi si Sky, ganon din ang ginawa ni Priscilla at saka sila umupo sa bakanteng upuan na parang wala ako duon.

Nagyuko ako ng ulo ng sabay nila akong irapan.

"Anong ginagawa mo rito?" si Margaret na tanong kay Sky.

"Nag-aalmusal kami ni Alaina."

Natuptop ni Margaret ang bibig.

"My Gosh Sky, bakit dumidikit ka sa Jinx na yan!"

"Yeah buti wala pang nangyayaring kamalasan sayo."
Si Priscilla.

Humigpit ang hawak ko sa kutsara at tinidor.

May sasabihin sana si Sky ng unahan ito ni Margaret.

"And you! Bakit ka ba dikit ka ng dikit kay Sky? Hindi ka na nahiya. Paano kung bigla syang malasin na naman.

"Stop it Mar-." Si Priscilla naman ang sumingit sa pagsasalita ni Sky.

"Hindi ka rin ba nahihiya? Nagpapalibre ka kay Sky as if you are close to him. Talaga bang wala na kayong makain ng Mama mo at nanghihingi ka na lang?"

Tumiim ang bagang ko sa mga narinig.

"You are so poor na ba? Im sure inuuwi mo rin ang mga tira-tirang pagkain sa resto nila Priscilla."

"You're right Marge. Nalaman ko sa Manager namin na hinihingi ni Malas ang mga tira-tirang pagkain sa resto. Hindi lang sya malas she is a beggar Jinx."

"Stop it." Napapitlag ang lahat sa canteen sa sigaw na iyon ni Sky.

"S-sky." Nahihintakutang sabi ni Margaret.

Kahit ako natatakot sa madilim ngunit gwapo nyang mukha.

"Makakaalis na kayong dalawa. Iniistorbo nyo ang pagkain namin ni Alaina." Mahinahon nyang sabi ngunit naruon ang pagbabanta sa tinig.

"Hmp, why? Totoo naman ang sinabi namin, patay gutom ang babaeng iyan at ang pamilya nya." Si Priscilla.

Salubong ang kilay na tinignan ito ng binata.

"Alaina is not-."

"Tama sila." Napahinto sa pagsasalita si Sky ng magsalita ako. "Tama ang lahat ng sinabi nila. H-hindi ako nag-aalmusal dahil wala akong aalmusalin. Kahit nga kape minsan lang sayadan ang sikmura ko." lumunok ako ng may tila kung anong bumara sa lalamunan ko.
Pinigilan kong tumulo ang luha ko, ngunit nagtuloy tuloy parin iyon. "D-dahil kung kakain pa ko, walang kakainin ang M-mama ko. T-tama ulit sila i-inuuwi ko ang mga tira-tirang pagkain sa r-restaurant nila P-priscilla dahil gusto k-kong makatikim ng masarap ang Mama ko. Di b-bale ng magutom ako wag lang s-sya, wag lang sila ng ate ko."

Itinaas ko ang luhaan kong mukha. Tinignan ko si Margaret at Priscilla na panay ang ismid sakin. Iniwas ko ang tingin kay Sky, ayaw kong mabasa sa mga mata nya ang pandidiri sakin.

"S-siguro nga patay gutom ako. N-mahirap pa sa daga. Pero kahit kelan di ako nagnakaw at lalong di ako nanglilimos!" Mabilis akong tumayo.

"Alaina-." tumayo rin si Sky siguro para pigilan ako ngunit natabig niya ang basong may lamang hot chocolate at tumapon ang laman niyon sa hita at braso nya.

"Shit!" mura nya sa dahil sa sakit.

"My God Sky!" tumayo si Margaret at dinaluhan sya. Tulala naman ako na biglang itinulak ni Priscilla.

"Pwede lumayo ka rito! Hindi mo kami madadaan dyan sa kadramahan mo Malas ka! Get out beggar Jinx!" sigaw nito na narinig ng lahat.

Nanginig ako sa sobrang pagkapahiya.

Tumalikod ako at tumakbo palayo. Palayo sa masasakit na salita, palayo sa mga nang-uusig na tingin.

"Alaina!" narinig kong sigaw ni Sky.

5

Sa likod ng Management building A ako dinala ng mga paa ko.

Doon sa lumang duyan ako umiyak ng umiyak.

This place its my refuge. Pag hindi ko na kaya ang mga pang-aalipusta at pagpapahiya sakin.

Aksidente ko lang na natuklasan ang lugar na ito. Siguro dahil marumi at mapuno sa bahaging ito kaya walang naliligaw na mga estudyante rito.

Ang duyan ang nagsisilbi kong shock absorber. Hindi ko alam kung kelan at sino ang naglagay ng duyan na ito dito, ang alam ko lang nagpapasalamat ako sa kanya dahil kahit papaano may napupuntahan ako dito sa S.G.U pag hindi ko na kinakaya ang lahat.

Patuloy parin ako sa pag-iyak habang nakahiga sa duyan at nakatingin sa mga dahon ng puno ng mangga, na humaharang sa sinag ng araw. May ilang sinag pa na nakakalusot duon na nagpapasilaw sakin.

Pumikit ako na lalong nagpabalong sa mga luha ko.

Sa araw-araw na ginawa ng Diyos lagi na lang akong hinihiya at pinapahiya ng mga estudyante rito. Iisa ang puno't dulo ng lahat.

....Dahil ako si Alaina Mae Montecro ay bunga ng dalawang taong pinagbabawal na mag-ibigan.

"Mama... Papa."daing ko.

Malas, salot at anak ng demonyo, binansagan akong ganon dahil sa mga magulang ko.

Sino ba ang may sabing lahat ng tao may karapatan na mahalin ang kung sino man na magustuhan nya.

Ang kasabihang iyon ang sinunod ng mga magulang ko.

Umibig ang mga ito sa isat-isa kahit na nga sumumpa silang pareho na maglilingkod sa Diyos.

... Isang Pari si Papa at Madre naman ang Mama Sa San Gabriel Church.

Nagkakila...at kahit bawal nagka-ibigan.

At kahit nasa loob ng tahanan ng Diyos di napigilan ng mga ito ang damdamin.

Nabuntis si Mama, nang malaman iyon ng mga taga San Gabriel pinaalis at pinagtabuyan ng mga ito ang mga magulang ko.

Baka daw malasin ang buong San Gabriel sa kasalanang ginawa nila. Baka ang bayan ang parusahan ng Diyos.

Lumayo sila at hindi umalis sa San Gabriel. Duon sa bundok na tinitirhan namin nagsama si Papa at Mama.

Walong taon ako ng mangyari ang trahedyang iyon... Trahedya na lalong nagpatibay sa paniniwala ng mga taga San Gabriel na malas kami.

Bumababa parin ng bayan sina Mama at Papa sa kabila ng pang-aalipusta na tinatanggap nila. Sa bayan ako nag-aaral at hatid sundo nila ako.

Ngunit ng araw iyon...

Bumangga ang jeep na sinasakyan nila habang papunta sila sakin, na kinamatay ng Papa at kinabulag ni Mama. May namatay at nasugatan din bukod sa kanila.

Ako ang sumalo ng lahat ng sisi dahil mula nuon di ko na pinayagan na bumaba ng bayan si Mama, hanggat maari ayokong marinig nya ang mga panglalait at pang-aalipusta ng mga tao.

Sa batang edad natuto akong magtrabaho, sa batang edad sobrang paghihirap na ang dinanas ko.

At ngayon sa edad kong bente dos ganon pa din, walang pinagbago.

Sobrang hirap...

Sobrang sakit...

"Hanggang kailan ba ito Papa?" Umiiyak na tanong ko.

*****

Nagb-bike ako papuntang Diners Fav ng matanggal ang kadena ng bisekleta ko.

Bumaba ako at kinabit iyon.

"Naku ang bata masasagasaan!"

Lumingon ako nang may sumigaw at kitang-kita ko ang bata na dalawang dipa ang layo sakin, na mababangga ng paparating na sasakyan.

On impulse tumakbo ako papunta sa bata not thinking na maari ko ring ikapahamak ang gagawin ko.

Gahanip na lang ang layo ng sasakyan ng batang lalaki ng itulak ko sya kasama ako. Ang nakakabinging tunog ng preno at sigawan ng tao ang narinig ko.

Sobrang bilis ng pangyayari ang namalayan ko nalang ay nakahiga na kami ng bata sa gilid ng kalsada nasa ibabaw ko sya at yakap yakap.

"Ang anak ko!" lumapit samin ang umiiyak na nanay ng bata kinuha nya ang anak nyang umiiyak narin pala habang hawak ko.

Lumabas naman ang may ari ng sasakyan kasunod ang driver nito.

"Oh God di namin sinasadya, nasaktan ba ang bata? Halika't dalhin natin sa hospital." puno ng pag-aalala ang boses ng may edad na babae.

"M-mrs Aragon? N-naku, okay lang ho ang a-anak ko. Hindi naman ho sya nasaktan sa tingin ko." bakas ang pagkagulat at pagkailang sa boses ng nanay ng binata ng makilala ang may ari ng sasakyan.

Sino ba ang hindi maiilang? Si Carmela Aragon ang kaharap nito ang isa sa pinakamayaman at ginagalang na babae sa San Gabriel. Ang nanay ni Sky Aragon.

"Are you sure? Baka may sugat sya." hindi kumbinsido na tanong ni Mrs. Aragon.

Hawak ang likod na nasaktan tumayo ako.

"Okay lang po talaga sya Señora." narinig kong paniniyak ng ina ng bata kay Mrs. Aragon.

Nakahinga naman ng maluwag ang ginang.

"Salamat naman kung ganon. Kung hindi dahil sa dalagang ito baka napano na iyang anak mo."

Napahinto ako sa aktong pag-alis ng tignan ako ni Mrs. Aragon.

"Nasaktan ka ba hija?"

Yumuko ako ng ulo at umiling.

"You're so brave. Iniligtas mo ang bata ng hindi mo iniisip ang kaligtasan mo." tumingin sya sa Ina ng bata. "Dapat ay pasalamatan mo din sya Misis."

Tumingin sakin ang ina ng bata,bumuka ang bibig nito ngunit wala namang salita na lumabas doon.

Tumingin ako sa paligid. Lahat ng nag-uusyoso ay palipat lipat ang tingin sakin at sa Ina ng bata.

"Abay bakit sya nagpapasalamat, mukhang dahil sa babaeng iyan kaya naaksidente ang bata."

"Oo nga naghasik na naman ng malas ang babaeng iyan!"

Kumunot ang noo ni Mrs Aragon sa bulungan na iyon.

Yumuko ulit ako at tumalikod.

"Hija saan ka- Oh my nagdudugo ang siko mo!" gulat na sabi ni Mrs Aragon.

Aktong lalapit sya sakin ng pigilan sya ng driver nya.

"Naku Señora huwag po kayong lumapit sa kanya baka malasin kayo."

"Anong ibig mong sabihin?"

"Sya po ang anak ng mag-asawang makasalanan-."

Hindi ko na pinakinggan ang sasabihin pa ng driver ni Mrs.Aragon sa kanya.

Tumakbo ako palayo.

Ayaw kong makita ang pagkadigusto sa mukha ni Mrs. Aragon. Ayaw nyang mapahiya sa harap nito.

"You fool Alaina! Lahat ng tao sa buong bayan na ito ayaw sayo, ipinapahiya ka, kilala ka! Imposibleng hindi alam ni Mrs. Aragon ang pagkatao mo!" isang mapait na ngiti ang sumilay sa mga labi ko dahil sa isiping iyon.

*****

"Hoy Malas mag-usap nga tayo!"

Mula sa paglalampaso ko sa sahig ng C.r ng mga babae, umangat ang tingin ko kay Margaret.

Nasa Diners Fav sila.

"M-margaret."

Tumaas ang isang kilay nya.

"Is Ma'am Margaret for you Jinx. Di tayo magkalevel kaya wala kang karapatan na tawagin lang ako sa pangalan ko. Naiintindihan mo?"

Napatango ako.

"Good. Ngayon gusto kong maintindihan mo rin itong sasabihin ko. Stop following Sky! Huwag kang magpacute sa kanya dahil hindi kayo bagay!"

"H-hindi naman-."

"And for your information. Hindi ka nilalapitan ni Sky dahil gusto ka niya. Dream on girl you're not his type. Kaya huwag kang magpadala sa kung ano mang kasweet-an ang pinapakita nya sayo." Dinuro nya ko.

"Because the reason why Sky got near you ay dahil sa isang pustahan!"

"P-pustahan?"

"Yeah a bet Darling. Nakipagpustahan sya sa mga kaibigan nya na magiging girlfriend nya ang Jinx ng San Gabriel in less than a month."

Nabigla ako sa mga narinig ko. Oo inaasahan ko na hindi seryoso si Sky sa paglapit sakin at hindi ko rin lubos na iniisip na may gusto sya sakin. Pero bakit ganon? Bakit kumikirot ang dibdib ko sa mga narinig ko mula kay Margaret? Bakit nasasaktan ako?

Ayaw ko man nangilid ang luha sa mga mata ko.

Nangiti si Margaret ng makita iyon.

"Naawa ako sayo Malas,pero its also your fault napaka ambisyosa mo at hindi lang yon tanga ka pa! Lalo kang tanga kung magpapadala ka sa mga sinasabi ni Sky!" pagkatapos nya akong tignan ng puno ng panunuya iniwan nya na ako duon.

Hinang-hina akong napasandal sa dingding tumutulo ang luha.

"*Tanga ka nga Alaina dahil iniiyakan mo ang taong hindi ka naman papahalagahan!"*

Tanga nga ako, kasi hinayaan ko ang sarili ko na mahulog sa kanya.

*****

"Alaina!" parang wala narinig na pinagpatuloy ko ang pagtanggal ng lock sa bike ko.

"Alaina." ulit na tawag ni Sky sa pangalan ko na ngayon ay papalapit na.

Hindi ko parin sya pinansin.

Sumakay na ako sa bike. Kung kailangan kong paliparin ang bisekleta ko gagawin ko makalayo lang sa kanya.

Ngunit sadyang mabilis sya. Bago pa ako makapedal nahawakan nya na ako sa braso.

"Ano ba!" Hinila ko ang braso ko para makawala sa hawak nya.

Bumitaw naman sya ngunit tinitigan nya naman ako ng matiim.

Nakadama ako ng pagkailang tulad ng pagkailang na naramdaman ko ng hawakan nya ko kanina.

"K-kung tinawag mo lang ako para titigan Mr. Aragon wala akong oras para dyan." pilit akong nagtataray para takpan ang pagkailang.

"About this morning." bumuntunghinga sya. "Ako na ang humihingi ng pasensya sa sinabi nila Mar-."

"Hindi mo kailangan gawin yan Mr. Aragon." pilit kong pinapormal at pinatatag ang boses ko, kahit pa nga nanginginig ako. "Totoo lahat ng sinabi ni Ma'am Margaret at Ma'am Priscilla. "Totoong mahirap kami, mas mahirap pa sa daga at halos wala ng makain. Totoong malas ako hindi lang sa sarili kong pamilya kundi pati na rin sa mga taong lumalapit sakin." bahagyang pumiyok ang boses ko. "Kaya di ko m-maintindihan kung bakit ka lumalapit s-sakin?"

Katahimikan iyan ang namagitan sa aming dalawa pagkatapos kong magsalita.

Siya patuloy na pinagmamasdan parin ako, at ako na pilit na pinipigilan ang pag-iyak.

Iyong mga sinabi ni Margaret sakin kanina paulit-ulit kong naririnig sa isipan ko.

Hanggang sa magsalita sya.

"Sinabi sakin ni Mommy ang nangyari kanina. Nagkasugat ka raw ng iligtas mo iyong bata." Sabi nya na malayong malayo sa kaninang pinag-uusapan namin.

Bago pa ako nakaiwas, nahawakan nya na ang braso kong may sugat na tanging sabon na mabango at tubig lang ang pinanggamot ko.

Hindi na ako nakagalaw ng inspeksyunin nya iyon.

"Masakit pa ba?" masuyo nyang tanong.

Ayan na naman, ayan na naman iyong pakiramdam na nanghihina ako sa pagsuyong pinapakita nya, ayan na naman iyong puso ko na bumibilis ang pagtibok sa mga pinapakita nya.

"Come, ihahatid na kita. Im sure di ka pa nagd-dinner. Sabay na tayo then after that I am going to clean your wound."

Buong sistema ko gustong sumama sa kanya.

Pinigil ko ang sarili ko.

"Laro lang ito sa kanya Alaina, laro lang."

So i said softly. "Pwede ba tigilan mo na ako! Di ko maintindihan kung bakit ka lapit ng lapit." itinaas ko ang mukha ko at tinignan sya ng deretso his gray eyes meet my misty brown eyes.

"H-hindi ko maintindihan kung bakit...kung bakit ginagawa mo ito? Kung bakit ka nagpapakita ng kabutihan sakin? Wala akong maintindihan." isang pares ng luha ang tumulo sa pisngi ko. And in a pleading voice i said. "P-please lang...kung naglalaro ka lang at n-naghahanap ng l-laruan please huwag naman ako...a-ang hirap na kasi i-iniinsulto a-at pinapahiya na nga ako. Baka di k-kona kayanin k-kung may gagawin ka pa. Huwag n-na ako please. M-may mga umaasa sakin. A-ako ang sinasandalan. Kaya p-pakiusap naman huwag ako. Please." Pagkasabi ko non umiiyak na pinaandar ko ang bike.

Hindi sya humabol at pinagpasalamat ko iyon. Dahil kung hahabol pa sya, baka lumuhod na ako sa harapan nya at magmakaawa na huwag akong paglaruan.

Oo gagawin ko iyon. Kung kailangan lumuhod ako para tigilan nya gagawin ko, dahil alam ko sigurado ako, kayang kaya na wasakin ni Sky Aragon ang mundo at puso ko.

6

Kinabukasan napasukan ko si Sky sa harapan at may ina-announce.

Huminto ako sa pagpasok mula sa harapang pinto at yuko ang ulo na sa likod na pinto dumaan para di ko sya maistorbo.

Nakayuko parin na naupo ako.

"I hope to see you all in my birthday this Sunday." narinig kong sabi nya.

Sinagot naman sya ng mga ito.

Sandali ko syang sinulyapan saka mabilis na nagyuko ulit ng ulo ng magkasalubong ang mga mata namin.

Birthday nya sa sunday.

After that pumasok ang professor nila kaya nagsitahimik ang lahat, bago naman naupo inimbitahan ni Sky ang professor nila, na umoo naman dito.

Umiwas ako ng tingin sa kanya ng maupo na sya sa tabi ko.

Hindi nya rin naman ako kinausap kaya di ko sya nilingon.
Kahit na lumabas ang professor namin na nag-iwan lang ng papasulatan di ko sya sinulyapan.

Kaya naman nagulat ako ng magsalita sya.

"May ballpen ka pa ba?"

"H-huh?" nilingon ko sya, sinalubong naman ako ng seryoso nyang mukha.

"Can i borrow a ballpen?"ulit nya na may masuyo ng ngiti.

Bago pa ako mabato balani sa kanya kinuha ko na lang ang isa ko pang ballpen at walang imik na inabot dito.

Inabot nya iyon. Ang kaso hindi lang pati ballpen kundi pati ang kamay ko, sinakop ng kamay nya.

"B-bitawan mo ako." angil ko sa mahinang tinig. Iyong init nya nararamdaman ko na naman.

Imbes na bitawan nya ako hinila nya ako papalapit hanggang sa maabot nya ang tenga ko at duon bumulong.

"And you baby...ini-expect ko na darating ka sa birthday ko." i shivered, ramdam ko ang pagdampi ng labi nya sa tenga ko.

Inilayo ko ang ulo ko. "A-ano bang sinasabi mo? Di ba sabi ko huwag na ako ang paglaruan mo."

Ngumiti sya at pinagmasdan ako, iyong tingin na para bang may hinahanap sa mukha ko.

"You know sweetheart, hindi ko alam kung saan mo nakuha ang ideyang pinaglalaruan kita." lumapit sya ulit at sa puntong iyon halos magkabungguan na ang ilong namin.

Nanlaki ang mga mata ko.

Sa lapit ng mukha nya parang hahalikan nya ko.

"Gusto mong malaman ang tunay na dahilan kung bakit lumalapit ako sayo? Ha honey?"He asked huskily. Ang mga mata nya palipat-lipat sa mata at mga labi ko.

Sasagot sana ako pero muli syang nagsalita, ngunit sa pagkakataong iyon hindi na pabulong, nagsalita sya sa paraan ng tulad ng pag-aanounce ng birthday nya kanina.

"Starting today, I Sky Aragon is officially courting Alaina Mae Montecro. And starting today she is mine and only mine alone."

Hindi lang ako ang napanganga kundi pati ang mga classmates namin na nakarinig sa mga sinabi nya.

Lahat kami gulat na gulat sa mga narinig at tanging si Sky Aragon lang ang nakangiti, habang nakatingin sakin.

******

*"**Hindi totoo ang mga nangyari kanina at kung totoo man sigurado akong parte ito ng laro nya."*** Iyan ang paulit-ulit kong sinasabi habang nakahiga sa duyan at nakapikit ng mariin.

Sa sobrang gulat at pagkabigla ko kanina napatakbo ako rito.

Ano ba kasing plano nya? Bakit nya sinabi iyon?

Pero aaminin ko sa kabila ng gulat ko may dalawang damdamin pa akong naramdaman.

Takot at saya.

Takot dahil alam kong pinagpupustahan lang ako, alam kong sa huli ako rin ang masasaktan.

Saya, dahil kahit alam kong di totoo ang lahat masarap pala sa pakiramdam kapag may taong gusto ka at ia-announce na liligawan ka sa harap ng lahat.

"She is mine and mine alone."

At hanggang ngayon ang bilis bilis parin ng tibok ng puso ko dahil sa mga salitang iyon.

"*Nasisiraan ka na ng ulo bakit kilig na kilig ka eh alam mo naman kung bakit ka nya nilalapitan its a bet Alaina, hindi dahil totoong may gusto sya sayo."*

"Bakit? Bakit masama bang maging masaya na maligawan ka ng taong lihim mong gusto at tinatanaw? Kahit na nga ba laro lang iyon para sa kanya?"

Kung gaano kariin ang pagkakapikit ko,ganon din kadiin ang pagkagat ko sa mga labi ko.

Nakakatawa na para akong tanga na nakikipagsagutan sa isip ko.

Ngunit kasabay ng pagtawa, gusto ko ring umiyak dahil kahit di ko aminin sa sarili ko, alam ko, malalim pa sa gusto, ang nararamdaman ko kay Sky.

Dahil kung magpapakatotoo ako sa sarili ko, alam kong mahal ko sya...

... Minahal ko sya mula ng una ko pa lang sya makita.

Ang masama lang alam kong sa huli ako lang din ang masasaktan, i know in the end ako lang din ang talunan.

In that thought i cried...i silently cried for my misery, for my soon to be heartbroken heart...

Umiyak ako hanggang sa igupo ako ng antok.

Hindi ko namalayan ang paglapit ng isang tao sa puwesto ko, ang pagmamasid nito sakin ang pagpunas sa mga luha ko at ang paghaplos sa aking pisngi.

Hindi ko nakita ang masuyong ngiti nito bago tumabi sa akin.

*****

Ang una kong naramdaman ng magising ako ay ang maiinit at nakakakiliting hangin na tumatama sa leeg ko.

Kasunod ang mabigat na pakiramdam sa bandang tyan ko at binti.

Kasabay ng reyalisasyong may katabi ako ay ang pagmulat ko, at kulang na lang atakehin ako ng makilala ko kung sino ang katabi ko.

"Sky."Anas ko. Titig na titig ako sa tulog nyang mukha habang nakayakap sya sakin.

"*Anong ginagawa nya rito!*"

Litong aktong tatayo ako ng humigpit ang yakap nya sakin kasabay ng banayad na paghalik at pag-amoy niya sa leeg ko.

Nanigas at nanayo ang balahibo ko sa ginawa nyang iyon.

Nagmulat sya ng mga mata.

"Hi Baby." bati nya namumungay ang mga mata.

"W-what are you doing here?"

"Sa tingin mo ba hahayaan pa kitang tumakbo palayo sakin." hinaplos nya ang pisngi ko. "Ilang beses ka nang tumakbo palayo at laging di kita nahahabol. But this time sweetie sisiguraduhin ko na sa bawat

pagtakbo mo maabutan na kita."

Kumabog ng bongga ang puso ko sa mga sinabi nya.

Pinalis ko ang kamay nya at pilit na umalis sa duyan.

"Pwede ba l-let me go." singhal ko.

Hinigpitan naman nya ang pagkakayakap sakin.

Mas naramdaman ko tuloy ang katawan nya na ngayon ay nakalapat sa katawan ko.

"I don't know na ang isang Alaina Mae Montecro pala ay marunong magalit. But still you are beautiful in my eyes honey."

Lalo naman akong nagpumiglas para makawala sa pagkakayakap nya at makaalis ng duyan.

Natatakot ako... Natatakot ako na kapag nagpatuloy pa ang pagdidikit ng katawan namin ipagkanulo ako ng nararamdaman ko.

Kailangan kong lumayo sa kanya habang maaga pa... Habang kaya ko pa.

Itinulak ko syang pilit para makabangon ako.

"Hey Darling stop it baka malaglag ta-."

At tuluyan na silang nalaglag. Naputol ang lumang tali ng duyan dahil sa bigat nilang dalawa, idagdag pa ang uga na nagagawa nya habang pilit na umaalis.

"Ay!"

Si Sky kahit hindi inaasahan nagawa parin na protektahan ako.

He landed on top of him kaya di ako gaanong nasaktan.

Nakalagay ang mga kamay nya sa bewang ko, habang ang kamay ko nakalapat sa dibdib nya. 2 inches lang yata ang layo ng mga mukha namin.

Nanlalaki ang mga mata ko habang nakatitig sa kanya na nakatitig din sakin.

Then out of nowhere biglang lumitaw ang isang paruparo.

Its a black butterfly na may dots na kulay pink.

Lumipad lipad iyon sa paligid namin at pareho naming sinundan iyon ng tingin.

Hanggang sa dumaan iyon sa mismong pagitan ng mukha naming dalawa i can almost feel its wing na pahapyaw na tumama sa baba ko. Sinundan namin iyon hanggang makalampas sa amin at lumipad palayo.

Nang sabay naming ibalik ang tingin namin sa isat-isa ganon na lang ang gulat ko ng di sinasadyang lumapat ang labi ko sa labi nya!

Nanlaki hindi lang mga mata ko kundi pati mga mata nya.

Ilang saglit akong tulala bago ako natauhan.

Aktong lalayo ako nang hawakan nya ang batok ko.

Pumikit sya at nagsimulang gumalaw ang mga labi.

He gently nipping, sucking and biting my lips, na para bang alam nya na sya ang unang humalik duon, kaya punong-puno iyon ng suyo. Hinapit nya pa akong lalo.

Unti-unti akong napapikit, gusto kong tumugon,gusto kong damhin ang mga labi nya.

Ngunit bago ko pa nagawa iyon, isang ingay ang nagpabalik sa katinuan ko.

Dali-dali akong umalis sa ibabaw nya at shock na tumayo.

Wala sa loob na nahawakan ko ang mga labi ko.

"*Hinalikan nya ko. Hinalikan ako ni Sky Aragon!"*

Tumayo si Sky at napatingin sa sangang nabali di kalayuan sa kanila na lumikha ng ingay kanina.
At nang bumaling at humakbang sya papunta sakin, napaatras ako.

Isang hakbang pa lang ang nagagawa ko ng tuluyan syang makalapit at haplusin ang mga labi ko.

Ang tingin nya punong-puno ng intensidad.

"The sweetest lips i ever tasted." he huskily said.

Nuon lang din ulit ako natauhan. Inilayo ko ang mukha ko at tinabig ang kamay nya.

"B-bakit mo a-ako hinalikan?" pilit kong pagtataray kahit na nga hirap na hirap akong tumingin sa mga mata nya.

"Because i want to."

Kinunutan ko sya ng noo sa kabila ng sobrang kaba na nararamdaman ko.

"R-really Mr. Aragon? Sinabi ko nang tigilan mo ako diba! You want to? Huwag ako ang paglaruan mo! Im just a nobody. M-mamalasin ka lang sa ginagawa mo." nabulol ako sa pagsasalita ng ilapit nya ang mukha nya nagsalubong din ang kilay nya na para bang may sinabi ako na kinagalit nya.

"Again Honey, hindi kita pinaglalaruan, and you are not just nobody you are Alaina, my Alaina. I like you and I am courting you." Binigyan pa nya ng diin ang mga salitang my Alaina at I like you. "At dahil we kissed already girlfriend na kita even though i courting you still."

Napakurap kurap ako sa narinig.

Ano raw?

"G-girlfriend? Girlfriend mo na ako dahil nahalikan mo na ako? Are you out of your mind!"

Simpatiko itong ngumiti.

"No. I am in my right mind. At wag mong isipin na lahat ng babaeng hinalikan ko gini-girlfriend ko. It just you, I know I am your first kiss and should be the last. Ayaw kong may ibang makakahalik sayo. Ako lang Alaina. Only me." he said possessively .

Nabigla ako sa mga sinabi nya, ilang minuto rin akong nakatingin sa mga mata nya.

"You're not my boyfriend!" mayamaya ay sabi ko sabay tulak sa kanya.

Kinuha ko ang bag ko na nalaglag kanina. Saka ito tinalikuran at naglakad palayo.

"Yes you're Honey." hindi papatalo na sabi nito.

"I'm not your honey." sikmat ko.

"Well then you're my baby." panunukso nya.

Huminto ako nilingon sya at tinignan ng masama. Pagkatapos ay muli akong naglakad.

"Sweetheart, Darling, Babe? Anong gusto mong itawag kong endearment sayo?" patuloy parin nya.

Hindi ko sya pinansin.

"Butterfly."

Napahinto ako at napatingin sa kanya.

Nakangiti sya.

"I will call you butterfly, you are my butterfly, my Jinx but beautiful butterfly. " sumeryoso ang mukha nya. " Butterfly I am your boyfriend and i promise that i will take care of you, protect you and always make you smile, i will never make you cry Butterfly."

He hit bulls eye. Sapol na sapol ang puso nya sa mga sinabi nito.
Ngunit hindi pwede, hindi sila pwede.

Malungkot ko syang tinignan bago ako dali-daling tumalikod.

*****Helliza's Note

Spell haggard a-k-o antok na antok na ako pero itong utak ko sige parin sa paggana...

Kagabi 3:am na ko nakatulog. Why? Dahil may nakita akong story at di ko tinantanan hanggang sa matapos ko.

Sakit ko na iyon basta maganda ang book di ko sya binibitawan ng di tapos kasehadong may pasok pa ko kinabukasan.

Hay i am so sleepy.

7

Friday.

Rest day ko sa trabaho at school.

Rest day pero marami parin akong ginagawa dito sa bahay.

Lalo na ngayon at may sakit si Ate Cheska.

Hindi ako pumayag tulungan nya ako sa mga gawaing bahay pinagpahinga ko silang dalawa ni Mama duon sa kwarto.

Paggising ko naglaba na ako, pagkatapos ay nagtanim ng gulay at inani ang tanim naming kamote.

Naisip namin ni ate Cheska na magtanim ng mga gulay at kamote dahil malaking tulong ito para mabawasan ang gastusin. After that naglinis na ako ng bahay.

Ngayon andito ako sa may poso at nag-iigib. Gamit ko ang isang mahabang kahoy na may tali sa magkabilang dulo para isabit ang dalawang balde, pinapasan ko iyon. Mabigat at sanay na ako sa ganito, mas mapapabilis kasi ang paghahakot ko. Hindi rin hadlang sakin ang ilang metrong layo ng poso sa bahay.

Tagaktak na ang pawis ko at medyo nanghihina na rin at namumutla , wala pa kasi akong almusal at may isang drum pa akong pupunuin.

"Anong ginagawa mo?"

Napahinto ako sa paglalakad habang dala ang dalawang timba ng marinig ko ang boses ni Sky.

"S-Sky." nakatayo sya limang hakbang mula sa harap ko.

"A-anong ginagawa mo r-rito?" ganting tanong ko. Hindi ako makapaniwala na andito sya. Dito sa paanan ng bundok sa labas ng maliit kong tahanan.

Tinatlong hakbang nya ang pagitan namin.

"Shit ibaba mo nga yan!' kinuha nito ang kahoy na nakasampay sa balikat ko. Dahil sa pagdating niya hindi ko na namalayan ang bigat ng binubuhat ko.

"Nag-almusal ka na ba? Look at you, namumutla ka na!" naglabas sya ng panyo at pinunasan ang mukha kong puro pawis.

Napaawang ang mga labi ko.

"A-ano bang ginagawa mo dito?" tanong ko ulit sabay bahagyang layo ng mukha ko.

"What do you think?" Lumamlam ang mga mata niya. "I miss you, and i courting you remember? at natural lang na dalawin ko ang girlfriend ko sa bahay nya diba." Hinawi nya ang buhok ko na dumikit sa aking noo na basa na ng pawis. "At buti na lang nagpunta ako rito." kumunot ang noo nya at nagsalubong ang kilay. "Dahil nakita kong pinapahirapan mo ang sarili mo! Bakit ikaw ang gumagawa

nyan ha? Ang liit-liit ng katawan mo nagbubuhat ka ng ganyang kabigat! Bakit hindi ka-."

"Sino sa tingin mo ang gagawa nito ha!" bigla kong sigaw na ikinatigil nya.

Humakbang ako ng dalawang hakbang paatras.

"Tell me Mr. Aragon sino ang magbubuhat nito? Sino ang magbibigay ng tulong sa akin? Ang bulag kong Ina? Ang ate kong may edad na?" Tumawa ako ng pagak.

Naghahalo-halo ang emosyon ko dahil sa pagod, gutom at pagkabigla sa pagdating nya.

"Alam natin pareho na w-walang tutulong sakin, samin dahil mga malas kami. Ngayon Mr. Aragon sino sa tingin mo ang dapat na gumawa nito ha?" Iniwas ko ang mga mata ko sa kanya dahil nagsisimula na namang magtubig ang mga mata ko.

"And again hindi mo ako girlfriend." kinuha ko ulit ang kahoy at muling sinampay sa balikat ko. "Makaalis ka na Mr Aragon."

He moved but not to go away. Lumapit sya sa akin at kinuha ang buhat ko.

"A-ano ba!" wala akong nagawa kundi tignan sya ng walang kahirap-hirap na binuhat nito ang mga timba.

Sa suot nyang mamahalin na t-shirt na itim at maong na oo nga at simple naging alangan itong tignan. Pero hindi ko rin maiwasan na mapatingin sa katawan nyang bumakat sa damit ng magbuhat ito.

"Saan ito dadalhin?" he asked.

"Mr. Aragon hindi-."

"Its Sky for you Butterfly." Malambing na sabi nya. "Im your boyfriend at panget pakinggan kung tinatawag mo akong Mr. Aragon. At ako na ang gagawa nito bilang lalaki sa pamilya natin. Now butterfly, saan ko dadalhin ang mga ito."

Wala sa loob na itinuro ko ang pinto ng likod bahay namin. Nasundan ko na lang sya ng tingin nang maglakad sya papunta ruon ng tila walang mabigat na dala.

"Ako ang gagawa nito bilang lalaki sa pamilya natin." paulit-ulit kong narinig iyon sa isip ko.

"*Anong ibig nyang sabihin?"*

*****

Nang hindi ko nasagot ang sarili kong tanong, naglakad na ako patungong bahay.

Ngunit ganon na lang ang gulat ko sa naabutan na tagpo.

Si Sky, nakangiting nagmamano kay Mama.

Lagpas-lagpasan man ang tingin ni Mama, nakangiti rin ito habang nagmamano sya.

"M-mama."

"Oh Butterfly andyan ka na pala, i just met your Mom, now i know kung kanino ka nagmana, she's beautiful as you."

Nang mamula ang pisngi ko, tila naman teenager na humagikhik si Mama, for the first time after all these years mula ng mamatay si Papa, i heard my mother giggled.

"Mukhang bolero ang kasintahan mo anak."

Nabigla ako sa narinig. "P-po." tinignan ko si Sky.

Sinabi nya kay Mama na boyfriend ko sya?

"Ma hindi ko-." siningitan nya na ako bago ko pa matapos ang sinasabi ko.

"Butterfly, ako na ang bahalang mag-igib, para hindi ka mapagod. Asikasuhin mo na lang si Mama." sabay akbay sakin na ikinapitlag ko.

Sinubukan kong lumayo pero mahigpit ang pagkakahawak nya.

"Naku hindi mo na kailangan gawin iyon hijo baka magalit sa amin ang Señor at Señora Aragon."

"Don't worry Mama hindi sila magagalit."

Bakit ganon? Bakit kada tawag nya kay Mama ng Mama parang may humahaplos sa puso ko?

"Sa katunayan nga po my mother want to meet her. Kaya rin po ako nandito para ipagpaalam sya gusto ko po sanang imbitahan si Alaina this sunday its my birthday. Gusto ko rin po kayong imbitahan."

Sabay na bumakas sa mukha namin ni Mama ang di pagkapaniwala. Ito kasi ang kauna-unahang pagkakataon na may nag-imbita sa amin.

"G-ganon ba hijo, salamat kung ganon. Pero hindi na kasi ako sanay sa mga ganyang kasiyahan, si Alaina na lang hijo at advance happy birthday."

"Thanks po Mama." masayang sabi ni Sky at binalingan ako. "Narinig mo iyon Alaina pinayagan ka na ni Mama. Wala ka nang dahilan para di mag-attend ha."

Bumakas ang pagtutol sa mukha ko. Hindi ko naman magawang maisatinig iyon.

"Tapusin ko muna ang pag-iigib ha Butterfly." kumalas sya sakin at kinuha ulit ang mga timba

"Salamat hijo. Hayaan mo at ipagluluto ka ni Alaina . Masarap magluto ang batang ito."

Simpatikong ngumiti si Sky.

"Really Butterfly? Aasahan ko yan ha." at sa labis na gulat ko bumaba ang mukha nya at hinalikan ako sa pisngi.

*****

"Wow mukhang masarap ito ah."
Tinignan ko ang mukha ni Sky para makita kung totoo sa loob nya ang sinabi.

At talagang hindi ako makapaniwala sa nababasa kong sinseridad sa mukha nya.

Hirap akong maniwala dahil alam kong di pa sya nakakatikim ng ganitong pagkain.

Ginisang petchay na ang sahog ay sardinas. Kakaunti lang din ang nasaing ko dahil wala na kaming bigas. Ang ginawa ko nagluto na lang ako ng kamote iyon na lang ang kakainin ko.

Tumingin ulit ako sa kanya na ngayon ay magana nang kumakain.

Hindi ko parin maiwasang mahiya.

Nahihiya ako na nag-igib sya ng tubig para sa amin.

Nang makita ko syang pinagpapawisan kanina ilang ulit ko syang pilit na pinapatigil, na imbes na sundin nya ngumiti at kumindat lang sya sakin. Hiyang-hiya ako dahil pagkatapos nyang mapagod ganitong pagkain lang ang ipapakain ko sa kanya.

"Hey Butterfly bakit di ka kumakain?" usal nya na nakatingin sakin.

"Mamaya na ako." sabi ko sabay iwas ng tingin. Sumandok ako sa plato ng pagkain at isinubo sa Mama ko.

Nauna ko nang pinakain si Ate Cheska para makainom ng gamot sa oras. Nasa kwarto sya at nagpapahinga, kanina ng malaman nyang may bisita kami at isa pang- Aragon nagpumilit syang bumangon kung hindi pa sinabi ni Sky na sa kwarto na lang sya hindi pa sya magpapahinga.

"Ganyan talaga iyang batang iyan hijo, sinisigurado nya muna na busog kami ni Cheska bago sya kumain." sabi ni Mama pagkatapos ay lumungkot ang mukha nito. "Kahit pa nga minsan wala nang matitira sa kanya. Napakabait ng anak ko. Kahit magtiis sya ng gutom okay lang sa kanya."

"Ma." naalerto ako ng makita kong naiiyak na sya. Sa lahat ng bagay na ayaw kong makita, iyon ay ang umiyak ang Mama ko.

"Alam mo bang siya ang bumibili ng gamot ko hijo. Nagt-trabaho siya para matustusan kami at ang pag-aaral nya. Maalaga at mabait na anak. Alam kong nahihirapan sya hindi lang sa kalagayan namin sa buhay kundi pati sa kasalanan namin ng Papa nya."

Nakagat ko ang labi ko para mapigilan ang pagtulo ng luha sa mga mata ko.

Hindi ko alam na aware pala si Mama sa kung paano ako tratuhin ng mga taga San Gabriel. Kung paano ako mahirapan. Iyon ang ayaw ko. Hanggat maari ayaw ko syang malungkot at madepress.

"Kaya naman hindi ang makakita ang pangarap ko, kundi ang may dumating na tao na mag-aalaga at magmamahal sa anak ko. Iyong sya naman ang aalagaan at p-protektahan."

"M-mama naman ang aga-aga ang drama nakakahiya kay S-sky."

Tumawa si Mama.

"Oo nga, pasensya ka na hijo ganito siguro ang tumatanda nagiging sentimental."

"Wala ho yan Mama, naiintindihan ko po." isang nakakaunwang ngiti ang binigay sa akin ni Sky.
Nag-iwas ako ng tingin sa kanya.
Pinagpatuloy ko ang pagsubo ko kay Mama napansin ko na inaantok na sya kaya binilisan ko ang pagpapakain sa kanya.

Kahit anong pigil ko iyong luha kong pasaway tumulo na, hindi ko alam kung bakit ako naiiyak.

Pasimple ko iyong pinahid para hindi na mapansin ni Sky.

"Butterfly."

Liningon ko si Sky. Ang kutsarang may laman na pagkain ang sumalubong sakin.

"Kain ka narin. Don't worry kapag hindi ako nabusog tutulungan kita sa pagkain ng kamote."

Tinitigan ko sya ng matagal bago ko tinanggap ang isinusubo nya, kasabay nuon ay ang pagtulo ng pasaway kong luha.

"Hush." pinunasan nya iyon saka inilapit ang labi sa tenga ko. "Stop crying Butterfly, marinig ka ni Mama baka isipin nya kung inaano na kita."

Sa kauna-unahang pagkakataon nginitian ko sya.

"S-salamat."

At habang sinusubuan ko si Mama, sinusubuan din ako ni Sky Aragon.

8

Kinalunesan mas lalo akong nailang kay Sky. Hindi ko sya pinapansin iniiwasan ko rin na magtama ang mga mata namin.

Nahihiya ako sa kanya dahil nakita nya kung gaano kami kahirap, napaiyak pa ako sa harap nya.

Kaya naman pagkatapos ng subject na magkaklase kami mabilis akong lumabas para maiwasan sya.

Lunch Break.

Nakayuko akong naglalakad sa ground papuntang cafeteria ng harangin ako ng limang babae.

"Look Guys andito si Jinx!" sabi ni babae. Makapal ang make-up niya at may kulay ang buhok.

Tinulak nya ako na kinagulat ko.

Napaupo ako.

"Balita ko inaaakit mo si Sky. Napaka-ambisyosa mo naman ako nga di sya mahawakan ikaw nakarga at nalibre pa ng lunch." dinuro nya ako.

"M-miss hindi ko-."

Hinablot nya ang bag ko, mabuti na lang mahigpit ang hawak ko duon.

But then ang nahawakan niya ay ang butterfly key chain ko.

Nanlaki ang mga mata ko ng maputol iyon at matanggal sa pagkakabit sa zipper ng bag ko.

"H-huwag iyan ibalik mo yan."

Tumayo ako at inagaw ang key chain sa kanya ngunit hinagis nya lang ito sa kasama nito.

Sumunod ako para agawin at tulad ng nanyari kanina ipinasa ulit iyon.

Pinaglalaruan nila ako alam ko. At marami narin ang nanonood sa amin ang ilan tumatawa at nang-aasar.

Wala akong pakialam duon ang nasa isip ko lang makuha ko ang key chain, ang key chain na bigay ni Papa , ang key chain na gawa nya.

Itinulak ulit ako ng babaeng makapal ang make-up.

Halos mapahiga ako sa tulak nya bahagya pang nagasgas ang kanang siko na malamang nagsugat kung hindi ako nakasuot ng long sleeve na damit.

"Gusto mo itong makuha." itinaas nya ang key chain. " Eh di kunin mo dito."

Itinapon nya ang key chain sa basurahan. "C'mon get it."

Walang pandadalawang isip na pumunta ako sa trash can at kinalkal iyon.

Wala akong pakialam kahit mabaho mamasa-masa at malagkit ang mga nahahawakan ko dahil sa trash can na may label na biodegradable itininapon ang key chain.

Nagsimula nang tumulo ang luha sa mga mata ko, lalo na ng di ko makita ang key chain.

"Papa...papa ko."

Kulang na lang ibuhos ko ang basurahan.

"Alaina!"

Bahagya akong natigilan ng marinig ko ang boses ni Sky.

Hindi ako lumingon pinagpatuloy ko ang ginagawa ko.

Bakit ba sa tuwing may nakakahiyang nangyayari sakin lagi syang dumadating.

Ayaw kong makita nya akong ganito. Ayaw ko na kawaan na naman nya ako.

Hinawakan nya ako sa braso para itayo mula sa pagkakaluhod ko sa harap ng trash can.

Tinabig ko lang ang kamay nya.

"Shit!" narinig kong mura nya.

At sa labis na pagkagulat ko at ng lahat sinipa nya ang trash can na kinakalkal ko.

Tumapon ang laman nuon at tulad ko hinalungkat nya rin ang mga basura.

"Omg i can't believe what i am seeing!" gulat na gulat na sabi ng babaeng nambully sakin.

Even me i can't believe it. Si Sky Aragon humahawak ng basura. Narurumihan ang kamay nya ng dahil lang sa isang tulad ko.
Nang dahil lang sa key chain ko.

Ang mga tao sa paligid nagbubulong-bulungan na.

"Got it." nakangiting sabi nya na itinaas ang key chain ko.

Lumapit sya sakin at inalalayan akong tumayo.

"Here Butterfly." kinuha nya ang kamay ko at inilagay duon ang key chain.

"Come lets wash your hand."

Umatras ako para di nya mahawakan ulit.

"S-salamat." sabi ko at mabilis na tumalikod.

Hindi ma-process ng utak ko ang mga nangyari.

Hindi ko lubos na maisip na si Sky Aragon ay magkakalkal ng basura ng dahil lang sakin.

Hindi sya sumunod sakin, naipinagpasalamat ko.

"Okay hahayaan kita ngayon Butterfly but be sure na hindi na kita maabutan in your knees again, and please make sure to clean your hands thoroughly, i don't want you to be sick. And eat your lunch okay."

Napahinto ako sa paglalakad.

"Sagot Alaina."

Bakit ba ganyan sya?

"O-oo." hindi ko na sya nilingon.

"Good. See you at 3:30. Take care."

Habang naglalakad palaisipan sa akin kung ano ang ibig nyang sabihin sa mga huling salitang iyon.

Dahil nakatalikod ako sa kanya, hindi ko na nakita na hinarap nya ang ang mga babaeng nambully sakin.

Hindi ko nakita ang galit nyang mukha. At mas lalong di ko narinig ang mga sinabi nya.

*****

3:30

Iyan ang oras nang tapos ng klase ko para sa huling subject ko.

Kaya naman andito ako naglalakad sa east ground ng University papuntang parking lot.

Nakayuko ako ngunit alam kong pinagtitinginan ako ng lahat at pinag-uusapan.

Hindi parin kasi humuhupa ang usapan tungkol sa mga nangyari kanina.

May nagtataray at umaaway sakin sa mga sumunod kong subject na hindi ko nalang pinapansin wala naman akong magagawa kundi ganon lang, ang huwag silang pansinin.

"Ahhh ang gwapo mo Sky!"

Tumigil ako sa paglalakad ng magsigawan ang mga estudyante.

Nang magtaas ako ng tingin sinalubong ako ng mga mata ni Sky, umawang ang labi ko dahil ang gwapo-gwapo nyang tignan sa ibabaw ng stage. Naka white tshirt ito na v-neck at maong maayos na maayos tignan ang buhok niya.

May banda ito sa likod.

Anong meron?

"Alaina Mae Montecro this is my message for you. Pagkatapos nito malalaman ng lahat kung ano ka nga ba para sakin."

Gulat na gulat ako ng banggitin nya ang pangalan ko. Na-realize ko rin na naka wireless mike sya dahil umalingawngaw ang boses nya sa buong lugar.

Nanlaki ang mata ko ng tumugtog ang banda at nagsimula syang kumanta.

Huwag ka nang Humirit
James Reid

Dorodoroo 2x

Handa ka na ba, maging aking sinisinta?

Pasensya ka na,

Parang trip ko ngayong ibigin ka...
Wag kang mag-alala di naman ako manloloko
Gusto lang ay yung masosolo kita...

Nagtilian ang mga babae nang sabayan din nya ng sayaw ang pagkanta.

Para akong namamalikmata habang nakatitig sa kanya.

"Ahhh ako na lang kantahan mo huwag na yang malas na yan!" tili ng isang babae base sa boses alam kong si Priscilla iyon.

"Di ka bagay kay Jinx."

Yumuko ako.

Tama hindi bagay sa kanya na isang tulad ko lang ang kakantahan.

Tumalikod ako at naglakad palayo.

"Ahhh!!!" mas lumakas ang tilian.

Ganon nalang ang gulat ko.

Bumaba pala sya ng stage at ngayon ay nasa harap ko na kumakanta at sumasayaw.

Mamili ka na lang sa dalwa,
Mamahalin mo ako o Mamahalin kita...
Hindi ka pa ba nakakahalata?
Sa akin wala kang kawala...KAYA...
Chorous
Wag ka nang humirit, no no

gusto ko lang ngayon na tayo na,
Wag ka nang mag pumilit, no no
Papakipot ka pa ba Ahhh
Pagkat bihira ang katulad mo,
'Di na pakakawalan,
Wag ka nang humirit 2x
Magmula ngayon ay akin ka na lang
Ohh, akin ka na lang

Kumindat pa sya sakin.

Umiwas ako pero sumunod sya.

Satin na lang, satin na lang,
'Di ko ipagkakalat (Oppps!)
Sorry naman 2x
Alam pa lang nilang lahat...
'wag kang mag-alala, ako lang ay naninigurado,
Para wala nang magpapa-gwapo sayo...

Sa kada iwas ko sumusunod sya kada liko ko nasa harap ko na sya nang minsan na pag-iwas ko pa nabangga na talaga ako sa kanya kung di nya pa nahapit ang bewang ko tiyak na matutumba ako.

Kumanta sya habang nakahawak sa bewang ko.

Mamili ka na lang sa dalwa,
Mamahalin mo ako o Mamahalin kita...
Hindi ka pa ba nakakahalata?
Sa akin wala kang kawala...KAYA...

Tinulak ko sya dahil para akong napapaso sa pagkakadikit namin.

Tumalikod ako pero niyakap nya ako sa likod.

Bumilis ang hininga ko at nagliparan ang mga paruparo sa tyan ko.

Chorous
Wag ka nang humirit, no no
gusto ko lang ngayon na tayo na,
Wag ka nang mag pumilit, no no
Papakipot ka pa ba Ahhh
Pagkat bihira ang katulad mo,
'Di ba pakakawalan,
Wag ka nang humirit 2x
Magmula ngayon ay akin ka na lang
Ohh, akin ka na lang

Bawat sayaw nya habang nasa likod ko lalong nagpapabilis ng tibok ko.

"Ay!" impit akong napatili ng bigla nyang akong iharap sa kanya deretso nya akong tinignan sa mga mata ko, he stopped dancing kumakanta na lang sya.

Ang presko lang pakinggan
Magmula ngayon, ikay akin lang
'pag may reklamo'y matignan
Hinding-hindi pagbibigyan...

"You are mine Butterfly. Wala ka ng kawala." bulong nya pero dahil naka-mike sya narinig iyon ng lahat nang naandon.

Oo wala na nga akong kawala...alam ko dahil tuluyan na akong nahulog sa kanya...

****Helliza note****

Boom! Hi Guys. Ang chapter na ito ay wala sa original na story ko. Ito ay resulta ng di sinasadyang napakinggan ko ang kanta ni James Reid eh nakakakilig po iyong lyrics at bagay-bagay kay Sky at Alaina.
Maikli lang dahil parang special chapter po ito :-) so enjoy guys and thanks for reading.

Do read my other on-going story *His Fearless Leigh* isa rin po syang D&A;-).

And my completed story. *His Blue Eyed Bad Girl Angel.* The story of the powerful owner couples of D&A.

Thanks.
Ciao

9

A kiss in the rain is like a dream
blissful and perfect like you my king.

A kiss in the rain is so sweet,
like my feeling for you that so deep...

A kiss in the rain melt my heart
Like my love for you that so true and right.

A love that sealed in the kiss in the rain...

Make the love stays, even thru the pain...

*****

Iniwasan ko sya.

Lahat ng alam kong pag-iwas ginawa ko.

Halos di ko na nga pasukan ang 1st subject para hindi na kami magkita ni Sky.

Pagkatapos ng ginawa nyang pagkanta sa akin sa harap ng halos buong taga SGU ilang oras akong lutang. Hindi talaga ako makapaniwala... Hindi ako makapaniwala na gagawin nya iyon.

Oo kinilig ako. Pakiramdam ko ispesyal talaga ako para sa kanya.

Pero sa tuwing naaalala ko ang mga sinabi ni Margaret sakin, nirerendahan ko ang puso ko, kahit na nga alam ko na useless dahil tuluyan na syang nakapasok.

Kaya ang dapat kong gawin ay ang iwasan sya. Iwasan sya sa abot ng aking makakaya.

Pero paano ko gagawin iyon kung sya ang mapilit na lapit ng lapit?

Alas-dos ng tanghali nasa bahay ako nang mapansin kong nangungulimlim ang langit.

Bihira iyon sa tag-araw kaya hindi ko pa natatapalan ang ang mga butas ng bubong namin.

Kaya naman mabilis kong kinuha ang hagdanang kahoy, umakyat ng bubong at nagsimulang magtapal.

Ngunit hindi pa man ako nangangalahati bumuhos na ang malakas na ulan.

Imbes na sumilong hindi ko iyon pinansin. Mas binilisan ko ang paggawa.

Hindi ko na inalintana kung nababasa ako, dahil kung iisipin ko pa iyon tiyak na magbabaha sa loob ng

bahay namin.

"Alaina!"

Napahinto ako sa ginagawa at napatingin sa ibaba.

"*Ano na naman ang ginagawa nya rito?"*

Si Sky ang nasa ibaba nakatingin sa akin habang may hawak na plastic ng grocery sa kaliwang kamay habang sa kanan ay payong.

Gulat na gulat ang itsura nya may nababasa din akong takot sa mukha nya.

Saan sya natatakot? Natatakot ba sya na baka mahulog ako?

"Stay put, huwag kang gagalaw. Wait lang!" pumasok sya sa loob ng bahay at nang bumalik ay payong na lang ang dala.

"Paano kang nakaakyat riyan?" tanong nya.

Wala sa loob na itinuro ko ang hagdan na ginamit ko.

Mabilis syang nakaakyat, mayamaya lang na sa harap ko na sya.

"Bakit ka umakyat?" nagtatakang tanong ko. Hawak-hawak parin nya ang payong.

"Ikaw ang dapat kong tanungin, anong ginagawa mo rito?"

Sa sinabi nyang iyon naalala ko ang ginagawa ko na kailangan ko nang matapos.

Tinalikuran ko sya at pinuntahan ang bubong na may butas at pinagpatuloy ang ginagawa ko.

Sumunod din sya. The good thing hindi korteng tatsulok ang bubong namin kaya hindi gaanong madulas.

Binitawan nya ang payong na hawak at kinuha sa kamay ko ang pangtapal. Tumulong sya sa akin.

"M-mababasa ka." i tried to stopped him, ngunit hinawakan nya lang ang kamay ko.

"Don't worry about me. Bilisan na lang natin at baka magkasakit ka na." sabi nya.

Patingin-tingin ako sa kanya.

Kahit abala ako sa ginagawa hindi ko parin maiwasan na pagmasdan sya.

Kahit basang-basa na sya ng ulan, ang gwapo-gwapo pa din nya. Lalaking-lalaki tignan.

At ang gwapong nilalang na ito nagpapakabasa para lang tulungan ako na matapalan ang sira-sira naming bubong.

Napatigil sya sa ginagawa ng mapansin na nakatitig ako.

"Yes?" Hindi kagad ako nakasagot sa tanong nya.

"Hey Butterfly are you feeling okay? Nilalamig ka na ba?" umakto itong lalapit sakin ng umiling ako.

"W-wala." binalik ko ang tingin sa ginagawa. " Nagtataka lang ako. Bakit mo ito ginagawa? Alam kong ilang ulit mo nang nasagot ang tanong kong iyan. Ang hirap naman kasing paniwalaan ng sagot mo eh, mas madali pang-isipin na pinaglalaruan mo lang ako kaya ginagawa mo ang lahat ng ito di ba?" i said it in a whisper na alam kong umabot parin naman sa pandinig nya.

"Kaso naiisip ko rin baka totoo nga ang nararamdaman mo." diniinan ko ginagawa ko, saka tumawa ng pagak. "Sinong tao ang i-r-risk ang life nya para tulungan ang isang malas na tulad ko! Maari kang malasin o mapahamak, you know that. Pero heto ka parin, hinarana ako sa harap ng lahat, kasama kong nagpapakabasa sa ibabaw ng bubong at ulanan. Siguro nga totoo ang sinasabi mo o pwedeng hindi rin. Hindi ko na alam, litong-lito na ko!" i said frustratedly at tinignan sya.

Fear... Joy.... Love.

Alam ko nababasa nya iyon ng sabay-sabay sa mga mata ko.

He didn't speak. He just stared at me...intently.

Nagtagal ang titig na iyon, sa puntong nailang na ako. But i didn't pull back hindi ko inalis ang mga mata ko sa kanya. Ngayon ko na gustong malaman, kung sincere ba sya o pinaglalaruan lang ba talaga nya ako.

Then in one swift movement, he cupped my nape and pulled me towards him.

And the next thing i know hinahalikan nya na ako.

*****

The kiss was gentle and tender, just like the first.

Ingat na ingat sya sa paghalik sakin, habang ako tulalang nakamulat at nakatitig sa patak ng ulan na mas lalo pang lumakas.

Hindi ko alam kung epekto ba ng paghalik nya sa akin o ano? Bumagal kasi sa paningin ko ang mga patak ng ulan...na tila ba bumagal ang oras.

Iyong patak tila crystal na nagkikislapan sa paligid namin.

"Move your lips Butterfly." he murmured against my lips.

Kasabay din nuon ay ang pagbabago ng halik nya.
Naging mapang-akin iyon, hindi katulad kanina na tila halik ng pakpak ng paruparo. Now he was giving me my first real kiss.

Dahan-dahan akong napapikit, iginalaw ko ang mga labi ko katulad ng galaw ng mga labi nya, habang sya itinataas ang mga kamay ko papunta sa batok nya.

Unti-unti natutunan ko syang sabayan. Natutunan ko syang sundan at ang lamig ng hangin at ulan parehas naming 'di ramdam.

Humigpit ang yakap nya sakin kasabay ng paghigpit din ng yakap ko sa kanya.

And when the kiss ended. He gave me a peck in my nose and said...

"My feeling is true Butterfly...its true."

I read sincerity in his eyes...

Sinseridad na naghatid ng saya sa puso ko.

And right at this moment dahil sa halik sa ilalim ng ulan, duon ibabaw ng bubong nahanap ko ang sagot sa tanong ko.

****
Helliza'note

Hi, yeah i know another short update. Don't worry may UD pa naman ako pag hindi ngayon, bukas. Hindi ko kasi feel na isama ang UD na ito sa iba kaya ito solo flight sya. Xenxia na.

Salamat sa mga nagbabasa :-)
Kung may mga comment kayo o may nakita kayong mali please point it out to me para maayos ko. Keri ko naman kahit laiitin nyo gawa ko basta ba ikakaganda eh Go ako XD Hahaha.

Anyway thanks again. Nga pala hindi ako madamot sa follow, follow me and i follow back, hindi lang ako nandito para magsulat at magbasa Im here to have friends too:-).

Thanks & Ciao

Status update: ang dami ko nang for encode

#workworkwork

10

*****

I live in my own world.
Lonely and alone.
I don't believe in fairy tale...
in Cinderella, Sleeping beauty and Snow White since i was born

I caged myself.
Locked and safe.
But then you came and take me out from my turf.

One Fairy Tale night
My life changed.
One dance
my road turned.

-Helliza

*****

This night is so starry. Kitang-kita ang mga nagkikislapan na bituin sa langit.

Malamig din ang simoy ng hanging pang-gabi. Tahimik at payapa.

Ngunit kung ano naman ang kalma ng gabi iyon naman ang ginulo ng pakiramdam ko.

Ilang ulit kong pinuno ng hangin ang dibdib ko.

Ngunit kahit ano yata ang hinga ko hindi ko parin magawang makapasok sa loob ng malaking gate sa mansion ng mga Aragon.

Its Sunday night. June 27, Sky's birthday.

Nanliliit ang pakiramdan ko lalo na kapag nakikita ko ang mga magagarang sasakyan na pumapasok, mas magara pa sa mga sasakyan na nakikita ko sa SGU. Bukod pa ruon natatakot ako sa magiging reaksyon ng mga tao kapag pumasok ako.

Simple lang ang suot ko.

Isang pink na Sabrina cut dress na kay Ate Cheska pa, ang suot ko. Umabot iyon hanggang ilalim ng tuhod ko. Kay Ate Cheska din ang suot kong sandals na may light pink na strap.

Dahil sa dati nitong trabaho kaya marami itong damit, medyo nahirapan lang kami sa paghahanap ng hindi gaanong daring ang tabas.

Si Mama ang nag-ayos ng buhok ko katulong si Ate Cheska. Mas excited pa nga si Mama kesa sa akin.

Isang mataas na pony tail ang ginawa nila. Emphasizing my may long straight hair na kulot ang dulo. Ginupitan din ni Ate Cheska ang bangs ko hanggang ilalim ng kilay at nagtira ng konting mahaba sa magkabilang dulo.

Ang accessory ko ay isang earring na butterfly ang design na nabili ko ng tag 35 pesos.

Sabi ni Ate Cheska ang ganda-ganda ko raw sa ayos ko. Lalo daw ng nilagyan nya ako ng light make-up at kahit ang Mama na hindi nakakakita sumang-ayon sa kanya.

But kahit na sinabihan nila ako na maganda at presentable ang ayos ko, di ko magawang ihakbang ang mga paa ko papunta sa loob.

Hindi ko magawang makapasok dahil pakiramdan ko ibang mundo ang papasukin ko.

Nagpilit si Sky na sunduin ako na tinanggihan ko dahil hindi pa ako sigurado kung pupunta ako. Sinabi ko na lang sa kanya na may dapat pa akong gawin at hahabol na lang.

Ayaw pa nyang pumayag ng una kung hindi ko pa sya nginitian.

"*For the first time, you gave me a real smile Butterfly.*"

I sighed ng maalala ko ang mga sinabi nyang iyon, giving me a courage to lift up my feet and walk to that huge gate.

Isang gwardya ang nagbabantay sa gate. Kumunot ang noo nya ng makita ako.

Sigurado akong nagtataka sya kung ano ang ginagawa ng isang malas sa lugar na ito.

Hindi naman nya ako sinita dahil inabot ko sa kanya ang invitation ko. Umatras lang sya na tila ba takot-takot na mapalapit sakin.

Hindi ko na lang sya pinansin, yuko ang ulo na naglakad ako papuntang garden kung saan ginaganap ang party.

Hindi ako nahirapan na hanapin iyon dahil sa malakas na ingay na nagmumula ruon.

Nakakalula ang mansion, halatang-halata kung gaano karangya at kayaman ang angkan na nakatira dito.

Ngunit ang mas ikinalula ko ay ang party mismo.

Maliwanag na maliwanag ang garden, nagkalat ang mga table na ang gaganda at ang so-sosyal ng ayos. Pati pagkain ang dami at bago sa paningin ko.
This is the first time na nakakita ako ng ganon klase at karaming pagkain.

At ang mga bisita, bakas na bakas ang karangyaan sa buhay.

Bahagya akong napaatras.

"*Anong ginagawa ko rito, hindi ito ang mundo ko!"*

Umatras ako upang umalis na sana duon ng mahagip ng tingin ko si Sky, na masayang nakikipag-usap sa schoolmate namin na naandon na.
Gwapong-gwapo sa suot na suit.
Lagi ko syang nakikitang naka-casual attire at nadadala nya lahat ng sinusuot nya. Pwedeng-pwede syang kunin na modelo.
But now. He simply took my breath away.
This man is so perfect, malayong-malayo sa akin.

I was mesmerized, aktong lalapitan ko sya ng may humawak ng sobrang higpit sa kaliwang braso ko.

"Aray!" hinila ng taong iyon paharap.

"M-margaret."

Salubong ang kilay at madilim ang mukha ni Margaret, sa tabi nya ay si Priscilla na panay din ang irap sakin.

"Ang kapal namin ng mukha mo! Talagang pumunta ka pa rito!" Si Margaret na obvious na obvious ang galit sakin.

"Yeah who do you think you are? Ambisyosa kang Malas ka, nagawa mo pang-iapak ang paa mo dito sa Mansion ng mga Aragon!" sang-ayon ni Priscilla.

"I-inimbitahan ako ni Sky-."

Margaret laugh.

"Hindi ko alam na you're so stupid talaga. Mahirap bang ipasok sa isip mo na pinaglalaruan ka nga lang ni Sky!"

Tinignan ako ni Priscilla mula ulo hanggang paa. Tingin na nang-uuri.

"And look at yourself huh! Akala mo ba ang ganda mo dyan sa ayos mong iyan? Well you look so cheap obvious na obvious na mumurahin iyang suot mo, kakahiya naman samin na branded ang mga suot di ba!"

Hinablot naman ni Margaret ang regalong hawak ko.

"At may dala din syang regalo Pris, tignan nga natin kung anong basura ang ibibigay mo kay Sky." sinimulan nyang sirain ang wrapper ng regalo ko.

"Akin na iyan!" hinablot ko iyon ngunit tuluyan ng napunit ang balot ng regalo ko. Hinawakan ko iyon ng mahigpit sa takot na agawin nila ulit.

Tumawa silang dalawa.

"Is that a picture frame? Picture frame lang ang ireregalo mo kay Sky! Pinapatawa mo kami Jinx." si Margaret

"Hindi mo ba naisip na kayang-kaya bumili ni Sky ganyan. Iyong mamahalin, hindi lang isa kundi madami pa. Tanga ka talaga!"

Tinawanan nila ako, tawa na nang-uuyam, nang-aasar.

Sa lahat ng iyon pagyuko at pagkagat lang ng labi ang nagawa ko.

"And Jinx nasabi ko na ba sayong lahat ng regalong natanggap ni Sky ay puro mamahalin, kabilang na ang sa amin. Car, perfume, clothes, watch and even a luxury cruise. Samantalang ikaw, isang pipitsuging picture frame lang! Gosh nakakahiya ka."

Lalo akong napayuko sa sinabing iyon ni Margaret.

"Siguro naman alam mo na ang dapat mong gawin Malas." si Priscilla.

"Go and leave Jinx hindi ka bagay rito.

Nang hindi ako tuminag itinulak ako ni Priscilla.

"H-hindi ako pwedeng umalis hinihin-." hindi ko na nagawang matapos ang sinasabi ko dahil kinaladkad na nila ako.

"Ayaw mo pa talagang umalis ha! You don't belong here Jinx." si Priscilla na mahigpit na mahigpit ang kapit sa kaliwang braso ko.

"Huwag mo ring isipin na bagay kayo ni Sky, dream on girl, Sky is not in love with you."

Halos madapa ako sa paghila nilang dalawa, at nang makarating kami sa gate malakas nila akong tinulak na kung hindi ko naalalayan ang sarili ko malamang na bubulagta ako sa sahig.

"Guard! Huwag kang basta-basta magpapasok ng kung sino. Don't let her in again, she's not invited. Malas yang babaeng yan baka magulo ang party ni Sky.

Bago sila umalis isang nagbabantang tingin ang binigay nila sakin.

Nanatili akong nakatayo ruon kahit na isinara na ng guard ang gate.

Hindi ko alam kung anong gagawin ko. Minutes passed bago ko nagawang maglakad paalis.

Its eight of the evening, kung hindi dahil sa mga poste ng ilaw tiyak na magmumukha akong white lady na naglalakad sa dilim.

Tulala akong naglalakad. Halo-halo ang nararamdaman ko.
I want to cry, i want to scream! Gusto kong mailabas lahat ng sakit na nasa dibdib ko. Ngunit tila may kung anong nakaharang sa daluyan ng emosyon ko. Ang tanging nagawa ko lang ay hawakan ang regalo na dapat ibibigay ko kay Sky.

Hindi ko alam kung gaano katagal na akong naglalakad o gaano na ako kalayo sa Mansion. Wala akong pakialam sa paligid, basta naglalakad lang ako, nang mag-isa.

Hanggang sa may humila sakin, ikinulong ako sa mahigpit na yakap. Sa sobrang kabiglaan ko hindi ko nagawang sumigaw.
Nang matauhan ako at aktong papalag saka ko lang narealize kung sino ang nakayakap sakin.

Ang pamilyar na init, ang pamilyar na yakap at ang pamilyar na sensasyong hatid ng katawang iyon.

Nangilid bigla ang luha ko at kusang kumilos ang aking katawan payakap sa katawan na iyon...

Hanggang iyong tahimik kong pag-iyak lumakas. Humigpit ang pagkakayakap sakin ni Sky at hinaplos nya ang buhok ko. Lalo ko namang siniksik ang mukha ko sa dibdib nya.

Iyong emosyon na kaninang hindi ko mailabas-labas ngayon malayang dumadaloy sa mga mata ko.

Hinayaan nya lang ako at niyakap.

Ilang minuto ang lumipas ng sumisinok-sinok akong inilayo nya sa katawan nya at marahang pinunasan ang basang pisngi ko.

"S-sky." paos na sambit ko.

"Hush." ikinulong nya ang mukha ko sa mga palad nya.

"Stop crying. Hindi na mauulit iyong nangyari kanina, wala na kahit na sino ang magtataboy sayo sa mansion i promise."

Nagulat ako. "P-paano mo nalaman na..."hindi ko na tinapos ang pagsasalita, yumuko ako.

"Tinanong ko sa guard kung dumating ka na. Sa kanya ko nalaman na kinaladkad ka palabas nina Margaret at Priscilla." madilim ang mukha na sabi nya.

"T-tama naman sila. H-hindi ako bagay sa mundo mo at sayo. Isa lang akong malas na mahirap-."

"Shh." iniharang nya ang isa nyang daliri sa labi ko, kaya naputol ang pagsasalita ko.

"Don't believe them. Sigurado akong sa mga oras na ito pinagsasabihan na sila ni Mommy. Kung hindi lang ako nag-aalala sayo, ako ang haharap sa kanila. To tell them that they don't have the right to did this to you!" at sa pagkagulat ko pagkatapos nyang magsalita, bigla nya akong pinangko.

"Sky! Anong ginagawa mo! Ibaba mo ako!" naikapit ko ang mga kamay sa batok nya.

"Hindi ako makakapayag na hindi ko maisasayaw ang prinsesa ko. So we will go back to the party and we will going to enjoy our night Butterfly."

*****

"Ang kapal talaga ng mukha mo, bumalik ka pa talaga!"

Natigilan ako sa aktong pagsubo ng marinig ko ang boses ni Margaret sa likod ko. Si Sky sandali akong iniwan para asikasuhin ang dumating nyang bisita.

Nilingon ko sya. Kung kanina kasama nya si Priscilla ngayon nag-iisa na lang sya at kung kanina malakas ang boses nya ngayon halos bumulong na lang sya.

"Nagsumbong ka pa! Masaya ka na? Masaya ka na ba na nadungisan mo na ako sa paningin ni Tita Carmela." galit na galit nyang sabi.

"Hindi kita sinumbong." mahina kong sabi.

"Sinungaling!"

Bumuntunghininga ako at tumayo. Ayaw ko ng gulo kaya aalis na lang ako sa harap nya.

"H-hindi talaga ako nagsumbong Margaret." sabi ko bago ko sya lampasan.

Pag daan ko sa harap nya naramdaman ko ang pagpatid nya sa akin.

Napatili ako kasabay ng pagtaas ng kamay ko para protektahan ang sarili.

Napapikit ako sa sakit ng lumapat ang katawan ko sa lupa.

Naramdaman ko ang pagtahimik ng lahat, pati ang mga titig nila sakin.

Dali-dali akong tumayo.

Lahat nga sila nakatingin sakin. Pinagmamasdan ako.

Ang mga nakakakilala sakin napailing.

"Gosh umatake na naman ang kamalasan mo! Thanks God di kami nadamay na nasa paligid mo!" malakas na sabi ni Margaret.

"Ayan ba ang anak ng mag-asawang Montecro?"

"Oo balita ko malas ang bata na iyan." narinig kong sabi di kalayuan sa pwesto ko.

Si Margaret nakangisi tuwang-tuwa na napahiya na naman ako.

Kung ano-ano pang bulungan ang narinig ko. At tulad ng dati wala akong magawa kundi ang yumuko at tanggapin na lang ang lahat ng iyon.

"Kaya nga dapat umalis ka na rito Jinx bago pa may mapahamak rito."

Sa sinabing iyon ni Margaret humakbang ako paalis para lang napahinto ng may taong humarang sa daraanan ko.

"S-sky." bulong ko.

Ngumiti sya kasabay ng pag-ilanlang ng tugtog sa paligid. Natakpan niyon ang mga bulungan ng bisita nya.

Bahagyang yumukod si Sky nakinasinghap ko.

"Can i have this dance?"

(Now playing "Fall For You" by Thor)

Inilahad nya isang kamay.

"Please Butterfly?" sabi nya pa.

"Anong ginagawa mo Sky! Huwag kang dumikit sa kanya mamalasin ka!"

Hindi pinansin ni Sky ang sinabing iyon ni Margaret, pati narin ang mga anasan sa paligid basta nakangiti lang syang nakatingin sakin habang nakayukod parin at nakalahad ang kamay.

Unti-unti kong inabot ang kamay ko sa kamay nya.

And when our hands touch muli kong naramdaman ang kakaibang init na hatid nya.

Lumuwang ang ngiti nya pagkatapos ay giniya ako sa gitna ng pagtitipon.

Hinapit nya ako papalapit sa katawan nya, na mahina kong kinasinghap.

Inilipat nya ang mga kamay ko batok nya saka kami gumalaw para sumayaw.

Sya ang unang taong isinayaw ako, unang taong lumapit sakin sa harap ng lahat, unang taong hindi natakot sa malas na dala ko.

"Don't mind them Butterfly, just dance. " bulong nya. Napansin nya yatang patingin-tingin ako sa paligid.

Marahan akong tumango.

"Nasaktan ka ba kanina?"

Umiling ako.

"Good." Nagulat ako ng lalo nya akong hapitin at bahagyang iangat hanggang sa pumatong ang mga paa ko sa mga paa nya.

"Sky."

Namula ako ng halikan nya ko sa noo sa harap ng lahat.

Sumasayaw parin kami sya nga lang ang gumagalaw dahil nakatuntong parin ang paa ko sa kanya.

"Your beautiful." sabi nya na hinawi ang bangs ko. "Malas? Araw-araw kong haharapin ang malas mo, basta magkasama tayo ng ganito." malakas na sabi nya.

Kung gulat na gulat ang lahat ano pa kaya ako.

Umawang ang labi ko at napatitig ako sa kanya.

"Akin ka na Alaina, at mananatili ka sa tabi ko, hanggang sa huling hininga ko."

Kung hindi lang mahigpit ang pagkakahapit nya sakin baka dumausdos ako sa bigla kong panghihina.

Tama ba ang narinig ko? Anong ibig nyang sabihin?

Ang mga tanong ko iyan, nakalimutan ko na nang ngumiti sya at tignan ako ng buong suyo.

"You're my life now." bulong nya.

Malabo parin sakin ang lahat pero isa lang ang alam ko nag-uumapaw ang saya sa puso ko.

Im going to treasure this night...
This One Fairy tale night sa malungkot at madilim ko na mundo for the rest of my life.

11

Token Of Love

Take this gift as a signed of my love.
Take my love because you're my other half.

Token of love, my token of
trust.
From now on i give you my heart.

Take care of it...
Treasure it, because my soul is in it.

Token of Love you're my missing part.
Hope we have a happy life and never will be apart ...

-Helliza

Two weeks...

Its been two weeks after that one fairy tale night.

And its been two weeks simula ng huli kong makita si Sky. Dalawang linggo na rin akong nag-aalala. Hindi man lang kasi sya nagsabi na aalis, kundi ko pa narinig kina Priscilla na may emergency syang pinuntahan sa Maynila hindi ko pa malalaman kung asan sya.

"*Hindi man lang sya nagpaalam*."

"*At bakit naman sya magpapaalam sayo? Sino ka ba?"*

Paulit-ulit ang mga salitang iyan sa isip ko.

Nagdaramdam ako. Hindi man lang nya naisip na nag-aalala ako sa kanya.

Tuloy lalo akong naging tahimik at malungkot. Idagdag pa ang mas lumalang pamb-bully sakin nina Priscilla at Margaret, na nadagdagan ang galit sakin dahil sa mga nangyari sa party ni Sky. Higit isang daang beses na nila akong pinahiya sa loob ng dalawang linggo.

Ngayong araw, ilang beses akong napaglaruan ni Priscilla at kaninang umaga pa masama ang pakiramdam ko.

Idagdag pa ang biglang buhos ng malakas na ulan ngayong pauwi ako. Sinugod ko na iyon dahil kung hihintayin ko pang tumila baka abutin ako ng baha sa daan. Isa pa ayaw kong magpalipas ng gabi sa parking lot ng store, hindi ko gusto ang mga titig na binibigay sakin ng gwardya.

Habang nagbibisekleta hindi iilang beses na muntik na akong sumemplang at matumba, hindi lang dahil sa nahihilam ako sa tubig ulan na bumabasa sa buo kong katawan kundi dahil din sa hilong nararamdaman ko.

Maayos akong nakarating sa kubo na tinutuluyan ko.

Sa sobrang sama ng pakiramdam ko basta ko na lang na isinandal sa pinto ang bike, sa luma niyon siguradong wala magkakainteres para nakawin iyon.

Nahiga ako kaagad sa sirang papag, mamaya na ako magpapalit ng damit, sobrang hilo at sama na talaga ng pakiramdam ko. Namaluktot ako sa sobrang lamig na nararamdaman ko. At ang ulo ko sobrang sakit.

I feel so alone, duon sa madilim at lumang kubo na iyon.

"M-mama." tila nagdedeliryong tawag ko, niyakap ko pa ng mahigpit ang sarili ko, hoping na mabawasan ang lamig na nanunuot sa kalamnan ko.

Alam kong dapat akong kumilos at magpalit ng damit kung ayaw kong mapulmonya.

Ngunit masyadong mabigat ang pakiramdam ko, hilong-hilo ako.

Sa sobrang sama nga wala akong magawa kundi ang mamaluktot, pumikit ng mariin at umiyak.

"Mama..." sabi ko. Then i uttered another name. "Sky..."

Lalong naging masagana ang pagtulo ng luha ko, because i know na kahit anong gawin kong pagtawag sa pangalan nila walang dadating, ako lang dito...mag-isa.

Gumuhit ang kidlat sa langit kasunod ang isang napakalakas na kulog.

Hindi ako takot sa kulog at kidlat, ngunit ngayon halos mapasiksik ako sa pader. Dumadagundong ang dibdib ko sa sobrang takot.

Gusto kong tumayo at lisanin ang lugar na ito, go to my mother and seek comfort.

Ngunit kahit pag-upo hindi ko magawa.

Nangingitim na ang labi ko.

Malamang pulmonya ang ikakamatay ko.

"*Kilos Alaina."*

Sinubukan kong tumayo...umupo. Ngunit sa minsang pagkilos ko, lalong umikot ang mundo at nagdilim ang paningin ko. Kasabay nuon ang tila paghalukay sa sikmura ko.

Lumangitngit ang papag ng pabagsak akong natumba.

"S-sky." i whispered. Pagkatapos ay tuluyan ng nilamon ng dilim ang kamalayan ko.

But somehow i heard the sound of the slamming door, at nang pilit kong imulat ang mga mata ko si Sky

ang nakita kong nakatayo sa gilid ng papag magkasalubong ang kilay ngunit bakas ang pag-aalala sa mukha, habang nakatingin sakin.

Hindi ko alam kung totoo ba ang nakikita ko o bahagi lang ng nagdedeliryo kong diwa...

"S-sky." then my mind shut down.

*****

I feel comfortable, warm and...?

Naidilat ko ang bahagya pang namimigat kong mga mata.

Imbes na ang sira-sirang bubong ng lumang kubo ang sumalubong sakin, isang magandang chandelier ang nakita ko.

Umikot ang paningin ko sa paligid.

Marangya at panlalaking silid ang kinaroroonan ko.

Panlalaki?

Nanlaki bigla ang mga mata ko. Wala ako sa lumang kubo!

Where am I?

Umakto akong tatayo nang muling manlaki ang mga mata ko.

Hindi ako makatayo o kahit na makagalaw,dahil sa brasong nakayakap sakin at sa binti na nakadantay sa mga hita ko.

Ibinaling ko ang mukha ko sa kanan para makita kung sino ang katabi kong nakahiga sa queen size bed na nasasapnan ng asul na kobre kama.

Bumangga ang ilong ko sa isa pang ilong.

I held my breath nang makilala ko ang katabing halos makapalitan ko na ng mukha dahil sa sobrang lapit namin sa isat-isa.

"Sky." i said in disbelief.

As if he heard me, he slowly opened his eyes. Nangiti sya ng makitang gising na ako.

"Good morning Butterfly." he said. Ang boses nya napakasexy ng timbre kapag bagong gising pala sya.

Bahagya kong nailayo ang mukha ko dahil halos maglapat na ang labi namin ng magsalita sya.

"A-anong ginagawa ko rito?"

Instead of answering may question, tumaas ang kamay nya sa noo ko at sinalat iyon. At nang may masigurado sya, galit syang tumingin sakin.

"I didn't know that you are stupid Butterfly!"galit na sabi nya habang bumabangon at nakapameywang akong tinignan, highlighting his sturdy built.

"Ha?" Nabigla naman ako sa galit na boses nya.

"You're so stupid para pabayaan mo ang sarili mong mababad sa basang damit! In the first place anong ginagawa mo duon sa madilim at lumang kubo na iyon? And why the hell are you working gayong alam mong may sakit ka?!"

Sa dami nang mga sinabi nya wala akong masabi, bumalik lang sa alaala ko ang mga pangyayari kagabi.

Naalala ko na halos tumirik na ang mata ko sa taas ng lagnat , naalala ko rin ang pagtawag ko sa pangalan nya.

"Y-you mean hindi ako nagdedeliryo ng makita kita sa gilid ng papag ko kahapon?"

"Yeah, pero talagang nagdedeliryo ka taas ng lagnat Alaina at hindi ko maintindihan kung bakit pinabayaan mong magkaganon ka!" tiim ang bagang na sabi nya.

Umupo ako sa kama, na sa unang pagkakataon ay napansin ko na napakalambot.
First time kong maranasan na mahiga at maupo sa ganitong kalambot na kama and i want to savor it.

Ngunit dahil sa biglang pagkilos ko nakaramdam ako ng pagkahilo at napakapit ng mahigpit sa comforter at napapikit.

Mabilis naman na nakalapit si Sky sakin at umalalay.

"Pwede ba Alaina, be careful hindi ka pa lubusang magaling, magdahan-dahan ka sa pagkilos!" sigaw nya na kinagulat ko na naman, sanay ako na mahinahon nya akong kinakausap, at ito ang unang pagkakataon na may bahid na galit ang tono nya, dahil duon nangingilid ang luha na nagmulat ako ng mga mata.

"G-galit ka?"

Natigilan si Sky, tumingin sa may bintana at bumuntunghininga. "No"

"P-pero sumisigaw ka, g-galit ka na rin ba sa akin tulad nila?" gumaralgal ang boses ko. Isipin ko pa lang na galit sya sakin naiiyak na ako.

Tinignan nya ako, lumambot ang ekspresyon ng mukha nya ng makita ang pangingilid ng luha sa mga mata ko.

He tenderly cupped my face with his hands.

"Hush baby, hindi ako galit sayo."

"Pero bakit-." nahinto ako sa pagsasalita ng bigla nya akong yakapin ng mahigpit, at dinala pahiga ng kama. Side by side ang ayos namin magaan na nakapatong ang isang kamay nya sa bewang ko habang

nakaunan ako sa isa nya pang braso.

"Sumisigaw ako hindi dahil galit ako sayo Butterfly, its because you frightened me." he looked at me with so much fondness in his eyes.

"Napakataas ng lagnat mo, at kung nahuli ako ng ilang sandali, tiyak na pulmonya ang aabutin mo." he caressed my cheeks.

"K-kelan ka pa dumating?"

"Kagabi rin, sinundo kita sa Store pero hindi kita naabutan, umuulan at alam kong mababasa ka so i followed you. Kung hindi pa nahagip ng tingin ko ang bike mo, hindi ko malalaman na naandon ka at hindi ko gustong isipin ang maaring mangyari sayo if i missed it."

"Saan ka ba kasi galing...a-at bakit hindi ka nagpaalam?" hindi ko gusto ang tono ang boses ko na parang nanunumbat pero ganon ang lumabas, kaya agad kong binawi iyon. "S-sorry i didn't mean to pry, okay lang kahit hindi mo sagut-." nahinto ako sa pagsasalita ng lumapat ang labi nya sa mga labi ko.

Smack lang iyon pero, malakas parin ang epekto sa akin.

Nag-angat sya ng mukha at tumayo.

"Wait here Butterfly. Be still. Hindi mo kailangang maupo. Your body is still weak, so just relax okay?"

Napatango ako.

Pumasok sya sa isang pinto sa kanang bahagi ng kwarto nya, saglit lang naman sya.

Natigilan ako ng makita ko ang bitbit nya. Humiga syang ulit sa tabi ko at muli nya akong pinaunan sa isang braso nya.

Itinaas nya ang hawak.

Nasundan ko iyon ng tingin and I'm very much aware sa ayos namin.

Ngayon ako nakakaramdam ng pagkailang, sya kasi ang kauna-unahang lalaki na nakatabi ko...sa kama.

"Ito ang pinakamaganda at pinaka-importanteng regalo na natanggap ko." sabi nya na ikinabaling ng tingin ko sa kanya. Did i hear it right?

Si Sky nakatingin sa hawak-hawak at nakangiti. Bumalik ang tingin ko sa hawak nya.

Its a frame na may nakalagay na pinatuyong paruparo na ang kulay ay itim na may pink dots at bulaklak na rosas. Sa ibaba ng frame nakasulat in bold letter ang mga katagang "Love Butterfly"

"Why?" I softly asked

"Dahil ikaw ang nagbigay." he answered bago ako nilingon.

Napalunok ako sa paraan ng pagtitig nya.

Oo ang regalo ko ang hawak-hawak nya. Gawa iyon ni Papa katulong ako, iniregalo nya iyon sakin nung birthday ko na huli kaming nagkasama.

Love Butterfly ang tinawag nya rito dahil ang paruparo daw na iyon ang maghahatid sakin sa lalaking magmamahal at mag-aalaga sa akin balang-araw. Ibigay ko daw ito sa lalaking mamahalin ko at mamahalin ako...at si Sky iyon.

Itinaas naman ni Sky ang kaliwang kamay ko at may sinuot sa ring finger ko.

"Anong-?" nagulat ako ng makita kung ano iyon.

Isang silver band ring na may nakauwit na salitang Love Butterfly at pangalan nilang dalawa sa mas maliit pang-ukit. Paikot ang mga salitang iyon sa singsing at kapansin-pansin pa na sa ibaba ng ukit ng mga salita ay ang ukit din ng isang half butterfly.

"B-bakit mo ako binibigyan ng singsing?"

Sinipat ko din ang kamay ko, noon ko lang napansin ang singsing na nasa kaliwang kamay nya rin na katulad na katulad ang design sa suot ko.

Napansin ko rin na kapag pinagpatong ang singsing nya at singsing na suot ko mabubuo ang isang paruparo.

"P-parehas ang singsing."

Ngumiti sya at inilapag ang regalo ko sa side table.

"Nung birthday ko, natanggap ko ang pinakamagandang regalo na walang-wala sa natanggap ko sa mga lumipas na taon, and its from the most special person and because of that, binigay ko ito sayo. As a sign of my sincerity. I really like you Alaina at ako ang pinakamasayang tao dahil akin ka! Akin lang."

Nabigla ako sa mga sinabi nya, pero deep inside me i feel disappointed. He said like not love.

"And always remember Butterfly, that you're my missing peace. Kulang ako at hindi buo kapag wala ka."

"Sky..." speechless. Di ko alam kung ano ang sasabihin ko. Hindi nya sinabi na mahal nya ako. Disappointed? Yeah kanina iyan ang nararamdaman ko. But after i heard what he says ramdam na ramdam ko ang sinseridad nya. At ang mga salitang binitawan ay sobra-sobra pa sa salitang "Mahal kita" o "I love You"na inaasam-asam ko.

"S-sky." napapikit ako ng bigyan nya ako ng halik sa tungki ng ilong ko na lumipat sa aking mga labi.

Magaan ang halik na para bang haplos ng pakpak ng isang paruparo sa isang bulaklak.

Ninamnam ko ang halik nyang iyon.

Maya-maya pa nagtaas ito ng mukha.

"I love kissing you all day Butterfly, but you need to eat breakfasts para makainom ka na ng gamot." tumayo sya sa kama at binuhat ako. Bridal style.

"Come gusto ka ulit makausap ni Mama she said that you're so intelligent at napakasarap mo na

kausap."

Noong party niya nakakwentuhan ko ang Mama nya, sa umpisa natatakot ako at naiilang but then nalaman ko na ibang-iba talaga ang pamilya Aragon sa ibang taga San Gabriel.

Napakabait ng Mama nya at sa ilang minuto pag-uusap namin wala akong nakitang takot sa pagiging malas ko o pang-uuyam sa pagkatao ko, sa kanya.

"I-ibaba mo na lang ako Sky."

"No just stay put Butterfly, mahirap na nanghihina ka pa, baka lalong makasama sayo kapag naglakad ka."

Para naman na ang layo-layo ng lalakarin namin.

"But-."

"No buts Butterfly."

Wala na akong nagawa kundi ang mapatango, isa pa gusto ko rin ang pakiramdam na pangko- pangko nya ako.

Sa mga daliri ko ramdam ko ang init ng singsing na bigay nya sakin.

*****

H. Notes

Good day Guysss...:-)

Sensya na sa mga typos ko babalikan ko na lang sya.

God Bless.

12

Shattered World, Broken Heart

I prayed that this happiness is not a dream...
Prayed that you're true and sincered.

You made my world colorful...
Made me joyful.

But then you broked my heart...
Shattered my world and tear me apart.

Pain, i'm in pained.
I can't breath
I can't move a bit.

I want to cry,,,
I want to die...

So i close my eyes and said good bye...

Thank you for the love...and in everything
that is all lie...

---Helliza

*****

Hindi mapuknat-puknat ang ngiti sa mga labi ko habang nagsasampay ako ng mga nilabhan kong damit.

Ang mga nakalipas na araw is the most happy days of my life.

Simula ng araw na nagkasakit ako umakto na talaga si Sky na boyfriend ko.

Mas naging sweet...mas naging maalaga. Kahit na minsan nga nahihiya ako dahil kahit maraming tao umaakto sya na ganon, wala syang pakialam kahit nagbubulungan at pinag-uusapan kami.

At ako kahit natatarayan at sinisingahalan pa din nila Priscilla at Margaret hindi na ako naiiyak, para nga akong tanga na nakangiti pa.

Pati ang Mama ni Sky mabait din ang pakikitungo sakin, nangako pa sya na maghahanap ng sponsor para maoperahan si Mama.

Lalo tuloy lumuwang ang ngiti ko sa naisip kong iyon. Si Mama ko makakakita.

"Alaina." napatigil ako sa aktong pagsisipit ng kumot nang lingunin ko si Mama.

"O Ma, ba't kayo lumabas, baka madapa po kayo." iniwan ko ang ginagawa ko, at mabilis na lumapit sa kanya para alalayan sya.

Iginiya ko sya paupo sa bangkong gawa ni papa.

"Mukhang masaya ang aking Anghel ngayon ah, dahil ba sa kanyang Prinsipe?"

Kahit alam kong hindi ako nakikita ni Mama itinago ko sa kanya ang mukha kong biglang namula.

"Si Mama talaga nanunukso pa."

Natawa si Mama at iginiya nya ang ulo ko pahilig sa balikat nya.

"Natutuwa ako na masaya ka na ngayon. Kung sakaling mawala ako hindi ako mababahala na maiiwan kang mag-isa at malungkot, may Sky na kasi na mag-aalaga at magmamahal sayo."

"Ma ano ba iyang sinasabi mo? Huwag ho kayo ganyan mag-isip. Hindi pa kayo mawawala." niyakap ko sya ng mahigpit.

Hinaplos ni Mama ang buhok ko.

"Kapag nawala kayo, malulungkot po ako, baka di ko na po kayanin ang lahat, kaya wag po kayong mawawala." mahina kong sabi.

Si Mama deretso na nakatingin sa kawalan bakas ang lungkot sa mukha.

"Huwag kang mag-alala hindi pa aalis si Mama, aalagaan ko pa ang mga apo ko diba?"

Namula na naman ang pisngi ko. "Si Mama talaga."

Tumawa si Mama, nakitawa na rin ako.

"Pero Mama sa tingin mo tuloy-tuloy na ito. Sa tingin mo sa wakas magiging maayos at masaya na ang lahat?" bakas na bakas ang alinlangan at takot sa boses ko.

Sa mga nararanasan ko ngayon, pakiramdam ko napakabilis ng lahat, parang kelan lang malungkot ako nag-iisa at ang tanging karamay lang ay ang Mama ko at si Ate Cheska.
Pero ngayon may isang Sky na, na nagbibigay ng bagong kulay at saya sa mundo ko.

Natatakot ako, natatakot ako na baka panaginip lang ang lahat, na kunyari lang pala at magigising ako sa dati kong mundo. Iyong mundo na walang kulay, just plain white and black.
"Anak sa tingin ko magtutuloy-tuloy na ang lahat, mabait ka anak, mabuti kang tao hindi ka nagrereklamo kahit nahihirapan ka. Ito na ang oras para sumaya ka naman."

"Sana nga Ma, sana nga."

*****

Tatlong araw pa ang lumipas, tatlong araw na saya at ligaya sa piling ng mga taong mahal ko.

Tatlong araw at pagkatapos tuluyan ng nawasak ang mundo ko, at nabasag ang puso ko...

Nasa bahay ako, masayang nakikipagkwentuhan at nakikipagtawanan kina Mama at ate Cheska.

Mabilis ang mga pangyayari, kanina lang tumatawa ang Mama then the next thing i knew nakabulagta na sya sa sahig at hawak-hawak ang dibdib.

"Mama!" mabilis ko syang dinaluhan. "Ma!"

Hindi na sya makapagsalita. Bumakas lang ang sakit sa mukha.

"Diyos ko! Si Ate! Inaatake sya sa puso Alaina!" sigaw ni Ate Cheska.

"Ha?"

Nadoble ang malakas na tibok ng puso ko.

"Ma! Mama." niyugyog ko sya ng tuluyan na syang mawalan ng malay.

Unti-unti na syang nagkukulay ube.

Gusto kong mawindang, gusto kong magwawala ayaw ko syang makitang ganon, ayaw kong makita na unti-unti syang nawawalan ng hininga.

Napasigaw si Ate Cheska at bigla akong tinulak.

"Bilisan mo Alaina, humingi ka ng tulong!"

"P-pero si Mama." nag-atubili ako, ayaw kong iwan si Mama. Lalo na sa ganitong kalagayan.

"Kilos Alaina bago pa mahuli ang lahat!" sigaw na utos ni Ate Cheska sakin matigas ang tinig niya pero tulad ko bakas din ang takot sa kanyang mukha.

Mabilis akong kumilos, parang may pakpak ang mga paa na nakarating ako sa harap ng bike ko.

Nanginginig ang katawan at hilam sa luha na pumadyak ako.
Gusto kong sambunutan ang sarili ko, nung isang araw pilit akong binibigyan ni Sky ng cellphone para may magamit kami in case of emergency. Pero nagmatigas ako na hindi tanggapin iyon. Kung tinanggap ko lang sana mas mabilis na darating ang tulong.

Narating ko ang bayan sa napakabilis na oras. Panay pa din ang tulo ng luha ko sa pag-iisip sa maaring mangyari kay Mama.

"*Diyos ko huwag po muna! Huwag nyo po munang kukunin si Mama."*

Iisang lugar lang ang tinatahak ng bisikleta ko...papunta duon sa taong alam kong tutulungan kami...sa taong mangangako sakin na magiging maayos ang lahat.

Dahil sa mabilis na pagpapatakbo at sa labis na pagkahilam sa luha sumemplang ako.

"Ahh!" nagsitilian ang ang mga tao sa bangkenta na muntik ko ng masagasaan.

"Ano ka ba! Umatake ka na namang malas ka, umalis ka rito-." natigil sa pagsasalita ang lalaking muntik ko nang madaganan ng mapansin niya na umiiyak ako habang umaagos ang dugo sa gilid ng noo ko na tumama sa semento.

"May sugat si Malas!" sabi ng isa.

Hindi ko sila pinansin pati narin ang pagkahilong nararamdaman ko, tuluyan nang nasira ang upuan at manibela ng bisikleta pero sinakyan ko parin iyon at nagpatuloy sa mabilis na pagp-pedal.

Pinagtitinginan ako ng mga tao dahil sa dugong patuloy na dumadaloy sa noo ko.

Kahit ang gwardya sa subdivision nila Sky ay tinapunan ako ng nababaghang tingin.

Hindi ako hinarang ng gwardya sa mansion pinapasok nya ako at hinabol lang ng tingin na nagtataka.

Derederetso ako sa loob ng Mansion na ilang ulit ko nang napasok, hinanap ko si Sky.

"*Sky where are you?"*

Lalong lumakas ang panginginig ng katawan ko, bakit ganon habang tumatagal ang oras na lumilipas pakiramdam ko lumalayo si Mama.

Lalong sumargo ang tulo ng luha sa mga mata ko kasabay din ng pagtulo ng dugo sa sugat ko.

Sa pool ko natagpuan si Sky, ngunit nahinto ako sa aktong paglapit nang makita ko syang may kasama.

Nakaupo sya sa isang reclining chair habang...habang nakapulupot dito...si Margaret.
May limang tao pa na kilala ko lang sa mukha.

"Hanga talaga ako sayo pare hindi ko akalain na liligawan mo talaga si Jinx. "Wika ng isang lalaki. Sa sinasabi nito tuluyan ko nang napigil ang hininga ko.

"Oo nga pare hanga ako sa tibay ng loob mo, ang sabi ni Margaret hindi iilang beses na nabiktima ka ng kamalasan ni Malas."

"Hands up kami sayo pare napaglaruan mo siya."

"May kalandian lang talaga ang Jinx na yun palibhasa sabik sa lalaki. Kung nakikita nyo lang kung paano sya kiligin kapag nilalapitan sya ni Sky nakakainis tignan." si Margaret.

Umalingawngaw sa paligid ang malakas na tawanan nila.

Sa utak ko ilan beses na nag-echo ang mga sinabi nila

Masakit sobrang sakit, sa tindi ng sakit na nararamdaman ko ni hindi ko napansin na hindi nakikisali si Sky sa tawanan.

Ang nasa isip ko lang ay ang katotohanan, ang katotohanan na paulit-ulit na sumasampal sa mukha ko.

Pakiramdam ko namamanhid ang katawan ko sa sobrang sakit, kinakapos ako ng hininga, halos wala na akong makita halo-halo na ang luha at dugo sa mukha ko.

"*Bakit nangyayari sa akin ang lahat ng ito. Malas ba talaga ako?"*

Nausea hit me. Napasandal ako sa pader at napapikit habol parin ang hininga.

"Kung lahat ng ito ay totoo pwede bang mamatay na lang ako!" sa paraan ng paninikip ng dibdib ko, hindi na ako magugulat kung bumagsak na lang ako rito.

"My God Alaina! What happened to you?" napamulat ako ng marinig ko ang boses ni Senyora Aragon.

Kay Sky tumama ang paningin ko. Kitang-kita ko ang pagkabigla sa mukha nya bago napalitan ng pag-aalala.

Iglap lang nakalapit na sya sakin.

"Alaina? What the- Shit!" aktong hahawakan nya ako nang umatras ako. Ang mukha nya punong-puno ng pag-aalala na kung hindi ko narinig ang usapan kani-kanina lang aakalain ko na totoo talaga.

Natigilan sya, lalo na ng mabasa nya ang matinding sakit sa mga mata ko.

"Alaina...is not what you think." wika nya na lalong nagpadagdag sa sakit na nararamdaman ko.

"Ano bang nangyayari Sky?" takang tanong ni Senyora Aragon. "Alaina kailangan mong madala sa hospital."

Sa sinabi ng Mama nya muling kumilos si Sky para lapitan ako. Na muli kong iniwasan, at sa labis na pagkagulat nilang dalawa at kinaluwang ng ngiti ni Margaret, lumuhod ako sa harapan niya.

"Please tulungan nyo ang Mama ko. I-inatake sya. K-kailangan nyang madala sa hospital." sisinghap-singhap na sabi ko.

"Damn! Alaina hindi mo na kailangan na lumuhod." pilit akong tinatayo ni Sky.

Ngunit imbes na magpaakay dito deretso ko syang tinitigan sa mga mata.

"Please h-help my Mama. Kahit sa huling beses help us. K-kahit man lang b-balato mo sakin para sa p-pagkapanalo mo sa p-pustahan."

"Butterfly." tumiim ang bagang niya bago tumaas ang kamay para haplusin ang mukha ko.

Mabilis akong umiwas, tumayo at tumalikod.

Kasabay noon ang matinding kaba na naramdaman ko, napahawak ako sa dibdib ko kasabay ng mas mabilis pang pagtulo ng luha ko.

"Ang Mama ko...Mama ko." i swayed at nakaramdam ng matinding panlalamig.

Pinigilan ko ang pandidilim ng paningin.

"Alaina!" Mula sa likod humawak sakin si Sky para alalayan ang katawan ko na unti-unti nang nauupos.

"Si Mama..." napatakip ako sa bigbig para pigilan ang pagsigaw. "W-wala na ang Mama ko." sa realisasyong iyon naitulak ko si Sky at mabilis na tumakbo paalis.

"Alaina! Shit wait."

Hindi ko sya pinansin. Kung mabilis ako sa pagpunta ko rito, mas doble ang bilis na ginawa ko paalis...kailangan kong makabalik kay Mama gusto kong malaman na mali ang kutob ko.

But i know, niloloko ko lang ang sarili ko.

Si Mama wala na sya, si Sky... Umiling ako. Hindi totoo ang lahat! Walang totoo sa lahat! Ang tanging totoo lang, wala na si Mama.

Wala na ang taong nagmamahal sakin ng totoo.

Hindi totoo ang Sky na mag-aalaga sa akin...ang magmamahal.

Wala na, wala na ang lahat.

Sa naisip kong iyon bigla akong nakaramdam ng matinding panghihina.

Pumikit ako.

Wala na ang lahat, wala na...

Tuluyan nang nilamon ng sakit at pamananhid ang buong pagkatao ko.

Patuloy ang mabilis kong pagpapatakbo sa bisekleta habang nakapikit ako.

Hindi ko pinansin ang mga sigawan sa paligid. Hindi ko pinansin ang tinig ni Sky na tinatawag ako.

Nang magmulat ako ng mga mata nakita ko na ang tinatahak ko ay ang bangin na dagat ang nasa ibaba.

Hindi ako umiwas, para san pa? Wala narin namang halaga.

Basag na ang puso ko, wasak na ang mundo ko. Siguro nga malas ako.

Malas talaga ako.

Naramdaman ko ang pagsalpok ko sa harang ng bangin, ang paglipad ko sa ere at ang mabilis kong pagbulusok pababa.

"Alaina no!"

Bago ako humampas at lamunin ng dagat nakakita ako ng paruparo.

Mapait akong ngumiti.

Love butterfly...its not true.

Isang matinding sakit ang naramdaman ko sa ulo ko bago ako tuluyang lamunin ng dilim.

*****
H/N

And boom after hundred years nakapag-update din sobrang late ako x-(.

Nawala ang momentum ko sa takbo ng storya buti na lang bumalik na hahaha.

Feel free to comment wala po bayad yun;-).

Happy birthday pala sa little sister ko na si Jelai august 12 waa sobra late na hehehe. Love yah sis.

Take care everyone.
Thanks sa pagbabasa.

13

After 3 years.

Yna P.O.V

"Ano Yna game ka na ba?" napatingin ako kay Leigh na ngiting-ngiti habang nakatingin sakin.

Hindi ko talaga maintindihan ang babaeng ito kahit yata saan mo ilagay, kahit yata ano ang ipagawa mo at kahit ano ang iharap hindi sya natatakot.

Tulad ngayon we're more or less hundred feets from the ground.
Nasa pinto kami ng eroplano at naghahandang tumalon.

Yes mags-sky diving po kami.

At ang babaeng ito na nasa harap ko imbes na matakot eh ang luwang-luwa pa ng ngisi sakin.

Napailing ako.
Bakit ba ako napasama-sama sa babaeng to, ngayon heto ako halos maihi sa niyerbyos, hindi ko naman ito first time pero hindi ko parin maiwasan na matakot.

"E*h kasi po na b-bored ka, kaya nga sumama ka di ba?"*

"Ano na Yna tatalon ka pa ba?" untag sakin ni Leigh.

"Wait teka nagmamadali may lakad ka." pinandilatan ko sya. Twenty years old pa lang yan at ako ay twenty five na pero di man lang ako ginagalang.

Tumawa sya.

"Ako wala pero ikaw meron pinapatawag ka ni A. May bago project ka daw."

Bigla akong napatayo ng tuwid.
Project? Ibig sabihin may bagong misyon ako.

"Leigh bat di mo sinabi sakin kaagad!" inis na sabi ko.

"Eh baka umatras ka eh miss ko na mag sky diving at gusto kong may kasama." sabi nya.

Napailing ako. Nakakabatang kapatid ang turing ko sa kanya at dahil wala naman akong ibang pamilya talaga kaya kapag may gusto sya pinagbibigyan ko.

"Naku ikaw na babae ka makukurot kita alam mo nang gustong-gusto ko nang magkaroon ng project binitin mo pa." halos dalawang buwan akong tengga dahil sa injury na natamo ko sa katatapos ko lang na misyon. Matagal akong nakaburo kaya inip na inip ako.

Tinawanan lang ako ni Leigh.

"Tara na nga babatukan kita dyan eh."

Mayamaya pa nasa ere na ako sumisigaw at patumbling-tumbling.

This is my life. My world. Full of action and adventure.

Isa akong secret agent sa D&A isang troubleshootings agency na tumutulong sa mga pulis, NBI na makahuli ng kriminal. Tumatanggap din kami ng mga private misyon sa mga taong may nais ipahuli, paimbestigahan o kilalanin as long as na hindi masama ang intensyon tinatanggap namin.

Pagdating sa baba malakas parin ang tibok ng puso ko sa tindi ng excitement at takot na naramdaman ko habang nasa ere ako.

Tinanggal ko ang parachute na nasa likod ko at naglakad papunta kay Leigh.

"Ugh sabi na ngang okay lang ako!"

Nagsalubong ang kilay ko ng makita ko syang nakikipagtalo at may kinakausap gayong wala naman syang kasama.

"Hoy sinong kausap mo dyan?"

"Isang guwapo at masungit na multo na sobrang pakialamero."

"What?" Di ko gaanong naintindihan ang sinabi nya bumulong eh.

"Wala kausap ko sarili ko."

Tinaasan ko sya ng kilay. Abnormal talaga itong bata ito.

"Tara na Yna baka mainip si Gela sa iba nya ibigay ang project na dapat ay sayo."

Sa sinabi nyang iyon ako pa ang humawak at kumaladkad sa kanya.

"Aba eh ano pang hinihintay natin, ang marinig kong sumagot iyang multong kausap mo lets go time is gold."

Hindi ko na nakita na natigilan si Leigh pero nakita kong lumingon ito sa kanan nito at may nginusuan.

Weird mukha ngang may nakikita syang di ko nakikita.

At mas lalo akong naghinala nang biglang umawang ang mga labi nya nanlaki ang mga mata pagkatapos ay namula.

Hmmm its my first time to saw that reaction in her face.

Si Leigh na laging nakangiti, minsan bored parang ngayon ay sinisilihan at kinikilig ang mukha.

"*Wait for me girl masigurado ko lang na sakin na talaga ang project ikaw naman ang papaaminin ko aba hindi araw-araw may nagpapawindang kay Fearless Leigh kahit na nga multo pa."* lihim akong napangisi sa naisip kong iyon.

*****
Ilan beses akong napasuklay sa buhok ko na hanggang balikat at may highlights na kulay pink,habang nakatingin sa files na nakalatag sa coffee table ko.

Kitang-kita ko ruon ang picture ng susunod kong project.

Sky Aragon.

Hindi ko alam kung bakit sa tuwing napapatingin ako sa larawan nya sumisikip ang dibdib ko, bumibilis ang pintig.

Sky Aragon...
Sky Aragon...
Sky Aragon.

"Ahhh naloloka na yata ako bakit paulit-ulit kong binabanggit ang pangalan nya!" sigaw ko.

Tumayo ako mula sa pagkakasalampak ko sa sahig sa gilid ng kama ko at nagpunta ng banyo.

Mags-shower na lang ako baka mawala pa ang agiw ng utak ko.

Naglakad ako habang naghuhubad, pinaghahagis ko lang ang mga suot ko habang naglalakad, walang kaso iyon dahil nag-iisa lang naman ako dito sa bahay ko sa Maynila.

Kagagaling ko lang sa DQ namin dito dahil lumuwas ng Maynila mga mag-asawang Santiago dito.

Kanina excited pa ako na malaman kung ano ang project ko at ganon na lang ang pagkadismaya ko na magiging bodyguard ako, ayoko non nakakainip ang trabahong iyon mas gusto ko iyong nasa gitna ng barilan iyong nanghahabol ng kriminal. Sinong may gusto na magbabantay 24/7 sa isang mayaman na pinagbabantaan dahil sa dami ng pera nya. Ngayon idagdag mo pa ang reaksyon ko sa Sky Aragon na yan.

Nakapasok na ako sa loob ng banyo derederetso sa shower at hindi pinagkaabalahan na timplahin ang lamig noon.

Kung maliligaw ka sa bahay ko. Ang una mong mapapansin ay ang mga sandamakmak na paruparo.

Yeah sa bawat sulok ng aking tahanan may paruparo kang makikita. Sa pinto pa lang ang nakadesign sa welcome ay cross stitch na butterfly, sa sala ang mga sofa ko may design parin na paruparo. Ang takip ng tv, ang refrigerator nya na may nakadikit na sticker ng butterfly.

Ang loob ng kwarto ko ang wallpaper ay paruparo, ang aking kumot, pati narin mga cabinet hanggang dito sa loob ng banyo.
Kahit na ako hindi maintindihan ang sarili ko. Basta pagnakakita ako ng gamit na may design na paruparo binibili ko ke-mahal o mura man iyon.

Babaeng paruparo, iyon nga ang minsang tawag sakin ng mga D&A's.

Ewan ko ba, para kasing gumagaan ang loob ko pagnakakakita ako ng butterfly.

Sa sobrang obsessed ko nga nagpa-tatoo din ako sa may right wrist ko, ang pinagtataka ko lang kung bakit imbes na paruparo na nakadapo sa bulaklak ang ipagawa ko. Paruparo na nakadapo sa ulap ang

pina-tattoo ko.

"Sky's Butterfly" iyon pa ang pinalagay ko.

1 inch lang ang laki nuon, may ugali pa ako na kapag matutulog ay pinagmamasdan ko ang tattoo ko.

Ako na ako na talaga ang adik sa paruparo.

Sky. Pero bakit nga sa ulap nakadapo ang paruparo ko?

Sky Aragon.

Napapitlag ako at napailing. Ayan na naman bakit pumapasok na naman sa isip ko ang pangalan ng lalaking iyon.

"Wooo maligo ka na lang Yna."

Sa lumipas na oras inabala ko na ang sarili ko sa pag-aayos ng gamit ko papuntang San Gabriel.

*****
San Gabriel.

Bumaba ako sa motor ko at pinagmasdan ang Aragon Hotel sa aking.

Maganda ang hotel maihahanay mo sya sa mga five star sa Maynila.

Tinanggal ko ang shade ko, at pinagmasdan ang paligid, nasa punong bayan nakatayo ang Hotel at abalang-abala ang mga tao sa paligid-ligid nito.

May mga tindero at tindera sa bangketa.

May mga tao sa park na kagagaling sa simbahan dahil linggo ngayon, may mga magkasintahan na papasok ng Howards Mall, ang kilalang mall hindi lang dito sa San Gabriel kundi pati narin sa mga kalapit na bayan.

May nakita akong nagtitinda ng kwek-kwek at parang natakam ako kaya naman imbes na pumasok sa loob ng hotel pinarada ko sa gilid ang motor ko at bumaba roon.

"Kuya isa nga po."

Ang tindero imbes na ipagluto ako tumunganga sakin.

"Hoy manong sabi ko pabili po."

Kumunot ang noo ko, aba si Manong imbes na sumunod nakatanga parin sakin.

"Hoy manong naano ba kayo?"

"M-malas."

Tumaas yata ng isang metro ang kaliwang kilay ko sa sinabi nya.

Ang ibang tindero at tindera na napatingin na sa amin ay nakatingin din sakin na tila ba alien ako.

"S-si Malas ba yan?"

"Oo yata kamukhang-kamukha nya."

"Pero bakit parang iba sya at mukhang mayaman na."

"Hindi si Malas yan di ba matagal ng patay iyon."

Nagsalubong na ng tuluyan ang kilay ko.

Anong problema ng mga taong ito.

"M-malas umalis ka sa harap ng pwesto ko baka malasin-." nahinto sa pagsasalita ang tindero ng kwek-kwek ng tignan ko sya ng matalim.

"Wait lang manong ha, medyo nabibingi ako. Tama ba ang dinig ko tinawag mo akong malas?" tinuro ko ang sarili ko. Alanganin na tumango si Manong. "Manong bulag ka ba itong ganda kong to malas, bulagin kaya kita. Baka pagkatapos kong bumili sayo maubos iyang tinda nyo dahil maraming bibili na susunod sakin."

Di makaimik si Manong pinagmasdan ako ng may pagkalito.

Binalingan ko ng tingin ang mga tindera at tindero na nakikiusyoso.

"At kayo bulag din ba kayo di nyo man lang naisip na ang tulad ko na Dyosa ang itsura malas ang hatid, tss baka nga suwertehin pa kayo dahil na silayan nyo ko." gusto kong matawa sa pinagsasabi ko. Eh kasi naman biglang nag-init ang ulo ko ng marinig ko yung salitang malas.

Optimistic akong tao hindi ako naniniwala sa mga malas malas na yan, kung gagawin mo ang lahat ng best mo mapagtatagumpayan mo, hindi mo pwede isisi dahil minalas ka o sinuwerte ka.

Bumaling ulit ako kay Manong.

"Gets mo Manong di ako malas, maganda lang, kaya ipagluto nyo na ako dalawa na po at ginutom ako sa tagal nyo." saka ako ngumiti ng matamis.

Si Manong kung kanina napatunganga ng makita ako, namilog naman ang mga mata ngayon pagkatapos kong ngumiti, hahaha ang ganda ko kasi.

Minutes passed naglalakad na ko ulit papalapit sa motor ko.

Sa kamay ko hawak ko ang fish ball at kikiam na nasa stick di kasi ako nakuntento sa kwek-kwek dahil gutom pala ako, ikaw ba naman ang magmaneho non stop mula Maynila hanggang dito four hours din yun.

Derederetso ako pumasok sa loob.

Hanggang reception area.

"Miss saan ang office dito ni Mister Sky Aragon."

Nilingon ako ng babaeng singkapal yata ng pintura ko sa bahay ang make up.

Umawang ang labi nya ng makita ako, kaparehas na kaparehas ng reaksyon ni Manong.

Parang alam ko na ang susunod na sasabihin nito.

"M-malas...Jinx."

O di ba tama ako.

What's wrong with them ang pagmumukha ko ba ay may sulat na salitang malas at sa tuwing makikita nila ako babanggitin nila ang salitang yan?
"Miss pwede ko bang malaman kung saan ang opis ni Mr. Sky Aragon I'm Yna Montess."

Tila nuon lang natauhan ang babae ng marinig ang pangalan ko.

Tumingin sya sa computer pagkatapos ay sa akin ulit.

She looked at me from head to toe. Naka-jumper ako na maong na may tastas sa magkabilang tuhod. Sa ilalim ay puting manipis na t-shirt na umabot lang hanggang taas ng tyan ko. Isang manggas lang ng jumper ang nakakabit kaya litaw na litaw ang tagiliran ko sa kaliwang bahagi.

Nakaitim na sandals din ako na three inches high. Ang accessories na suot ko ay hikaw na paruparo ang design at kwintas na ulap ang pendant. Nakaponytail ang buhok ko.

Hawak ko parin ang barbecue stick na may tatlong fishball at isa pang kikiam na nakatusok.

Nahuli ko ang pagtaas ng kilay ng receptionist sakin na according to her name tag ay Christina ang pangalan.

"Pwede ko bang mahingi ang ID mo Miss." mataray niyang sabi.

Tumaas na naman ang kaliwang kilay ko.

Pero kinuha ko parin ang wallet ko sa bulsa ng jumper at inilabas ang hinihingi nya.

Sinipat-sipat nya iyon.

"Ano naman kaya ang hinahanap ng babaeng ito sa ID ko bomba?"

"Miss ano na?Di pa ba okay yang ID ko? Marami pa ako dito baka gusto mo ring tignan para sure na sure ka."
Sinubo ko ang isang kikiam.

Tila napapahiyang binalik nya sakin ang I.D pero hindi parin naaalis ang pagtataray sa mukha.

"Pasensya na miss pero kailangan kong i-check ka ng maayos, hindi kasi basta-basta nakikipagkita ang General Manager namin sa kung sino-sino lang. "

Tumango-tango ako.

"Alam ko Miss, pero siguro naman na check mo na hindi lang ako kung sino-sino. May appointment ako actually kami and I'm so late na, so pwede mo na bang ituro sakin kung saan ang office nya?"

Itinuro naman nya.

"Thank you." tumalikod ako.

"Malas." narinig kong bulong nya.

Nagpanting na naman ang tenga ko. Pumihit ako paharap sa kanya.

"Miss advice lang bawas- bawasan mo iyong make up mo ang sakit kasi sa mata. Ikaw rin baka malasin ka, mapagkamalan kang bakla." then i smiled so sweetly bago sya tinalikuran.

May nakita akong mga guest na napatingin sa amin, imbes na mapahiya binigyan ko rin sila ng napakatamis kong ngiti saka taas noo na naglakad papuntang elevator.

Kiber ko kung isipin nila na maldita at laitera ako, di naman sila nagpapakain sakin.

Tss walang kung sino ang pwedeng magmaldita sakin ng di ko ginagantihan.

Hindi nagpapa-api ang isang Yna Montess.

******

"Sinabi ko nang hindi ko gusto na may Bodyguard Mama!"

Napahinto ako sa akto kong pagkatok ng marinig ko ang hindi man kalasakan ngunit may bahid na tigas na boses na iyon.

Napahawak ako sa dibdib ko ng lumakas ang kabog niyon.

Hala anyare?

Huminga ako ng malalim para pakalmahin ang sarili ko.

"Its for your own good anak, this past few months ilan beses nang may nagtangka sa buhay mo. Its better to be this way."

"Ahm don't worry halos hindi nyo kami mapapansin ng kasama ko, para lang kaming hangin na dadaan-daanan nyo." pagkatapos kong makarinig ng boses ng isang babae boses naman ni Calix ang narinig ko. Sya ang makakasama ko.

"I don't want it." narinig kong sabi ng tinig na nagpapabilis ng tibok ng aking puso.

Nuon ko pinili na kumatok.

"Come in."

Kinagat ko ang natitirang dalawang fish ball bago binuksan ang pinto.

"Sorry I'm late."

Hindi ko kaagad natignan ang mga nasa loob dahil napunta kaagad ang pansin ko sa oil painting ng isang paruparo na nasa kaliwang gilid at katabi ng filing cabinet.

Nanlaki ang mga mata ko its a one big butterfly na ang kulay ay itim at may mga dots na pink.

"Wow."

Sa baba ng painting ay ang mga salitang "Love Butterfly.

Narinig ko ang pagsinghap ng isang babae, saka ang tunog ng swivel chair na padarag na tinulak.

"Yna." narinig kong tawag ni Calix sakin.

Saka lang ako nagising mula sa pagtunganga ko sa painting.

Oo nga pala nasa trabaho ako.

"*Pokus Yna."*

Binaling ko ang tingin ko sa harapan una kong nakita si Calix.
Nginitian ko sya ng pagkatamis-tamis at kinindatan.

"Hi Cal."

Napailing sya pero ngumiti naman sakin.

Sunod kong binalingan ang may edad na babae sa harap ni Calix.

Nakaupo parin ang ginang at namimilog ang mata na nakatingin sakin.

Lumapit ako habang inilalagay ko sa bulsa ko ang stick ng fish ball.

"Alaina..." bulong nya pero umabot sa pandinig ko.

Parang may kung ano na kumirot sa dibdib ko ng marinig ang pangalan na binanggit nya. Pero hindi ako nagpahalata, one thing na natutunan ko sa pagiging D&A ay ang pagtago ng emosyon, kaya ngumiti ako ng matamis at pasimple lang na hinaplos ang dibdib.

"Hi Ma'am, I'm Yna Montess ang makakasama ni Calix sa trabahong ito."

Tumayo si Senyora Carmela Aragon.

Bumakas ang alinlangan sa mukha, pagkatapos ay pagkalito.

"H-hi Hija. I'm Carmela Aragon ina ng ni Sky." regal and sophisticated, sa edad na 50 bakas parin ang kagandahan ng Senyora.

Sky Aragon.

Okay aaminin ko, mula ng pumasok ako iniiwasan ko na tignan sya. Pakiramdam ko magwawala ang puso ko kapag nakita ko sya ng personal.

"*Loka-loka ka pwede mo bang hindi tignan yan, eh sya nga ang babantayan mo."*

Huminga ako ng malalim. Saka dahan-dahan na inilipat ang tingin sa binata.

And there he was.
Nakatayo habang nakatitig ng matiim sa akin ang abuhin nyang mga mata.

Nabasa ko ruon ang gulat at pananabik, kanino? Sa akin?

"Butterfly..."

What the hell?

Malinaw kong narinig ang sinabi nyang iyon.

Kung kanina ang puso ko parang may tambol sa loob ngayon banda na.

Ano ba yun? Bakit ganon? What the heck is happening to me!

***
H/N

Hehehe cut muna ang sakit na ng mga mata ko. Straight to walang hintuan woo buti nakaraos.

Anyway hindi ko alam kung mamahalin ko si Yagami Light ng Death Note o babatukan ko? Confuse ako.

Mahalin ko na lang kaya para di nya isulat iyong pangalan ko sa Death Note na yan hahaha.

Thanks for reading.

Ingats ;-):-P

14

Confused Heart

My heart is thumping
Jumping and beating wildly.
As i look into your chocolate brown eyes baby

I'm confused,
coz i feel hooked.
You looked into my eyes as if I'm an open book

What is this? Who are you?

Tell me now coz i don't know what to do.

Helliza

Kinakapos ako ng hininga, hindi ko alam kung bakit hindi ko maiiwas ang tingin ko sa kanya. Pakiramdam ko hinihigop nya ang kaluluwa ko. Iyong mga mata nya parang inuutos na...

"*Tignan mo ako. Ako lang ang tignan mo."*

"*Maghunusdili ka Yna kliyente yan, magiging amo mo magtino ka."* saway ng isang bahagi ng isip ko kaya naman nagpilit akong ngumiti.

"G-good day Sir I'm Yna Montess your bodyguard." kimi akong ngumiti at inabot ang kamay ko sa kanya.

Hindi nya inabot iyon. Nakatitig lang sakin.

Si Calix napapakunot ang noo habang nakatitig samin habang si Senyora Carmela naman nakahawak sa dibdib at tila may inaabangan na kung ano.

Nabura ang ngiti sa mga labi ko.

"*Suplado pala sa personal to*."

Kung kelan ibaba ko na ang kamay ko saka naman nya iyon inabot.

Napasinghap ako ng malakas ng rumagasa ang init at maliliit na boltahe ng kuryente sa kamay naming magkadaop, paakyat sa siko ko patungong buong katawan ko at naipon sa dibdib ko na nagpalakas pa lalo ng kabog niyon.

"Sky Aragon." sabi nya na humihigpit ang pagkakahawak sa kamay ko.

Tabingi akong ngumiti.

"N-nice meeting you Sir." pagkasabi ko nuon, hinila ko na ang kamay ko ngunit imbes na pakawalan

iyon humigpit pang lalo ang kapit nya sakin.

"*Syemay pag hindi nya pa ako binitawan malamang hihimatayin na lang ako dito dahil sa paninikip ng dibdib."*

Naramdaman siguro ni Calix ang pagkailang ko kaya nagsalita na sya.

"Ah, pwede na ba natin na ituloy ang pag-uusap tutal andito na si Yna."

Waaa thank you Calix.

"Sit here Yna." Dagdag nya pa.

Nilingon ko sya at nginitian.

Naramdaman ko ang pagdoble ng higpit ng pagkakahawak sa aking kamay, kaya naging tabingi na naman ang ngiti ko.

Ibinalik ko ang tingin sa lalaking inangkin na yata iyon dahil hindi mabitaw-bitawan .

Sa pagkakataong iyon salubong na ang kilay niya na parang may hindi sya nagustuhan sa nakita, naramdaman ko pa ang bahagya nyang paghila sakin, siguro kung wala ang mesa sa pagitan namin malamang nasa bisig nya na ako.

"*Bakit parang gustong-gusto mo naman mayakap nya aber?"*

"Ah uupo na po ako Sir."

Ayan na naman sya, tinitigan na naman ako ng tagos hanggang kaluluwa.

Pinisil nya ang kamay ko, bago dahan-dahan na pinakawalan iyon. Hindi ko alam kung sinadya o hindi pero pinagkiskis nya ang kamay namin habang naglalayo, hindi ko tuloy mapigilan na mamula dahil nakaramdam ako ng kakaiba.

Tumikhim si Senyora Carmela.

"Upo ka Hija."

Nginitian ko ang ginang.

Nang makaupo ako, naupo na rin si Senyora Carmela. Ilang segundo pa naramdaman ko rin ang pag-upo ni Sky Aragon.

Iniiwasan ko muna na tumingin sa kanya, hindi parin kasi kumakalma ang puso ko.

"As i was saying kanina, hindi nyo kami mararamdaman ni Yna kapag binabantayan namin kayo, oo lagi nyo kaming kadikit, lagi kaming nakabuntot but sinisigurado ko na hindi namin kayo maaabala." sabi ni Calix.

Tumango-tango naman ako pero ang tingin ko na sa painting, ngunit kahit na ganon, bakit pakiramdam ko iyong mga mata nya sakin parin nakatutok?

"See Hijo wala naman problema." si Senyora Carmela ngiting-ngiti, kung ano ang dahilan? Aba malamang hindi ko alam.

"So Sir payag-."

"Pwede na kayong magsimula bukas." nahinto sa pagsasalita si Calix at napabaling ang tingin ko kay Sky ng magsalita sya.

"Ha?" Si Calix.

Nagtama ulit ang mga mata namin ni Sky dahil sakin nga sya nakatingin.

"Tanggap na kayo, at gusto kong magsimula na kayo bukas."Sabi nya na bumaling kay Calix ang tingin pagkatapos mabilis din na bumalik sakin.

"And I want you to stay close...so close."

Ako lang ba? Bakit pakiramdam ko para sakin lang ang mga salitang iyon?

"Is that clear Ms. Montess?"

"Ha? O-of course Sir. Thank you. Huwag kayong mag-alala p-protektahan namin kayo. Sinanay kami ng maayos at handa naming itaya ng partner ko ang buhay namin masiguro lang na ligtas kayo."

Mukhang hindi nya nagustuhan ang sinabi ko, dahil nagdilim na naman ang ekpresyon ng mukha nya.

"I'll be damn kung hahayaan kong masaktan ka ulit Butterfly."

Ano raw?

Tinignan ako ni Calix pagkatapos ay si Sky.

"Pardon Sir?" ako.

"Ilipat nyo ang gamit nyo sa bahay ko duon kayo mananatili habang binabantayan nyo ko."

Usually ganon talaga ang nagiging sistema kapag nagb-bodyguard kami, sa bahay kami ng kliyente namamalagi.

Dapat sanay na ako duon.

But when Sky said na sa bahay nya kami titira may kakaiba akong naramdaman.

Pakiramdam na alam kong bago sakin pero bakit parang pamilyar?

Si Calix ang tumango, pagkatapos ay tumayo.

Tumayo narin ako.

"Mauuna na kami Sir, maaga pa lang bukas nasa tapat na kami ng bahay nyo."

Kinamayan nya si Sky, ako di na lumapit sa kanya kailangan ko munang ikondisyon ang sarili ko.

Para kasing nagkakaroon ng gera sa isipan ko.

Marami akong tanong.

Ano? Saan? Bakit? Kelan? At paano?

Lahat ng tanong na iyan present sa utak ko.

"Senyora." paalam din ni Calix sa ginang.

Ngiti naman ang binigay ko sa kanya.

"Alis na po kami."

Tumalikod na ako at aktong tutungo sa pinto ng magsalita sya.

"Maiwan ka Yna, i want to have a word with you."

Nagtaasan ang balahibo ko sa batok ng banggitin nya ang pangalan ko at ang puso kong pakalma na nagwala na naman.

"Yna..."

"Bakit maiiwan pa ako? Hindi ba pwedeng si Calix na lang?" sabi ko na humarap.

Nakita ko ang panlalaki ng mga mata ni Calix dahil sa ginawa ko pagkwestiyon sa kliyente namin.

Si Senyora nakangiti parin.

Tinignan ko si Sky.

"Are you questioning me Ms. Montess? Hindi pa man kayo nagsisimula hindi ka na susunod sakin?"

Pinandilatan ako ni Calix.

"No Sir pagpasensyahan nyo na sya baka pagod lang ito."

"Hindi ah may gagawin-."

"Hintayin na lang kita sa baba Yna." bago pa ko makapiyok nahalikan nya na ako sa noo.

Halik sa noo ang pagbati at pamamaalam ng D&A boys sa aming mga D&A girls na awtomatiko rin naman na humihinto kapag may asawa o boyfriend na kami bilang respesto sa karelasyon namin.

"*Calix ugh masisipa kita!"* na syempre hindi ko na nagawa nakalabas na kaagad si Mokong eh.

"*Humanda ka sakin mamaya."*

"Uuwi na rin ako Hija, anak." paalam ni Senyora na lumapit sakin at humalik sa pisngi ko.

"Its good to see you again Hija."
Bulong nya sakin na kinakunot ng noo ko.

Ano raw?

"Its good to see me again? Eh? Ano yun bakit again?"

Nakalabas na ang Senyora bago pa ako makapagtanong.

Ngayon ang natira na lang ay sya at ako.

Tumikhim ako.

"Ah...ano po ba-?"

Tang-milo! Syete!... bakit lumalapit sya.

Ganon parin ang intensidad ng mga titig nya habang papalapit sakin.

Nang dalawang hakbang na lang ang layo nya. Umatras ako.

Pero naman! Lumalapit pa din sya.

Hanggang sa napasandal ako sa saradong pinto, tuloy parin ang paglapit nya sakin.

Huminto lang sya ng magdikit ang dulo ng sapatos nyang black leather sa dulo ng sandals ko.

"S-sir ano bang sasabihin nyo? Kailangan bang ganito ka-close?"

Iiwas sana ako pero hinarang nya ang pareho nyang kamay sa magkabilang gilid ko.

At lalo akong nawindang ng unti-unting lumapit ang mukha nya sa mukha ko.

"*Fudge cake! Hahalikan nya ba ako?!"*

Napatingin ako sa mga labi nyang papalapit, para akong nahihipnotismo.

"*Ano Yna! Tatanga na lang? Hihintayin mo talaga na mahalikan ka nya?"*

Hindi ko rin maintindihan, dapat tinutulak ko sya, dapat ginagamit ko ang kaalaman ko sa pakikipaglaban para ilayo ang sarili ko sa kanya.

Pero wala eh imbes na magalit ako dahil unang pagkikita pa lang namin ay tila binabastos nya ako, aba pananabik pa ang nararamdaman ko ngayon.

Alam mo iyong tipong paborito mong pagkain na nawala tapos muli mong nakita at sabik na sabik ka na matikman. Iyan ang nararamdaman ko.

"*Iwas Yna huwag kang malandi, control yourself!"*

Nagtatalo parin ang loob ko nang huminto ang mukha nya.

Isang dali, iyan lang ang iniwan nyang distansya sa amin.

Kumurap-kurap ako habang nakatingin sa tsokolate nyang mga mata.

Kumilos ang isang kamay nya humamplos sa braso ko na automatic na nagtayuan ang mga balahibo. Then pababa sa bewang ko.

Magaan ang hagod ng kamay nya na lumakad papunta sa naka-expose kong balat, sa puntong iyon pati buhok sa batok ko tumayo kasabay ng mahina kong pagsinghap.

"I don't want you to show off your skin...
Butterfly." after he said that naramdaman ko ang pagkabit nya sa isang manggas ng jumper ko. Covering my expose skin that he touched awhile ago.

"Is that clear?"

Hindi ko alam kung tatango ako o hindi, nalalasing kasi ako sa hininga nya na tumatama sa mukha ko.

"Is that clear Yna?" ulit nya sa tanong ng di ako nakasagot kaagad.

Wala sa loob na napatango ako.

"Good."

Then naglabas sya ng panyo. Saka pinunasan ang noo ko.

"And don't let anyone kiss you."

Duon ako nagising sa pagkatulala ko, tinaasan ko sya ng isang kilay.

"Wait lang Sir." Itinulak ko sya. Napaatras sya ng isang hakbang pero hindi parin lumayo, sa katunayan nga nakatukod parin ang isa nyang kamay sa tagiliran ko.

"Kung sino man ang hahalik sakin at kung papayagan ko ba iyon o hindi ay nasa akin na, wala kayong say tungkol diyan. Ngayon kung iyan lang ho ang sasabihin nyo sakin mas mabuting umalis na po ako."

Aalis na sana ako sa harap nya ngunit tumaas na naman ang isang braso nya at muli akong nakulong sa pagitan nya at ng pinto.

"No Butterfly. Susundin mo ako kung ayaw mong itali kita sa tabi ko. "

Napaawang ang mga labi ko sa sinabi nya.

Napatingin sya duon ng ilang segundo bago lumayo sakin.

"Sundin mo ako kung ayaw mong mangyari iyon." Naglakad sya pabalik ng mesa naupo sa gilid niyon at tinignan ako na nakatulala at nakatingin sa kanya.

"I want to see you first thing in the morning. Gusto kong bago ako mag-almusal ikaw ang makikita ko. You may go." pagd-dismiss nya sakin.

Ilang segundo na nag-loading ang utak ko at ng mag sink-in na pinapaalis nya na ako walang paapaalam na lumabas ako ng opisina.

Sumandal sa pinto at napahawak sa dibdib.

I'm doomed, bakit pakiramdam ko may mga susunod pa kaming eksena na tulad nito.

Bakit ganon ang epekto ni Sky Aragon sakin?

******

"Sasapakin talaga kita Calix." pagbabanta ko sa kanya ng hindi parin nawawala ang nakakalokong ngiti sa mga labi nya.

Kanina pa yan, pagbaba ko nakangisi na sya ng may pang-aasar.
Hanggang ngayon na naglalakad na kami palabas ng Hotel Aragon nakangisi parin.

"Type ka ni Aragon." hindi tanong iyon kundi statement.

"Pinagsasabi mo?"

"Obvious na obvious Yna. Nang hindi ka pa dumadating hirap na hirap kami ni Senyora Carmela na mapapayag sya but when you arrived aba walang patumpik-tumpik na pumayag kaagad. Na love at first sight yata sayo."

"Gutom lang yan." simpleng sabi ko pero ang puso ko hanggang ngayon di parin kumakalma, at iyong mga nangyari kanina sa office ni Sky Aragon paulit-ulit na nagp-play sa utak ko.

"I'm sure na may gusto sayo iyon, alam mo ba nung nagtanong-tanong ako ng tungkol sa kanya kanina nalaman kong suplado sya. Ang sabi lagi daw nakakunot ang noo nya at hindi pa nakikitang tumawa ng mga empleyado dito. Mahigpit na boss at masyadong private na tao."

Kunyari hindi ako interesado pero ang tenga ko lumalaki sa pakikinig sa kanya.

"*Suplado pala sya. Kaya pala ni hindi ko man lang sya nakitang ngumiti kanina."*

Nasa labas na kami ng hotel at naglalakad na ako papunta sa motor ko.

"People here are weird." out of the blue na sabi ni Calix nang tignan ko sya nakita kong nakatingin sya sa grupo ng mga tindero at tindera sa may bangketa at nakatingin sa gawi namin, o mas tamang sabihin ay sa gawi ko.

"Don't mind them, ngayon lang yata sila nakakita ng maganda at gwapo." sabi ko.

Humalakhak sya at tumingin sakin.

"Sabagay ako lang yata ang gwapo sa bayan na'to."

Yabang.

"Gutom ka na nga." umiling-iling ako at sumakay na sa motor.

"San ka pupunta?"

"Iikutin ko muna itong bayan aalamin ko ang mga pasikot-sikot para handa tayo kung sakaling may habulan na mangyayari." binuhay ko na ang makina.

"Okay. kita na lang tayo bukas sa bahay ng mga Aragon at don't be late." humalik ulit ito sa noo nya bago naglakad sa kabilang direksyon.

"*Don't let anyone kiss you."* naalala kong sabi ni Sky.
Bakit parang nag-guilty ako.

Pinilig ko ang ulo.

Tulad ng sabi ko kanina wala syang pakialam kung magpapahalik ako o hindi.

"*Eh bat nga nag-guilty ka?"*

"Shut up!"

Bago pa ako mabaliw sa pakikipagtalo sa isip ko umalis na ako sa lugar na iyon.

Huminto ako sa tapat ng mga tindero at tindera at sumaludo sa kanila bago tuluyang sumibad.

Siguro pagkatapos kong magdrive wala ng agiw ang utak ko.

"I doubt it." kontra ng isang bahagi ng isip ko na naging dahilan para bilisan ko ang pagpapatakbo.

Hay buhay ko.

*****
H/N

Wala pa sana akong plano na i post
 ito pero dahil mapilit ka ito na.

Xenxia na po sa mga typos ay grammar error.

Thanks sa read at sana paki vote narin hehehe

Take care

15

Nakasakay ako sa motor, buhay ang makina pero nakahinto ako sa tapat ng isang Mansion.

Awang ang labi ko at nakakunot ang noo.

Bakit?

Dahil ang Mansion na nasa harapan ko ay ang Mansion ng mga Aragon.

Bakit ganito ang reaksyon ko?

Nagising ako ng maaga kanina.
Dahil maaga nga kaming pinag r-report ni Sky Aragon.

Naligo lang ako at nagkape di na nag-abalang mag-almusal. Pagkatapos ay sumakay ng motor.

Wala sa loob na nagdrive ako at heto nga andito na ko sa tapat ng bahay nila.

Ang di ko lang maintindihan paano akong nakarating dito gayong hindi ko alam ang address nila? Na realize ko yun ng huminto ako sa tapat ng gate.

Hindi ko talaga alam ang address, hindi ko pa binabasa ang file nya dahil na d-distract ako sa nararamdaman ko.

Kaya naman heto ako ngayon takang-taka.

"Ang weird talaga, paano ko napuntahan ang lugar na hindi ko pa nararating?"

Napakamot ako sa ulo.

"Tutunganga ka na lang ba dyan?"

"Ay sexy voice!" dahil busy ako sa pag-aanalisa kung paano ako nakarating dito, nagulat ako sa seksing boses na iyon na biglang pumailanlang sa intercom na nasa gilid ng gate.

"Ang seksi ng boses nya."

"Yna." tawag nya sakin nang ilang sandali akong tulala.

"Ay oo papasok na ako Sir."

Ang lakas ng tama ko narinig ko lang ang boses nya tulaley na ang beauty ko.

Pinagbuksan ako ng gwardya na kung makatingin sakin parang nakakita ng multo.

Wala akong suot na helmet dahil gusto kong i-enjoy ang sariwang hangin ng San Gabriel.

"Hello Kuya." bati ko sa kanya.

Bago derederetso nagdrive papasok ng Mansion, di ko na p-problemahin kung bakit ganon ang

reaksyon nya.
May natuklasan kasi ako sa mga tao dito sa San Gabriel.

They're all weird.

At kapag nakakakita sila ng Dyosa, tinatawag nilang malas.
O diba weird.

Nasa harap ng pinto si Sky.
Nakatingin sakin habang nakasandal at nakahalukipkip.

Nyemas ang gwapo.

"*Landi mo Yna.*"

Pero bakit andyan sya? Hinihintay nya ko?

Nakatingin ako sa kanya habang pinaparada ko ang motor, kaya naman kitang-kita ko ang pagsasalubong ng kilay nya.

Saka sya nagsimula lumapit sakin.

"Nagd-drive ka ng walang helmet?" tanong nya.

"Sir?" inalalayan nya ko sa pagbaba.

Hindi ako nakaimik kasi ayan na naman ang kakaibang epekto nya sakin ng lumapat ang palad nya sa braso ko.

"Bakit nagd-drive ka ng walang helmet?" ulit nya sa tanong.

Ang kamay nya di parin bumibitaw.

"Ah, gusto ko lang Sir." sagot ko na pasimpleng hinihila ang braso ko.

Nagsalubong ang kilay nya. Humigpit ang pagkakahawak sakin.

"Don't do it again kahit na gusto mo lang, is that clear."

Ha?

Napatango ako.

Giniya nya ako papasok ng Mansion.

"Good morning Yna." bati ni Calix na nakaupo sa isang single sofa sa sala. Tumayo sya at lumapit sakin para halikan ako sa noo.

Na hindi nya nagawa dahil bigla akong hinila ni Sky papunta sa likod nya.

"Good morning is enough." sabi ni Sky kay Calix.

"Lets eat." dagdag pa nya bago ako hinila.

Nilingon ko si Calix at nakita kong nakangiti sya ng nakakaloko.
Itinuro nya pa ang kamay ni Sky na nakahawak sa braso ko.

Pinandilatan ko sya.

Intrigero talaga to.

*****
Sa hapag pinaghila nya pa ako ng bangko at ng hindi ako kaagad naupo sya na nag-upo sakin.

Pinaglagyan nya ako sinangag at ham sa plato ko. Pinagtimpla ako ng kape at sinalinan ng pineapple juice ang baso ko.

"Eat." utos nya.

Tulala na naman ako.

Pinaghain nya ba talaga ako?

"I said eat Yna." tumingin ako sa kanya. Sinesenyasan nyang maupo si Calix, na naupo naman ngunit bakas ang nakakalokong ngiti sa mga labi.

Binalingan nya ako ulit.

"Bakit hindi ka kumakain?" salubong ang kilay na tanong nya dahil hanggang ngayon hindi parin ako sumusubo.

"Hindi nag-aalmusal si Yna Sir."
Sabi ni Calix. Ang matalim na titig ni Sky ay lumipat sa kanya.

"Why?"

"Ayaw nya lang, sa tanghalian sya bumabawi ng kain." sagot ni Calix habang sumusubo.

Lalong nagsalubong ang mga kilay nito pagkatapos ay bumaling sakin.

"I don't like that. Ayaw mong mag-almusal kasi ayaw mo lang? Hindi pwede sakin yan, eat."

Parang hari mag-utos.
Bakit nya ba ako pinipilit?

"Hindi naman ako nagugutom Sir-."

"Kakain ka o susubuan kita?"

Eh? Ano raw?

Tinignan ko kung seryoso sya.

Syemay seryoso nga.

Tumaas ang kamay nya para kunin ang kutsara ko. Mabilis akong kumilos at dinampot iyon.

"A-ako na lang Sir." sabi ko tapos ay sumubo na.

Ramdam ko ang mga titig nya sa bawat subo ko, kaya ilang na ilang ako.

Naman ano bang problema nya?

Kahapon iyong hahalik sakin ang pinapakialaman nya, ngayon naman iyong pagkain ko. Napaka-pakialamero niyang boss.

Kakaloka.

*****

Nakabuntot lang kami kay Sky habang papasok ng Aragon Hotel.

Kanya-kanya ng bati ang mga empleyado sa kanya at kapag napapatingin sakin nagugulat o nabibigla sila.

Weird. As in totally weird ang mga tao dito.

Hindi ko na sila pinansin bodyguard mode ako ngayon eh.

Nasa loob na kami ng opisina nya nang may babaeng biglang yumakap kay Sky.

"Sky honey I missed you." sabi ng babae na nakalambitin na sa leeg nya.

Kumunot ang noo ko. Pagkatapos nakaramdam ako ng pagkainis. Kung ano ang dahilan hindi ko alam basta parang gusto kong sambunutan ang babaeng iyan na nakadikit sa kanya.

"Selos ka? May girlfriend na pala sya." nang-iinis na bulong ni Calix sakin na ginantihan ko ng siko.

Umigik ito pero tumawa naman.

"Margaret." si Sky na inalis ang braso na nakapulupot sa kanya.

"Kararating ko lang Sky from airport dito- Alaina!" nahinto ang babae sa pagsasalita nang magkasalubong ang tingin namin.

Alaina. Tinawag nya rin akong Alaina.

Parang binabad sa suka nung Margaret habang nakatitig sakin.

"Margaret meet my bodyguards Calix David and Yna Montess. Calix, Yna si Margaret Escobar a friend." pagpapakilala ni Sky.

Friend lang pala kung makalingkis akala mo girlfriend na.

"Yna Montess." taas ang isang kilay na ulit ni Margaret sa pangalan ko.

Aba maldita. Di ko siya binati tinanguan ko lang, huwag syang magkamali na malditahin ako ganitong mabigat ang dugo ko sa kanya papatulan ko talaga sya.

Mukhang nakabawi na sa pagkabigla si Margaret dahil lumingkis na naman ang mga kamay nya kay Sky.

"Sky. Labas tayo mamaya?" pa sweet at may kaartehan na sabi nya.

Tinanggal ulit ni Sky ang kamay nito.

"Busy ako Margaret." sabi ni Sky na naglakad papuntang mesa nito.

"Sige na Sky. Namiss k*o na kasi iyong food nila Priscilla at na m-mi*ss narin kitang makasama sa pagkain." kulit ni Margaret.

"Tss numero uno sa kaartehan ang babaeng ito."

Sa akin bumaling ang tingin ni Sky.

"What do you think Yna?"

"Ha?"

"Okay lang ba sayo na kumain kami sa labas ni Margaret?"

Ngek bakit tinatanong nya ko, pag hindi ba ako pumayag hindi sya sasama sa babaeng yan?

"Oh silly you Sky, bakit kailangan mo pang humingi ng permiso sa isang bodyguard lang. Oh i know na tinatanong mo sya kung safe ba na lumabas tayo sa mataong lugar, oo nga pala." tinignan sya ni Margaret. "Hey you Ms. Bodyguard okay lang naman na kumain kami ni Sky sa labas, safe naman kami di ba?"

Hindi ko talaga gusto ang tabas ng dila ng babaeng ito.

"*Timpi lang Yna. Kaibigan ng boss mo yan."*

Pinapormal ko ang mukha ko at nagkibit-balikat.

"Wala naman kaso kung lalabas kayo. Ang trabaho namin protektahan si Sir kahit saan sya magpunta. At gagawin namin iyon kahit saang lugar at kung sino man ang kasama nya."

Lumuwang ang ngiti ni Margaret.

"Did you hear that Sky, okay lang naman pala na lumabas tayo kaya naman sabay tayong magl-lunch ha."

Hindi sumagot si Sky. Nakatitig lang sya sakin.

Iyong titig na tumatagos na naman sa kaluluwa ko.

Pagkatapos ay tumayo sya at nagsimulang lumapit sakin sa kabila ng pagtawag ni Margaret sa pangalan nya.

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko ng huminto sya sa mismong tapat ko.

"Be sure that you are on my side on that time Butterfly."he said na kinasinghap ng malakas ni Margaret, kinangisi ni Calix at kinaawang ng mga labi ko.

At lalo pang nagimbal ang katawang lupa ko ng tumaas ang kamay nya at hawiin ang kumawalang buhok ko na tumatabing sa aking isang mata

Ang puso ko tatalon na yata sa lakas ng pagtibok.

After nyang gawin iyon.

Tinalikuran nya ako at bumalik na sa mesa nya para magtrabaho.

Humugot ako ng isang malalim na hininga para kalmahin ang sarili ko.

Nagkasalubong ang tingin namin ni Margaret, matalim ang titig nya na para bang anong oras ay sasambunutan nya ko.

Ginantihan ko sya ng cold look ko.

Bahala syang magngalaiti sa inis aba ako ba ang lumapit kay Sky. Hindi naman di ba.

******

Napahinto ako sa paghuhugas ng kamay ko ng pumasok sa ladies room si Margaret.

Nakataas ang kilay habang tinitigan ako mula ulo hanggang paa.

"Hindi ko alam na may kamukha pala si Malas sa mundong ito. At sa dinami-dami ng magiging bodyguard ni Sky ikaw pa."

Humugot ako ng tissue at pinunasan ang kamay ko habang nakatitig sa repleksyon nya sa salamin.

"Gusto kong malaman mo ito. Sky Aragon is mine. Sakin lang sya. At kami lang ang bagay, hindi kayo. Isa ka lang malaking malas at langaw na aaligid-aligid ngayon sa buhay nya." mataray nyang sabi.

Humarap ako at sumandal sa lababo.

"Mawalang galang na po Ma'am. Hindi ko alam kung ano ang ibig nyong sabihin dyan sa mga pinagsasabi nyo po." woo labas sa ilong ang paggalang ko. "Hindi ko naman po inaangkin si Sir Sky. Bodyguard nya po ako."

Lumapit sya sa akin at marahas na hinawakan ang braso ko.

"Makinig ka sakin babae ka. Hindi mo maagaw sakin si Sky. Minsan ka nang nawala sa buhay nya at hindi ako papayag na magbabalik ka at agawin sya hindi mo ako gugustuhin na kalabanin ulit." sa bawat salita nya dumidiin ang hawak nya sa braso ko.

Eh baliw pala itong babaeng to eh.

Muntik na syang matumba ng hilahin ko ang braso ko sa pagkakahawak nya.

"Ma'am lilinawin ko lang wala akong planong agawin si Sir Sky sa inyo. Iyong-iyo sya. Pangalawa sa ganda kong ito hindi ko kailangan mang-agaw ng lalaki dahil lalaki ang lumalapit sakin at marami ako non hindi ako mauubusan. Pangatlo huwag nyo akong pagbabantaan Ma'am, masama rin po akong kalaban." ngumiti ako ng matamis sa kanya. "Mauna na ako sa iyo." iniwan ko syang nakatanga. Hindi ko alam kung dahil nabigla sya sa mga sinabi ko o hindi nya inaasahan ang ginawa kong pagsagot.

"Tss akala naman nya. Sa dami ng may gusto sakin makikipag-agawan ako sa kanya." Malakas kong sabi na napapailing-iling.

Pero nahinto ako sa paglalakad ng makita ko si Sky. Nakasandal sa dingding nakapamulsa at may galit ang mga mata na nakatingin sakin.

Anong ginagawa nya rito?

"Mga lalaki huh." sabi nya.

Nanlaki ang mga mata ko.
Huwag mong sabihin na narinig nya kami ni Margaret sa loob at pati narin ang sinabi ko kani-kanina lang.

Nagsimula syang humakbang papalapit.

Letsugas asan ba si Calix?

Kinakabahan ako sa mga tingin nya para bang galit na galit sya sa mga narinig at handa nya akong bigyan ng parusa ngayon.

"Sky." ayaw ko man nakahinga ako ng maluwag ng biglang sumulpot si Margaret sa likod ko.

Nahinto sya sa paglapit sakin ng salubungin sya ng babae.

"You're so sweet sinundo mo pa talaga ako. Come lets eat na ginugutom na ko." masayang sabi ni Margaret na ng sumulyap sakin ay tinignan ako ng matalim.

Nagpahila si Sky pero bago iyon tinignan nya ako.

"I'll punish you later." iyon ang sinasabi ng mga mata nya.

"Syete anong kasalanan ko?"

16

Sa sasakyan kanina ko pa pinipigilan na umirap.

Eh kasi naman may linta kaming kasama.

Si Margaret.

Mula pa kanina na sumakay sila ni Sky sa loob ng sasakyan, panay ang lingkis at yakap nya sa binata.

Panay ang pa-sweet at pabebe. Sarap lang ingudngod.

"*O, eh bakit ka nagagalit di mo naman kaano-ano yang si S*ky?" tanong ng isang bahagi ng isip ko at dahil wala akong maisagot pagsimangot na lang ang nagawa ko.

"Hoy anong mukha yan? Ayos ka lang?" tanong ni Calix na syang nagd-drive.

Nasa passenger seat naman ako habang sina Sky ay nasa likod.

"Oo naman." sagot ko na sumulyap sa rear view mirror.

Nagkasalubong ang tingin namin ni Sky.

Isa pa yan, hindi ko na nga maintindihan kung ano itong nararamdaman ko, tapos hindi ko pa alam kung ano ang kinakagalit nya.

Sa bawat pagtatama kasi ng mga mata namin nababasa ko sa mga mata nya ang galit.

Galit na hindi ko talaga alam kung para saan.

Nag-iwas ako ng tingin.

"Yna kumusta na pala kayo ni... ano ngang pangalan non George ba yun?" out of the blue ay tanong ni Calix.

"Sinong George?" kunot ang noo na tanong ko.

"Iyong kasama mo nung birthday ng triplets?"

Nag-isip ako.

"Tange Daniel ang pangalan non." sabi ko.

Nanlaki ang mga mata nya.

"Eh sino iyong George?"

"Sya iyong kasama ko nang birthday mo sira."

"Di nga akala ko Cris ang pangalan non?"

"That was before George." sagot ko. Pagkatapos ay tinignan ko sya, bakit biglang inopen nito ang tungkol sa mga ex ko. "Bakit?"

"Wala natanong ko lang. Grabe Yna ikaw na talaga, ikaw na ang parang bumibili lang ng sapatos kung magpalit ng boyfriend."

Kibit balikat ang sagot ko sa sinabi nya.

Hindi ko naman kasalanan na may nanliligaw sa akin at bigyan sila ng chance di ba? At hindi ko rin kasalanan kung nakikipaghiwalay ako kaagad kahit na nga linggo o araw ko pa lang silang sinasagot. Eh sa may nakikita akong hindi ko nagustuhan sa kanila o kaya ay hindi talaga kami pwede. Ang sakin lang bakit pa ipipilit kung hindi talaga pwede di ba. Pare-pareho lang kaming nagsasayang ng panahon non pag nagkataon.

"Eh ako? Kelan pwedeng maging tayo?" nang-aasar na sabi ni Calix. Habang nakakalokong nakatingin sakin.

"Tss batok gusto mo?"

"Ikaw naman alam mo naman na patay na patay ako sayo di ba?"

Kung hindi ko lang kilala ang likaw ng bituka ni Calix malamang ma-fall ako sa kanya, aba gwapo sya, maganda ang katawan, may pera at mabait. Kaso numero unong playboy, at wala akong plano na mapasama sa listahan nya.

"Saka kung sa mga naging boyfriend mo lang, higit na nakakalamang ako, di ba?" tinawanan ko na lang sya, alam ko naman na di sya seryoso sa mga pinagsasabi nya.

Natigil lang ako sa pagtawa ng maramdaman ko ang pagdilim ng aura sa paligid.

Madilim na aura na nanggagaling sa likudan ko.

Napaunat ako ng upo.

Si Calix naramdaman din iyon, pero ang loko na kangisi pa na para bang inaasahan nya na may magr-react ng ganon sa likod.

"Play girl ka pala Ms. Bodyguard." sabi ni Margaret. Na ang dating sakin eh. "*Malandi ka pala."*

Lumingon ako sa kanya at matamis na ngumiti.

"Hindi ah, maganda lang." nang-aasar na sabi ko.

Kaso ang ngiti ko muntik ng mauwi sa ngiwi ng magsalubong ulit ang mga mata namin ni Sky.

Mas matalim ang tingin nya sa akin at talagang napakadilim ng mukha nya.

Huminto ang sasakyan.

Mabilis na nakalabas si Sky at natagpuan ko na lang na binubuksan nya ang pinto sa side ko at inaalalayan ako palabas.

Malakas akong napasinghap ng hapitin nya ako sa bewang at halos ibaon ang katawan ko sa katawan nya dahil sa higpit ng pagkakahapit nya.

Namimilog ang mga mata ko habang nakatingin sa galit nyang mga mata.

"Sky lets go." thankfully sumingit sa amin si Margaret na obvious naiinis sa eksena naming dalawa.

Binitawan nya ako. Dahan-dahan na may kasama pang madiin na pisil sa bewang.

Tinaasan ako ng kilay ni Margaret na mabilis na humawak sa braso ni Sky.

Humakbang na sila papasok sa loob ng Diners Fav, habang ako naiwan pang tulala sa mga pangyayari.

"Tama ako magseselos sya." tumingin ako kay Calix na nakakangisi parin.

Saka lang nagsink-in sa utak ko kung bakit biglang inopen nya ang tungkol sa mga ex ko, may plano pala si Gago.

Inis ko syang binatukan.

"You did it on purpose."

"Why gusto ko lang malaman kung magseselos sya at see nagselos nga."

Inirapan ko sya at nagpatiuna na maglakad.

"*Jealous my ass, saan sya nagseselos eh di ko naman sya kaano-ano. Intrigero talaga tong Calix na to."*

Pagpasok ko sa loob ng restaurant nakita kong nakaupo na sila Sky sa pang-apatang mesa at may babaeng kumakausap sa mga ito.

Nilibot ko ang tingin para tignan kung may banta sa paligid.

At may nakita naman ako.

Tatlong mesa sa kaliwa nina Sky may dalawang lalaking oo nga't nakasuot ng amerikana ay panay naman ang sulyap kay Sky. Take note mga naka-amerikanang naka rubber shoes at hindi maayos ang pagkakasuot ng neck tie.

"*Aba magbabalatkayo na lang iyong obvious pa."*

Sumulyap ako kay Calix.

Palihim kong inginuso ang dalawang lalaki.

Nakakaunawang tumango naman sya.

Nakarating na ako sa table nila Sky.

Nahinto sa pagsasalita ang babaeng kausap ni Margaret, tumingin sakin at ang sumunod na reaksyon nya well alam nyo na.

"Jinx!" gulat na sabi nya with matching turo pa sakin.

"My name is Yna." sabi ko na hindi ngumingiti aba kota na sakin ang mga tao dito. Jinx at Malas talaga ang tinatawag sakin.

"P-pero, p-paano?"

"Upo Yna." utos ni Sky sa akin na walang pakialam sa reaksyon ng babae.

Naupo naman ako kaagad. Eh galit pa din eh, mahirap na baka itapon ako palabas pag di ako sumunod.

Pati si Calix pinaupo nya.

Nakita ko naman na binulungan ni Margaret ang babae, sinasabi siguro kung sino ako.

Mayamaya tumayo sya ng tuwid at muling lumapit sakin.

"Hi I'm sorry sa naging reaksyon ko kanina. May kamukha ka kasi. I'm Priscilla ang may ari nitong restaurant." ewan ko ba na p-plastikan ako sa ngiti nya at sa kanya rin mismo, huling-huli ko nga ang pagpapalitan nila ng makahulugang tingin ni Margaret.

Kaya naman plastik din akong ngumiti.

"Okay lang marami naman kasi kaming magaganda sa mundo. Ganon talaga." sabay ngisi ko.

O ano ka ngayon eh di taas kilay ka.

"S-sige aasikasuhin ko lang ang order nyo." sabi ni Priscilla na naglakad papunta yatang kusina.

Binalik ko ang pansin ko sa dalawang lalaki na patuloy parin sa pag m-matyag sa kilos ni Sky.

Ano kaya, susugod ang mga ito o magmamasid lang?

Natigil lang ako sa ginagawa ko ng may humawak sa baba ko.

"Don't you dare look to other man while you are with me." galit na sabi ni Sky.

Ano raw?

Paano ko sya mababantayan kung hindi ako titingin sa iba?

Inalis ko ang kamay nya sa baba ko.

"Hindi pwede Sir as a bodyguard kailangan pag-aralan ang paligid at mga tao na malapit sa inyo. At hindi ko magagawa iyon kung sayo lang ako nakatingin." mahinang sabi ko na baghaya pang inilapit ang mukha sa kanya para walang makarinig sa sinasabi ko.

Pero ganon na lang ang pagkabigla ko ng ilapit nya din ang mukha sakin, iyong halos magkabanggaan na kami ng ilong.

"Let Calix do the looking. And you, ang trabaho mo lang ay pagmasdan ako. Matyagan ako at alalahanin

ako, Butterfly." sabay titig sa lips ko.

Kumurap-kurap ako. Nang gumalaw pa ang mukha nya papalapit, napalayo ako bigla sa kanya.

Syete, syete, shit talaga. Napapamura ako sa ginawa nya. Tama bang gawin nya ang ganon sa harap pa ni Calix at ni Margaret. Wooo nakakaloka.

May naramdaman akong sumipa sa paa ko, si Calix. Ang ngiti ng loko mukhang gago pataas baba pa ang dalawang kilay.

Ginantihan ko sya ng mas malakas na sipa.

Sumulyap ako kay Sky at tang- milo nakatitig padin.

Nag-iwas ako ng tingin.

Nakita ko naman na lumabas ulit si Priscilla may kasunod na mga waitress.

Sa gilid ng mga mata ko pinagmamasdan ko iyong dalawang lalaki, mahirap na baka biglang kumilos.

Pasimple kong hinaplos ang dibdib ko, na ang tibok ay pagkalakas-lakas pa din.

"*Kalma heart baka bigla na lang akong atakehin dito*."

Busy ako sa pagpapakalma ng pasaway kong puso ng makarinig ako ng tunog ng mga pinggan na nabasag.

Nang mag-angat ako ng tingin nakita ko ang waitress na may dalang pagkain namin, nabitawan nya ang tray at ngayon ay bakas ang takot sa mukha na nakatingin kay Priscilla.

Nakita kong dumaan ang galit sa mukha ni Priscilla bago niya hinarap ang mga costumer na naandon.

"Pagpasensyahan nyo na ang katangahan ng waitress ko. Ganyan sya lagi, nakakabasag at nagkakamali. Alam nyo na, sya ang pumalit sa dating waitress namin na tulad nya ay tatanga-tanga rin at parang gusto ko narin maniwala na pareho silang Malas dahil kahit saan silang magpunta may nangyayaring di maganda." makahulugan na sumulyap sakin si Priscilla. Saka binalingan ang waitress na nakayuko at tahimik na umiiyak. "Linisin mo na yan malas ka, at tandaan mo ikakaltas ko sa sahod mo yan."

Parang may pumitik sa sentido ko sa asal na iyon ni Priscilla.

Parang gusto kong ilampaso ang mukha nya sa sahig.

Bago pa ako makapag-isip tumayo na ko.

"San ka pupunta Yna?" tanong ni Calix na di ko pinansin, dumeretso lang ako ng lakad papunta sa waitress. Lumuhod ako tulad nya at tinulungan sya.

Narinig ko ang bulangan sa paligid.

"Hindi ba si Malas yan?"

"Parang hindi naman."

"Iyong Malas yan tignan mo kamukhang-kamukha."

"Siguro kaya minalas iyong waitress dahil andito sya."

Hindi ko sila pinansin nginitian ko ang waitress at tinulungan na tumayo.

"S-salamat." nakayukong sabi niya.

"Hey cheer up wala kang kasalanan sa nangyari aksidente lang iyon." nakangiting sabi ko. "At huwag kang maniwala na tanga ka o kaya malas."

"Ms. Yna. Nagpapasalamat ako na tinulungan mo ang empleyado ko pero sana huwag mong ilagay sa isip nya na hindi nya kasalanan ang lahat kung hindi sya malas at tatanga hindi sana mangyayari ito." inis na sabi ni Priscilla.

Binalingan ko sya. "But hindi naman talaga nya kasalanan. Aksidente iyon." nakangiti parin na sabi ko.

"Kasalanan nya kasi malas sya." sabi nya na deretsong nakatingin sakin, na para bang ang ibig nyang sabihin eh.
"Kasalanan mo kasi malas ka."

Nakangiti parin ako.

"Tanga-tanga ang mag-isip na malas sya at makitid ang isip ng mga taong binabase ang pagkatao ng isang tao sa mga aksidente at pagkakamali nya."

"A-anong ibig mong sabihin na makitid ang isip namin."

"No. Hindi ka naman siguro naniniwala na malas sya di ba?"

"K-kasalanan pa din-."

"Hindi nya kasalanan. Hindi ko alam kung bulag ka lang o ano. Pero kung gusto mo maghanap ng sisisihin. Blame it to her unifoms, bilang waitress hindi angkop ang isang three inches sandals sa trabahong ito. Mahirap magbalanse at kumilos. Natapon ang tray dahil natapilok sya. Second okay lang ang palda but not so tight pencil cut pa. Hindi ko alam kung bar o restaurant itong napasukan ko. Mukha namang masarap ang food nyo, at dadayuhin kayo kahit hindi ganon ka seksi ang suot ng mga waitress mo."

Lahat ng mata samin na nakatingin.

Hindi ko alam kung ano ang reaksyon ng boss ko sa eksena kong ito, bahala sya kung gusto nya akong tanggalin.

Nakakakulo kasi ng dugo ang Priscillang ito.

Matalim na ang tingin sakin ni Priscilla. Parang gusto nya na nga akong sambunutan.

"Sinasabi mong kasalanan ko kasi ako ang nagdesign ng uniform nila." may pagbabanta na sa mata nya.

Ngiting-ngiti pa rin ako.

"Kung ikaw ang ang nagdesign malamang kasalanan mo nga."

"You! Huwag mong isipin na pwede mo akong sagot-sagutin na malas ka. Alam mo bang ang naiisip ng lahat dito na kaya nangyayari ito dahil andito ka, ikaw na kamukha ni Malas." ngumisi sya. "Malamang na malas ka rin."

"Nag-aral ka ba?"

Natigilan sya sa tanong ko.

"O-oo naman anong palagay mo sakin wa-."

"Sa inaasal mo ngayon hindi ka mukhang nag-aral. Sasabihin ko ulit sayo Miss. Hindi totoo ang Malas at kung ipagpipilitan mo na nangyari ang lahat ng ito dahil malas ako at nandito ako. Eh di sana nagkaroon na ng disaster dahil halos buong Pilipinas na libot ko na." bumaling ako sa mga kumakain duon. " Kung ganon din kayong mag-isip nakakalungkot naman isipin na ang mga taga San Gabriel ay makikitid ang isip na sinisisi ang mga pagkakamali at aksidente sa isang taong wala namang ginagawang masama sa kanila." umiling-iling ako.

Nakita ko sa mukha ng bawat isa ang pagkapahiya. Ngumiti ako ng matamis. "Anyway wala naman sakin kung tawagin nyo kong malas, sa ganda kong to walang maniniwala." binalingan ko iyong waitress.

"Kaya ikaw huwag mong isipin na malas ka. Walang ganon. At kapag may nagsabi ulit sayo ng ganon, sagutin mo ng... Hindi ah ang suwerte-suwerte ko kaya." saka ko sya kinindatan. Binalingan ko ulit si Priscilla.

"Right Ms. Priscilla hindi naman sya malas di ba?" tanong ko, pag ito nagkamali ng sagot sasapakin ko na talaga.

Bumuka ang bibig nya aktong may sasabihin pero napatingin sa mga naruon.

Alam kong nagtatalo ang isip nya kung sasalungatin ako o sasang-ayon sya.

"S-sige na ipasok mo na yan. Hindi ko na ibabawas yan sa suweldo mo." sabi niya.

"O ayan okay na sabi ko sayo eh, hindi ka malas."

"S-salamat po Ma'am."

"Welcome..." tinignan ko ang name tag nya. "Michelle."

Bumalik na nga sya sa loob, habang ako naglakad papalapit ulit sa table namin. Si Priscilla pumasok sa isang pinto na hula ko ay ang office nya. Dinaanan ko ng tingin ang dalawang lalaki, na ngayon ay nakatingin na sakin.

"Ikaw umandar na naman yang pagka-maldita mo." salubong sakin ni Calix.

Naupo ako. "What? Anong ginawa ko?"

"Pinahiya mo ang kaibigan ko Ms. Bodyguard."

Tumingin ako kay Margaret.

"She asked for it." sabi ko. Pakialam ko kung magalit sya sakin.

"Sky I don't like her. Masyado syang intrimitida. Hindi nya na ginalang ang kaibigan ko. Tanggalin mo na sya." sabi nya kay Sky.

Sa binata lumipat ang tingin ko.

Packing tape ang gwapo!

Nakangiti sya!

Nakangiti sya habang nakatingin sakin na para bang proud na proud sya sa ginawa ko.

"Bakit ko sya tatanggalin? I like her. That's my Butterfly."

Kung si Margaret bumakas ang inis sa mukha.

Ako nganga.

Halos malaglag ang panga ko sa sinabi nya.

He...

He like me.

He like me?

Ngunit di pa nga nagp-process ang utak ko sa mga narinig, isa pang nakakagulat ang nangyari.

Sunod-sunod na putok ng baril ang biglang pumailanlang sa paligid kasabay ng malakas na sigawan sa loob ng restaurant!

Pagkatapos ang sunod kong naramdaman ay ang pagbalot ng mainit na mga bisig sa katawan ko.

*****
H/N

Hello
Gusto ko lang magpasalamat Kay Byekennie para sa book cover na ginawa nya na makikita nyo sa media box:-) Hindi ako ganon kagaling gumawa nito kaya highly appreciated ko po talaga.

Thanks

Sya din ang gumawa ng BC ko sa His Blue Eyed Bad Girl Angel thanks Ken:-)

Anyway thanks sa mga nagbabasa at nagc-comment.

Salamat

17

Sigawan at malakas na putukan ng baril ang umalingawngaw sa paligid.

Pilit kong inaabot ang baril sa bewang ko pero hindi ako makakilos.

Because Sky Aragon is on top of me, tinatakpan niya ng katawan nya ang katawan ko para hindi ako tamaan ng bala.

"Shit! Get off Sir, paano ako makakakilos kung nandyan kayo." inis na sabi ko. Sa dibdib ko naruon ang takot na baka masaktan sya.

"No! Baka tamaan ka ng bala."
Matigas nyang sabi.

Ano bang pinagsasabi nya.

I'am the freaking bodyguard, not him! Katawan ko dapat ang tumatakip at hindi katawan nya.

Nakita ko si Calix na pinoprotektahan si Margaret. May hawak din itong baril.

Hinanap ko kung nasaan ang mga kalaban.

Iyong dalawang lalaki, malapit nasa may pinto at patuloy sa pagputok ng baril.

"*Pag hindi ka kumilos Yna para tulungan si Calix makakatakas ang mga iyan!*" sigaw ng isip ko.

Kaya ang ginawa ko malakas akong umikot, para magkapalit kami ng ayos ni Sky.

"Damn it! Butterfly."

Hindi ko pinansin ang pagmumura niya. Mabilis akong kumilos at nilabas ang baril ko.

Gumanti ako ng putok. Ngayon papalabas na ang dalawang lalaki.

Kaya naman pala umuulan ng bala may mga kasama pa ang mga ito na nagpapaputok sa labas, sakay ng isang itim na van.

"Calix iikutan ko, cover me. And protect Mr. Aragon." sabi ko na tinanguan nya.

Walang nababakas na kahit ano sa mukha nya at kahit sa mukha ko.

Sinanay kami sa ganito at pare-pareho kaming may tiwala sa isa't-isa, kaya walang bumakas na pagtutol sa mukha nya ng sabihin ko iyon.

Aktong iikot ako papunta sa kabila ng tila may bakal na pumalibot sa bewang ko.

"Dito ka lang!" galit na sabi ni Sky.

Tangna naman ba't ba ganito ito? Nagkakaputukan na, ngayon pa sya naging ganito.

"Sir let me go!" sabi ko rin sa matigas na tinig. Tinignan ko ang mga kalaban nakalabas na, at papasakay na ng van. Wala pa kaming lead kung sino ang gustong magpapatay kay Sky at malaking tulong kung makakahuli kami ng isa.

Pero hindi parin sya bumitaw kaya ginawa ko na ang isang bagay na alam kong maaring ikagalit nya, sinikmuraan ko sya.

Naramdaman ko ang pagluwag ng kapit nya sakin, na aking sinamantala.

Mabilis akong lumayo sa kanya at gumapang papalapit ng pinto.

"Shit Alaina!" kung nasa normal na sitwasyon lang kami, malamang napaisip na naman ako kung bakit pati sya tinawag akong Alaina.

Pero nasa kumplikadong sitwasyon kami kaya wala akong panahon na mag-isip ng mga walang kwentang bagay.

Nakarating ako ng pinto. Tatlong metro na ang layo ng dalawang lalaki sa van.

Mabilis kong pinaputukan sa paa ng isa.

Natumba sya at ni hindi man lang sya tinulungan ng kasama niya na nakasakay na ng van, bagkus nakita ko pa na tinutukan sya ng baril ng isang lalaki na nasa loob ng sasakyan.

Ang sasama talaga papatayin ang sariling kasamahan imbes na tulungan.

Sa inis ko pinaulanan ko ng bala ang mga nasa van.

Tumayo ako mula sa paggapang at nagpapaputok habang naglalakad papalapit sa lalaking pilit na inaabot ang baril na nabitawan.

Nang makalapit ako sa kanya ay sinipa ko sya sa sikmura para mawalan ng malay.

Ang mga nasa van kanya-kanya ng yuko.

Hindi makaganti ng putok dahil tuloy-tuloy ang pagpapaulan ko ng bala.

"O anong piling ng pinauulanan ng bala mga sira ulo!"

Nakalimutan ko bang sabihin na dalawang baril na ang hawak ko. Malakas na klase ng baril na kapag tumama sa bagay eh nakakalikha ng malaking sira.

Umandar ang van hahabulin ko sana ngunit may narinig akong boses na nagpahinto hindi lang sa ginagawa ko kundi pati sa tibok ng puso ko.

"Yna!" sigaw ni Sky na nasa labas na ng restaurant at papalapit sakin.

Mula sa van nagawang muling magpaputok ng isang sakay niyon, habang umaandar papalayo at ang baril nakatutok kay Sky!

Nanlaki ang mga mata ko at simbilis ng hangin na tinakbo sya at niyakap.

Sa lakas ng impact ng pagtama ko sa kanya, naramdaman ko na lang na natumba kaming dalawa.

******

"Oh my God kailangan mong madala sa hospital Sky. I think you're not okay."

Kanina pa nakukulili ang tenga ko sa boses ni Margaret na kung makapagreact akala mo nabaril na si Sky, samantalang nagalusan lang ito ng matumba sila kanina.

"Sus kunyari ka pa eh kahit ikaw nagpanic din." pang-aasar ng isang bahagi ng isip ko.

Tama naman nang makita kong may dugo ang damit nya halos magp-panic na ako, pero nung malaman ko na galos lang iyon kinalma ko ang sarili ko.

Ngayon andito kami sa Aragon Hotel sa may Penthouse ni Sky, hindi sya nagpadala sa hospital at dito ginagamot ng doctor ang braso nyang nasugatan.

Wala si Calix, sya ang nagdala sa lalaking nahuli namin sa DQ ang narito lang ay ako si Sky, Margaret at ang family doctor ng mga Aragon.

Ayaw nyang ipaalam sa mga magulang nya ang nangyari, na imposible dahil isang buong restaurant kaya ang pinagbabaril, siguradong lalabas iyon sa mga dyaryo at balita, ang magagawa lang nila ay itago na sya ang puntirya ng grupong namaril.

"I'am fine Margaret." sagot ni Sky na ang mga titig ay nasa akin.

Sinasalubong ko ang tingin nya, kaya nababasa ko ang galit sa sa mga mata nya.

Siguradong ang kinakagalit nya ay ang ginawa kong paninikmura sa kanya.

Well naiinis din ako. Bakit kasi kailangan nyang umasal ng ganon? Bakit kailangan nya akong pigilan eh iyon ang trabaho ko? Nakakainis tuloy dahil, ayan nasugatan sya, pakiramdam ko, hindi ko sya nabantayan ng ayos.

Pagkatapos magamot si Sky nagpaalam na ang doctor, binilinan lang nito si Sky na huwag basain ang sugat.

"Kasalanan mo ang lahat ng ito." tumaas ang kilay ko sa sinabing iyon ni Margaret.

"Stop it, wala syang kasalanan sa mga nangyari." saway ni Sky sa kanya.

"No kasalanan nya! Kung ginawa nya ng maayos ang trabaho nya hindi ka masusugatan. Nasira pa pati ang restaurant ni Priscilla, you're a Jinx. Ang dapat sayo iaalis dito."

Abat nakakapikon talagang dinuro-duro nya pa ako.

Pumormal ang mukha ko. Pero hindi ako sumagot, dahil kahit hindi ko naman kasalanan kung bakit sya nagkasugat, tama rin naman sya, nasugatan si Sky sa ilalim ng proteksyon ko.

"Iwan mo kaming dalawa Margaret." utos ni Sky na lalong nagpainis sa babae.

"Bakit ako aalis? Baka lalo kang mapahamak sa babaeng yan, dito lang ako aalagaan kita."

"I said get out Margaret." madiin na ulit niya.

Natigilan si Margaret, wala itong nagawa kundi ang maglakad papuntang pinto.

"Jinx." sabi nya pa na may kasamang irap ng dumaan sa harap ko.

Tss. Patirin ko kaya sya nang makita nya kung ano ang ibig sabihin ng Jinx na sinasabi nya.

*****

Nang makalabas sya tumayo si Sky mula sa pagkakaupo sa sofa at naglakad papuntang small bar.

Naglabas ng dalawang kopita at nagsalin ng wine duon.

Ako nakatayo lang malapit sa bintana.

"Sit." utos nya.

"I'am okay here Sir. Kung may sasabihin po kayo sabihin nyo na." sabi ko. Bigla akong na tense paano ba naman sa pagkakatitig nya sakin parang gusto nya akong kainin ng buo.

Naglakad sya papalapit. Hindi ako umalis sa pwesto ko. Baka isipin nya natatakot ako sa kanya.

Tama na iyong reaksyon ko ng una kaming nagkita. Baka kaya hindi nya ako sineseryoso sa pagiging bodyguard ko dahil naiisip nya na takot ako sa kanya.

Huminto sya dalawang hakbang mula sa akin inabot sakin ang kopita habang iniinom nya ang kanya.

Inabot ko iyon pero hindi uminom.

Pagkatapos biglang nagdilim ang kulay ng mga mata nya, nang makita ang pulsuhan ko, nang tignan ko kung ano ang tinitignan nya ruon, inilipat ko ang kopita sa kaliwa kong kamay.

"Nice tats." he said na nakatingin na sa mukha ko.

Napainom ako ng wine.

"M-may." tumikhim ako. "May sasabihin ka po ba Sir."

"Stop using po to me and call me Sky, Butterfly." sabi nya na humakbang papalapit.

"Hindi po pwede boss ko kayo, kaya dapat ginagalang." Nyemas nagp-palpitate na naman ang puso ko.

"Yeah kaya pala sinikmuraan mo ako." sabi nya na tumalikod at naupo sa single sofa.

Whew buti lumayo na.

"Sorry po kung nagawa ko iyon. Pero kasalanan nyo naman kung bakit ko nagawa iyon. Hindi ko kayo map-proteksyonan kung pinipigilan nyo ako." nakasalubong ang kilay na sabi ko.

"Because i don't want you to be hurt."

"Sir trabaho ko ho ito. Nang tanggapin ko na maging bodyguard nyo, handa ako sa kung ano man na mangyayari sakin at kasama ruon na masaktan at masugatan ako." paliwanag ko.

"Not if I can help it." sabi nya deretsong nakatitig sa mga mata ko. "Gagawin ko ang lahat para hindi ka masaktan, fuck it lalo na ang masugatan!"

Awang ang labi na tinignan ko sya.

Ano yun? Anong ibig sabihin non?

Tumawa ako ng mahina para itago ang pagkabigla ko.

"Sir matanong ko lang. Sabihan nyo nang makapal ang mukha ko pero sanay ako na sinasabi ang mga tanong na nasa isip ko. Are you hitting on me?"

Ikaw na Yna, ikaw na ang makapal ang mukha. Talagang tinanong mo iyan.

Oo na makapal na ako, alam ko naman na hindi ang isasagot nya at pagtatawanan nya ako. Atleast wala nang gugulo sa isip ko. Makapal naman ang mukha ko hindi ako madaling mapahiya. Saka eh ano kung pagtawanan nya ko. Gwapo naman sya pagnatawa di ba.

Kaya muntik pa akong masamid ng isang malutong na...

"Yes." ang sinagot nya.

"S-sir?" tama ba ang narinig ko yes ang sinagot nya.

"Yes Yna." ulit nya na tumayo.

"But I'am not hitting on you. Lilinawin ko lang. You are mine kaya ayaw kong masaktan ka."

Lalo akong nalito.

"At speaking of mine. Gusto kong malaman ang tungkol sa mga lalaking sinabi mo kay Margaret at sa mga lalaking pinag-usapan nyo ni Calix kanina."

Napalunok ako kasi nakabakas na naman ang galit sa mga mata nya.

"I'am not yours Sir. At siguro wala na kayo duon kung sino man ang mga lalaking nai-date at i-d-date ko." sabi ko.

Nagalit na yata sya ng tuluyan bigla kasi syang sumugod sakin.

Ilan beses akong umatras, screw it! Bahala na kung isipin nya na duwag ako. Nakakatakot kasi sya. Parang mananakmal ang itsura.

Sa kakaatras ko bumangga ang likod ko sa likudan ng isang sofa. Babaliktad sana ako pero mabilis nya akong hinapit sa bewang.

*****

Parang gusto kong mamula sa ayos namin.

Oo hinapit nya ako para hindi ako tuluyang bumaliktad.

Pero nanatili paring nakaliyad ang kalahating katawan ko at sya nakadukwang sakin... nakahilig habang magkalapit ang mga mukha namin.

"You are mine Butterfly. You branded yourself as mine."

"Ha?"

Ang utak ko ayaw gumana, nawiwindang sa sobrang lapit nya.

Nabitawan ko ang kopita, nagmantsa ang wine sa kulay asul na sofa nang mawalan ako ng lakas dahil... Itinaas nya ang kanang kamay ko at tinignan ang tattoo ko dun...hinalikan.

"Sky's Butterfly. Its my mark. Kaya pag-aari kita. Akin ka lang at wala nang kahit sinong lalaki ang lalapit sayo." he said.

Pilit ko syang tinutulak. Hindi ito pwede. For Godsake! Boss ko sya at ayokong magkaruon ng ganitong eksena sa pagitan namin na dalawa.

"S-sir pasensya na pero pinagawa ko yan ng hindi pa kita nakikilala and its just a tattoo, no meaning, kung pangalan mo ang nakalagay dyan coincidence lang. And it means Sky as in Sky, kalangitan." nagp-panic na paliwanag ko kasi ang mukha nya nagsisimula nang lumapit sa mukha ko.

"Gusto mong iparamdam ko sayo na hindi coincidence ang lahat, na pangalan ko talaga iyan at hindi kalangitan lang. Ipapaalala ko sayo Butterfly na akin ka. Akin lang." as he said that kumilos ang mukha nya at hinalikan ako.

Nanlalaki ang mga mata ko habang nakatitig sa chandelier sa kisame.

Hinahalikan nya ako... Hinahalikan nya talaga ako.

Ang sabi ng isip ko itulak ko sya. Kayang-kaya kong gawin iyon. With my knowledge in martial arts.

Pero ang pasaway kong mga labi ay humalik din sa kanya. Tumugon. Nang lumapat kasi ang mga labi nya sa labi ko, para akong nakatanggap ng isang pagkain na matagal nang ipinagdamot sakin.

Yumakap ang mga kamay ko sa likod nya habang patuloy sya sa pananalakay sa mga labi ko.

Madiin ang halik nya, na para bang tulad ko sabik na sabik din sya.

Hinagod ng dila nya ang korte ng mga labi ko, na nagpadiin ng kapit ko sa suot nyang damit.

"You...are...mine... Alaina. Noon at ngayon akin ka."

Para akong binuhusan ng tubig sa narinig kong pangalan na binanggit nya.

Mabilis ko syang tinulak.

Napalayo sya pero ang mga kamay nakakapit parin sa bewang ko.

"*Fucking shit ibang babae ang iniisip nya habang hinahalikan ako."* mura ko sa isip.

Ang tanga mo Yna, ang tanga-tanga mo.

*****

18

Kanina ko pa iniiwasan ang mga tingin ni Sky Aragon sakin.

Wala akong pakialam kahit na magalit sya o kahit na tanggalin nya pa ako sa trabaho.

Nakakagalit sya. Nakakainis.

"Bakit ka nagagalit kasi ibang pangalan ang binanggit nya nung halikan ka nya ganon ba?"

Siguro nga dahil duon kaya nagagalit ako.

Bakit ikaw ba paghinalikan ka, at ibang pangalan ang tinawag nya di ka ba magagalit? Buti nga di ko sya sinuntok. Nilayasan ko lang.

*****

Flashback

"*You...are...mine... Alaina. Noon at ngayon akin ka."*

Parang sinabugan ako ng bomba sa narinig ko, tinulak ko sya ngunit hindi sya tuluyang bumitaw sakin.

"I'm not Alaina Sir, I'm Yna your bodyguard." matigas ang tinig na sabi ko.

"You're my Butterfly, my Jinx Butterfly, Yna." ulit nya na parang hindi nakikinig sa sinasabi ko.

Sa sumunod na tulak ko ay nagawa ko nang makalayo sa kanya.

Pumunta ako sa kabilang bahagi ng sofa.

"Sir bodyguard nyo ako, tagapagtanggol nyo, at wala kayong karapatan na halikan ako, na para bang may say kayong gawin iyon."

*A**t manghahalik ka na lang ibang pangalan pa ang tatawagin mo, nakakapang- init ng** ulo.*

Ngumiti sya iyong ngiti na nagpapanginig ng laman ng kahit na sinong makakakita. At isa na ako ruon.

***"Shit bakit kasi ang gwapo nya ang hirap tuloy magalit ng husto!**"*

"You are mine, hindi ka naman siguro bingi para hindi madinig iyon." humakbang sya papalapit.

"Wait. Just wait Sir. Wag muna kayong lumapit, parang awa nyo na. Hindi ako makapag-isip kapag nasa malapit ka eh. Naman! Paanong magiging sa iyo ako eh hindi naman kita boyfriend, bakit hindi nyo na lang hanapin iyong Alaina na iyon at sya ang halikan at ariin nyo."

Syete bakit tunog nagseselos ako?

"You're Alaina." he simply said.

Wala baliw to kegwapo-gwapong tao may sira sa ulo.

"Hindi nga po ako si Alaina Sir, Yna ang pangalan ko three letter lang, malayo sa Alaina na anim na letra."

Sumeryoso ang mukha nya.

"You are Alaina at kaya kong patunayan iyon." Isa pang hakbang ang ginawa nya.

"Hindi nga ako si Alaina!" pasigaw na sabi ko.

Napahinto sya sa paglapit.

"Yna Montess ang pangalan ko. Sir. Huwag nyong ipilit dahil nakakainis." bumuntung hininga ako. "Sa labas lang muna ako Sir." Pormal ang mukha na sabi ko.

"Pwede kang umiwas ngayon, pero hindi ka pwedeng lumayo. Hindi na pwede Butterfly. Hindi na pwede. Three years is enough. So long enough."

Nahinto ako sa aktong paglabas.

Bakit ganon? Bakit ang lakas ng impact ng mga sinabi nyang iyon sakin?

"Makakaalis kana."

Hindi ako umimik itinuloy ko na lang ang paglabas ko.

"And Yna."

Nahinto na naman ako.

"Remember akin ka, meaning dapat walang ibang lalaki na pwedeng humawak sayo. Ako lang. Only me, bear that to your mind."

*****

Hindi ko alam kung bakit ganon ang mga pinagsasabi nya.

Kung maka-angkin akala mo talaga pag-aari nya ko. Samantalang ibang pangalan naman ang tinatawag nya sakin. At sino ba iyong Alaina na yun?

I'm sure na sya iyong malas at Jinx na tinatawag nila, pero bakit nila ako napagkakamalan na sya? Magkamukha ba kami? Parehas ba kaming mukhang Dyosa?

"Hoy anong problema nyo ni Aragon?" nabaling ang pansin ko kay Calix na kasama kong nakatayo malapit sa pinto ng sala sa Mansion ng mga Aragon.

Pinagmasdan nya sina Sky na nakaupo sa sofa kausap si Margaret, Priscilla at dalawa pang lalaki na nakilala nya sa pangalang Rodrick at Anthony. At tulad ng iba, alam na kung ano ang reaksyon nila ng makita ako.

Key words; Alaina at Jinx.

"Pinagsasabi mo?" kaila ko kay Calix at nagkunyaring nagmamasid sa hardin.

"Panay ang tingin nya sayo. Grabe isang minuto lang yata ang agwat ng bawat pagsulyap nya. Habang ikaw naman kung pwede lang na huwag tignan di mo sya titignan at kung hindi naman sya nakatingin titignan mo sya pagkatapos iirapan. Anong kwento nyo? Share naman. May nangyari ba habang wala ako?"

Tumingin ako sa kanya at tinaasan sya ng isang kilay.

"Nang-iintriga ka na naman David."

"Nagtatanong lang ako Montess at na c-curious kasi alam mo ba nahuli ko syang nagdidilim ang paningin nya sa tuwing lumalapit ako ng ng higit sa isang hakbang mula sayo." ngumiti sya, iyong ngiting alam kong may gagawin na naman na kalokohan.

At tama nga ako kasi ang loko biglang inilapit ang mukha sa mukha ko, iyong kung titignan mo sa malayo eh parang hinahalikan nya ako.

"I wonder kung ano ang magiging reaction nya kung gagawin ko ito." lumapit pa ang mukha nya.

Susuntukin ko na sana sya, kaso may humila sakin, sa lakas ng pagkakahila, sumubsob ako sa isang malapad na dibdib.

Tila bakal na pumalibot sa bewang ko ang isang pares na mga braso.

"Don't you dare..." narinig kong sabi ni Sky na may halong pagbabanta kay Calix na nuon ay nakangisi bagamat pinainosente ang ekpresyon ng mukha.

"Sir?" Sabi nya pa

Tanga-tangahan ang loko.

"Don't you dare, fucking kiss her!" ulit ni Sky na ang mga braso ay humihigpit pa ng kapit sakin.

"Kiss her? Naku hindi Sir napuwing lang si Yna hinihipan ko ang mata nya para matanggal ang dumi."

At dinamay pa ako ni Gago.

"Di ba Yna?"

Lilingunin ko sana sya kaso hinawakan ni Sky ang magkabilang pisngi ko, itinaas ang mukha ko at pinagmasdan ang mga mata ko.

"*Ang tanga mo Calix magsisinungaling ka na lang iyong hindi pa kapani-paniwala. Obvious na obvious naman na hindi ako napuwing."*

But then hinipan ni Sky ang kaliwang mata ko, dahilan para mapapikit ako at mahilo ng konti sa mabango nyang hininga.

Nagsimula na naman na magliparan ang mga paruparo sa tyan ko lalo na ng gawaran nya ng halik ang mata ko.

"Huwag mo syang lalapitan ng higit sa isang hakbang." sabi nya kay Calix pagkatapos bago ako binitawan at tumalikod.

Tatke! Ang puso ko.

"Wow parang si Dylan sa pagiging possessive." sabi ni Calix.

Humarap ako sa kanya.

"Ikaw sira ulo ka ang lakas ng sapak mo." lumapit ako para batukan sya.

Tumatawang umatras sya.

"Oppss isang hakbang daw dapat ang layo bawal ang mas malapit pa dun. Baka katulad din ni Dylan yan pag nagalit." sabi nya sa pagitan ng pagtawa.
"Pero wag ka ang sweet nyo kanina may pahalik-halik pa sa mata- ouch!"

Sinikmuraan ko na nakakainis eh.

"Isa pa Calix." banta ko.

Hinihimas-himas ang sikmura.

"Oo na, ikaw di mabiro."

Umiling-iling na lang ako.

Basta ang mga D&A boys sa asaran at kalokohan magagaling, kay Angela lang takot ang mga iyon eh.

Nang mapasulyap ako sa sala, nahuli ko ang pag-irap sakin ni Priscilla ang masasamang tingin ni Margaret, ang nakangiting mukha nila Rodrick at Anthony na tila amuse na amuse sa pangyayari at ang malalalim titig ni Sky.

"*Syete na malagkit. Umayos ka Yna. Iyong Alaina ang nakikita nya hindi ikaw*!" pagpapakalma ko sa puso kong pasaway.

*****

"Sumabay na kayo sa amin Calix, Yna." yaya ni Senyora Carmela sa amin.

Patungo na silang dining room para maghapunan.

"Mamaya na ho kami Senyora. Maglilibot po muna kami sa paligid ng Mansion." sabi ko.

Pagkatapos ng nangyari sa restaurant kanina hindi na ako komportable na hindi i-check ang paligid, pinabayaan ko lang
iyong dalawa na gawin ang plano nila dahil kailangan namin makahuli ng isa na maiimbestigahan at matatanong kung sino ang may pakana ng pagtatangka kay Sky Aragon. Ngayon hindi na ako papayag na hayaan silang makaaksyon sisiguraduhin ko na huhugot pa lang sila ng baril natumba na sila.

"Ganon ba, hindi ba pwedeng mamaya iyon?" tanong ng mabait na Senyora sa akin.

"Kailangan Senyora, para makasigurado kami sa kaligtasan nyong lahat dito." I said.

"Oo nga po Senyora, mahirap na pong masalisihan ulit." sang-ayon ni Calix.

"Okay pero kumain kayo pagkatapos."

Sabay kaming tumango.

Nagsenyasan kami ni Calix na lumabas na.

Mauuna sana akong maglakad nang may mainit na bagay ang bumalot sakin sa likod.

"Malamig at mahamog na sa labas. Use it." sabi ni Sky habang inaayos ang coat nya sa balikat ko.

"S-salamat Sir."

"Come back soon Butterfly." then i felt his lips in the side of my head."

Tumango na lang ako at hindi sya nilingon.

"T-tara na Calix."

*****

"Ang lakas talaga ng tama sayo non no." Calix said nang nasa labas na kami.

"Huwag mo akong umpisahan ulit Calix."

"What sinasabi ko lang naman."

Sinilip-silip ko ang pagitan ng rehas ng gate para makita ang labas.

Kumunot ang noo ko ng makakita ako ng itim na kotse ruon.

Hindi ko alam kung may tao dahil tinted ang salamin at hindi ko rin makita ang plate number.

Naghintay ako ng ilang minuto kung may mapapansin pa akong kakaiba.

"Sa tingin mo may tao dyan?" he said.

"I don't know."

15 minutes pa at nang wala naman kaming nakitang kakaiba umalis na kami ruon.

"Hindi pa ba nagsasalita iyong nahuli natin?" I asked.

"Matibay, ayaw bumigay."

"Sinong nagpapakanta?"

"Renz and Gio."

Napatango-tango ako.

"Pustahan tayo aabutin sila ng tatlong araw para mapakanta yun." sabi ko kay Calix na napangisi.

"Sure, one week ako. Ten thousand."

Ngumisi ako. "Wala kang bilib sa dalawa?"

"Sabihin na natin na gusto ko lang manalo."

Nagtatawanan kami ng makaramdam ako ng pagdaan ng kung ano sa kaliwang braso ko, kasunod ay pagkabasag ng mamahaling paso na nasa harapan ko.

Mabilis kaming yumuko ni Calix. Binunot ko ang baril ko. Not minding the heat and pain na nagsisimula ko nang maramdaman sa kaliwa kong braso.

"Nasa kotse ang namamaril." sabi ni Calix.

May silencer ang kalaban nila.

Naputol ang sanga ng puno ng bayabas sa kanan ni Calix.

Nilagyan ko rin ng silencer ang baril ko, pati sya iyon din ang ginawa, mabuti na iyon para di magpanic ang mga nasa loob ng Mansion.

Payukong gumapang ako papuntang gate.

Nakabukas na ang salamin ng bintana ng kotse at may limang lalaki ang nakatakip ang mga mukha na namamaril mula duon.

Gumanti ako ng putok.

Tinamaan ko ang isa.

Dalawa kay Calix.

Malas na lang nila.

Sinanay kami ni Angela na mamaril sa gabi. At ikaw na ang magstay ng higit anim na buwan sa training room at isang linggo sa Disciplinary room ewan ko lang kung di ka gumaling sa pagbaril.

Natakot yata ang dalawang natira dahil pinaandar ng mga ito ang kotse.

"Susundan ko. Maiwan ka rito." sabi ko na hindi na sya hinintay na sumagot.

Sumakay ako ng motor ko na nakaparada sa garahe.

"Open the gate. Sigaw ko sa gwardya na wala man lang kamalayan sa pangyayari bagamat mabilis nyang binuksan ang gate.

"Yna!" narinig kong sigaw ni Calix, na hindi ko pinansin.

*****

"Tss grabe matakot ang mga iyon ang bilis magmaneho."

Tinitigan ko ang kotse na nakalayo na. Sa kamalas-malasan inabot ako ng red sa stop light at gustuhin ko man na sundan ang kotse na nakaliko na hindi pwede. Ayaw kong makulong at bukod duon malamang makaaksidente pa ako at may madamay na sibilyan.

Pinagpag ko ang kaliwang braso ko na nanakit bago ako nag u-turn pabalik ng mansion.

*****

Naglalakad ako papasok ng mansion ng umalingawngaw ang isang galit na boses sa paligid.

"You are fucking insane!" at ng tignan ko kung sino iyon.

Isang galit na galit na Sky ang nasa harapan ko.

Syemay ano na naman ang kasalanan ko?

*****

H/N

Hello

Hinabol ko lang to xenxia na sa mga typos.

Thanks

19

Iyong mga mata nya nag-aalab sa galit habang nakatayo sa bungad ng pinto at nakatingin sakin.

Parang kakainin nya ako ng buo.

"Sir bakit lumabas kayo, delikado rito, asan si Calix?" di ko pinansin ang galit nya.

Inilibot ko ang tingin ko sa paligid mahirap na baka may kalaban sa paligid at bigla na lang syang barilin.

"Pumasok na kayo Sir baka-." bigla nya akong hinigit sa braso.

Putek ang sakit! Duon mismo sa nadaplisan ng tama ng baril nya ako hinawakan. Hindi pansin ang sugat ko dahil sinuot ko ang coat nya.

Kinaladkad nya ako papasok hanggang sa makarating kami ng sala.

"You are a fool!" sabi nya na galit na tinignan ako.

Nasa sala rin sina Senyora Carmela na nakaupo sa single sofa, si Calix na nakatayo malapit sa may bintana, si Margaret at Priscilla na magkatabi sa couch, at si Anthony at Rodrick na parehong nakaupo rin sa single sofa.

Tahimik silang lahat na nakatingin samin.

"Hindi ko alam na wala ka pa lang isip Yna." dagdag nya pa.

Aba, aba kanina pa sya. Ano bang kinakagalit nya.

"Ano bang problema Sir?" timpi Yna.

"What's the problem? You fucking asking me what is the problem!" lalo yata syang nagalit sa tanong ko.

"Opo." sagot ko, eh talaga namang di ko alam kung ano ang problema at anong kinakagalit nya.

"You are the problem! Bakit hindi ka nag-iisip? Bakit basta-basta ka na lang na sumunod sa mga taong iyon. Tanga ka ba hindi mo ba naiisip na maari kang mapahamak!" nakita kong bumakas ang takot sa mukha nina Margaret at Priscilla. Napakalakas kasi ng boses ni Sky at talagang animo dumadagundong sa buong sala ang tinig nya.

"Anong problema dun? Sinanay ako para duon, at sanay ako sa ganon Sir. Iyon ang trabaho ko. Ang protektahan kayo." naiinis na sabi ko.

"I don't give a shit kung iyon ang trabaho mo. Wala akong pakialam kung sanay ka dun. All i care is your safety. At hindi ko gusto na para kang tangang hinabol ang mga kalaban nang ikaw lang!" sigaw nya.

Napahilot ako sa sentido ko. Sumasakit ang ulo ko sa pag-iintindi kung ano ang point nya.
Idagdag pa ang pananakit ng braso ko.

"Shit naman oh." mura ko na kinatigalgal ni Sky, kinagulat ni Senyora, at kinanlaki ng mga mata nina Priscilla, Margaret at ng dalawa pang lalaki.

si Calix napailing.

"Kalma Yna." sabi nya pa.

"Di ko makuha ang gusto nyong iparating. Ginagawa ko ang trabaho ko. Dapat maging masaya kayo dahil sulit ang ibabayad nyo sakin. At hindi po ako tanga. Alam ko kung kelan ako dehado, at alam ko kung anong gagawin sa mga sitwasyon na magigipit ako.
I assured you Sir, gagawin ko ng maayos ang trabaho ko, dahil iyon ang pinangako ko sa boss ko. So kung ang ginawa kong pagsunod sa kalaban ang kinagagalit nyo. Pasensya na Sir pero di ko maipapangako na hindi mauulit iyon. Its my job." sabi ko na deretsong nakatingin sa kanya.

Matagal syang di nagsalita nakatitig lang sakin.

Kung hindi lang ako naiinis baka parang sinisilihan na ako sa tiim ng titig nya sa akin.

Inalis ko ang tingin ko sa kanya at binalingan ko si Calix.

"Hindi ko naabutan. May tumawag na ba na taga- DQ?"

Umiling sya.

"You need to tend that wound Yna." sabi nya.

Pinanlakihan ko sya ng mga mata.

Sira ulo to tinatago ko nga sinabi pa.

"What wound?" bago pa ko makatingin sa kanya, nasa tabi ko na si Sky.

"S-sir teka." awat ko ng aktong huhubarin nya ang coat.

Iniwas ko sa kanya ang braso kong may sugat.

"I'm fine. Daplis lang po."

"Let me see."

"Ako na po ang bahala dito Sir." tanggi ko.

"Patingin ako Yna." matigas nyang sabi.

"Sir really, wala lang 'to." naman ba't ba ang kulit nya.

"I said patingin ako!" napapitlag ang lahat ng sumigaw sya ulit.

"Yna hija, let him see please. Hindi mananahimik ang anak ko pag di mo pinakita sa kanya yan." singit ni Senyora Carmela.

Wala na akong nagawa analang kontrahin ko pa ang ginang.

Bumubuntung hininga na iminuwestra ko ang braso ko kay Sky.

"Hindi ko gusto ang pagiging matigas ng ulo mo sa akin, Butterfly." Sabi nya na imbes tignan ang sugat ko. Hinila nya ang coat, dahilan para mahila din ako at maglapat ang mga katawan namin.

"Nakakainis...nakakagalit Butterfly. Ang sabi ko hindi ka masasaktan o masusugatan, but look at this." napailing sya.

Napasinghap ako ng malakas ng bigla nya akong pinangko.

"Ay kabayo!... S-sir, ibaba nyo ako."

Nabingi-bingihan sya sa sinabi kong iyon at nagsimulang maglakad papuntang hagdanan.

"Sir ibaba nyo na lang ako."

"Shut up Butterfly."

Pumasok sya sa isang pinto na ang hula ko ay ang kwarto nya.

Dere-deretso nya akong inilapag sa ibabaw ng isang asul na kama.

Binalikan nya ang pinto at ni-lock iyon.

"*Syeteng malagkit."*

Tumayo ako.

"Sir sa labas na lang po ako." sabi ko na humakbang papuntang pinto.

Pero ang gwapo kong amo ay hinarang ako.

Humakbang sya, napaatras ako.

"*Jusmio heto na naman kami."*

Bumilis ang hakbang nya kaya, bumilis din ang pag-atras ko.

Hanggang sa nabangga ang hita ko sa kama at muli akong napaupo.

Yumuko sya at tinukod ang mga kamay sa magkabilang gilid ko.

Nagpantay ang mga mukha namin.

"Ang tigas talaga ng ulo mo pagdating sakin." Nang lumapit ang mukha nya, nataranta ako at kusang kumilos ang aking katawan sa galaw na natutunan ko sa training.

Kumawala ako sa kanya.

Ang hindi ko nagpahandaan ay ang pag counter nya sa galaw ko.

Sa isang kisap mata lang nakahiga na ako and he is hovering over me.

Itinukod nya ang mga kamay sa magkabilang tagiliran ko.

Napakurap ako sa bilis nyang kumilos, he even countered my move, di ako makapaniwala na nagawa nya iyon.

Nang lumapit ulit ang mukha nya ang tangi kong nagawa ay manlaki ang mga mata at tignan ang labi nyang pababa sa akin.

But then imbes na sa mga labi ko lumanding ang mga labi nya, sa kanang tenga ko bumagsak iyon.

"Hindi ko alam kung matutuwa o maiinis ako sa katigasan ng ulo mo. But you know what, i felt something weird kapag nagmamatigas ka. Na t-turn on ako Butterfly." bulong nya.

Kulang na lang lumuwa ang mga mata ko sa gulat.

"Tang milo! Tama ba ako ng dinig?"

Ayaw ko pa sanang maniwala.

But then I felt "it" nang bahagya nyang idiin katawa nya sa katawan ko.

Kasabay ng gulat ko ay ang pamumula ng aking mukha at paggapang ng kakaibang kiliti sa buong katawan ko.

"*Anong kiliti Yna! Susmaryosep maghunus dili ka."*

"Felt it?" tanong nya na tinaas ang mukha at tinitigan ako. "Kapag hindi mo pa ako sinunod ngayon. May mangyayaring sigurado akong magugustuhan nating pareho." he said habang naglalakbay ang tingin sa buong mukha ko.

"Pero dahil alam kong hindi ka pa ready, mas makakabuti na sundin mo ako, do you understand? Kapag tumayo ako, i want you to stay put, while I'm getting the medicine for that damn wound. Is that clear?"

Hindi ko magawang makasagot.

Nyemas, natuod at napipi na yata ako.

"Sagot Yna." utas nya.

Tumango ako.

"Good." then he smiled. At bago pa ako nakahuma he kissed me.

Mabilis lang parang dampi lang ng pakpak ng paruparo sa talulot ng rosas.

"Stay put." sabi nya bago lumayo.

Stay put. Aba kahit yata pasabugan ako ng bomba ngayon hindi yata ako titinag dito.

Ano pa bang makakagulat sakin maliban sa mga narinig ko sa kanya?

Ilang segundo akong nakatulala sa kisame.

Kung hindi pa ako nakarinig ng kaluskos di pa ko kikilos para bumangon.

Eksakto naman na lumabas sya mula sa isang pinto bitbit ang isang medicine kit.

Iyong mga mata nya sa akin kaagad nakatingin.

Naupo sya sa tabi ko. Umaktong tatanggalin ang coat na suot ko.

"A-ako na lang-."natigilan ako ng manliit ang mga mata nya.

Sabi ko nga sya na magtatanggal.

Bahagya akong napangiwi sa kirot ng gumasgas ang tela ng coat sa sugat ko.

Nagdilim ang mukha nya ng tumambad sa kanya ang duguan kong braso, bagamat nanatili syang tahimik.

"Sir huwag ho dito baka madumihan ang kama nyo." sabi ko ng may iilang pumatak na dugo sa kobre kama nya.

Hindi nya ako pinansin nagpatuloy lang sya sa ginagawa.

Hindi na rin ako umimik, pinipigilan ko rin na mapangiwi dahil baka ma HB na naman, nakakatakot pa naman sya kapag sumisigaw.

Nang matapos sya, isang halik sa nakabenda kong braso ang iginawad nya, na para bang iyon ang huling gamot na kailangan para tuluyan ng gumaling ang sugat ko.

Napapikit ako sa ginawa nya, at nang magmulat ako ng mga mata nakatingin na sya sa akin.

Hindi ko alam kung ilang segundo kaming nagtitigan, bago kumilos ang mukha nya papalapit sa akin.

Hindi ako gumalaw para umiwas, kasi nalulunod na naman ako sa mga titig nya.

Ilang dali na lang at maglalapat na ang mga labi namin ng...

...may kumatok sa pinto ng kwarto nya.

Para akong nagising mula sa pagkakatulog na mabilis lumayo sa kanya.

Sya naman hindi gumalaw sa pwesto nya nakatitig lang sa akin.

Naulit ang katok.

Ako na sana ang tatayo para buksan iyon nang kumilos sya.

Napahawak ako sa dibdib ko, pagkatalikod nya. Dumadagundong iyon.

"Ano bang nangyayari sa akin? Bakit ba ganito na lang katindi ang reaksyon ko sa kanya?"

20

"Sky a-attend ka ba sa party mamaya?" maarteng tanong ni Margaret kay Sky.

Mula sa pagpirma ng mga papeles nagtaas ng tingin ang binata.

As usual nagtama ang mga mata namin dahil ako ang una nyang tinignan bago si Margaret.
Pasimple akong nag-iwas ng tingin.

"Yeah." sagot nya na ang mga titig ay nasa akin pa din.

"Really, sabay na tayo Sky."

Landi talaga di man lang naghintay na yayain, sya pa talaga ang nagsabi.

"Okay." maikling sagot ni Sky.

Hindi ko alam pero bahagya akong nakaramdam ng inis.

"Okay hintayin ko na lang ang pagsundo mo."

"Bakit di na lang ikaw ang sumundo ikaw naman ang parang lalaki na nag-aaya ng date."

"Bye Sky." at sya pa talaga ang humalik sa pisngi ng binata.

"Kaw na malandi teh."

Nagsimula nang maglakad palabas si Margaret, madadaanan nya ako, nang tumapat sya sakin huminto sya at taas kilay ako tinignan.

"Kailangan mong i-ready ang pinakamahal mong evening gown for tonight, Ms. Bodyguard. Iyon ay kung meron ka." sabi nya na may plastik na ngiti.

Ngumiti ako na mas mukhang ngisi.

"Sure ilan ba? Marami ako gusto nyong humiram Ma'am?"
Saka ko sya nginisihan.

"Hmmp." pinigil ko ang tawa ko ng nakairap sya sakin na lumabas.

"*Landi*." iyong pinipigilan kong tawa, nawala ng sa pagbaling ko ng tingin ay nakatingin parin sa akin si Sky.

Pumormal ang mukha ko saka ako nag-iwas ulit ng tingin.

Sa buong durasyon na nasa loob kami ng opisina nya, wala
akong ginawa kundi iwasan ang tingin nya, buti na lang hindi nya ako kinakausap.

Ito kasing loko-lokong Calix na ito inagawan ako ng pwesto. Ako dapat ang sa labas na magbabantay pero inagaw sa akin, idagdag pa ang mga sinabi kanina ni Sky na...

"Sa loob ka ng opisina Yna, I don't want you out of my sight."

Kaya heto ako naiilang.

"What do you want to eat?"

Mula sa pagmamasid sa may bintana, nag-angat ako ng tingin sa kanya.

"Sir?"

"What do you want to eat Butterfly?" ulit nya.

"Sa canteen na lang po ako Sir." sabi ko.

"What do you want to eat." ulit nya na may diin na ang tono.

Tss ganyan sya, gagamitan nya ako ng ganyang tono kapag di ako sumunod kaagad sa kanya.

At kapag ganyan ang tono nya may dalawang pangungusap nya ang laging pumapasok sa isip ko.

"But you know what, i felt something weird kapag nagmamatigas ka. Na t-turn on ako Butterfly."

"*Na t-turn on ako Butterfly."*

At kapag naalala ko iyon wala napapasunod na lang ako sa kanya.

"Kahit ano na lang po Sir." sabi ko na lang.

Kumunot ang noo nya pero di sya nagsalita.

Nagdial sya sa telepono at inutusan ang secretary nya na magdala ng pagkain.

Pagkuway pumunta sya sa maliit na pantry ng opisina.

Pinagmasdan ko syang maglabas ng mga pinggan at iaayos iyon sa ibabaw ng mesa.

"Sit down." utos nya.

Sumunod na ako kaagad.

Eksaktong pag-upo ko pumasok ang sekretarya nya.

Tatayo sana ako para ayusin ang mga pagkain, ngunit sumenyas sya na manatili lang ako sa pagkakaupo ko.

Pati secretary nya sinenyasan nya na lumabas na.
Inayos nya ang mga pagkain habang nakaupo lang ako.

Simpleng tanghalian ang nasa harap namin.

Tokwa't baboy at ginsang ampalaya na may itlog.

"*Naghihirap ba sya at ganito lang ang pagkain namin?"*

Ang weird may hot chocolate pa.

Pinggan ko muna ang una nyang nilagyan bago ang sa kanya.

"Eat, puro paborito mo yan."

Ako naman ang kumunot ang noo.

"*Paborito ko? Kelan pa?"*

"*Tange Yna baka iyong paborito nung Alaina ang ibig nyang sabihin."*

Hindi ko napigilan na sumimangot.

"Eat."

"Ah excuse me Sir. Linawin ko lang po. Hindi po iyan ang mga paborito ko." I said.

Ang inaasahan kong reaksyon nya ay ang pagsasalubong ng dalawa nyang kilay. Kaya naman nagulat ako ng bigyan nya ako ng makapanginig tuhod na ngiti.

"Believe me. Paborito mo ang lahat ng yan Butterfly." he said.

Sasagot pa sana ako, but i held myself. Tiyak na mauuwi lang sa pagtatalo ang usapan naming ito kaya naman kibit balikat na lang ang ginawa ko.

Nagsimula akong kumain.

At hindi ko namalayan o napansin man lang na magana kong naubos ang lahat ng nakahain sa harap ko, parang ako rin yata ang nakaubos ng extra rice na naroon.

"Hmmm... Sarap." sabi ko pagkatapos kong inumin at maubos ang hot chocolate na nasa harap ko.

"I told you its your favorites." Sky said na nakatingin sa akin at ang ekspresyon ng mga mata ay di ko mabasa.

Namula ang pisngi ko at nag-iwas ako ng tingin.

"G-gutom lang ako Sir." kaila ko habang ang mga mata ay nasa may bintana.

"If you say so." narinig kong sabi nya.

Napapitlag ako ng maramdaman ko ang mainit nyang daliri sa gilid ng mga labi ko. Pinupunasan ang naiwan na bakas ng chocolate na ininom ko.

"Messy eater." he huskily said.

Napatayo ako bigla.

"Ah, wash room lang ako Sir." I said na hindi hinintay ang sagot nya.

Sa wash room napasandal ako sa pintuan.

Naguguluhan ako.

Bakit pakiramdam ko iyong mga pagkain ngang iyon ay paborito ko?

*****

Sanay ako sa mga sosyalan, sa mga magagarbong party.

Kaya naman taas ang noo ko habang naglalakad ako papasok sa bahay ni Rodrick Almanza na kaibigan ni Sky at may birthday ngayon.

Saan ka man tumingin halata mong mayayaman at may sinabi ang mga bisita.

Simpleng black evening dress ang suot ko na hanggang ibabaw ng tuhod ang haba sabrina cut iyon na komportable suotin.

Nakalugay lang ang buhok ko at na ka light make up lang ako.

Hindi na ako nagpakasosyal dahil nasa trabaho naman ako at hindi party ang pinunta ko rito.

Kanina pa nga ako tinatapunan ng nang-aasar na tingin ni Margaret na naka red evening gown na akala mo dadalo sa awards night at kulang na lang ipakita ang mga tinatago sa sobrang seksi ng damit.

Kakaloka talaga sya. At mula kaninang sinundo namin sya parang tuko na syang nakadikit kay Sky.

Heto nga at panay ang bati at halik sa ibang mga bisita.

Nalaman ko rin na halos ka batch mate nila ang mga dumalo dito.

At minsan may bumabati pa nga sa mga ito at nag k-komento ng...

"*Kayo parin, ang tibay nyo nakakainggit naman*." sa bawat may nagsasabi nuon. Lilingon sakin si Margaret at tataasan ako ng kilay.

Para namang affected ako.

"*Hindi nga ba? Malapit mo na ngang masambunutan iyan di ba."*

Tss. Denial queen na kung denial queen pero nunca kong aminin sa sarili ko na nagseselos ako.

"*Inamin mo na loka*."

Hay ang sarap sambunutan ng sarili ko.

"Tinitignan ka na naman nila na para kang Alien Yna." bulong sakin ni Calix na lumilibot ang tingin sa buong paligid.

Tama sya. Tulad ng mga naunang reaksyon ng mga nakasalamuha ko dito sa San Gabriel.

Nagugulat at nabibigla ang mga nakakapansin sakin na ginagantihan ko ng taas kilay at taray look.

Wala akong panahon na i-entertain sila.

Buti na lang itong Margaret na rin na ito ang nagsasabi kung sino ako. "Oh. Don't worry hindi sya yun. Bodyguard sya ni Sky. Nothing important."

"Hayaan mo sila ngayon lang sila nakakita ng Dyosa." bulong ko.

Tumawa si Calix na ikinatingin sa amin ng ilang naruon.

Imbes na mapahiya kaming dalawa nag-apir pa kami.

"Yna..." natigil ako sa pagtawa at napatingin kay Sky na kanina ay nakikipag-usap sa ilang kababaihan at kalalakihan kabilang si Priscilla, Anthony at Rodrick, ngunit ngayon ay nakatingin na sa akin.

"Sir?" nakangiti parin na sabi ko.
Actually muntik nang mawala ang ngiti kong yun buti na lang napigilan ko. Ayoko kasing mag mukhang affected sa pagtawag nya sa pangalan ko kahit na nga nagririgodon ang puso ko.

"Lets dance."

"Ho?" bago ko pa madugtungan ang salita kong iyan nahawakan nya na ako sa mga kamay at nahila sa gitna.

Hinapit nya ako sa bewang at pinagdikit ang mga katawan namin.

Song: Ever since The World Began

I'll never know what brought me here,
As if somebody led my hand,
It seems I hardly had to steer,
My course was planned.
And destiny it guides us all,
And by it's hand we rise and fall,
But only for a moment,
Time enough to catch our breath again.
And we're just another piece of the puzzle,
Just another part of the plan,
How one live touches the other,
Is so hard to understand.
Still we walk this road together,
We travel through as far as we can,
And we have waited for this moment in time,
Ever since the world began.
Taking in the times gone by,
We wonder how it all began,

We'll never know and still we
Try to understand.
And even though the seasons change,
The reasons shall remain the same,
It's love that keeps us holding on
Till we can see the sun again.
And we're just another piece of the puzzle,
Just another part of the plan,
And we have waited for this moment in time,
Ever since the world began.
And I stand alone, a man of stone,
Against the driving rain,
And the night it's got your number,
And the wind it cries your name,
If we search for truth, win or lose,
In this we're all the same,
The hope still burns eternal,
We're the keeper of the flame.
And we're just another piece of the puzzle,
Just another part of the plan,
How one live touches the other,
Is so hard to understand.
Still we walk this road together,
We try and go as far as we can,
And we have waited for this moment in time,
Ever since the world began

Sinusubukan kong lumayo pero mahigpit ang pagkakahapit nya sa akin. Itinukod ko ang isang kamay ko sa dibdib nya para itulak sya, pero tila nawalan naman ng lakas ang kamay ko na nanatili na roon.

Para akong pinaghehele habang ginigiya nya ako sa pagsayaw.

Parang gusto kong ihimlay ang ulo ko sa dibdib nya at ipikit ang mga mata ko habang nakakulong ako sa mga bisig nya.

Bakit parang dito...dito sa mga bisig nya ang dapat kong kalagyan bakit pakiramdam ko dito talaga ako dapat.

"You belong here. Here in my arms, Butterfly. You are mine ever since the world began." bulong nya na nagpagulo lalo sa aking isipan.

Naramdaman ko ang paghalik nya sa ibabaw ng ulo ko.

"My Jinx Butterfly is back at wala na akong planong pakawalan ka pa ulit." saka nya hinila ang ulo ko pahimlay sa dibdib nya.

Hindi ako nanlaban, ipinikit ko pa nga ang mga mata ko.

"*Kung sino ka man Alaina. Pahiram lang ng gabing ito. Promise hindi ko sya aagawin. Ngayong gabi lang isang gabi lang.... Iisipin ko na ako ang Jinx Butterfly nya.*"

*****

H/N

I'm back....

Sa mga naghintay pasensya na po kinailangan ko kasing umuwi ng probinsya dahil namatay po ang tatay/lolo ko kaya naman pagpasensyahan nyo na po ang UD ko na ito dahil hindi ako makapagsulat sa lamay.

This is for my loving Tatay na nagpalaki sakin sayang di mo ko nahintay. Love you po Tay....

21

Dedicated sa Inyo na naghihintay ng update ko.

Enjoy po.

*****

Sabi ko hihiramin ko muna ang pagkatao ni Alaina. Kahit ngayong gabi lang.

Hindi ko alam kung anong masamang hangin ang pumasok sa isip ko at naisip ko yun.

Buti na lang may isang Margaret na sumingit sa eksena namin dalawa inagaw at umukopa ng oras ni Sky.

Gabi na at ang party nauwi na sa swimming party.

Halos lahat ng bisita na ka swimsuit na at umiinom.

Ako nasa isang mesa na nasa gilid ng pool at nagmamasid sa paligid.

Iniiwas ko ang tingin ko sa gwapong nilalang na lumalangoy sa pool.

Mula pa kanina pagkatapos namin magsayaw ni Sky. Pilit ko na syang iniiwasan.

Laging dalawang hakbang ang layo ko sa kanya at hindi ko sinasalubong ang mga tingin nya.

Kapag lalapit sya nagkukunyari akong may kausap sa cellphone, o di kaya ay aalis ako sa pwesto ko.

And for the first time pinagpapasalamat ko ang pagiging simpleng malandi ni Margaret.

Dumako ang tingin ko sa binata na paahon na sa pool.

Muntik ko nang mailuwa ang pineapple juice na iniinom ko ng bumalandra sa mga mata ko ang basa nyang katawan na tanging black swimming trunk lang ang suot.

"*Packing tape! Paano ko maiiwasan ang ganyang klaseng nilalang*?"

Kung hindi ko napigilan ang sarili ko, malamang isa ako sa mga babaeng lumapit sa kanya na pilit syang inaabutan ng tuwalya at nagpapa cute sa kanya.

Wala syang pinapansin sa mga kababaihang iyon, deretso lang syang nakatingin sakin ng matiim.

"*Syete talaga!"*

Nag-iwas ako ng tingin at nagmasid sa paligid.

Nahagip ng tingin ko si Margaret na nakasimangot dahil naunahan sa paglapit kay Sky.

Limang segundo lang yatang lumibot ang paningin ko at muling bumalik sa kanya.

Muling nagkasalubong ang mga mata namin.

Di ko na naiwasan ang mapalunok lalo na ng pasadahan ko ng tingin ang malapad nyang dibdib at yummy nyang abs.

"*Anak ng tokneneng umiwas ka sa tukso Yna!"*

Nag-iwas ako ulit.

"Namumula ka Miss." Sabi ni Calix na papalapit mula sa kaliwa ko at may hawak na isang baso ng wine.

Tinaasan ko sya ng isang kilay.

"Ano bang nangyari? kanina lang ang sweet nyo sa dance floor ngayon naman todo iwas tingin ka sa kanya?"

"Tsismoso ka talagang lalaki ka." Sabi ko.

Tumawa sya.

"Babe hindi ako tsismiso. Curious lang ako sa inyong dalawa ng kliyente natin. Aba pagmagkalapit kayong dalawa parang may kuryente sa paligid, at pag nagtatama ang mga mata nyo parang Gela at Dylan ang eksena."

"Ewan ko sayo kulang ka lang sa kain kung ano-ano ang pinagsasabi."

"Ayaw mo lang umamin Yna na may something sa inyo ni Aragon." Sige parin sya ng asar.

"Ugh are you gay? Tumahimik ka na nga lang dyan." Inis na sabi ko.

Nagulat ako sa biglang paghapit nya sa akin.

"Babe hindi ako bakla, gusto mo patunayan ko sayo?" Nang-aakit na sabi ni Calix na bahagyang kinanlaki ng mga mata ko.

"Sira ulo ka tigilan mo nga ako." Itutulak ko sana sya ngunit may mga kamay na humaltak sa akin.

And the next thing i knew face to face na kami ng isang malapad at matipunong dibdib.

"Isang hakbang na pagitan David. Nakalimutan mo na ba ang sinabi ko?" Si Sky na may bahid na iritasyon at inis ang tinig.

Itinaas ni Calix ang dalawang kamay.

"Chill boss, ang cute lang kasi ni Yna kaya di ko natiis."

Pinanlakihan ko sya ng mga mata.

"Last warning. Touch what is mine again sisiguraduhin ko na magkakagulo tayo." Mahina ngunit may bakas na pagbabanta na sabi ni Sky.

Tumango si Calix bagamat nakangiti pa din.

"Sure boss."

Ako. Di ako kaagad nakapag react sa mga narinig ko.

Nabibingi ba ako. O tama talaga ang dinig ko.

"*Touch what is mine!"*

"*Touch what is mine!"*

"*Touch what is mine!"*

"*Mine*!"

"*Mine*!"

"*Mine*!"

Parang sirang plaka, paulit-ulit iyan sa utak ko.

"Come here Yna." Di tuloy ako nakapalag ng hilahin ako ni Sky sa kung saan.

"Sky!" Na hindi natuloy dahil biglang sumulpot sa harap namin si Margaret.

"Lets swim again Sky." Maarte nyang sabi na tinabig pa ko.

"*Bastos na frog."* Inis na bulong ko.

"Later Marge. Mag-uusap lang kami ni Yna." Sabi ni Sky na muli akong hinawakan sa braso na iniiwas ko naman.

"Okay lang Sir. Mag swimming na po muna kayo ni Ms. Margaret, hindi naman po siguro importante ang pag-uusapan natin." Sabi ko.

Napakunot noo sya. May sasabihin sana sya ng sumingit na naman si Margaret.

"Oh that's good. Do you mind na pakikuhaan rin kami ng pagkain ni Sky."
Maarteng sabi ni Margaret sakin.

"*Bat di ka kumuha may kamay at paa ka* naman" Syempre hindi ganyan ang sinabi ko. "Sure." Blanko ang mukha na sagot ko. At bago pa ko mapigilan ni Sky, tumalikod na ko.

Sinenyasan ko si Calix na magbantay.
At ang sira ulo pang-asar pa din ang tawa.
Inirapan ko na lang sya at ginawa ang iniutos ni Margaret.

Sa mesa sa gilid ng pool na nakapwesto sina Sky ng muli kong balikan.

May kausap na silang dalawang lalaki.

Ramdam ko ang mga titig ni Sky habang binababa ko ang pagkain sa harap nila.

Titig na hindi ko sinalubong.

Mukhang naiinis na naman si Margaret sa pagdating ko.

Dahil ang bruha pinatid ako ng dumaan ako sa harap nya ...
Ang resulta? Bumagsak lang naman ako sa pool!

Ramdam ko ang lamig ng tubig na bumalot sa katawan ko.

Ramdam ko rin ang pagbigat ng gown ko ng mabasa.

"*Anak ng pating naman o!"* Hinilamos ko ang palad ko sa mukha ko para matanggal ang pagkahilam ng mga mata ko ng maiangat ko ang mukha ko sa tubig.

"Oppss I'm sorry Yna di ko sinasadya."
Napatingin ako kay Margaret na oo nga at hindi nakatawa ngunit halata naman ang pang-aasar sa boses. "Bakit kasi hindi ka tumitingin sa dinadaanan mo? Oh dont tell me trip mong magswimming kaso wala kang swim suit kaya naligo ka kahit nakagown." Kunyari ay gulat na sabi ni Margaret na kinatawa ng mga naroon sa pangunguna ni Priscilla.

Tss alam ko kung ano ang gusto nilang gawin gusto nila akong ipahiya.

Papayag ba ako dun?

Ako si Yna Montess.

Hindi yata.

Si Sky na aktong tatalon sa pool para tulungan ako ay napahinto ng sumilay ang matamis na ngiti sa mga labi ko.

"Oo nga eh Miss Margaret ang init nga kaya naisipan kong tumalon dito sa pool. At tutal andito narin ako lulubosin ko na ang paglangoy." After i said that hinubad ko ang gown na suot ko.

Revealing may black two piece swimsuit, pati sapatos ko hinubad ko na.

After i did that sumisid ako. At sa muli kong pag-ahon sipol na ang narinig ko.

Nilingon ko ang mga tao sa paligid ko paghanga at pagnanasa ang nabasa ko sa mga lalaki habang inis at at inggit naman sa mga babae.

Hindi sa pagmamayabang, pero may katawan akong pang Dyosa na hinahangaan ng mga lalaking may gusto sakin.

Binalewala ko ang lahat ng reakayon nila at si Margaret ang tinignan ko, take note bahagya pang nakataas ang isang kilay ko.

"Presko ang tubig, nakakaginhawa ng pakiramdam." Sabi ko pa.

Kung nakakakuryente ang tingin ni Margaret malamang kanina pa ako nagngingisay dito sa tubig. Obvious na obvious kasi na inis na inis sya dahil hindi ako napahiya tulad ng inaasahan nya.

Pero ang hindi ko napaghandaan ay ang mga titig ni Sky sakin.

Madilim na madilim ang mga mata nya. Nakatiim bagang at bakas ang galit habang nililibot nya ang tingin kabuuan ko.

Syemay hindi man ako literal na nakukuryente nagtatayuan naman ang mga balahibo ko sa katawan dahil sa tindi ng mga titig nya.

At nang isang beses syang humakbang awtomatiko akong napaatras ng isang beses.

"Ahon Yna." He said in a low but dangerous voice.

Pasimple akong lumunok pero imbes na sumunod ako sa kanya...

"Kakalangoy ko lang Sir." Ayan ang mga sinabi ko na lalong nagpasalubong sa mga kilay nya.

"Ahon." Mas madiin na sabi nya.

Ako naman ang kumunot ang noo.

"Hindi ito ang oras ng pagpapasarap mo Ms. Montess. Youre my bodyguard, tungkulin mo na bantayan ako ngayon, hindi ang lumangoy." Sabi nya.

Ang mga naroon tahimik lang, aba pati iyong music tumigil, narinig tuloy halos ng lahat ang mga sinabi nya.

Nakita ko ang pag ngisi ni Margaret dahil sa mga sinabi ni Sky.

Panandaliang nawala ang emosyon sa mukha bago ako ngumiti ng matamis at nagkibit balikat.

"Okay."

Lumangoy ako papunta sa gilid para umahon.

Ilang mga kamay ang sumalubong sa kin para tulungan ako sa pagsampa.

Wala sana akong planong abutin ang isa sa mga iyon pero dahil kumukulo ang dugo ko sa tila pagpapahiya sakin ni Sky tinangka kong abutin ang isa.

Pero may isang kamay na namabilis na kumuha sa kamay ko at hinila ako paahon, sa lakas ng pagkakahila nya sadsad ako sa dibdib nya.

Sisinghalan ko sana sya kaso parang nalulon ko ang dila ko ng magtama ang mga mata namin ni Sky.

Bumaba ang isa nyang kamay sa bewang ko. Tila bakal iyon na pumalibot at humapit sa katawan ko.

Naamoy ko rin ang hininga nya na tumatama sa noo ko.

Sa isa nyang kamay binabalabal nya sakin ang isang puting tuwalya na hindi ko alam kung saan galing.

Umakto akong lalayo pero dumiin lang ang pakakahapit nya sakin.

Ang dibdib ko sobrang lakas ng kabog.
Lapat na lapat ang basa kong katawan sa katawan nya.

"*Takte kokombulsyunin yata ako. Layo na Yna."*

"This is the last time na magsusuot ka ng ganyan Butterfly, hell this is the last time na mags-swimming ka in a public place." Bulong nya.

Hindi kaagad ako nakapagreact, pagkatapos saka nya ko iginiya palakad.

Nagulat pa ako dahil halos makaladkad ako sa bilis ng paglakad nya.

"T-teka lang Sir bakit ba nagmamadali ka?" Sinubukan kong huminto pero muntikan pa akong madapa dahil hindi naman syang nag-abalang huminto.

"Walk faster Yna. Kung ayaw mong mapaaway ako sa mga lalaking yan na kung tignan ka halos wala ka nang suot."

"Sky! Aalis ka na? Hindi pa tapos ang party." Sabi ni Margaret na lakad takbo ang ginagawa sa pagsunod samin.
Lumingon ako sa likod ko at nakita ko ang nakangising si Calix.

"Pagod na si Yna. Uuwi na kami." Sabi ni Sky.

Paakyat na kami sa kwarto kung saan sya nagpalit ng swimsuit.

"Pero Sky paano ako? Sinong maghahatid sa akin?" Maarteng tanong ni Margaret.

"Marami kang kaibigan na pwedeng maghatid sayo Marge." Binuksan ni Sky ang kwarto at halos ipagtulukan ako papasok. "Wait here magbibihis lang kami." Sabi nya kay Calix.

Nakita ko pa ang pagkindat sakin ng loko-loko kong kasama bago sumara ng tuluyan ang pinto.

***
Titigan.

Iyan ang eksena namin ni Sky nang nasa loob na kami ng guest room.

Hawak ko na ang magkabilang dulo ng tuwalya para itago ang katawan ko sa nandidilim nyang mga mata.

"Pwede naman akong magbihis sa Cr sa baba Sir." Sabi ko. Oo deretso at hindi bulol ang pagsasalita ko pero sa kaloob-looban ko gusto ko nang umupo dahil kanina pa nanginginig ang tuhod ko.

"At hayaan ka na makita nila ulit." Humakbang sya papalapit.

Umatras ako.

Nyemas parang laro na namin itong ganito.

"At anong problema duon Sir?"

Nabigla ako ng isang kisapmata ko lang nasa harap ko na sya.

Napasandal ako sa pintuan ng Cr. Para hindi tuluyang magdikit ang katawan namin.

Halos hubad na kami sa ayos naming dalawa at baka kung ano pa ang magawa ko pagnagdikit kami ulit.

"Malaki. Buttetfly...malaking malaki. Alam mo bang gusto kong bulagin ang lahat ng lalaking tumingin sayo kanina. Lahat sila gusto kong bugbugin dahil tinitignan ka nila na parang gusto kanilang angkinin! Right there and then!. Nakakagalit Butterfly. Nakakainit ng ulo at nakakapagpadilim ng paningin. Kung ayaw mong magkaruon ng gulo, hindi ka baba dun at dito ka magbibihis."

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko.
Dapat magalit ako. Dapat mainis ako dahil tila sya possesive sakin gayong wala naman syang karapatan, but how come na nagugustuhan ko pa ang mga narinig ko? How come na gustong-gusto ko na kanya lang ako?

"*Maghunus dili ka Yna. Hindi ikaw! Hindi ikaw ang tinitignan nya. Hindi ikaw ang binabakuran nya! Si Alaina!"*

Malakas ko syang tinulak, nang tila magising ako sa sigaw na iyon ng isang bahagi ng isip ko.

"Let settle this once and for all Sir. Isang beses ko na lang itong sasabihin kaya makinig kayo. Pwede bang tigilan nyo na ang mga ganyang akto sakin. Uulitin ko rin po I'm not Alaina. Hindi ako ang kung sino man na babae na nakikita nyo sa akin! Ako si Yna Montess." Sabi ko. Aktong magsasalita sya na hindi nya naituloy dahil derederetso ako sa pagsasalita.

"At hindi ako sanay sa mga ganito, hindi ako sanay na pinagbabawalan sa mga gusto kong gawin. I'm an independent woman. Kung nagagawa nyo ang ganito sa Alainang iyon puwes ibahin nyo ako. Aba kung iyong mga dati kong naging boyfriend hindi nagawa iyon kayo pa kaya na kliyente ko lang. At kung ipagpapatuloy nyo pa ito mag r-resign na ako. At walang makakapigil sakin Sir ikaw man o ang Amo ko."

"You're Alaina-"

"No I'm not Sir. Hindi ako si Alaina. Magkaibang tao kami. Tigilan nyo nato Sir. Dahil kung hindi pa ito matatapos dito sisuguraduhin ko na bukas na bukas din wala na ako dito!"

Nakita kong natigilan sya sa mga sinabi ko.
Ilang minuto nya akong tinignan bago nawalan nang ekspresyon ang mukha nya at lumamig ang kanyang mga mata.

"Okay Ms. Montess. Naiintindihan ko. I'm sorry. Siguro nga hindi nga talaga ikaw si Alaina. Hindi sya aasal ng tulad ng ginagawa mo. Don't worry things will be different tomorrow.
Ayusin mo na ang sarili mo. Gusto ko nang makauwi in 30 minutes." Sabi nya bago tumalikod at lumabas ng kwarto.

Nanghihinang ipinikit ko ang mga mata ko.

Sigurado ako na naiintindihan nya ako. At sure din ako na magbabago na ang pakikitungo nya sakin base sa panlalamig ng tingin nya.

Pero bakit parang pinagsisihan ko? Bakit parang ayoko na may magbago?

"*Maglaslas ka na Yna ang gulo-gulo m*o!"

*****
H/N

Ellow po after one hundred years nakapag update din.

Salamat po sa mga naghihintay.

Pasensya na rin po sa delay.

Ang hirap po kasi maglihi .

Anyway hindi po ako makakapangako na magiging tulad ng dati ang update ko medyo hirap po kasi ako dahil nagbago ang writing habit ko kung dati madaling araw at umaga ngayon gabi na, sa kadahilanang nahihilo parin po ako sa byahe.

Thanks po again at sana di kayo bumitaw sa story na ito at sa mga story ko pa.

Take care and God blessed.

Helliza

22

"***Get me a coffee.***" Mula sa pagmamasid ko sa may bintana napatingin ako kay Sky na nagsalita habang nagbabasa ng papeles.

Walang imik na sumunod ako sa kanya.

Pumunta ako ng pantry.

"Kape ang pinapatimpla pero sing-lamig naman ng yelo kung mag-utos." Sabi ko habang naglalagay ng kape sa tasa.

True to his word. Bodyguard na bodyguard na ang trato nya sakin.
Mas malamig nga lang kesa sa iba.

Mas madalas nya rin akong utusan kahit hindi ko naman trabaho ang pinapagawa nya.

Sumusunod na lang ako para walang gulo.

Bumalik ako bitbit ang kape nya. Ni hindi sya nag-angat ng tingin ng ilapag ko iyon.

I sighed secretly.

"O anong problema mo di ba iyan ang gusto mo?"

"*Sinabi ko bang may problema ako, tss shut up mind!*"

"Montes are you listening to me?"

"Ha?" Nagulat ako sa pagsigaw nya. Hindi ko napansin na nagsasalita na pala sya.

"Sorry. Ano nga ulit iyon Sir?"

He frowned.

Naku nagalit na yata.

"Miss Montess. Binabayaran kita para bantayan ako. Hindi para tumulala at mag-isip ng walang kwentang bagay."

"Sorry po Sir." I said kahit na nga ang gusto kong sabihin ay... "*Ikaw ang iniisip ko Sir."*

Tinignan nya lang ako. Bago sya tumayo.
"Bring my things may lunch date ako." He said habang humahakbang papuntang pinto.

Lunch date. Date na naman. Sa loob ng dalawang araw na pagiging malamig nya sakin halos may ka date sya. Breakfast, lunch and dinner iba-iba.

"Kaya siguro iniwan sya nung Alaina, playboy kasi." Bulong ko na sumunod sa kanya bitbit ang gamit nya.

***

Kumukulo ang dugo ko.

Hindi ko dapat maramdaman ito pero talagang kumukulo ang dugo ko.

"*Akala ko ba wala lang sayo? Pero bakit nag-iinit ang ulo mo ngayon ha, Yna?"*

Ayan pa ang idagdag mo pa ang nakakainis na maliit na boses na yan sa isip ko na panay ang gatong sa nararamdaman ko.

"Baka naman mabali iyang kutsara."

"Ha?" Mula sa table nila Sky at ng ka date nya napatingin ako kay Calix na kasama kong nakaupo sa isang table kung saan di kalayuan sa magka date.

"Kako kulang na lang mabali na yang kutsarang hawak-hawak mo. Kung nagseselos ka dapat kasi dun na tayo umupo sa mesa nila."

"Pinagsasabi mo?" maang ko sabay subo ng kinakain kong halo-halo.

"Ang talim kasi ng tingin mo sa kanila at kulang nalang sugudin mo iyong babae sa tuwing hahawak-hawakan nya si Aragon."

"Gutom lang yan." Sabi ko. Napatingin ulit ako sa table nila Sky. Sa pagkakataong iyon nakaakbay na sya dun sa babae at may binubulong. Iyong babae parang kinikiliti naman kung makahagikhik.

"*Flirt*."

Nagtaas ng tingin si Sky.

Hindi ko iniwas ang tingin ko.

"*Babaero*." Sigaw ng isip ko, at hindi ko sigurado kung ganong mensahe din ba ang pinaparating ng mga mata ko habang nakatingin sa kanya.

Sya naman malalim na titig ang binibigay sakin. Wala akong mabasa sa mga mata nya.

"*Kung ako si Alaina bugbog ka na sakin."* Sigaw pa ng isip ko sabay iwas ng tingin.

Kay Calix naman tumama ang mga mga mata ko.

"Ang intense nyo talaga. Ano ba kasing nangyari at biglang nag-iba ng trato sayo si Boss?"

"Hindi ko alam ang sinasabi mo." Kaila ko parin.

Napailing-iling na lang sya. "Sa tingin mo kung lalapit ulit ako sayo ng sobrang lapit magr-react kaya sya?" Tanong nya sabay dukwang sakin.

Inilayo ko ang mukha ko sa kanya.

"Ayusin mo nga Calixtro ako ang uupak sayo." Inis na sabi ko.

Tumatawang umayos ito ng upo.

Sumubo ako ulit, hindi kayang pakalmahin ng matamis na yelo ang ang dugo kong kumukulo.

"I*pagpatuloy mo yan Yna. Ikaw na talaga ang pinaka magulong babae sa mundo.*"

Pero nalilito talaga ako.

Ito naman iyong gusto ko di ba?

Pero bakit buong sistema ko tumututol na iyong mga mata nya may iba nang tinitignan. Iyong mga kamay nya may iba nang hinahawakan.

Bakit ganito?

Damn it bakit ganito!?

***

Kung wala lang akong trabaho malamang nasa bar counter na ako at umiinom.

Kung wala lang akong
binabantayan siguradong nasa gitna na ako at nakikipag sayaw.

Pero dahil isa akong dakilang bodyguard ngayon, wala akong magawa kundi pagmasdan ang mga taong nagsasayaw at umiinom sa bar na iyon.

Wala akong magawa kundi pagmasdan ang amo ko na sumasayaw sa gitna kasama ang babaeng hindi ko na pinagkaabalahan na tandaan ang pangalan.

Alerto ako sa mga nasa paligid nila, lalo na iyong mga napapadikit.

This is a bad idea.

Mahirap magbantay kapag ganito kagulo at kadami ang tao.

Tumutol ako habang papunta rito, pero nagpumilit si Sky.

"Sir masyadong mapanganib kung pupunta kayo ng bar masyadong maraming tao, madali kang-."

"My date want to go in a bar. Kaya pupunta tayo. I dont care kung mapanganib, kaya ko nga kayo kinuha dahil ang trabaho nyo protektahan at bantayan ako Miss Montess, so you better do your job while I'm doing what I want. Is that clear?" He said in a very formal and hard tone.

Natigilan ako habang nakatingin sa kanya sa rearview mirror ng sasakyan.

Nakaakbay parin sya sa babae na ngayon ay katabi nya sa back seat.

"Fine." Walang emosyon na sabi ko. Pero ramdam ko ang pagkirot ng dibdib ko dahil sa tonong iyon.

kaya naman here I'm halos di na maalis ang tingin kay Sky na hindi ko na mabilang kung nakailang baso na ng alak.

Kahit gusto kong iiwas ang tingin ko lalo na kapag nagdidikit o hinahawakan nya ang katawan ng kasayaw nya di ko magawa, mahirap na baka masalisihan ako.

Ilang minuto pa, at sa paglalim pa ng gabi mas lalong dumami ang mga taong nagsasayaw.

"Yna mahihirapan na tayong bantayan ang mga lumalapit sa kanya kapag mas dumami pa ang tao."Calix said habang binababa ang baso ng wine na iniinom.

"Yeah I know."

"Anong gagawin natin? Hindi naman natin mapapauwi yan, he is the boss."

Sinuklay ko ang kamay ko sa aking buhok.

"Come." Sabi ko sabay hila sa kanya papuntang dance floor.

Sa mismong tabi nila Sky kami nagsayaw ni Calix.

"Hindi mo sinabi gusto mo pa lang magsayaw." Sabi ni Calix na hinawakan ako sa bewang at ginaya ang katawan ko sa tugtog.

"Shut up alam mo kung bakit andito tayo."

"Yeah, yeah pagseselosin natin si Aragon." He said a silent laughter is evident in his voice.

Iyong kamay kong nakasampay sa kaliwang balikat nya ay pumunta sa tenga nya at mahina syang piningot.

"Umayos ka."

Tumatawang hinuli niya ang kamay ko at bigla akong inikot, nadaanan ng mga mata ko si Sky na nakatingin na samin.

Kinabig ni Calix ang bewang ko papalapit.

"Joke alam ko mas mababantayan natin sya pag ganito. But hindi ibig sabihin non hindi ko na i-e-enjoy ang makasayaw ka."

Napailing na lang ako.

Nang muli kong tignan si Sky nakita kong naglalaro na ang kamay ng babae sa dibdib nyang nakalantad dahil nakabukas na ang tatlong butones ng damit nya.

Dumiin ang pagkakahawak ko sa balikat ni Calix.

Hindi ko na napansin na sumasaliw na ang katawan ko sa maharot na tugtog.

Si Calix game naman na nakipagsayaw, pero ang mga mata namin nagmamasid at nag babantay.

Song: Sorry
By: Justin Bieber.

Nagsigawan ang mga nasa dance floor ng pumailanlang ang tug tog na iyon, mas naging malikot at magaslaw ang mga tao.

Kahit si Calix mas naging malikot.

Tumatawa naman ako.

You gotta go and get angry at all of my honesty
You know I try but I don't do too well with apologies
I hope I don't run out of time, can someone call a referee?
Cause I just need one more shot at forgiveness...

Inikot ulit ako ni Calix sa pag-ikot ko may mga kamay na humaklit sa bewang ko, and the next thing i knew si Sky na ang kaharap ko at ang ka date niya na ang kasayaw ni Calix.

"What the-?"

I know you know that I made those mistakes maybe once or twice
By once or twice I mean maybe a couple of hundred times
So let me, oh let me redeem, oh redeem myself tonight
Cause I just need one more shot at second chances

Chest to chest, thigh to thigh.
Halos ibaon nya na ako sa katawan nya habang nagsasayaw.

Sinubukan ko syang itulak pero ang ginawa kong paglayo naging step lang sa sayaw.

Bumaba ang mukha nya sa leeg ko.

Is it too late now to say sorry?
Cause I'm missing more than just your body
Is it too late now to say sorry?
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say that I'm sorry now?

I'm sorry, yeah
Sorry, yeah
Sorry
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say sorry now?

Humagod ang kamay nya sa bewang ko pababa at pataas.

Wala na akong nagawa kundi ang makipagsayaw sa kanya.

Magaling syang sumayaw pinagtitinginan nga kami ng mga kababaihan.

I'll take every single piece of the blame if you want me to
But you know that there is no innocent one in this game for two

I'll go, I'll go and then you go, you go out and spill the truth
Can we both say the words and forget this?

I'm wearing a white long sleeve shirt may kanipisan ang tela non kaya naman sa bawat paghagod nya sa katawan ko, sa bawat paglapat ng balat nya sa balat ko ramdam na ramdam ko ang init nya.

Hindi ko sinasalubong ang tingin nya, naiilang ako.

Tinalikuran ko sya, ang plano ko bumalik na kay Calix pero hindi parin sya bumitaw. Bagkus pumulupot pa ang braso nya sa tyan ko.

Is it too late now to say sorry?
Cause I'm missing more than just your body
Is it too late now to say sorry?
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say that I'm sorry now?

Hindi ko alam kung magpapatuloy ako sa pagkawala sa kanya.

Naiilang na ko lalo na at ang mga labi nya ay nasa batok ko na.

I'm not just trying to get you back on me
Cause I'm missing more than just your body
Is it too late now to say sorry?
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say sorry now?

Hanggang sa nakarating sa likod ng kaliwang tenga ko ang mga labi nya, amoy na amoy ko ang hininga nya na nakakalasing sakin, hindi ko maiwasan na ipikit ang mga mata ko.

I'm sorry, yeah
Sorry, oh
Sorry
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say sorry now?
I'm sorry, yeah
Sorry, oh
Sorry
Yeah I know that I let you down
Is it too late to say sorry now?

Natapos ang kanta.

Pero ang braso nya nakapulupot parin sakin.

Ang likod ko nakalapat pa din sa dibdib nya.

May panibagong kanta na ang pumailanlang nagpatuloy sa pagsayaw ang mga tao sa paligid.
Habang kami nakatayo lang.

Parehas na humihingal sa ginawang pagsasayaw.

At sakabila ng ingay at gulo sa paligid, narinig ko parin ang binulong nya.

"Sorry Butterfly."

***

"**Nyemas naman Calix alalayan mo rin."** Singhal ko ng halos masubsob na ako mula sa pagkakaalalay sa lasing na si Sky.

Nasa garahe na kami ng mga Aragon at pinapasok sa bahay si Sky na nakatulog na sa kalasingan. At ang magaling kong partner nakaalalay nga pero hindi naman kinukuha ang bigat ng binata.

"Nakaalalay kaya ako." Si Calix.

Tinignan ko sya ng matalim.

Nasa kanan ako ni Sky at nakaakbay sya sakin nakahilig din sya sa gawi ko, nakasubsob ang mukha sa aking leeg kaya hirap na hirap ako. Hello ang laki kaya nyang tao kumpara sakin.

Nakarating kami sa loob.

"Oh my God what happened to my Son?" Salubong sa amin ni Mrs. Aragon.

"Medyo naparami po ng inom Madam." Sagot ko.

"Naku. Pasensya na Yna mukhang nahirapan kayo."

"Hindi naman ho saka trabaho naman ho namin ito." Sabi ko bagamat medyo nangingiwi.

Pagkatapos ng pahirapan na pag-akyat sa hagdanan nakarating narin kami sa kwarto ni Sky.

Hinilot-hilot ko pa ang leeg at balikat ko dahil sa pangangalay.

"Ako na ang bahalang mag-asikaso sa anak ko kumain na ba kayo?"

Its three o'clock in the morning ang gusto ko sanang isagot sa ginang eh hindi pa kami natutulog, pero syempre hindi iyon ang sinagot ko.

"Tapos na po."

Ngumiti ang Ginang napatitig ako sa mga mata nya.

Magkaparehas sila ng mga mata ni Sky.

"*Natural Yna mag-ina yan."*

"Kung ganon eh magpahinga na kayo."

"Salamat po."

Napapikit ako ng bigla akong nakaramdam ng kirot sa ulo.
Isang malabong mukha ng isang babae ang nakita ko habang nakapikit limang segundo lang nawala narin iyon at ang kirot.

"Are you okay hija"

Napamulat ako.

"Ho? O-opo." Sabi ko na pilit na ngumiti.

"Magpapahinga na po kami Maam." Sabi ni Calix na nagpaalam na.

Kumunot ang noo ko ng tila nagmamadali syang umalis pagkatapos magpaalam.

"*Problema non?"*

"Aalis na rin po ako Madam." Paalam ko.

"Sige hija."

Humakbang ako patungong pinto, ngunit tumaas ang isang kamay ni Sky at humawak sa kaliwang kamay ko.

Napatingin ako dun, pagkatapos ay sa ginang.

Tabingi akong ngumiti.

Sinubukan kong hilahin ang kamay ko pero mahigpit ang pagkakapit ni Sky dun.

"*Lasing ba talaga to?"*

Ang higpit talaga ng kapit nya.

Tumikhim ang ginang.

Nahinto ako mula sa paghila sa kamay ko at napatingin sa kanya.

"Mabuti pa... ah dito ka na lang muna magpahinga hija."

"Ho?" Nabibingi ata ako.

"Dito ka na lang muna, mukhang hindi ka bibitawan ng anak ko."

"P-pero Maam." Hinila ko ulit ang kamay ko.

"Sige na hija malaki naman ang kama ng anak ko kasyang-kasya kayo." Nakangiting sabi nya pa sakin.

Naalarma ako ng humakbang sya palabas.

"Teka lang Maam-." Hindi ko na naituloy ang sinasabi ko dahil tuluyan ng lumabas ang ginang.

Naiwan akong nakatulala sa pinto.

Bakit pakiramdam ko pinagtutulakan ako ng ginang sa anak nya?

Napatingin ako kay Sky.

Nakapikit sya, iyong buhok nya magulo na at ang ilang butones na ng damit nya ang nakabukas, nasisilayan ko na nga iyong yummy nyang abs.

"Takte mas lalong dapat na lumabas na ko rito."

Ginamit ko na ang isa kong kamay para makawala sa kanya.

Pero tila bakal ang mga daliri nya na nakahawak sa pulsuhan ko.

"Ano ba! Gising ka naman yata talaga its not funny Sir." Binahiran ko na ng galit ang boses ko.

Nang wala akong makuhang sagot inis na napapadyak ako.

No choice ako kundi gamitin ang kaalaman ko para makawala sa kanya.

Pero ng gagawin ko na iyon saka naman kumilos ang kamay nya at hinila ako.

"Ay!"

Nawalan ako ng panimbang at bumagsak sa tabi nya.

Bago pa ako makapagreact nakakulong na ako sa mga bisig nya.

Napatingin ako sa mukha nya.
Nakapikit parin sya.

Hindi ko malaman kung gising ba sya at nagtutulog-tulugan lang.

Sinubukan kong alisin ang braso nyang nakapulupot sakin, pero tulad kanina hindi ko parin magawang makawala.

"Naman talaga."

Huminga ako ng malalim bago muli syang tinignan which is not good idea dahil kumilos ang mukha nya papalapit.

Napigil ko ang hininga ko at napatitig sa kanya.

Ilang dali ang layo ng mukha nya sakin kaya naman napagmasdan ko ng maigi ang mukha nya.

Wala na nabato-balani na ko sa gwapo nyang mukha. Hindi ko na namalayan na tumigil na ko sa pagpupumiglas at nakatingin na lang ako sa kanya, hanggang sa antukin ako at makatulog.

Malalim na ang tulog ko ng marahang magmulat ng mata si Sky at ilang minuto akong pinagmasdan bago ako mas kinabig pa at halikan sa noo.

And after all this years hindi man ako aware. Ito na ang pinakapayapa at mahimbing na tulog ko.

*****

Thanks for reading??????

Please Read:)

Hello po Helliza here.

Manghihingi lang po ng help. Sa mga naghihintay po ng update ko hihingi po ako ng kaunting tulong.

Dahil sa tagal ko pong naitigil ang pagsusulat sa kwentong ito nawala po ako sa takbo ng story.

Kung pwede po sana magsuggest po kayo ng song any song na sa tingin nyo babagay sa susunod na chapter. Duon po ako huhugot ng susunod na eksena, any song po kahit sino kumanta.

Comment nyo po sakin iyonong title, lyrics kung meron at mas maganda kung may video din hehehe abusada. Pwede kahit title lang po.

Kailangan ko po ng pressure hehehehe.

Thank you po talaga sa magbibigay.

Anyway share ko lang. Nakapanganak na po ako at gusto kong i-share ang name ng baby girl ko.

Welcome to the world Mariya Denise.

Nga pala add nyo po ako sa fb helliza sabida po kagagawa ko lang kaya wala pa ako friends dun hehehe. Pwedeng dun narin po kayo magsend ng song.:)

Thanks po...

Lav yah all.

Helliza:)

23

Nagising ako sa mainit na sinag ng araw na tumatama sa mukha ko.

Iminulat ko ang kanan kong mata, pagkatapos ay ang kaliwa. Sabay balikwas ako ng bangon ng marealize ko na hindi ito ang kwarto na tinutuluyan ko.

Napatingin ako sa side ng kama na ngayon ay bakante na.

"Asan siya?"

As if on cue bumukas ang pinto ng kwarto at iniluwa nuon si Sky na mukhang galing na sa pag-aalmusal at nakabihis na para pumasok sa trabaho.

"Ang gwapo talaga."

Nagtama ang mga mata namin.

Sumandal sya sa hamba ng pinto at pinagmasdan ako.

Pasimple ko naman na inayos ang buhok ko.

"Dyahe, sya fresh na fresh ako bilasang bilasa."

"What are you doing here?"

"Ha?"

"Tell me, naubusan na ba kami ng guest room at dito ka natulog sa kwarto ko."

Tatlong beses muna akong napakurap-kurap bago nag sink in sa isip ko ang ibig nyang sabihin.

"Aba teka parang mali yata ang takbo ng pangyayari ah."

Umalis ako sa kama at tumayo habang nakapameywang na nakatingin sa kanya.

"Sir ang ibig nyo bang sabihin ako, me myself and I ang kusang tumabi sayo dito sa kama mo at natulog dito sa kwarto mo?"

"Hindi ba? Imposibleng binuhat kita."

Napasuklay ako sa buhok ko. "Ayos ah."

"Ah sir sorry ha, correction lang po, hindi ako kusang tumabi sa inyo. Nang ihatid namin kayo dito sa kwarto nyo di na kayo bumitaw sa akin kaya naman nagpasya si Senyora Carmela na dito na ako patulugin." May bahid na inis na sabi ko.

"Really? At bakit naman ayaw kitang bitawan?"

"Aba malay ko sayo." Iyon sana ang sasabihin ko kaso hindi pwede.

"Hindi ko po alam sir."

Kumunot ang noo nya.

"Fine but next time wag mo nang gawin matulog dito sa kwarto ko only my girlfriend or my wife lang ang pwedeng mahiga sa tabi ko at wala sa dalawang titulong iyon ang meron ka understand."

Pain. Ewan ko kung saan galing pero iyan ang naramdaman ko ng marinig ko sa kanya ang mga salitang iyon at habang nakatitig ako sa walang emosyon nyang mga mata.

"Bakit ka nasasaktan eh totoo naman iyon di ba?"

"Yes sir." Sagot ko na kasing lamig ng tinig at tingin nya.

"Good. Ano pa hinihintay mo, paalis na ko may plano ka naman sigurong pumasok di ba?" he said na naglakad sa mesa at inayos ang laman ng attaché case nya. "Meron ka pang ten minutes to prepare kung ma l-late ka I will consider you absent at ibabawas iyon sa sahod mo."

Nakatalikod sya sakin kaya hindi nya nakita ang pagtigas ng mukha ko, na dagli ring nawala.

"Of course Sir." Sabi ko na naglakad papunta sa pinto. Ramdam ko ang pagsunod nya at wala akong planong lumingon.

Binuksan ko ang pinto at hindi na pinagkaabalahang isarado iyon dahil mukhang palabas narin sya.

"Anyway you're perfectly fit in my arms Yna like always."

Nakakadalawang hakbang pa lang ako mula sa pinto ng marinig ko iyon.

"Ha?" Nilingon ko sya pero ang saradong pinto na ang sumalubong sakin.

Ano yun? Tama ba ako ng rinig at sinabi ba talaga nya iyon? O nangangarap lang ako?

****

Ayaw ko man laman parin ng isip ko kung tama ba ako ng dinig o nakaringgan ko lang ang mga sinabi nya kanina umaga.

Laman ng isip ko hanggang kaninang tanghalian, ngayon ang laman na ng isip ko ay ang pagpipigil na masakal ang gwapo kong boss.

Bakit?

Dahil hindi ko na naman sya maintindihan para syang bipolar, nag m-menopause na babae sa inaasal nya sakin ngayon.

Katulad kaninang tanghalian, hindi nya ko pinakain ng lunch dahil gusto nyang makahabol kami sa meeting na ito na hindi naman mukhang meeting, mukhang lunch date na naman.

Para akong tangang nakabantay sa kanila dahil si Calix pinatawag na naman sa DQ, hindi na ako pinahiwalay ng mesa ni Sky dahil mag-isa lang naman ako. Pero ang siste nag-order ng pagkain hindi naman ako kasama sa inorderan ang ending heto ako gutom, nganga habang sila busy habang naglalandian at kumakain. Naglaro na lang ako sa cellphone ko.

Pero ang magaling kong tyan nagparamdam, kumalam ba naman ng pagkalakas-lakas na nagpahinto sa dalawa kong kasama.

Tinignan ako ni Sky na nakakunot ang noo.

"Are you hungry?" he asked.

"Hindi Sir busog na busog nga ako eh, busog sa landian nyo."

"Slight Sir."

Lalong nagdilim ang mukha nya sa sagot ko. "Nagugutom ka pala bakit hindi ka mag-order."

"Oh baka she's on diet Sky." Epal na sabi ng date nya na Emma ang pangalan.

Pinagmasdan ni Sky ang kabuuan ko at kahit nakaupo ako hindi ko napigilan ang bahagyang pamumula ng aking mga pisngi dahil sa titig na iyon.

"Nag d-diet ka pa? Eh napaka payat mo na nga. Hindi sexy ang tawag sa katawan mo Yna malnourished."

Natawa si Emma sa sinabi ni Sky.

"You're so rude Sky hindi naman sya ganon slim nga sya eh, gusto ko ngang ma-achieve ang ganyang body."

"No Darling I like your body the way it is." He said sa medyong mababang tono.

Voluptuous at medyo chubby si Emma.

Ang ulo kong nag-iinit na dahil sa sinabi ni Sky na malnourished ako nadagdagan pa ng haplusin nya ang balakang ng babae.

See sino ang hindi makakasakal nyan, buong date na iyon hanggang ngayon, pasimple nya akong nilalait. Kesyo ang panget daw ng buhok ko hindi bagay sa akin ang kulay. Negra daw ako. Wala daw kalatoy-latoy ang mga sinusuot kong damit.

Malapit na akong sumabog konting-konti na lang.

"Hindi ka pa ba tapos?'

Mula sa pagnguya ko sa steak na kinakain ko ay tinignan ko si Sky.

Tapos na silang kumain dalawa dahil late nga ako nagsimula at isa pa umorder ako ng marami, tutal hindi namna ako ang magbabayad at para ipakita sa magaling kong boss na hindi ako nag d-diet.

"Hindi pa ho." Sabi ko sabay balik ng pansin ko sa pagkain.

"Hindi ka parin ba nabubusog, para ka nang bibitayin sa dami ng kinakain mo ang takaw mo naman."

Napahinto ako sa pagsubo.

Kanina nag d-diet ngayon matakaw naman pahinging lubid ibibitin ko na nang patiwarik itong lalaking ito.

Huminga ako ng malalim at tinignan sya ng direkta sa mga mata, saka ako ngumiti ng matamis.

"Tapos na nga ako, actually Sir nagdadasal lang ako. Tapos na rin kayo? Let's go na." sabi ko sabay tayo.

Hindi ko alam kung bakit nya ginagawa ang mga ito. Para bang sinasadya nya akong inisin at galitin sa di ko malamang dahilan.

"Baka gumaganti sa ginawa mong pagtanggi." Bakit? Eh ang linaw linaw ng usapan namin na hindi nga ako iyong Alaina nya.

I stopped on my track ng mapadako ang tingin ko sa pinto ng restaurant.

"Shit." Hindi ko napigilan ang mapamura ng mapansin ang limang kalalakihan na pumapasok sa loob.

Sa tindig at porma pa lang alam ko nang mga kalaban ang mga ito. Bukod pa sa kilala na namin ang nagtatangka sa buhay ni Sky.

Napaatras pa ako. Gusto ko sana silang harapin.

Kaso sa bilang nila hindi ko sila kayang lahat lalo na at kasama ko si Sky, mabuti sana kung ako lang.

Nabangga ko pa si Sky sa bigla kong pagpihit.

"Hey." Nahawakan nya ako sa bewang.

Nanlaki ng bahagya ang mga mata ko bago mabilis na lumayo sa kanya.

"Sa kusina tayo dumaan Sir. Dali!"

"Why?"

"May kalaban." Sagot ko na pinihit sya at tinulak nilingon ko pa ang mga kalaban, nakatingin na sila sa amin at papasunod na.

"Dali."

Sigurado akong hindi sila mangingimi na barilin kami. Nagawa nga nila dati di ba di mas lalo ngayon na mas marami sila.

Sa likod kami lumabas at dali-daling pumunta sa parking lot, nakasakay na sila habang ako naman ay papasok ng driver seat ng pumailanlang ang sunod-sunod na putok ng baril.

"Shit." Sabay pa naming mura ni Sky.

"Get in!" Narinig kong sigaw ni Sky nang gumanti pa ako ng putok.

Mabilis naman akong pumasok.

"Ahhh!" Tili ni Emma ng paulanan kami ng bala.

"Yuko! Yumuko kayo!" utos ko. Parehas silang sa likod nakaupo.

Iniyuko ni Sky si Emma pero sya nanatiling nakatingin sa akin at sa likod.

"Yumuko ka Sir. Ikaw ang dapat na yumuko dahil ikaw ang target nila." Sabi ko habang nakatingin sa rearview mirror na nabasag din ng tamaan ng bala.

Ang sunod kong naramdaman ay ang pagputok ng dalawang gulong namin sa likod.

"Damn!"

"Ahhh!"

Sadsad kami sa gilid ng kalsada, nasa bayan parin kami, at ang mga humahabol sa amin walang habas parin na nagpapaputok kahit na maraming sibilyan ang madadamay.

"Labas!" Nauna akong lumabas at pumaikot sa kabilang pinto para takpan si Sky. Patuloy parin ako sa pagpapaputok.

Sinenyasan ko ang dalawa na tumakbo papasok sa loob ng San Gabriel Wet Market.

Bago ako sumunod nilingon ko muna ang mga humahabol sa amin, na ngayon ay bumaba narin sa sasakyan nila.

Magpapaputok pa sana ako ng may humila sa akin.

"Are you stupid bakit nakatayo ka lang duon?" Galit na sabi ni Sky na hila-hila ako sa kaliwang braso.

"Bakit bumalik ka pa Sir dapat nagtago na kayo." Sabi ko na hindi inintindi ang galit nya.

"At iwan ka, in your dreams Yna. Hindi kita iiwan dito..."

Napaawang ang labi ko sa narinig at hinintay ang kadugtong pa ng sinasabi nya.

"You're my bodyguard you supposed to stay on my side. Dahil baka masugatan ako ng wala ka sa tabi ko at matanggal ka sa trabaho mo."

Napasimangot ako sa narinig ko.

"Fine Sir, don't worry hindi ko kayo iiwan kahit anong mangyari. Bago ka masugatan ako muna, bago ka mamatay ako muna ang tutumba."

Naramdaman ko ang paghigpit ng kapit nya sa braso ko, pero hindi sya nagkomento sa mga sinabi ko.

Kanya-kanya ng sigawan at takbuhan ang mga taong nadadaanan namin dahil patuloy parin sa pagpapautok ang mga humahabol sa amin

Kinuha ko ang cellphone ko at humingi ng back up.

"Duon tayo." Sabi ni Sky na tinuro ang isang maliit na eskinita. Hindi na ako ang hawak nya kundi si Emma, pipigilan ko sana sila ang kaso muntik na akong matumba ng mapatid ako sa nakakalat na basket.

"Naman talaga." Nang tignan ko sina Sky nakalusot na sila sa eskinita.

Mabilis akong sumunod para lang mapahinto at sunod-sunod na mapamura.

Ang eskinitang pinasok nila Sky ay ang tambakan ng basura na nakakonekta sa kalsada, nakita ng mga humahabol sa amin na duon pumasok ang dalawa kaya inikutan ng iba, sa kabilang kanto.

Kaya heto silang dalawa ngayon, nakahinto sa kabilang sulok nakatago sa likod ni Sky si Emma habang may nakatutok na baril sa mga ito.

"Nakorner ka rin namin Aragon." Sabi ng isa sa mga ito.

"Sino kayo? Ano bang kailangan nyo sa akin?"

Tumawa ang lalaki.

"Wala kaming kailangan sayo. Gusto lang ng amo ko na mamatay ka."

"As if naman na papayagan kong mangyari iyon."'

Aktong lalabas na ako sa pinagtataguan ko ng makaramdam ako ng sakit sa likod ng ulo ko, kasunod ay ang pagdidilim ng aking paningin.

Alam kong ilang minuto lang ako nawalan ng malay at nang iminulat kong muli ang mga mata ko, nakaluhod na ako habang may nakahawak sa magkabilang braso. May nakatutok na baril sa akin habang nakaharap kay Sky.

"Teka paanong may hawak na syang baril?"

Oo may hawak na baril si Sky na nakatutok sa lalaking na katutok naman ang baril sa akin.

"Papatayin din naman namin itong babae Aragon pero, pagsasawaan muna namin at ng amo ko."

Una kong napansin ay ang ekspresyon ni Sky, na kaninang sobrang dilim ay mas naging madilim pa ng marinig nya ang sinabi ng lalaki.

Hindi ko alam kung ano ang takbo ng usapan nila. Ang alam ko lang handang paputukin ni Sky ang baril na hawak nya base sa ekspresyon ng kanyang mukha.

"Hurt her again at sisiguraduhin ko na ang babaeng iyan ang huli mong mahahawakan."

"Ako ba ang pinag-uusapan nila?"

"Ang tapang mo talaga Aragon, kahit na nga limang baril na ang nakatutok sayo. Ganito na lang bubuhayin ka namin ngayon at hahayaan ka na makatakas, pero sa amin ang babaeng ito. Alam mo bang gigil na gigil ang boss ko nang una nyang makita itong bodyguard mo. Handa syang kalimutan ka muna basta sa kanya ito. Saka ka na lang muna namin h-hunting-in ulit total ang bilis mo naman hulihin, how about that?"

"Eh sira ulo pala ito kahit pumayag si Sky, ano sa tingin ng mga ito papahawak ako sa kanila. Try it at sisisguraduhin kong may paglalagyan kayo."

Ngumisi si Sky.

"Sa tagal kong nangulila sa babaeng iyan, satingin mo ganon-ganon ko nalang syang basta ipapaubaya sa amo mo." Tinignan nya ng deretso sa mga mata ang kausap. "Tell your boss to find her own woman! Not Her...She's MINE!"

Nappikit ako pagkatapos sabihin iyon ni Sky, biglang pumintig ang ulo ko. May mga malalabong eksena na lumitaw sa isipan ko na dagli ring nawala.

Kasabay din niyon ay ang malakas na pagpintig ng puso ko dahil sa mga sinabi nya.

"Ganon, eh di mamili ka Aragon, ikaw ang babarilin ko ngayon o siya?"

"Hindi mo ako kailangan papiliin. Buhay nya o buhay ko? Puwes lahat ng baril nyo itutok nyo na sakin dahil mamatay muna ako bago sya madapuan ng mga bala nyo. Nangako akong hindi na sya masasaktan at hindi kayo ang sisira sa pangakong iyon." He said while looking directly at me.

Napaawang ang mga labi ko.

"Then its your choice Aragon."

Sabay ng pagkilos nila ay ang pakilos ko rin paharap sa taong nasa likod ko.

Ako ang bodyguard ako dapat ang nagtatanggol at hindi si Sky.

Mablis kong naagaw ang baril.

Ngunit bago pa man na may maiputok na baril, nagsulputan na ang mga kasamahan kong D&A sa pangunguna ni Calix.

"Walang kikilos kundi lahat kayo sabog ang bungo." Sabi nya pa na kumindat sakin ng magtama ang mga mata namin.

Aatras sana ako para tumabi ng may sumaklit sa bewang ko mula sa likod at bumangga ang katawan ko sa isang katawan.

"Let's go." Sky said just above my left ear.

*****

"Hindi nyo dapat ginawa iyon Sir." Iyon kaagad ang lumabas sa bibig ko ng nasa loob na kami ng sasakyan. Hindi ko alam kung saan dinala si Emma dahil kaming dalawa lang ang sakay niyon ngayon.

"What?" sya na sumandal sa upuan ng driver seat at itinatago ang baril na hawak. Sa passenger seat naman ako nakaupo.

"Isugal ang buhay nyo para sa akin. Hindi nyo kailangang gawin iyon dahil unang-una ako ang bodyguard ako dapat ang gumagawa niyon. Pangalawa I'm not worth it. At hindi nyo ako kaano-ano para isugal ang buhay nyo."Napangiwi ako ng isuklay ko ang mga daliri ko sa aking buhok at masanggi ang bukol na dulot ng pagpukpok sa ulo ko kanina.

Kinabig nya ako sa batok, bago pa ako nakapag react ilang dali na lang ang layo ng mukha namin sa isat-isa.

"I'll do what I want. Kung kailangan kong isugal ang buhay ko para sayo gagawin ko." He said habang palipat-lipat ang tingin sa mga mata at mga labi ko.

"K-kung ginagawa mo ito dahil kamukha ko si Alaina. Uulitin ko ulit sir I'm not her-."

"Wala akong pakiaalam kung hindi ikaw si Alaina. Uulitin ko Yna, gagawin ko kung ano ang gusto ko. Si Alaina ka man o hindi."

Syete napapapikit ako sa hininga nyang tumatama sa mukha ko.

"Bakit importante rin ba ako sayo Sir?" wala sa loob na tanong ko at huli na ng marealize ko kung ano ang maaring maging ibig sabihin ng tanong kong iyon.

Bigla nya akong binitawan saka tumawa.

"Ikaw importante? Huwag kang masyadong ambisyosa Yna. You are my employee kaya ko ginawa iyon." Umiiling sya na binuksan ang pinto ng kotse. "Ipagamot mo iyang bukol mo dahil kung ano-ano ang pumapasok sa isip mo ." saka sya lumabas.

Naiwan akong nakatanga.

"What the hell is that?"

Bakit ang gulo nyang kausap?

Handa nyang itaya ang buhay nya para sakin, kasi employee nya ako? Anong klaseng rason yun?

Bakit magsasabi sya ng mga ganong bagay tapos bigla nyang babawiin.

Ano sya sala sa init, sala sa lamig?

Gulong-gulo ang isip na napasandal ako sa upuan.

Parang mas gusto kong kasama iyong Sky na una kong nakilala.

"Ugh... Nakakainis." Tili ko, not aware kay Sky na nakatingin sa akin at may misteryosong ngiti sa mga labi.

****

H/n

Nakapag UD rin salamat po duon sa mga nag v-vote at naghihintay pasensya na po talaga dahil matagal. Nga pala hindi ko alam kung okay itong chapter na ito, pasabi naman sakin kung okay o hindi hehehe puyat kasi ako ng tina-type ko ito.

Salamat din po kay Princess_jehirish para sa song. Sa mga may song pa pojan heheh pahingi po:)

Take care po sa inyo thanks and God Blessed

24

Hello...

Xenxia na po sa late na UD.

Nauna iyong song para magkaroon kayo ng ideya sa mga mangyayari.? Enjoy.

********** **********

"Secret Love Song"

(Little Myx feat. Jason Derulo)

When you hold me in the street
And you kiss me on the dance floor
I wish that it could be like that
Why can't it be like that? 'Cause I'm yours
We keep behind closed doors
Every time I see you, I die a little more
Stolen moments that we steal as the curtain falls
It'll never be enough
It's obvious you're meant for me
Every piece of you, it just fits perfectly
Every second, every thought, I'm in so deep
But I'll never show it on my face
But we know this, we got a love that is homeless
Why can't you hold me in the street?
Why can't I kiss you on the dance floor?
I wish that it could be like that
Why can't we be like that? 'Cause I'm yours
[Jason Derulo:]
When you're with him, do you call his name
Like you do when you're with me? Does it feel the same?
Would you leave if I was ready to settle down?
Or would you play it safe and stay?
Girl you know this, we got a love that is hopeless
Why can't you hold me in the street?
Why can't I kiss you on the dance floor?
I wish that it could be like that
Why can't we be like that? 'Cause I'm yours
And nobody knows I'm in love with someone's baby
I don't wanna hide us away
Tell the world about the love we're making
I'm living for that day
Someday
Why can't I hold you in the street?
Why can't I kiss you on the dance floor?
I wish that we could be like that

Why can't we be like that? 'Cause I'm yours, I'm yours
Oh, why can't you hold me in the street?
Why can't I kiss you on the dance floor?
I wish that it could be like that
Why can't it be like that? 'Cause I'm yours
Why can't I say that I'm in love?
I wanna shout it from the rooftops
I wish that it could be like that
Why can't we be like that? 'Cause I'm yours
Why can't we be like that?
Wish we could be like that

*****

Kulang na lang mag walk out ako pagkatapos namin magreport sa pulis sa mga nangyari.
Kung pwede mag day-off muna.

Ang sakit sa bangs ni Sky Aragon.

" Dont worry Yna off mo bukas di ba.?"

Sa isipin na ako ang nakaschedule na pumunta sa San Antonio bukas para sa DQ at magr-report kay Angela, bahagyang nawala ang pananakit ng ulo ko.

Andito kami sa Mansion ng Aragon, napagod ang boss ko sa mga pangyayari kaya gustong magpahinga.

Speaking of pahinga, hindi naman pahinga ang ginagawa nya.

Nasa pool area sya ng Mansion naliligo kasama si Margaret, Priscilla, Antony at Rodrick.

"My God Sky, buti walang nangyaring masama sayo." maarteng sabi ni Margaret na nakaupo sa reclining chair wearing a red two piece bikini.

Buti nga nakaupo na sya samantalang kanina halos di na sya bumitaw sa binata na ngayon ay nakaupo rin wearing his black trunk.

"Napansin ko lang simula ng magkaruon ka ng bodyguard mas napapadalas ang nagtatangka sayo." sabi ni Priscilla na nasa gilid ng pool na naka black one piece bikini, tumingin sya sakin na may kahulugan, na ginantihan ko ng ngisi.

Nasa tabi ako ng reclining chair na kinauupuan ni Sky, standing. Hindi na ako nag-abalang umupo dahil baka mapuna na naman ako ng binata at sabihan na hindi ginagawa ang trabaho ko tss... sala sa init sala sa lamig pa naman sya. Nagsusungit na lang bigla.

"Pris is right, parang mas dumami ang kamalasan mo ng magbodyguard ka." sang-ayon ni Margaret, na tumingin din sakin.
Ngisi din ang ginanti nya rito.

Alam nya kung ano ang ibig sabihin ng dalawa.

Minalas si Sky simula ng maging bodyguard nya ako.

"Tss as if naman papaapekto ako."

"Really, sa tingin nyo dapat hindi na ako magbodyguard?" sabi naman ni Sky.

Lihim naman akong umingos.

"Yeah Sky tanggalin mo na lang sila." sang-ayon kaagad ni Margaret.

"What do you think Yna?" lumipat sakin ang matiim na tingin ni Sky.

Sinalubong ko iyon.

Nagkibit-balikat ako. "Its up to you Sir, hindi naman ako maapektuhan kung tatanggalin nyo ko, marami pa naman na nangangailangan ng serbisyo ko dyan." Lihim akong nagdiwang ng dumilim ang anyo nya.

"*Akala nya siguro makikiusap ako na huwag nya akong tanggalin."*

Mas nagdiwang pa ang loob ko ng sumabat si Rodrick.

"Kapag tinanggal ka nya, pwede bang kunin kitang bodyguard ko Yna."

"Man inunahan mo naman ako. Hey Yna kapag tinanggal ka ni Sky sakin ka magpunta." singit ni Antony.

Natawa ako. "Sure basta ba may papatay sa inyo I'm willing to guard you. Kailangan nyo rin pala munang kausapin ang amo ko."

"Walang papatay sakin but...Can you guard me sa mga babaeng gusto akong mapikot?" sabi ni Rodrick na dinugtungan nya ng... "Pero kung ikaw ang pipikot sakin habang binabantayan mo ako okay lang."

Natatawang napapailing ako. Ayos bumanat ah.

Well may itsura naman ang mga kaibigan ni Sky. Mas guwapo nga lang sya.

Siniko naman ni Antony si Rodrick at nginuso si Sky.

Napatingin din ako sa binata.

Iyong ngiti ko nauwi sa ngiwi ng makita ko kung gaano katalim ang tingin nya sa dalawa nyang kaibigan.

Biglang tumikhim si Rodrick. "Ah Yna huwag ka na lang pala magbodyguard sakin I can manage." nakangiwi rin ang mukha na sabi nya.

"Ako din Yna." si Antony.

Isang matamis na ngiti ang binigay ko sa kanila di ko na pinansin si Sky iba na naman kasi ang drama nya.

"Its okay Sir like I said kanina marami pa naman na darating na trabaho sakin." Ngumiti sya ng matamis sa dalawa.

Napalingon kami kay Sky nang bigla syang tumayo, hinawakan nya ako sa braso.

"I'm tired magpapahinga na ako."
pagkasabi nuon hinila nya ako papasok.

"Wait Sky, paano naman kami." napatayo si Margaret.

Hindi sya sinagot ni Sky tuloy-tuloy lang sya sa paghila sakin pag-akyat ng hagdan at pagpasok sa kwarto nya.

"Shemay ano na naman ang gagawin namin dito."

Isinara nya ang pinto habang nakatayo ako at nakatingin sa kanya.

Sumandal sya sa hamba ng pinto humalikipkip.

'Di ko maiwasang mapalunok.

Ngayong basa sya at naka swimming trunks na naman muling pinagpyestahan ng mga mata ko ang yummy nyang katawan.

"Jusko, huwag nyo ho sanang ipahintulot na matukso ako at magahasa ko sya."

"Ahm... bakit po ako nandito Sir?" naitanong ko.

Pero mukhang susubukin ang pagtitimpi ko nang mabilis syang lumakad papalapit sakin.

Mabilis din tuloy akong napaatras hanggang sa napasandal ako sa pader.

Lumapit sya, malapit na malapit.
Itinaas nya ang dalawang braso at kinulong ako ng mga bisig nya.

"Remember this Yna..." naamoy ko iyong chlorine sa kanya at hindi ko maintindihan kung bakit naakit ako sa amoy nyang iyon.
"Marami man may gusto sayo...marami ka mang mapupuntahan kung sakaling tanggalin kita dito...hindi kita papakawalan. Remember Yna, hindi kita papakawalan." he said na nag napaawang sa mga labi ko.

Tumingin sya ruon at nang lumapit iyong mukha nya sa mukha ko inakala kong hahalikan nya ako.

Akala ko lang pala dahil ng halos magbungguan na ang ilong namin huminto sya at sinabing...

"Stay here bantayan mo ako, matutulog ako." sabay layo sakin.

Itinuro nya ang sofa.

"Dyan ka lang. Read a book, watch a movie, basta dito ka lang at bantayan mo ako. Understand."

Dahil windang pa ang lola nyo wala sa loob na napatango ako.

"Good. Sit down mag s-shower lang ako."

Nang makapasok sya sa loob ng C.R saka lang ako napakurap.

Shit! Bakit ganon? Bakit nanghihinayang ako na hindi nya itinuloy ang halik.

"*Ugh! Sky Aragon, alam na alam mo talaga kung paano guluhin ang sistema ko!"*

*****

"**This is life." nakangiting sabi ko habang dinadama ang hangin na tumatama sa mukha ko.**

Galing akong San Antonio, sa DQ.
Pagkatapos kong magreport kay Angela heto ako ini-enjoy ang paglilibot gamit ang motor ko.

Walang Sky Aragon na nagpapagulo ng isip at nagpapabilis ng tibok ng puso ko ngayon, ngayong araw nakakahinga ako ng maluwag.

"Kaya pala kanina mo pa gustong bumalik sa Mansion." Nang-aasar na sabi ng isang bahagi ng utak ko.

Totoo iyon kalalabas ko pa lang ng Mansion kanina parang gusto ko nang bumalik. At kanina halos lutang ako habang kausap si Angela. Hindi ko alam kung napansin nya... no sigurado ako na napansin nya walang nakakaligtas sa babaeng iyon, at buti na lang hindi sya nagkomento hindi ko pa alam kung ano ang sasabihin sa kanya.

Nasa boundary na ako ng San Gabriel at San Antonio ng may lumitaw na sasakyan galing sa Tres Wood.

Nakatago iyon sa malalaking puno kaya hindi ko napansin.

Binangga ng sasakyan ang likod ng motor ko.

Gumewang ako at kung hindi lang mabilis ang reflex ko malamang semplang ang abot ko.

Bumukas ang bintana ng sadalyan.

"Hey Miss my boss want you. kung ayaw mong masaktan sumama ka sa amin." sabi ng lalaking pamilyar ang mukha, isa sya sa sakay ng van na nagpaulan ng bala sa restaurant nina Priscilla.

"Ano kayo hilo."

Pinaharurot ko ang motor ko at nilampasan sila.

Kinapa ko ang baril ko.

Muli akong binangga at sa pagkakataong iyon sumemplang na ako.

"Shit" napamura ako ng muntik nang madaganan ng motor ang aking hita.

"Ahh!" napadaing ako hindi dahil sa sakit ng mga galos na tinamo ko kundi sa sakit ng ulo.

Napahawak ako duon at napapikit.

Nakita ko ang sarili ko, nakasalampak sa gilid ng kalsada habang may nakadagan na bisikleta sa hita ko.

Mabilis din na nawala ang eksenang iyon.

Nang imulat ko ang mga mata ko pitong lalaki na ang nakapalibot sakin.

"Miss mas masasaktan ka kung hindi ka sasama sa amin ng maayos." sabi ng isa na hinila ako patayo.

Napakagat labi ako para pigilan na mapadaing, dahil sa may sugat ko ito humawak.

"Let me go." mahinahon kong sabi.

Nagtawanan ang mga ito.

"Hindi pwede Miss." Sabi ng may hawak sa akin.

Kinaladkad nya ko papunta sasakyan. Bago nya pa ako maisakay sinipa ko sya sa tyan.

Nagsikilos ang anim pa at sinugod ako.

Ilang suntok at sipa ang tumama sakin, at apat naman ang napabagsak ko.

"Bwisit ka!" galit na sabi ng nasipa ko sa mukha. Bumunot sya ng baril at nagpaputok.

"Shit!" tumalon ako pakaliwa at nagpagulong-gulong nang sunod-sunod akong pinaputukan.

"Stop that baka mapatay mo, magagalit si Boss."

"Wala akong pakialam, binungian ako ng babaeng yan!"

Natawa naman ako habang payuko-yuko, nagtatago.

Tatakbo sana ako papasok ng Tres Wood ng may isa pang sasakyan na dumating at ganon na lang ang pagbundol ng kaba ko ng makilala kung sino ang lumabas duon.

"Yna!" sigaw ni Sky may hawak na baril.

"Anong ginagawa nya rito?" Imbes na sa Tres Wood ang takbo ko sa kanya ako napatungo. Mabilis ko din na nilabas ang baril ko at pinaputukan ang isa sa mga lalaki na babarilin sana sya. Pinagwalang bahala ko ang baril na nakatutok sakin.

"Yna!" nagulat na lang ako ng bigla akong yakapin ni Sky ng malapit na ako sa kanya, kasunod ng pagputok ng baril.

He shooked at humigpit ang pagkakayakap nya sakin bago itinaas ang baril at nagpaputok din.

Nanlaki ang mga mata ko pero nanatili akong kalmado kahit na nakita ko ang pagmantsa ng dugo sa

kaliwang tagiliran nya.
Nakasuot sya ng puting Tshirt kaya kitang-kita ko iyon.

Yakap parin ako na lumapit kami sa sasakyan nya.

"Get in!" utos nya.

Sumakay naman ako habang bumabaril.

Sa driver seat na ako dumaan papuntang passenger seat.

"Sakay na Sir."

Sumakay din sya at mabilis na pinaandar ang sasakyan.

"Anong ginagawa nyo dito where's Calix?" lumiko ako sa likod at nakita kong sumusunod sila.

Hindi sya sumagot.

Bumaril ang mga humahabol sa amin.

"Yumuko ka Yna."

"*Ako pa talaga ang pinayuko."*

"Ikaw ang yumuko Sir, ikaw ang pinoprotektahan ko." sabi ko na tumingin sa kanya.

Wala akong mabasa sa kanyang mukha pero may butil-butil na pawis na namumuo sa noo nya. Nakadama ako ng pag-aalala ng makita kong punong-puno na ng dugo ang damit nya.

"S-sir. Stop the car ako na ang-." nagtalsikan ang mga basag na salamin ng tamaan ng bala ang rear view mirror namin.

"Nakakainis na sila." sabi ko na dumukwang sa bintana at nagpaputok.

"What the hell! Pumasok ka Yna."

Hindi ko sya pinakinggan sunod-sunod ang pinakawalan kong putok tumigil lang ako ng makita kong gumewang ang sasakyan nila.

"Are you fucking insane!" galit na galit na sigaw ni Sky sakin.

"Sa hospital tayo Sir kailangan magamot iyang tama nyo." I said void in emotion.

"Damn it!" sagot naman nya.

*****

"Sir sa hospital nga tayo!" Hindi ko alam kung pang-ilang beses ko nang sinabi sa kanya iyon pero tulad kanina nag bingi-bingihan sya.

15 minutes na kaming tumatakbo at hindi papunta sa hospital o Mansion nila ang tinatahak namin.

"Saan ba tayo pupunta?" wala parin akong sagot na narinig.

Lalong tumindi ang pag-aalala ko ng mapansin ko na namumutla na sya.

"Naman!"

"Sir saan nga tayo pupunta!" medyo malakas na sabi ko, kasabay ng bigla nyang pagpreno at pagsubsob sa manibela.

"Oh shit!" mabilis ko syang hinawakan. "Sir! Are you okay? Sir?"

Napasuklay ako sa buhok ko ng makumpirma na nawalan sya ng malay.

Lumabas ako ng sasakyan para lumipat sa driver seat ng matigilan ako.

Its a lone house, nakatayo sa paanan ng bundok. Luma na pero mukhang pinaayos ang ilang mga bahagi para tumibay.

Ordinaryong bahay, pero bakit ganon, bakit biglang sumikip ang dibdib ko, parang gusto kong umiyak na hindi ko maintindihan.

Tunog ng busina mula sa sasakyan ang nagpapitlag sa akin at nagpaalis ng tingin ko sa bahay, nang tumingin ako sa sasakyan nadiinan na ni Sky ang busina.

Dali-dali ko syang pinuntahan at tinignan ang sugat nya.

"Anak ng..." hindi ko na sya pwedeng dalhin sa hospital, kailangan maampat na ang pagdurugo ng sugat nya.

Tumingin ulit ako sa bahay.

Mukhang kay Sky ang bahay na ito, hindi naman nya siguro ako dadalhin dito kung hindi.

Kinapa ko ang bulsa nya, may nakapa naman ako mga susi duon.

Limang susi iyon pero ang mas nakakuha ng pansin ko ay ang susi na may palawit na key chain puzzle. Nakuha ang pansin ko niyon dahil sa paruparo na design.
Luma na iyon at may mga gasgas na nga ang gilid.

"Ang weird nya mahilig din ba sya sa paruparo?" naalala ko iyong butterfly painting na nasa opisina nya.

Umungol sya kaya naalis ang tingin ko sa mga susi.

"Bakit ba nags-space out ako."

Kinuha ko ang braso ni Sky at sinampay sa balikat ko.

Katakot-takot na pawis at muntikang pagkatumba ang dinanas ko habang ginigiya sya papuntang pinto.

Una kong sinubukan ang susi na may key chain na paruparo, napasigaw pa ako ng yes ng bumukas

kaagad ang pinto.

Nagpokus muna ako kay Sky, hindi ko pinagtuunan ng pansin ang loob ng bahay kahit na mas tumindi ang nararamdaman kong kakaiba kesa kanina.

Iyong mas parang gusto kong humagulhol at ilabas ang lahat ng mga sama ng loob ko, at iyon ang nakakapagtaka wala naman akong sama ng loob na dapat ilabas.

Iisang kwarto ang meron sa loob at duon ko sya dinala.

Hinilot-hilot ko muna ang balikat ko, bago kumilos at hanapin ang mga kailangan ko.

I closed my mind habang naghahanap, patindi ng patindi ang sakit ng ulo ko, and I can't afford to shutdown now kailangan pa ako ni Sky.
Saka ko na ie-entertain ang mga eksena na pumapasok sa utak ko pagnaasikaso ko na sya.

*****

Kasama sa training namin ang matutong gamutin ang sarili at gumamot ng iba.

A simple gun shot wound, I can handle that. Kaya kayang-kaya kong gamutin si Sky.

Hinilot-hilot ko ang batok ko ng matapos ko syang gamutin.

I sighed, habang pinagmamasdan ko sya, his yummy body na kahit duguan nakakapagpailang sakin kanina at lalo na ngayon, ngayon na malinis na sya.

"Loka ka talaga Yna injured na nga iyong tao pinagnanasaan mo pa." Kastigo ko sa sarili ko.

Kinumutan ko sya after a few minutes.

Isa pa uling malalim na hininga ang pinakawalan ko bago ko nilibot ang tingin sa paligid, huminto ang tingin ko sa litratong nakadikit sa pinto ng isang cabinet.

Dahan-dahan akong lumapit duon. Hindi ko maintindihan kung bakit gusto kong maglupasay ng iyak habang tinitignan ang litrato.

Dalawang may edad na babae ang nakalarawan duon. Ang isa ay nakatingin na nakangiti sa camera habang isa ay lagpasan ang tingin duon.

Nanginginig ang kamay na kinuha ko iyon. Hinaplos ang mukha ng babaeng mas matanda.

Tinignan ko ang likod ng picture.

March 26...

My Life, they're my strength w/o them I'm lifeless.

Iyon ang caption ng larawan.

Binalik ko ang tingin ko sa picture hindi ko alam kung

ilang minuto akong nakatingin sa larawan, nagulat na lang ako ng may tumulong luha duon.

Napahawak ako sa pisngi ko.

"Bakit ako umiiyak?"

Nagtatakang ibinalik ko ang picture sa cabinet, attumingin ako sa loob nuon.

Then I saw it.

Kinuha iyon ng nanginginig ko paring mga kamay.

It's a notebook na may pabalat na butterfly ang design.

Binuksan ko iyon.

Property of Alaina Montecro.

Iyon ang nabasa ko sa unang pahina.

Natigilan ako. Napatingin ako kay Sky na mahimbing parin natutulog.

So this is Alaina's house.
Its odd hindi ko maintindihan kung bakit may nararamdaman akong familiarity sa bahay na ito.

Binalik ko ang tingin ko sa notebook ng buksan ko ang sunod na pahina napag-alaman ko na diary pala ito...Alaina's diary.

Nagtalo pa ang isip ko kung babasahin iyon.

"Read it, di ba matagal ka nang na c-curious kung sino si Alaina at bakit lagi kang napagkakamalan na sya."

"Pakialamera lang Yna?"

Ilang segundo pang nagtalo ang kalooban ko bago nanaig ang kuryusidad.

Jan 6...

Naaawa ako kay Mama, alam kong nahihirapan sya na wala syang paningin at mas pinahihirapan pa sya ng pagiging masasakitin nya. How I wish na may pera ako para mapagamot sya, how I wish na may tumulong sa amin...Papa please send us an Angel... please...

Jan 20...

Bakit ba ang kitid ng pag-iisip ng mga taga San Gabriel. Bakit ba kapag may nangyayaring hindi maganda sa paligid I am always the one to blamed. Why branded me a jinx lahat ba ng kamalasan nila isisisi nila sa akin?

March 30...

Hindi ko maintindihan kung bakit nag-iba ang pakiramdam ko nung magtama ang mga mata namin. He's the new guy at napakagwapo nya. Nagkabangga kami kanina, at ganon na lang ang bilis ng pagtibok ng puso ko ang weird, at kagabi napanaginipan ko sya, his name is Sky Aragon siguro hindi naman masama kung mangarap ako na sya ang prince charming ko di ba? Kahit sa panaginip lang.

June 12...

For the first time may tumulong sa akin, at hindi ako makapaniwala na si Sky Aragon iyon and we are classmate! At napakabait nya. Tinabihan, kinausap , at pinagtanggol nya ako sa mga klasmeyt kong namb-bully sa akin. Sinundan nya pa ako, hinabol at kahit ilang beses na naaksidente hindi nya iyon sinisi sa akin. And when he carried me papuntang clinic, ramdam na ramdam ko ang matigas nyang braso. Ang hindi ko lang maintindihan kung bakit nya iyon ginawa, imposibleng hindi nya ako kilala...

June 13...

Isang bagay ang napag-alaman ko tungkol kay Sky, makulit sya, kahit ilang beses akong tumanggi pinilit nya parin akong ilibre ng breakfast, ang kaso dumating sina Margaret at Priscilla, nilait ako. Hindi ko kinaya ang mga sinabi nila sa akin so umalis ako, narinig ko pa ang pagtawag sa akin ni Sky ngunit hindi ako himinto dahil nahihiya ako sa kanya.

June 14...

I saved a child ng muntik na syang mabangga ni Senyora Carmela, Sky's mother at tulad ng dati sa akin sinisi iyon. Nagkaruon ako ng gasgas sa braso. Kanina rin sinabi sa akin ni Margaret kung bakit panay ang lapit at kulit sa akin ni Sky... dahil sa isang pustahan... a bet. Parang nadurog ang puso ko, di ko man aminin alam kong may nararamdaman na ako para kay Sky kaya alam kong hindi ko kakayanin iyong sakit kung sakali. Kaya naman ng dumating sya sa Joy's stop kanina tinanong ko sya kung bakit panay ang lapit nya sa akin, sinabi ko sa kanya na huwag ako ang paglaruan. Hindi ba nya naisip na mawawasak ako kung ganon nga ang plano nya at hindi pwedeng mangyari iyon paano si Mama at si ate Cheska? Kaya sinabihan ko sya na na huwag na akong guluhin at lumayo na sa akin.

June 16...

Akala ko hindi nya na ako papansinin kanina, kaya naman ganon na lang ang gulat ko ng sagutin nya ang tinanong ko sa kanya kagabi, kung bakit sya lumalapit sa akin. At hindi ako makapaniwala ng i-announce nya sa lahat na liligawan nya ako, sa sobrang pagkabigla ko tumakbo ako sa duyan ko. But then sumunod sya, and we... we kissed hindi ako makapaniwala Sky Aragon kissed me! Hanggang ngayon ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko. And she called me butterfly. His butterfly. Papa totoo nga siguro ang Love Butterfly... but still kailangan ko parin na iwasan sya di ba?

Hindi ako makapaniwala, hinarana ako ni Sky Aragon... sa harap ng lahat. Wala na ba syang gagawin kundi patuloy na gibain ang pader sa puso ko. Talaga bang gusto nya na akong mahulog sa kanya ng tuluyan.

June 17...

Pinakilala nya ang sarili nya kay Mama as my boyfriend pinag-igib at tinulungan nya pa ako sa mga gawaing bahay. He even eat with us kahit na payak lang pagkain namin. Nalilito na ako totoo ba o hindi ang intensyon nya sakin?

...Bumalik sya, at tinulungan ako na magtapal ng butas ng bubong, at nangyari ulit iyon, he kissed me again... under the rain...and that was... magical.

Sky Aragon totoo ka ba talaga?

June 24...

Sky's birthday duon ko nakita kung gaano kalaki ang agwat namin ni Sky. Kung gaano katotoo na hindi ako bagay sa kanya. Sinampal sa mukha ko yan ni Priscilla at Margaret. Pinalayas nila ako sa Mansion ng mga Aragon. But then hinabol nya ako at pinaranas sa akin ang gabing iyon my fairytale night... my fairytale dance. Kaya naman naisip ko bahala na susugal na ako sa kanya.

June 31...

"You're mine Alaina, you're my jinx butterfly." he said that to me. Habang nakahiga ako sa kama nya, habang yakap nya ako. He gave me a ring a couple ring na paruparo ang design at nabubuo ang salitang Love butterfly. At may pangalan namin. Alam ko kahit hindi nya sabihin ang mga salitang iyon ramdam ko sa puso ko na mahal nya rin ako. I'm happy at dahil kay Sky iyon, for the first time in my whole life may liwanag nasa buhay ko. I love him... I love Sky Aragon at sana magtuloy-tuloy na ang kaligayahan na ito.

*****

Nagdulot ng ingay ang notebook na nabitawan ko.

Napahawak ako sa ulo ko ng mas tumindi ang sakit niyon, at sa kabila ng sakit... nagawa kong abutin ang kuwintas na sinuot ko lang ulit kaninang umaga, nangingilid ang luha ko habang tinitignan ang palawit niyon.

He gave me a couple ring na paruparo ang design at may salitang nabubuo Love Butterfly.

Gusto kong isipin na nagkataon lang ang lahat pero bakit ganon? Bakit pamilyar ang lahat sa akin.

Mabilis akong lumabas para sumagap ng hangin, naninikip ang dibdib ko at patindi ng patindi ang sakit ng ulo ko, iyong tipong mabibiyak na. Hindi pa nakatulong na nakita ko ang bubong ng bahay.

"Ahhh!" napahawak ako sa katawan ng punong mangga na naruon ng mas sumakit ang ulo ko.

Unti-unti akong napaluhod pumikit ako ng mariin, pagkatapos sunod-sunod na ang mga eksenang naglaro sa utak ko... malinaw at detalyadong mga eksena.

Mula ng makilala ni Alaina si Sky... hanggang sa atakehin ang Mama nya at kung paano nadurog at winasak ng binata ang mundo nya. Ang pagtama ng katawan nya sa tubig at nang ulo nya sa isang bato. Nang magising sya sa isang hospital at walang maalala, ang pagkupkop sa kanya ni Angela ang pagt-training nya.

Nakita ko ang lahat, kung paanong si Alaina Mae Montecro ay naging si Yna Montess.

Habol ang hiningang napamulat ako... unti-unting nawawala ang sakit ng ulo ko, kasabay ng unti-unting pag tulo ng luha sa mga mata ko.

I'am Alaina Mae Montecro. The Jinx, ang malas na si Alaina.

Napaupo ako at malakas na umiyak.

"Mama..." Ang Mama ko, wala na ang Mama ko. Lahat ng pinangako ko sa kanya ni isa walang natupad.

Hindi ko alam kung gaano katagal na umiiyak ako, basta iniyak ko ang lahat, ang pagkawala ni Mama, ang panloloko ni Sky, nang humupa ang nararamdaman ko sumisinok na sumandal ako sa puno at ilang ulit na napahinga ng malalim.

"What now Yna...Alaina?" gusto kong matawa hindi ko alam kung ano ang itatawag ko sa sarili ko Alaina ba o Yna?

Tumayo ako at muling pumasok, muling nanubig ang mga mata ko habang pinagmamasdan ang sala namin ganon parin naman ang ayos ng sala napalitan lang ang mga sira at mga luma.

"Inalagaan ba nya ang bahay namin?" bulong ko habang nakatingin kay Sky.

Habang tinitignan ko sya bumabalik iyong sakit, paulit-ulit.

"*Kaya pala kinalimutan ka ni Alaina winasak mo ang mundo nya...winasak mo ako."*

Ngumiti ako ng mapait.

"I'm Yna Montess. Wala na si Alaina, si Alaina na malas, hindi na magbabago iyon. Patay na sya at mananatiling patay. Ikaw kung ano man ang nararamdaman ni Alaina sayo nuon, hindi ko alam kung bakit nararamdaman din ni Yna ngayon. I love you. Alaina loves you and even Yna. Hindi ko alam kung bakit ganon, siguro nga I'm bound to love you, sa kahit kaninong katauhan. But kung si Alaina pinakita at sumugal sa pagmamahal na iyon hindi si Yna. This Love na nararamdaman ko, its going to be a secret. A secret love tulad ng pagiging lihim na ako si Alaina." napatango ako. "Yeah A secret Love." bulong ko. After that lumabas na ako. Not noticing na wala na ang diary ni Alaina sa sahig kung saan ko ito nailaglag kanina.

*****

H/N

Sana po nagustuhan nyo?

25

H/N

Happy reading everyone?

*****

Ano ba ang mas mahirap, ang magpanggap na walang alam o ang magpanggap na wala kang nararamdaman?

Hindi ko alam kung gusto kong ipagsigawan na ako si Alaina, hindi ko alam kung dapat bang kastigohin ko si Sky sa panloloko nya sa akin noon at hindi ko alam kung itong nararamdaman ko sa kanya ay pagbibigyan ko ba o kakalimutan ko na lang ba.

"Bakit ba biglang naging kumplikado ang buhay ko?"

Mula sa pagmamaneho ng sasakyan bumuntung hininga ako.

"May problema ba Yna?" Tanong ni Calix na katabi ko.

"Ha?" Iyong mga mata ko imbes na sa kanya ang bagsak kay Sky na nakaupo sa likuran dumako. Mabilis naman akong nag-iwas ng tingin ng magkasalubong ang mga mata namin.

"W-wala." Sagot ko kay Calix.

Kumunot ang noo nya. "Sure?"

"Oo nga."

Napasulyap ulit ako kay Sky na ngayon ay nakapikit na. Ayaw ko man nakaramdam parin ako ng pag-aalala kahit na nga ako ang gumamot sa sugat nya at sigurado akong hindi naman malala iyon.

Mula sa bahay nina Alaina, yeah alam kong ako din sya, pero hindi ko parin magawang yakapin ang katotohanan na iyon. Tinawagan ko si Calix at sinabi sa kanya ang mga nangyari, dali-dali naman syang pumunta at heto na nga kami ngayon papuntang hospital para patignan ang tama ni Sky, na kanina pa tahimik.

"Sigurado ka talaga, para kasing hinugot pa sa ilalim ng hukay iyang ginawa mong buntung hininga." Si Calix.

Minsan talaga gusto nya itong batukan eh.

"Wala nga." Bahagya ko syang pinandilatan.

Buti na lang nanahimik sya hanggang sa makarating kami ng hospital.

Tinanggihan ni Sky ang wheelchair at stretcher kaya naman alalay namin sya ni Calix hanggang emergency room.

Ngayon nakaalala na ako, mas dumoble ang nararamdaman kong elektrisidad at init kapag nagdidikit

ang mga katawan namin. Halos magdugo nga ang labi ko sa diin ng pagkakakagat ko duon, lalo pa at ang kamay nya nasa bewang ko at sobrang diin ang pagkakahawak nya.

Nagawa ko lang makahinga ng maluwag ng bumitaw sya at umupo sa hospital bed para maeksamin.

"Cal labas lang ako." Paalam ko na hindi na hinintay ang pagpayag nya. Lumabas na ako kaagad nang hindi sila tinapunan ng tingin dalawa.

Nagpalakad-lakad ako sa labas.
Pinapakalma ang sarili.

Kung gusto kong manatili na patay si Alaina, hindi pwedeng magdikit kami ni Sky. Hindi pwede na magtagpo ang mga balat namin kung ayaw kong bumigay at mangibabaw si Alaina. Tama na iyong nangyari noon, iba na ako ngayon.

Hindi ko alam kung gaano ako katagal sa labas, wala talaga akong balak pumasok kung hindi lang ako sinundo ni Calix.

"Hey dyan ka na lang ba? Tawag ka nya."

Ayaw ko sanang sumunod pero may magagawa ba ako? Baka mapansin pa ni Calix na may tinatago ako, may pagka- intrigero pa naman ang lalaking ito.

Sumunod ako papunta sa private room ni Sky, pagpasok ko pa lang nasa akin na kaagad ang tingin nya.

Hindi ko alam parang may nabasa akong takot at pangamba sa mukha nya na dagli ring nawala ng pumasok ako.

Nakaupo sya sa kama walang damit at may balot na benda ang tagiliran nya.

"Sir andito na sya, alis na ako." Sabi ni Calix na hinintay lang na tumango si Sky bago lumabas ng silid, ni hindi man lang nagpaalam sakin ang loko.

"Hey Cal, where are-."

"Stay here Yna, inutusan ko si Calix."

Wala na akong nagawa, tinignan ko na lang ang buong silid kung ligtas na magstay sya dito at parang wala syang dahilan na kausapin ako.

Pagkatapos wala na nganga na lang ako.

"Bakit kasi ako pa ang nandito?"

Ramdam ko parin na nasa akin ang mga mata nya, wala naman syang sinasabi.

Naupo na lang ako sa sofa na naruon, duon ako sa malapit sa pinto at nakatagilid mula sa puwesto nya.

Lumipas ang ilang minuto na tahimik lang kami at walang nagsasalita.

"Come here." Aniya makalipas ang ilang minuto pa.

"Sir?"

"Come here Yna." He said in an authorative tone na wala akong nagawa kundi sundin.

Tumayo ako sa gilid ng kama.
Inabot nya ang kamay ko at hinila ako paupo.

Hinaplos nya ang mga galos ko na hindi ko na pinansin mula nang mabaril sya.

"Bakit hindi mo pinagamot ang mga iyan?" Nakatitig ng matiim ang mga mata nya sa akin.

Iniwas ko ang braso ko.

"Galos lang ito." Pormal ang mukha na sabi ko.

Bahagyang kumulubot ang mga kilay nya, muli nyang inabot ang braso ko at bahagyang hinila ako papalapit sa kanya.

"I really dont like it kapag pinagwawalang bahala mo ang kalusugan mo, noon...at ngayon...Yna."

Kung hindi nya dinugtong ang pangalan ko, pakiramdam ko kinakausap nya ako bilang Alaina.

"Hindi nga ba? He said the word noon, ano sa tingin mo ang ibig sabihib non?" Bago ko pa maanalisa ang naisip ko, kumilos sya at may inabot.

Medicine kit iyon, hindi na ako nakaimik ng simulan nyang gamutin ang mga galos ko.

Magaan ang mga kilos nya, pati ang pagdampi ng bulak, na para bang natatakot sya na masaktan ako.

"Ako na lang Sir." Naiilang ako. Tinangka kong abutin ang bulak, pero mabilis nyang iniwas iyon.

"Just stay put."

Wala na akong nagawa, sana lang matapos na kaagad dahil hindi ako makahinga at ang hirap pigilan ng katawan ko.

Oo galit ako sa kanya dahil sa ginawa nya kay Alaina, pero hindi mababago nuon ang nararamdaman ko sa kanya.
Kaya kung ayaw kong ipagkanulo ako ng sarili ko kailangan kong lumayo sa kanya. Lalo na ngayon na nakadikit ang mga tagiliran namin at dahil wala syang damit ramdam ko ang init ng katawan nya.

Ilang minuto pa ang nakalipas natapos narin sya, tatayo na sana ako para makalayo ng walang sabi-sabing kinabig nya ako sa batok at hinalikan.

"Oh, fudge!"

Itutulak ko sana sya pero nang lumapat ang kamay ko sa dibdib nyang hubad nawalan ako ng lakas, kaya iyong tulak naging yakap, iyong pagpalag naging pagtugon.

"Nahuhulog ka na naman Yna." Naisip ko habang tumutugon sa halik nya na una ay banayad na unti-unting naging mariin at mapaghanap.

Bumalik sa isip ko ang unang halik namin, ang halik sa ibabaw ng bubong habang umuulan.

Napaungol ako ng haplusin nya ang batok ko kasabay ng paghagod ng kanyang dila sa aking mga labi. Tumaas ang kamay ko sa batok nya at sinabayan ang halik.

At parang gusto kong magwala ng bigla syang huminto at humiwalay sa akin.

Habol ko ang hininga habang nakatingin sa kanya. Wala akong mabasang kahit ano sa mga mata nya, nakatitig lang sya sa akin.

"W-why?" Hinalikan nya ulit ako bago ko pa matapos ang tanong ko, mas madiin, mas matagal.
Muli akong tumugon. At tulad kanina nang dalang-dala na ako bigla na naman nyang tinapos ang halik.

"Alaina..."

Parang nakuryente na lumayo ako sa kanya.

Matalim ko syang tinignan.

"Sinabi ko na Sir, hindi ako si Alaina!"

Ngumiti sya, pakshet! Ngumiti sya! Iyong ngiting kinabaliwan ni Alaina.

"We both know that you are Alaina."

Bahagyang nanlaki ang mga mata nya.

"*Hindi pwedeng alam nya na nakakaalala na ako."*

"Sinabi ko na Sir hindi nga ho ako sya-." Sa isang iglap lang mula sa pagkakaupo sa kama, nakatayo na siya harap ko, pinning me in the wall.

"You are Alaina. My Alaina, my Butterfly." Hinalikan nya ako sa noo. "Hindi kita pipilitin kung ayaw mo pang aminin pero one thing is for sure. Ikaw at ako, tayo, kahit anong mangyari hindi na maghihiwalay."

Hindi ko alam kung paano magr-react sa mga sinabi nya.

"Anong hindi mo alam kung paano? Mag deny ka! Huwag mong hayaan na malaman nya na ikaw si Alaina!"

Pagak akong tumawa.

"Nabagok ba ang ulo nyo Sir? Ano na naman ba ito. Di bat napag-usapan na natin na hindi nga ako ang Alaina na yan, bakit ngayon pinipilit nyo na naman!" Sinubukan ko syang itulak. Pagtulak na hindi man lang nagbigay ng pagitan sa magkadikit na katawan namin.

Hinawakan nya ang kamay kong may tattoo at hinalikan iyon.

"Deny it as long as you want, pero hindi mababago non na akin ka! Akin lang. At sisiguraduhin ko na sa bibig mo manggagaling that you're Sky's butterfly, that you're mine at hindi iyon mababago maging Ysa Montess man ang pangalan mo."

Wala, na blanko na ang utak ko, hindi ko na alam ang susunod kong gagawin ang tanging nagawa ko na lang ang tumunghay sa kanya at maglaway nang ngumiti na naman sya ng makalaglag panty na ngiti.

"But for now hahayaan muna kitang maging si Yna." Tapos biglang tumalim ang tingin nya sa akin. "Maging si Yna lang, hindi kasama duon ang magpahawak, magpayakap at magpahalik sa ibang lalaki."

Napatanga na lang ako talaga sa kanya. At nang hindi ko talaga alam kung anong gagawin, mabilis ko syang tinulak ng napakalakas para makawala at lumabas.

Hindi namam sya sumunod o humabol. Napasandal na lang ako sa pinto at napapikit.

"Anong gagawin ko?"

*****

Sa sobrang pag-iisip ko kung ano ang dapat kong gawin, umalis ako, hinintay ko lang na makabalik si Calix saka ako bumira ng alis.

Its my freaking day off, hindi pa natatapos ang pahinga ko kaya okay lang ang ginagawa ko.

Tinungga ko ang alak na nasa harap at muling nag-order.

"Hi Miss." Bati ng isang lalaki sa akin, hindi ko alam kung pang-ilan na sya sa mga lumalapit, at tulad ng reaksyon ko sa mga ibang nauna, hindi ko siya pinansin.

Walang panahon ang utak ko na mag-entertain pa ng ibang anak ni Adan, dahil kay Sky pa lang punong-puno na. Actually apaw na apaw na dahil hindi lang sa utak ko sya naglalagi bumaha na at umabot na sa puso ko.

"Suplada I like it." Narinig kong sinabi ng lalaki. Umusog sya papalapit. "Gustong-gusto ko talaga ang babaeng suplada."

Deadma parin ako. Sinimsim ko lang muli ang bagong alak na hawak ko.

Sa gilid ng mga mata ko nakita kong tumaas ang isang kamay nya para haplusin ang buhok ko, hindi parin ako gumalaw, dahil oras na lumapat ang kamay nya sa akin, sya ang magpapalabasan ko ng mga frustration ko. Sigurado akong goodbye gwapong mukha sya kung nagkataon.

Ngunit bago pa man lumapat ang kamay nya sa buhok ko, bigla na lang may sumalo sa kamay nya at hinaltak sya na kinahulog niya sa stool. And then before I knew it si Sky na ang nakaupo ruon habang matiim na nakatitig sa akin.

"Hoy sino kang-?" Ang lalaking presko na hahawakan sana ako ay galit na galit na susugudin sana si Sky na mabilis naman na hinarang ni Calix.

Inakbayan niya ang lalaki. "Hep,hep,hep chill Par wag ka nang makialam sa lovebird natin eepal ka pa eh mukhang magulo na nga, come hanap na lang tayo ng mas magandang chixs." Saka halos pakaladkad na hinila nya ang lalaki palayo sa amin.

Wala akong imik, hindi ko tinignan man lang si Sky. Patuloy lang ako sa pag-inom. Hindi rin naman sya nagsalita basta nakatitig lang sya sa akin.

Naiilang ako pero nunka ko syang kausapin.

Ano yun porke ba bumalik na ang alaala ko ganon kabilis na babalik ako sa mga kamay nya, hindi ba nya matandaan na may atraso sya sa akin.
Bahala sya!

Hindi ko alam kung gaano karami na ang nainom ko, hindi ko rin alam kung ilan lalaki na ang nagtatangkang lumapit sa akin na hindi natutuloy dahil sa matatalim na titig nya at sa panghaharang ni Calix. Hindi ko na rin mabilang kung ilang babae din ang lumalapit sa kanya.

Yes nakakalapit, dahil ang sira ulong Calix lalaki lang ang hinaharang. Good thing dahil hindi pinapansin ni Sky ang mga ito, basta nakatitig lang sya sa akin at hindi nakikipag-usap sa iba.

Thats good, dahil kahit na nga ako si Yna ako parin si Alaina na mahal na mahal sya, ang Alaina na hindi mananahimik kapag may lumandi sa kanya dahil hindi katulad noon na magpapa-api na lang ako. Kakalbuhin ko talaga ang lalapit.

"Whoa lasing ka na Yna."

Nang magsawa ako kakainom, umalis na ako sa pagkakaupo, gumewang ang tayo ko, in an instant pumaikot ang kamay nya sa bewang ko.

Hindi ko na inalis ang kamay nya, para saan pa alam kong hindi naman sya bibitaw, kaya naman naglakad ako nang nakaangkla sya sa akin.

Paglabas namin ng bar iginiya nya ako papuntang parking lot, at hinayaan ko parin sya.

Hindi ko makita ang anino ni Calix sa paligid, hindi ko alam kung nakabantay sya o nagpaiwan sa loob at hinayaan sa akin si Sky kahit sya ang tokang bantay ng binata.

Nasa tapat na kami ng pinto ng passenger seat ng matalisod ako, hindi naman ako bumagsak dahil nakahawa nga sya sa bewang ko.

Napasandal lang ako sa pinto ng sasakyan at napahilig naman ang katawan nya sa akin. Kung may makakakita aakalain na magkasintahan kami dahil nakayakap na sya talaga sa akin at magkalapit na magkalapit ang mukha namin dalawa.

Nakatitig ako sa kanya tulad ng pagtitig nya sa akin walang nagbawi ng tingin at nang kumilos ang mukha nya papalapit hindi parin ako umiwas.

Lasing naman ako kaya pagbibigyan ko muna sarili ko.

"Sky!" Isang tili ang narinig namin, ng halos maglapat na ang aming mga labi sabay pa kaming napatingin kay Margaret na papalapit, sa likod nya si Priscilla, parehas na nagmamadali ang dalawa.

"Oh my God bakit hahalikan mo si Sky!" Galit na sabi nya ng makalapit hinablot nya ako palayo sa binata, halos mapasubsob ako.

Same old Margaret bulag sa katotohanan na si Sky ang gumagawa ng lahat at ako ang sunod-sunuran.

"Margaret!" Lalapit sana sa akin si Sky pero pinigilan nya.

"My God bakit ka nagpapayakap at magpapahalik sa babaeng iyan kamukha iyan ni Malas, baka lalo kang malasin." Halata sa boses na lasing na sya.

"Oo nga Sky, dapat tinatanggal mo na iyang babaeng iyan na dead ringer ni Malas manganganib lang ang buhay mo." Gatong ni Priscilla na matalim ang tingin sa akin.

"Stop it both of you." Tinignan ako ni Sky na may pangamba at umaktong muling lalapit sa akin.

"NO!" Mahigpit syang niyakap parin ni Margaret. "Huwag kang lalapit Sky, mamalasin ka talaga, dont go near her!"

"Bitawan mo ako Margaret." Mahinahon na sabi ni Sky.

Umiling si Margaret at sumubsob pa sa dibdib ni Sky. "No Sky, bakit ba kung kani-kanino ka nalapit una sa malas na iyon, ngayon nama sa bodyguard na iyan? Bakit ba hindi na lang sa akin Sky?" Tiningala nya ang binata at aktong hahalikan.

Bago pa ko nakapag-isip kusang kumilos ang katawan ko at hinila sya sa palayo sa binata bago pa man maglapat ang mga labi nila.

"Ahh!" Tili nya pa nang pilipitin ko ang kamay nya.

"Dahil noon at ngayon akin sya, Sky's Aragon is mine!" Sabi ko sabay bitaw sa kanya.

"You-!"

"Yeah try it, slap me. Siguraduhin mo na masakit iyan, iyong papantayan ang sakit na igaganti ko sayo, go on." Malamig na sabi ko nang akto nya akong sasampalin.

"Ang lakas ng loob mo, at ang kapal ng mukha mong sabihin na sayo si Sky, who the hell are you isa ka lang naman bodyguard!"

"Who the hell Am I, gusto mong malaman kung sino ako. Then let me intoduce myself again." Tumawa ako. "Good evening 'Miss Margaret' I am Alaina Mae Montecro at your service." Then I bowed.

Kitang-kita ko ang bakas ng pagkabigla sa kanilang mga mukha.

Tumuwid ako ng tayo.

"But mas kilala akong bilang Ysa Montess ngayon." Ngumisi ako. "And this man over here is my man touch him again at sisiguraduhin ko na malalasap nyo ang kakaibang kamalasan na dala ko." Then I smiled sweetly. "Got it." After that hinarap ko si Sky na may kakaibang ekspresyon sa mukha na hindi ko na pinagkaabalahan pangalanan hinalikan ko na lang sya nang mariin.

"And thats my dear is my exclamation point." I said ng muli kong harapin sina Margaret.

Pero habang nakatingin sa katawa-tawang reaksyon ng mukha nilang dalawa iisa lang ang sigaw ng utak ko.

"Damn!"

*****
H/N

okay lang ba? Antok na antok na ako hope hindi naapektuhan ng antok ko ang magulong utak ni Yna este Alaina pala. ?

Hope na magustuhan nyo.

Sa mga hindi ko pa friend sa fb add nyo po ako hehehe.
Helliza Sabida. Wala akong twitter nahihilo akong gamitin iyon. Lols

Thanks ng marami sa support?

7252017coded number

26

"You are so fucking stupid Yna!"

Hindi ko na alam kung ilang beses ko nang minura ang sarili ko.

Lalo na kapag paulit-ulit kong naaalala ang nangyari sa bar.

"Umamin ka, umamin ka talaga na ikaw si Alaina, you are really stupid ang sarap mong ibaon ng buhay." Itinakip ko ang unan sa mukha ko at sumigaw ng pagkalakas-lakas.

Pagkatapos kong umamin sa harap ni Sky, Margaret at Priscilla dito ako tumakbo sa mansion ng binata...yeah I'am really stupid tatakbo rin lang naman ako dito pa diba, sa teritoryo nya.

And its freaking seven in the morning hindi man lang ako nakatulog , tulala lang ako. Dapat din maghanda na ako at lumabas dahil ano mang oras mula ngayon papasok na si Sky.

Hinagis ko ang unan at paungol na bumangon.

Kailangan ko syang harapin, kahit hindi ko alam kung paano?
Naligo ako at nagbihis.

Huminga muna ako ng malalim bago lumabas ng kwarto ko.

I stopped on my track nang makita ko si Sky na nakatayo sa harap ng pinto ko, nakasandal sa dingding at nakacross-arm.

Tumama kaagad ang mga mata nya sa mga mata ko.

Saka bumaba ang tingin sa kwintas na may palawit na singsing na suot ko.

"Hindi ka pa ba papasok Sir?" Taas kilay na tanong ko.

"*Focus Yna, bodyguard ka ngayon iisang tabi mo na muna iyang issue nyo."*

Imbes na sumagot, lumapit sya sa akin, malapit na malapit at sa labis na gulat ko, mariin akong hinalikan sa mga labi.

Hindi pa man ako nakakapagdesisyon kung itutulak ko sya, mabilis na syang nakalayo.

"Papasok, lumabas ka na eh. Good morning Butterfly." Saka ako hinila pababa.

Ang bilis nyang kumilos, hindi ako makapagreact.

Natagpuan ko na lang ang sarili ko na nasa harap ng hapag kainan.

"Good morning Alaina." Bati ni Senyora Carmela sa akin.

Umawang ang labi ko, gusto ko sanang sabihin na wag nya akong tawaging Alaina,pero pinili ko na lang na ngumiti at bumati rin dito.

"Magandang Araw din po Senyora."

"Good morning Yna." Bati din sakin ni Calix na wala man lang na pagtatanong sa mukha kung bakit ibang pangalan ang tawag sa akin.

Lumapit sya sa akin para halikan ako sa noo.

"Back-off David." Mapanganib na sabi ni Sky habang nakatingin ng matalim kay Calix.

"Chill Man, binibiro lang kita."natatawang sabi ni Calix habang naupo.

What the hell? Bakit parang may kakaiba sa dalawang ito.

Naupo sa tabi ko si Sky. At sa gulat ko at labis na pagkapahiya, kinabig mya ako sa batok at sya ang humalik sa aking noo.

"Walang sino man ang pwedeng humalik kay Alaina kundi ako lang, walang sino man David. Iparating mo iyan sa iba nyo pang kasama. Walang hahalik kahit sa noo." He said with so much possessiveness in his voice.
Nakahawak parin sya sa batok ko.

"What the, ano bang pinagsasabi nya."

Si Calix ngumiti at sinabing...

"Makakarating."

Ngumiti si Sky at binitawan ako.

"Good." Then tinignan nya ako.

"Eat up Butterfly."

Lumagabog ang puso ko ng masuyo nya akong ngitian.

"No kalma heart, kung ayaw mong masaktan ulit, kalma!"

*****

Ngunit paano nga ba papakalmahin ang pusong, oo nga at tumatanggi eh may pagtingin parin.

At paano ko pipigilin kung ang lalaking ito ang dikit ng dikit sa akin.

Nasa opisina nya kami. Nakaupo ako sa sofa at nasa mesa naman nya sya at tumitipa sa laptop nya.

Gusto kong lumabas pero hindi nya ako pinapayagan, at ang damuho kong partner bigla na lang nawala ng papasok kami ng hotel.

Kaya hindi ko maiwan si Sky, baka masalisihan ako.

I sighed.

Dapat talaga mahuli na ang nagtatangka sa buhay nya, gusto ko munang lumayo. Makapag-isip, masyado akong naguguluhan ngayon.

Mariin akong pumikit, habang nakasandal ang ulo ko sa sofa.

Hindi ko nakita ang pagsulyap sa akin ni Sky.

May kung ano sa mga mata nya na dagli ring nawala.

Tumayo sya sa pagkakaupo at lumapit sa akin.

Kasabay ng pagmulat ko ay ang paghiga naman nya sa aking mga hita.

Napapitlag ako sa kiliti dulot ng buhok nya.

"Sumasakit ang ulo ko, do you mind to massage it Butterfly?" He said habang nakapikit.

Hindi kaagad ako nakakilos, nabigla sa ginawa nya.

Nagmulat sya ng mga mata at malamlam akong tinignan.

"Butterfly."

Gusto kong suntukin ang sarili ko dahil kusang kumilos ang mga kamay ko papunta sa noo nya at minasahe iyon.

Pero mas gusto ko ding batiin ang sarili ko ng tila nagiginhawaan na ngumiti sya.

"Wala Alaina, hulog ka na naman. Kahit si Yna walang magawa sa attraction mo sa kanya."

"Pero sisiguraduhin ko na hindi ako masasaktan, dahil pagkatapos ng misyon ko dito,b-bye Sky na."

"Kaya mo ba?"

Ang sarap batukan ng sarili ko. Malala na talaga ako.

Sa lumipas na minuto ganon lang kami, sya nakahiga sa mga hita ko, habang ako minamasahe sya.

Akala ko nga nakatulog na sya kung di pa sya nagsalita.

"Yna..."

Bumilis ang tibok ng puso ko.

Damn it! Hindi pangalan ni Alaina ang tinawag nya.

"Sir..."

"Come with me tonight." Nakapikit na sabi nya.

"Saan po?"

"Sa class reunion natin." Nagmulat sya ng mga mata.

Gumalaw bahagya ang mga kilay ko.

A class reunion huh.

"You didnt need to invite me Sir, I'm your bodyguard remember, kaya kung nasaan ka andun din ako."

"Hindi ka pupunta dun as my bodyguard." Umupo sya at tinignan ako ng matiim sa mga mata.

"You will go with me as my... date Butterfly."

*****

Pwede bang pakibatukan ako. Iyong masakit na masakit nang tumigil na ako sa kagagahan ko.

Hindi ko alam kung ano ang sumapi sa akin at pumayag ako kay Sky.

Andito kami sa sasakyan nya at kakapasok lang sa parking lot ng SGU.

Hindi ko na hinintay na pagbuksan ako, lumabas na ako ng sasaksyan.

Kaagad akong nakaramdam ng lamig dahil nakasuot ako ng simpleng white spaghetti dress na may design na pink na paruparo. White sandals din ang suot ko sa aking mga paa at ang kwintas na pinaglalagyan ng singsing na bigay sa akin ni Sky ang tangi kong suot na alahas.

Hindi ko pinansin ang lamig at inilibot ang tingin sa parking lot.

"Ang parking lot na ito ang nagsilbing daanan ko dati. Dito rin una kong nakausap ng matagal si Sky."

Naramdaman ko ang mainit na braso na umakbay sa balikat ko.

"Lets go inside Butterfly malamig na rito." Bulong ni Sky sa tenga ko.

Napaunat ako at nailayo ang mukha sa kanya.

"S-sige Sir."nagpatiuna ako maglakad.

Hindi namin kasabay si Calix sa pagpunta rito, but I'm sure na nauna na iyong lalaking iyon dito at palihim na nagbabantay sa amin.

Ang siraulo dahil sa ayaw nya daw makasira sa date namin; invisible bodyguard ang drama nya.

Pero bago sya umalis katakot-takot na tukso at intriga ang inabot ko sa lalaking iyon.

Kung di ko pa pinagbantaan na ir-report ko sya kay Angela di pa titigil.

Pagpasok pa lang namin sa covered court ng SGU kung saan nagaganap ang reunion sa amin na nakatingin ang mga mata ng lahat.

"That's her right?"

"So totoo ngang buhay sya at bumalik dito."

"Naku si Malas nga iyan, patay tayo, maghahasik na naman ng kamalasan nya iyan."

At kung ano-ano pa ang naririnig ko tungkol kay Alaina.

Dalawang tao lang ang alam kong magkakalat ng tungkol sa akin.

At iyong dalawang taong iyon, nasa tabi ng mesa at nakangisi sa akin.

"Ilampaso ko kaya ang mukha nila."

Para namang papaapekto ako sa mga naririnig ko.

Taas noo ako sanang maglalakad ng pumalibot ang braso ni Sky sa akin. Pressing me to his side.

"Don't mind them." He said at hinalikan ang gilid ng ulo ko bago ako inakay papalakad.

Lalong lumakas ang bulungan ng makita nila ang ginawa ni Sky.

Parang wala naman naririnig na iginaya ako ng binata paupo sa isang mesa, ngunit di pa man ako nakakaupo andyan na kaagad ang dalawang bruha.

"Well,well,well tignan nyo kung sino ang nandito, si Ms. Jinx, ang malas ng San Gabriel." Malakas na sabi ni Margaret.

"Stop it Margaret." Saway kaagad ni Sky.

"What? Totoo naman ang sinabi ko ah. Itong bodyguard mo nagpapanggap na ibang tao, eh sya naman pala si Alaina, ang malas at anak ng makasalanan!"

Kinuyom ko ang kamao ko.

"Bakit nagpanggap ka na ibang tao? Dahil gusto mong mapalapit kay Sky, gusto mo syang akitin? Well Ms. Jinx, hear this kung pinagpustahan ka niya noon, siguradong lolokohin karin nya ngayon, alam mo kung bakit? Kasi malas ka at habang buhay na walang magmamahal sayo."

Kitang-kita ko ang pamumula at galit sa mga mata ni Sky, sigurado akong masasaktan nya si Margaret, at bulag ang babaeng ito para makita iyon.

Mabilis akong tumayo.

Napaatras si Margaret nang humakbang ako papalapit sa kanya.

Tinignan ko ng matiim si Margaret, iyong titig na gamit ko kapag nasa harap ako ng kalaban, iyong titig na alam kong magpapangatog sa kanyang mga tuhod dahil sa sobrang takot.

Isang nakakatakot na ngisi ang sumilay sa mga labi ko ng makita ko ang pamumutla nya.

"Don't you dare go near me!" Sigaw nya ng humakbang pa ako ng isang hakbang papalapit sa kanya.

"Three fucking years." I said. "Tatlong taon akong nawala at hanggang ngayon hinahabol mo parin si Sky nakakaawa ka naman." Nang-aasar na sabi ko.

Umawang ang mga labi niya.

"Know what, hindi ko alam kung sadyang wala lang syang gusto sayo o panget ka lang talaga." Dagdag ko pa.

Bumakas ang galit sa mukha nya at tumaas ang kanyang kamay para sampalin ako.

But huminto sya nang malapit nang lumapat ang kamay nya sa mukha ko, alam nyo kung bakit? Dahil sigurado akong nabasa nya sa mga mata ko na ibabaon ko sya sa lupa kapag lumapat ang kamay nya sa pisngi ko.

"Go on slap me. But be sure na worth it iyang sampal mo sa sakit na gagawin ko sayo." Malamig ang boses na sabi ko.

Ibinaba nya ang kamay.

"Jinx! Umalis ka dito sa bayan namin, nobody want you here! Hahawaan mo lang kami ng kamalasan mo!"

"Talagang sinasagad ng babaeng ito ang pasensya ko."

Humarap ako sa mga dati kong schoolmate na nanunuod sa amin.

"Good evening everyone I'am Alaina Mae Montecro. And I dont give a fucking damn kung ano ang tingin nyo sa akin. Wala akong pakialam kung madadapa kayo ngayon; kasalanan nyo iyon dahil hindi kayo tumitingin sa dinadaanan ko. I don't give a damn kung malulugi ang business nyo, ayusin nyo kasi ang pamamalakad nyo. And I dont give a fucking damn kung mamatay kayo ngayon, because guys kapag oras nyo oras nyo na."

"At wala rin akong pakialam kung makikitid ang utak nyo na sinisisi ang 'malas' na dala ko sa lahat ng mga hindi magandang mangyayari sa inyo." Ngumiti ako ng matamis. "Hindi ko na kasalanan kung oo nga't at graduate kayo sa magandang paaralan na ito, para namang wala kayong alam sa mundo na sinisisi ang ibang tao sa mga pagkakamali at kakulangan nyo!"

But then iyong ngiti kong matamis naging madilim at nakakatakot.

"But oras na marinig ko na iniinsulto nyo ulit ang mga magulang ko, iyong kamalasan na sinasabi nyong dala ko, baka mas gustuhin nyo pang maranasan kesa sa gagawin ko sa inyo."

Namimilog ang mga mata nilang lahat habang nakatingin sila akin. I'm sure na narinig nila ang panganib sa boses ko, at kung gaano ako kaseryoso.

"Sa tingin mo ba matatakot ako sayo!" Napatingin ako kay Margaret. "Hindi ako matatakot sa isang tulad mo lang. Akin si Sky, kami ang bagay!"

"Konti na lang talaga bibinggo kana."

"Iyang lalaking sinasabi mong sayo, ako ang gusto, iyang puso nyan nasa mga palad ko! Pangalan ko ang sinisigaw ng bawat ugat nya sa katawan. From head to toe akin ang lalaking iyan!" Inis na sabi ko.

"Ang kapal ng mukha mo eh pinagpus-."

"At wala akong pakialam kung pinagpustahan ako." Tinignan ko si Sky. "Dahil the moment na hinalikan nya ako. Pag-aari ko na sya. To hell that fucking bet! Pero Sky Aragon is mine. Mine only at hindi ako mahilig magshare." Bumalik ang tingin ko kay Margaret. "Subukan mong agawin sya and I'll make sure na pagsisihan mo na may nakilala kang Alaina Mae Montecro."

Possessive.

Alam kong nagiging possessive ako pero talagang nag-iinit ang ulo ko sa tuwing naririnig ko na inaangkin ni Margaret si Sky.

Tss may kasalanan man sa akin ang lalaking iyan, akin parin sya!

"Ang kapal talaga-." Again naputol sa pagsasalita si Margaret, hindi dahil siningitan ko.

Kundi dahil sa pagkilos ni Sky, na kinabig ako sa bewang at batok upang mahalikan...sa harap nilang lahat!

*****

H/n

BASA! Iyan ako. Ang malas ko ngayong gabi, ay hindi pala baka magalit si Yna ang suwerte ko ngayon, nasira iyong payong ko, pagbaba ko ng bus, ang lakas ng ulan, then iyong pila ng trysikel...MY GHAD hanggang kabilang overpass ang haba. Huhu ang suwerte ko diba.

Sensya na po ang ikli ng UD ko.
Pero ang loko ini-announce ba naman habang kumakain kami na duon na ako matutulog sa tabi nya. At nangako sya sa harap ng Mama nya at ni Calix na walang mangyayari sa amin hanggat hindi kami

nakakasal.

Katakot-takot na kurot ang inabot nya sa akin ng nasa silid na kami.

Pero ang siste niyakap at hinalikan lang ako ng mariin saka sinabing, itigil ko daw ang pagkurot at baka hindi sya makapagpigil. Sarap sapakin. kung hindi ko lang mahal eh.

Sa loob ng isang linggo kong pagtulog sa kwarto nya. Masasabi kong mahina ang kanyang self-control.

Ilang beses kasi na muntik ng mauwi sa kung saan ang mga halik at haplos nya sakin.

"Damn it Butterfly! Magpakasal na kaya tayo para hindi na ako magpigil ng ganito." Humihingal na sabi nya habang hinahalikan ako sa leeg. Iyong kamay nya inaayos ang damit kong pantulog na nililis nya.

Gusto kong sumagot ng "Tara pakasal na tayo." Pero nakahiyaan ko naman.

Nakakahiya mang-aminin pero kahit ako nabibitin.

Ikaw kaya ang makipag make out tapos nasa puntong hindi nyo na kayang magpigil tapos kailangan nyo paring tumigil. Tuwing nangyayari iyon gusto kong pitikin si Sky. Bakit kasi nangangako sya. Hindi naman ako nagrereklamo ah.

"*Landi much Yna."*

"Nakalimutan ko iyong cellphone ko sa kwarto kunin ko lang." Sagot ko sa tanong nya.

"Dalian mo Butterfly. Sinabi ko na kasing ilipat mo na lang ang mga gamit mo rito para hindi kana pabalik-balik."

Ngumuso ako sa kanya.

"Saka na pagkasal na tayo." Sabi ko na tumayo at naglakad na papuntang pinto.

"Bukas ganitong oras, sigurado akong Mrs. Aragon ka na."

"Huh? May sinasabi ka?" bumulong kasi sya kaya hindi ko narinig.

"Nothing." Umiling sya. "Faster Butterfly I dont want to miss you."

Natawa ako.

"Para naman aabutin ng isang oras. Eh samantalang wala pang 10 minutes narito na ulit ako." Sabi ko nang nasa may pintuan na ako.

"Butterfly, seconds,minutes or hours, parang taon na, kapag wala ka sa tabi ko. Gusto ko nahahawakan kita palagi. Nakikita,nayayakap at nahahalikan. Kukunin na nga kitang lifetime bodyguard ko para kada segundo,bawat minuto at oras-oras lagi kang nasa tabi ko."

Speechless na naman ako. Hindi ko alam kapag bumabanat sya ng ganyan natatame ako.

"I love you." At dahil wala akong masabi iyan ang nasagot ko. Nginitian ko sya binigyan ng flying kiss. Saka mabilis lumabas sa may pinto.

Tinakbo ko na ang silid na tinutuluyan ko para makabalik ako kaagad sa kanya.

May ngiti pa ako sa mga labi na dinampot ang cellphone sa ibabaw ng kama.

Ngiting nawala nang tumunog ang message alert ng aking cellphone at makita ko kung ano ang mensahe duon.

It's a picture.

Picture na kinagulat, kinabahala at kinagalit ko.

"Papatayin na talaga kita Orneso!"

*****

"**So you're here."** Pinasadahan ako ng tingin ni Randy habang nakatayo sa harap nya.

Hawak-hawak ako ng mga tauhan nya para hindi ako makapaglaban.

"As if papayag ako na mapigilan kapag inumpisahan ko nang pulbusin ang mukha ng amo nila."

Ganon parin ang itsura ni Randy. Mas naging mature lang at lalong nagmukhang adik.

"Asan si Ate Cheska?" Tanong ko na deretsong nakatingin sa mga mata nya.

Nasa isang malaking bahay kami. Sa pagitan ng San Gabriel at Mulawin.

Sa laki ng bahay, taas ng pader at dami ng bantay mahihirapan kang makapasok.

Kung alam ko lang na dito naglulungga ang gagong ito matagal ko na sanang sinugod.

Nginisihan nya ako.

"Don't be impatient Jinx makikita mo rin sya, hayaan mo muna ako na matitigan ka." Hinagod nya ako ng tingin.

"Hindi talaga ako makapaniwala na ikaw si Malas. Sumeksi at gumanda ka. Alam mo bang nang una kitang nakita bilang bodyguard ni Aragon nanggigil kaagad ako sayo."

Inismiran ko sya.

"Bulag ka lang gago! Matagal na akong seksi at maganda."

"At matapang ka na ngayon. Samantalang dati nanginginig ka pag andyan ako."

"Nakakatakot kasi ang kapangitan mo noon. Ngayon tolerable na. Ang dami na bang pera pampaayos?" Pang-aasar ko.

Tumalim ang tingin nya sa akin.

"Matapang ka na talaga. Sabagay magiging bodyguard ka ba ng Aragon na iyon kung hindi. But Honey beware masama akong ginagalit, ganitong nanggigil ako sayo baka matagpuan mo na lang ang sarili

mong nasa ilalim ko."

Nangilabot ako sa sinabi nya dahil sa pandidiri. Ang kapal ng mukha niya! At talagang tinawag pa akong honey. Pweh! Sarap black-eye-an ng manyak na'to.

Mapang-asar akong ngumiti.

"Beware too. Masama rin akong galitin, baka matagpuan mo na lang ang sarili mong nasa ilalim ng lupa."

Nagkasahan ng baril ang mga tauhan nya.

Binati ko ang sarili ko ng makita ko na namumula ang mukha nya habang matalim ang tingin sa akin.

Nilibot ko ang tingin ko.

Nasa rooftop kami ng malaking bahay na ito.

Malamig sa balat ang simoy ng hanging panggabi.

Si Sky kaya?

Siguradong nag-aalala na iyon sa akin.

Naramdaman ko ang paglapit ni Randy.

Tinignan ko sya.

"Don't." Sabi ko ng tumaas ang kamay nya para sampalin ako.

Tumigil ang kamay nya sa ere at bahagyang napaatras ng makita ang galit sa mga mata ko.

"Don't touch me! Baka mawalan ako ng pakialam sa mga baril na nakatutok sa akin at mapatay kita ngayon." Mahinahon ang boses ko pero sigurado ako na ramdam nya kung gaano ako kaseryoso.

"You-!"

"Believe me mas maraming baril pa ang tumutok sa akin noon. Walang-wala iyang bente mong tauhan na nandito ngayon."

Umatras si Randy pero humalakhak.

"Gusto na kita Malas. Gustong-gusto. At dahil gusto kita hindi kita gaanong papahirapan. Lets play a game kapag nagawa mo aalis dito ang ate Cheska mo."

"Sure." Mabilis na sagot ko.

Napailing-iling naman si Randy.

"Fight my men. This twenty men, don't worry hindi ko sila papagamitin ng baril baka sabihin mo lugi ka eh."

"Gago talaga hindi daw ako papahirapan pero benteng lalaki ang ipapalaban sa akin, papatayin talaga kita!"

"So are you game? Sabagay wala kang pagpipilian. Lalaban at lalaban karin."

"Game." Walang pag-aalinlangan at hindi kumukurap na sagot ko.

Natigilan si Randy.

Ngumisi ako.

Ngising demonyo.

"Tignan natin kung tatagal iyang mga tauhan mo." Saka ako mabilis na sumugod.

*****

H/N

Guysss.. dinner tayo.

Kain. Gutom na talaga ako.

Salamat sayo na nagbasa ng chapter na ito.

Thanks.

Helliza Sabida.

?

9122017xfe 20:21

#eatingginataangalimasag.? ang hirap kainin nito putek tiis-tiis tuloy ako sa sabaw at kalabasa.

31

This chapter is for @EmegedACrocks. Sya ang kauna-unahang ng flood likes at comments sa HBEBGA. Alam kong late itong thank you ko pero gusto ko paring magpasalamat? THANKS.

*****

Kahit hinihingal nagawa ko paring ngisihan si Randy na nakatulala at gulat na gulat na nakatingin sa akin at sa mga tauhan nyang nakalugmok na.

"O di nagulat kang hayop ka. Hindi man ako kasing galing ni Gela, hindi naman ako papatalo sa tulad mo lang."

"I'm i-impressed talagang napatulog mo sila."

Pinahid ko ang ilong kong may dugo.

"Don't be kasi mamaya isa ka na rin sa mga nakahiga dyan."

Ngumisi si Randy at pinitik ang daliri.

Mula sa pinto ng rooftop naglabasan pa ang mga alagad nya, pinalibutan akong muli.

Kampante ko silang tinignan pero nagngangalaiti na ako.

Simula pa lang alam ko nang hindi sya tutupad sa usapan. Ano pang maaasahan mo sa isang adik.

"Asan si Ate?" Tanong ko na hindi pinansin ang mga tauhan nya at naglakad papunta sa kanya.

Humarang naman ang isa sa mga ito para protektahan sya sa maaring gawin ko.

Tumaas ang aking isang kilay.

"Hiding?" Isang salita lang yan pero nakita ko na naman ang galit sa mukha nya.

"*Yan maasar ka pa. Bwisit kang madaya ka."*

"Umalis ka nga dyan." Itinulak nya iyong tauhan nya at hinarap ako.

Pasarkastiko akong ngumiti.

"Where's my Ate?"

"Malapit na akong mainis sa kayabangan mong babae ka. Hindi ba pumapasok sa isip mo na nasa mga kamay ko ang buhay mo at buhay ng ate mo."

Just a blinked nasa likod nya na ako. Nakahawak sa kanyang leeg, pinipilipit ang kanyang kamay habang tinututukan ko ng baril.

Kasunod niyon ay ang pagtutok ng mga baril ng tauhan nya sa akin.

Pero dahil nasa likod nya ako. Sigurado ako nadadaan muna sa katawan nya ang mga balang ako ang puntirya.

"Hawak mo ang buhay ko. Pero mukhang hawak ko rin ang buhay mo. Huwag mong hintayin na mangati ang kamay ko at iputok ang baril na ito sa ulo mo. Believe me. Kung may unang mamatay sa atind dalawa, ikaw iyon. Ngayon asan ang ate ko?"

"Ako mismo ang papatay sayo kapag nakawala ako." Banta nya na pilit na kumakawala sa mahigpit kong pagkakasakal sa kanya mula sa likod.

"Eh di patayin mo. Sumunod ka muna sa usapan ilabas mo ang ate ko." Diniin ko ang baril sa ulo nya.

"Oo na. Bitawan mo ako at ilalabas ko ang ate mo."

"No. Gago ka kausap at wala akong tiwala sayo. Ilabas mo ang ate, papuntahin mo rito sa tabi ko at saka kita papakawalan."

"Bwisit ka!" Sinikmatan nya ang mga tauhan nya. "Ano pang hinihintay nyo? Ang mapatay ako rito? Mga wala kayong silbi! Ilabas nyo iyong babae."

Mula ulit sa pinto pakaladkad na ipinasok si ate Cheska.

"A-alaina!" Gula na gulat sya ng makita ako.

Ngumiti ako pagkatapos tinignan ang kabuuan nya.
Halata sa mikha nya na nadagdagan sya ng edad.

Napangiti ako ng makita kong okay naman sya, may konti syang mga pasa pero wala syang sugat.

Habang pinagmamasdan ko sya hindi ko maiwasang maalala si Mama.

Naninikip tuloy ang dibdib ko.

"Huwag muna Yna, nasa gera ka saka kana umiyak kapag nakaligtas na kayo."

"P-paanong-? B-bakit?" Naguguluhan nyang tanong.

"Later ate."

"Palapitin mo sya." Utos ko kay Randy.

Sinenyasan naman nya ang mga tauhan nya.

Naglakad si Ate papalapit.

"Sa likod ko Ate. "I said na mabilis nya sinunod. Naramdaman ko ang pagkapit ni nya sa damit ko.

Tinulak ko naman si Randy.

Iyong mga tauhan nya susugod sana, nang umalingawngaw ang sunod-sunod na putok ng baril pagkatapos ay sunod-sunod din na pagtumba ng mga tauhan ni Randy.

Napasigaw si Ate na mabilis kong hinila patakbo sa may pintuan.

"Tang'na huwag nyong patakasin!" Galit na sigaw ni Randy na nagtatago sa likod ng tauhan nya para hindi mabaril.

Duwag talaga ang adik!

"Faster Ate." Iginiya ko si Ate papuntang pasilyo.

Third floor ang bahay na ito. At sa bawat sulok kitang-kita mo ang mga mararangyang gamit.

Nagpakasasa talaga si Orneso sa perang nangagaling sa droga.

"Ahh!!!" Tili ni Ate Cheska ng sugudin kami ng limang tauhan ni Randy na nanggaling sa labas.

Sinalubong ko naman sila ng suntok at sipa.

Nahila ko si Ate patago sa likod ng isang piano set ng maglabas ng baril ang dalawa sa mga ito at paputukan kami.

Gumanti ako ng putok.

"Tara ate."

Hinila ko sya pababa.

Sa hagdanan na palaban ulit ako. Bumabaril sumusuntok at sumisipa.

Hindi iilan beses na tinaman ako ng suntok at sipa na kahit masakit ay hindi ko iniinda.

"A-alaina." Naiiyak na sabi ni Ate Cheska ng muli kaming paulanan ng bala habang nakatago sa isang kabinet.

Hawak ang baril na tinignan ko sya at nginitian.

"Don't worry ate ilalabas kita ng ligtas dito." Sabi ko.

Bumaril ako at muli ko syang hinila papuntang first floor.

Naririnig ko ang mga palitan nang putok sa ibat-ibang bahagi ng bahay.

Panatag na ako dahil alam kong andyan na ang mga kasamahan ko at kahit anong mangyari sigurado akong ligtas na makakalabas si Ate dito.

Nakarating kami sa hardin ng bahay.

Gusto kong magmura ng paulit-ulit dahil tila hindi nauubos ang mga tauhan ni Orneso.

Ang dami paring sumalubong sa amin.

Naubusan pa ako ng bala.

"Shit!" Hinila ko si ate papunta sa likod ng puno ng mangga matapos kong ibato ang baril na hawak ko kay Randy na lumabas mula sa bahay.

Napangisi ako ng tamaan sya sa noo.

"Hayop kang babae ka!" Galit na mura nya saka kami pinaulanan ng bala.

"Papatayin kita!" Para syang baliw na sige ng baril habang lumalakad papunta sa amin.

Pilit ko namang sinisiksik si Ate sa puno para hindi matamaan.

Tumigil ang ingay ng baril.

Ang sunod ko namang narinig ay mga daing.

Sumilip ako. Ganon na lang panlalaki ng mga mata ko ng makita si Sky na nakikipagbuno hindi lang kay Randy kundi pati sa mga tauhan nito.

"Yna." Si Calix na mula sa kung saan ay lumabas at mabilis na lumapit sa amin.

Ibinigay ko sa kanya si Ate Cheska.

"Secure her. Uupakan talaga kita kapag nasaktan ang ate ko!" Pagkasabi ko non mabilis akong umalis para tulungan si Sky.

"YOU HAD A FUCKING GUTS TO SHOOT HER!" Rinig kong sigaw ni Sky habang nakikipagpalitan ng suntok at sipa kay Randy.

Tumatakbo na ako papunta sa kanya. Sinusuntok at sinisipa lahat ng humaharang.

Napapamura ako kapag tinatamaan ako.

Sa isang pagbagsak ko nakadampot ako ng baril, kaya pinagbabaril ko na sila.

"Bwisit bakit hindi kayo maubos-ubos!"

Nakarating ako sa likod ni Sky eksaktong may hahampas ng kahoy sa likod nya.

"*Aba't sira-ulo ka sasaktan mo pa ang mahal ko."*

Sa galit ko hinampas ko sya ng baril sa ulo.

Hangga't maaari ayaw namin pumatay. Kung pwede lang pagbabaril kami, sa paa o tuhod para hindi makatakbo o sa kamay para madis-armahan.

Sumusunod ako duon, lahat nga ng nabaril ko, sa paa, balikat at kamay ko lang tinira.

Pero si Randy at itong ulupong nya na hahampasin sana si Sky, ang sarap barilin sa ulo.

Patayin at ipakain sa buwaya ang laman loob.

Tumalon ako
para maabot ng tuhod ko ang mukha ng lalaki. Tulog itong bumagsak sa lupa.

Napatingin si Sky at Randy sa akin.

"Butterfly!"

Yumuko ako at iniwasan ang isa pang lalaking hahampasin ako ng tubo sa ulo.Kasabay ng pag-iwas ni Sky kay Randy at pagsuntok nya sa lalaking hahampas sa akin.

Nang tumalikod si Sky. Kumilos naman si Randy para suntukin sya. Kaya naman mabilis ko itong sinipa.

Sabay na bumagsak si Randy at ang lalaki sa lupa.

Humihingal na hinarap ko si Sky na sinalubong naman ako ng halik.

Nanlaki ang mga mata ko. Lalo na ng mahigpit nyang akong hapitin gamit ang isang kamay sa bewang at halos ibaon ako sa kanyang katawan.

Saglit lang ang pagkabigla dahil tumugon kaagad ako.

Kiber na kahit nasa gitna kami ng labanan.

Mamatay na silang lahat wala akong pakialam.

Basta yakap ko at nahahalikan ko sya ng ganito, bahala nang umikot ng pabaliktad ang mundo.

Sabay naming naramdaman na may papalapit na kalaban. Sabay ding kaming humiwalay sa isat-isa.

Sumuntok sya sa kanan, sumipa ako sa kaliwa.

Hinawakan nya at pinayuko ang ulo ko para salubungin ng suntok ang lalaking sumugod mula sa aking likudan. Kumapit naman ako sa bewang nya at binigyan ng flying kick si Randy na papatayo naman.

Sa pagbagsak ng paa ko sa lupa. Muli nya akong kinabig sa bewang at hinalikan.

I'menjoying this.
Masarap pa lang makipaglaban ng ganito.

"Ang landi-landi mo Yna."

Humiwalay sya at tinignan ako sa mga mata.

"Butterfly-" Bigla ko syang hinila pakanan at binaril sa kamay ang lalaking babarilin sana sya.

"Yes Sky?" Malambing na tanong ko habang nakataas pa ang kamay ko na may hawak ng baril.

Lumuhod sya gamit ang isang tuhod. Biglang nanlaki ang mga mata ko.

"Will you-." Hindi nya natapos amg pagsasalita ng may sumugod na naman sa kanya.

Umikot sya at binigyan ng sidekick ang kalaban.

Muli nya akong hinarap.

"*Tang'na ang gwapo-gwapo nya talaga!"*

Lumuhod ulit sya at may dinukot sa bulsa.

"Will you ma.-"

Bigla nalang nagkaruon ng patalim sa may leeg ko na hawak ni Randy na nakatayo mula sa aking likod.

"Bitch I-."

Sinikmuraan ko sya kasabay ng pagsapak naman sa kanya ni Sky.
Sargo ang dugo sa mukha na bumagsak itong tulog sa lupa.

"Istorbo!" Sabay naming sigaw ni Sky.

Napatingin ako sa kanya at napatingin din sya sa akin.

Ngumiti sya at ngumiti ako.

Dahan-dahan syang muling lumuhod.

Sa likod nya nag-uumpisa nang sumikat si haring araw.

Umiihip narin ang pang-umagang hangin na nagpapalipad sa aking buhok.

"*OMG."*

"Butterfly....My Jinx Butterfly will you give me the honor to be your husband? Because I want you as my wife." Masuyo nya akong tinignan. "Alaina Mae Montecro..."

Ang lakas-lakas ng kabog ng puso ko. Kulang na lang himatayin ako sa sobrang bilis nito.

"...Yna Montess... will you marry me?"

Nangilid ang luha ko lalo na ng buksan nya ang kahitang kinuha nya sa kanya bulsa.

Sumilip ruon ang isang singsing na may design na maliit na paru-paro na gawa sa brilyante.

"Will you marry me Butterfly?" Ulit nya sa tanong.

Sunud-sunod akong napatango.
Kasabay ng pagtulo ng luha ko.

"Yes...yes... yes! I will marry you!" Hindi ko pa man natatapos sabihin iyon tumayo na sya at niyakap ako ng mahigpit.

Yumakap rin ako sa kanya at siniksik ko ang aking mukha sa kanyang dibdib at duon umiyak.

Syete! Hindi ko inaasahan ito.

Hindi ko inaasahan na yayain nya akong magpakasal, dito sa gitna ng labanan.

Kung ang ibang babae gusto sa isang candle light dinner o sa isang nagandang ambiance at lugar magtatapat ang mga boyfriend nila, habang nakasuot ng magandang damit at nakaayos ng husto. Ako okay lang kahit madungis ako, may pasa sa mukha, sugat sa katawan at magulo ang buhok.

Okay lang kahit sa gitna ng walang malay na mga kalaban kami nakapwesto. Okay lang na tunog ng baril ang background music namin. Okay lang ang ganito basta sya ang mag-aalok nang kasal sa akin o-oo ako.

Kahit sa may payatas pa ang setting, papayag at papayag akong magpakasal sa kanya.

Itinaas nya ang mukha ko at masuyo akong hinalikan sa mga labi.

"Damn it Butterfly! Hindi mo alam kung paano ako natakot ng bigla ka nalang nawala. I'm so fucking scared ng pumunta ako rito at makarinig ng mga putok ng baril. Please don't do that again. Huwag kang susugod sa labang ng ikaw lang. Mamatay ako sa pag-aalala. Look at you may pasa at mga sugat ka."

Napakagat labi ako.

"Sorry. Pero iniwan ko ang cp ko di ba? Para malaman nyo kung nasaan ako." Sabi ko saka napatingin sa kaliwang kamay ko ng makaramdam ako ng bahag lamig duon.

Nakasuot na sa akin ang singsing!

"A-ang ganda."

Kinuha nya ang kamay ko at hinalikan iyon.

"I love you." He said.

"I love you too."

Aktong hahalikan nya ako ulit ng magsalita si Calix.

"Hey that's enough love birds. Tapos na ang labanan hindi pa ba kayo tapos magtukaan dyan?" Napatingin ako sa kanya. Pagkatapos ay sa paligid.

Tumigil na ang putukan si Randy nakaposas na at naglalakad papunta sa mobile car ng D&A kasunod ang mga tauhan nito.

Maliwanag narin at rinig mo na ang pagbati ng mga ibon sa magandang umagang iyon.

Tapos na.

Payapa na ulit ang paligid.

"It's already seven Sky. Kung hindi kayo aalis at base sa mga itsura nyo ngayon. Siguradong matatagalan kayo sa pag-aayos. Naikakahuli nyo sa simbahan."

Biglang nanlaki ang mga mata ni Sky at napatingin sa relos niyang suot.

"Shit!" Mura nya sabay hila sa akin. "Lets go mahuhuli tayo."

"Mahuhuli? Saan? Saan tayo pupunta?" Takang tanong ko habang nagpapahila sa kanya.

"Sa kasal."

"Ah sa kasal."

Kasal?

"Kasal nino?"

Nasa tapat na kami ng kotse nya, inaalalayan ako pasakay ruon.

Hindi sya kaagad nakasagot dahil nasa loob na ako at sya ay nasa labas pa at umiikot papuntang driver seat.

"Kasal nino?" Ulit ko.

Binuhay nya ang makina.

"Kasal natin." Sagot nya na mabilis na pinatakbo ang sasakyan.

"Ah kasal natin."

"...?"

Teka ano raw? Kasal daw nino?

"Bingi lang Yna? Kasal nyo daw."

Ah kasal pala namin.

Teka...

Napakurap-kurap ako.

Kasal naming dalawa? Namin!

"WHAT? KASAL natin!" Gulat na sigaw ko.

Ngumisi sya. "Yes Butterfly kasal natin."

Napanganga ako.

Kasal...

...kasal namin ngayon.

As in NGAYON NA?!

Shit! Nanaginip ba ako?

*****

H/n

Hindi ko akalain na sa dahil mega blockbuster ang pila sa trysikel dahil sa lakas ng ulan natapos ko itong chapter naito.

Hindi ko tuloy alam kung maiinis o matutuwa ako.

Haizzt

Thanks sa pagbabasa?

Helliza Sabida

9132017gsj 21:37

Wakas

For @heartkeila0**9** maraming maraming salamat sa support mo baby girl?

****

Literal na napanganga ako habang nakatingin sa kanya.

"S-seryoso ka ba?"

Tumingin sa akin ang nangungusap nyang mga mata.

"I'm serious." He answered.

Napasandal naman ako sa sandalan.

"Talagang ikakasal ako ngayon!."

Napahawak ako sa dibdib ko.

"OMG! Ikakasal ako ngayon!" Tili nang utak ko.

"Butterfly..." napatingin ako ng marinig ko ang pagtawag nya sa akin.

Nakahinto na kami, at ng ilibot ko tingin sa paligid, nasa harap kami ng Butterfly garden.

Hindi tulad ng una kong punta ruon marami akong nakikitang taong pumapasok sa loob at mga sasakyan sa parking lot.

"Alaina..." tawag nya ulit kaya naman idinako ko na ang tingin ko sa kanya.

Nagulat ako ng salubungin nya ako ng halik.

Pumikit ako. Tumugon.

"Magpapakasal ka ba sakin...ngayon?" Sabi nya sa pagitan ng paghalik sa akin.

"O-oo naman." Sagot ko. Nakataas na ang mga kamay ko sa batok nya.

Tumigil sya sa paghalik at bahagyang inilayo ang mukha sa akin.

"Talaga?"

Tumango ako.

"Kahit na nakakabigla. Sige magpapakasal ako sayo ngayon."

Ang luwang-luwang ng ngiti nya.

"I love you Butterfly."

"I love you too my Sky."

*****

Hindi ko alam kung paanong nagawa ni Sky ito sa maikling panahon lang.

Pagkalabas ko pa lang ng sasakyan, sinalubong kaagad ako ni Leigh, Keighla, at Xienne mga co-D&A ko at kaibigan.

Hinila nila ako sa likod ng conservatory dahil hindi ko pa daw pwedeng makita ang nasa garden hangga't wala pa ang seremonyo.

Pagpasok nang dressing room sinalubong ako ng triplets. Ysa, Ylac at Dyke ang mga anak nina Gela.

"Tita Yna." Sigaw ni Dyke na mabilis na nagpakarga sa akin.

"Hello babies." Bati ko naman sa kanila lumuhod ako para mahalikan din sina Ysa at Ylac.

"So you're getting married huh." Narinig ko ang boses ni Gela kaya napatingala ako.

Nakaupo sya sa sofa suot ang kulay asul na gown. Ang lamig ng tingin nya at walang ekpresyon ang kanyang mukha.

"A-A." Shit galit ba sya.

"You're mixing business with pleasure. Dapat ba kitang bigyan ng DA para dun. A week in punished room? Hmm?"

Napalunok ako.

Shit. A week? Paano ang honeymoon ko?

Tumayo sya, lumapit sa akin tinignan ako ng matagal. Iyong tatlong babaeng katabi ko, deretso rin ang tayo. Basta kapag A mode si Angela, nakakakaba.

Ngumiti sya. "But then wala naman sa rule natin na bawal paghaluin ang business at pag-ibig. Damn! Kahit may ganong rule I don't care. Basta pagmahal mo at mahal ka ituloy lang. Screw the fucking rule! Pagnagmamahal walang regulasyon, basta nagkasundo at utak at puso."

"G-gela."

"I'm glad you follow your heart Sis."

Niyakap ko sya.

"Thanks... thanks sa lahat."

Yumakap din sya sa akin.

"Don't thank me. Wala naman akong ginawa kundi pagtagpuin lang ang landas nyo. The rest? Si Sky na. He really love you. Nagsabi pa nga sya sa akin na kapag hindi bumalik ang alaala mo. Mauuna na daw iyong baby shower, bago ang kasal."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nya. Napalayo ako at tinignan sya.

"S-seryoso?"

Tumango si Gela.

"Naku dapat nagpanggap ka muna na hindi ka nakakaalala para matikman mo ang langit." Si Xianne.

Pinandilatan namin sya ni Keighla.

"Iyang bibig mo Xianne may mga bata." Saway ni Keighla.

Si Gela natatawa lang.

Kaloka tong nanay na'to. Hindi man lang nababagabag na kung ano-ano ang naririnig ng mga anak nya.

"Mama nag curse ka lagot ka kay Papa. I'm sure ikukulong ka na naman sa kwarto non at paparusahan." Sabi ni Ysa, na nagpalaki nang mga mata namin lalo.

Tumawa si Angela pero obvious na namula naman ang pisngi nya.

"Mga babies secret muna natin ito ha, mamaya nyo na sabihin kay Papa kasi hindi pwedeng ngayon nya ako paparusahan. Kasal ni Tita Yna di ba?" Sabi nya.

"Okay po Mama!" Sabay-sabay namang sagot ng tatlo.

"Ikaw A ha. Kunyari ka pa. Sinasadya mong magmura para matikman ang langit kay D noh."

Nakita kong natigilan si Angela at tinignan ng malamig si Xienne.

"*Ayan Xienne lagot ka iyang bunganga mo kasi walang preno*."

Nag peace sign si Xienne sabay tago sa likod ng babaeng walang takot. Si Leigh.

Ngising-ngisi naman si Leigh na parang tuwang-tuwa pa, samantalang kaming naninigas dito sa takot dahil baka magalit si Angela.

Loka-loka talaga itong batang 'to kahit sa pinuno namin hindi manlang natatakot.

"Tsss... hindi ko kailangan magmura nang magmura kung kailangan kong matikman iyong langit sa piling ng asawa ko. Dahil bawat segundo minuto at oras na kasama sya ay langit nang maituturing para sa akin." Saka sya matamis na ngumiti.

Shucks bumanat si Angela.

"Eh di kayo na masaya." May pagkatunog bitter na sabi ni Leigh.

Si Angela nanan ang ngumisi.

"You miss him right?" Sabi nya.

"Sino?" Si Leigh na nag-iwas nang tingin dito.

Anong meron?

"Girls mamaya na ang kwentuhan. Baka mahuli sa kasal si Yna."

"Ay shucks oo nga. Kilos na girl para matikman mo kaagad ang sarap ni Papa Sky. Infairness Yna magaling ka talaga pumili. Mukha syang master sa kama-." Pinandilatan ko si Xianne grabe talaga ang bibig ng babaeng ito. Napaka berde.

"-mando. Sigurado akong magaling syang businessman. Hindi pa nga tapos eh." Sabi nya nakangisi.

Inirapan ko sya.

Hinila naman ako ni Keighla. Isa syang make-up artist/singer. Magaling yan kaya tiwala ako hindi ako magmumukhang kagagaling lang sa gera mamaya sa seremonya.

Kabang-kaba ako habang nakatingin sa salamin at inaasikaso nilang tatlo.

"Ikakasal talaga ako ngayon." Hindi makapaniwalang sabi ko.
At habang tinitignan ko iyong singsing na bigay ni Sky, unti-unting sumilay ang masayang ngiti sa mga labi ko.

*****

Masyadong mabilis ang mga pangyayari. Basta natagpuan ko na lang na suot ko ang isang puting-puting wedding gown.

? ***I Do by: 98 Degrees ?***

? All I am, all I'll be
Everything in this world
All that I'll ever need
Is in your eyes
Shining at me
When you smile I can feel
All my passion unfolding
Your hand brushes mine
And a thousand sensations
Seduce me 'cause I... ?

Hindi ko alam kung matatawa o maiiyak ako dahil may design din na paru-paro ang gown.

Nalaman ko rin na inimbitahan ni Sky ang halos buong San Gabriel.

Ngayon naglalakad na ako papunta sa kanya.

? I do cherish you
For the rest of my life
You don't have to think twice
I will love you still
From the depths of my soul
It's beyond my control
I've waited so long to say this to you

Awang ang mga labi dahil sa kakaibang transpormasyon ng Garden.

Pink and blue ang motiff ng aming garden wedding.

Maraming table na nakakalat.

Nasasapnan ng red carpet ang damong nilalakadan ko. Sa itaas nagkalat ang mga ulap.

Yes ulap.

Galon ng mineral water na nilagyan ng led lights sa loob at pinalibutan ng bulak. Hindi ko alam kung paano nila pinadilim ng bahagya ang buong hardin. Pero nakatulong iyon para madepina ang ulap na iyon habang nakabukas.

Pati ang mga paru-parong inaalagaan duon ay hinayaan na magkalat sa paligid.

Habang naglalakad ako sa saliw ng kanta at tinitignan iyong mga taong nanlibak at nangutya sa akin noon, itinaas ko ang noo ko.
Hindi ako nagyayabang pero gusto kong makita nila na mali iyong mga paniniwala nila noon.
Na mali iyong sinisisi nila ang ibang tao sa mga hindi magagandang pangyayaring nangyayari sa kanila.

Ang kapalaran ng tao hindi nababase sa pinagmulan nya.
Ke malas o swerte. Mayaman o hindi. Panget o maganda, kahit ano pa sya. Basta desidido at may dededikasyon may maganda syang mararating.

Pinagmamasdan ko din iyong mga kasamahan ko sa D&A, sila na naging kaibigan kapatid at kapamilya ko, hindi ko maiwasan na maluha. Lalo na ng magtama ang mga mata namin ni Angela na matamis na nakangiti sa akin.

Si Angela, ang anghel na pinadala ng langit para baguhin at alisin iyong malas na meron ako.

Si Angela na kauna-unahang kong kaibigan. Malaking-malaki talaga ang pasasalamat ko sa kanya.

Natawa ako habang natulo ang luha nang magtagpo ang mga mata namin ni Calix, na sumesenyas na magrun-away bride daw ako.

Siraulo talaga ang loko.

At nang si Ate Cheska naman ang nakita, kasabay ng ngiti ko ay ang mas pagbalong pa ng luha sa aking mga mata.

"*Ma... ikakasal na po ako. Pasensya po kung nakalimutan ko kayo. Ni hindi ko man lang kayo nahatid sa huling sandali ninyo. I'm sorry Ma. Sorry po kung hindi ko natupad iyong pangako ko na ipapagamot ko kayo. Sorry po talaga. But Ma you see may tinupad naman ako sa pangarap mo... at iyon ay ang ang maging masaya ako. I love you po Ma mahal ko po kayo pati na si Papa. Sana gabayan nyo po akong dalawa sa bagong yugto ng buhay kong ito. Maraming-maraming salamat po sa lahat.*" Piping dasal ko.

Mag-isa akong naglalakad papuntang altar, pero wala akong lungkot na nararamdaman. Malaki ang pamilya kong narito ngayon at alam kong kasama ko sina Papa at Mama na naglalakad dahil sa

dalawang paru-paro na pagpasok palang ay sumasabay na sa bawat kilos ko.

Hangangg sa magtama ang mga mata namin ni Sky na ang gwapo-gwapo at ngiting-ngiti na nakatingin sa akin.

? In my world, before you
I lived outside my emotions
Didn't know where I was going
'Til that day I found you
How you opened my life
To a new paradise
In a world torn by change
Still with all of my heart
'Til my dying day ?

"I love you." He said at kaagad akong niyakap nang makalapit ako sa kanya.

"Mahal din kita." Sagot ko.

"Tol may seremonya pa mamaya na ang lambingan." Sigaw ni Calix ng ilang segundong tumagal ang yakapan naming dalawa.

Natatawang lumayo sa akin si Sky.

"Are you ready to be mine? To be Mrs. Sky Aragon, huh Butterfly?"

"Yes my Sky. I'm ready. I'am very more than ready."

As I said that magkahawak kamay kaming humarap sa pari.

See hindi ako isang malas.

I'm maybe a jinx, but I'am Sky jinx. His Butterfly.

His Jinx Butterfly.

*****

"Are you okay?" Tanong sa akin ni Sky.

Mula sa pagmamasid sa paligid, napatingin ako sa kanya.

Nakangiting umiling ako.

Nasa terrace kami ng presidential suite ng hotel nya.

Dahil kahuhuli pa lang kay Randy Orneso hindi kami basta-basta makakaalis, sisimulan din kaagad ang kaso at kailangan kami duon.

Nangako naman sa akin iyong asawa ko na dadalhin nya ako sa kahit saang lugar ko gusto kapag natapos na iyon.

Yumakap sya sa akin mula sa likod.

"I love you Butterfly." Napapikit ako nang maramdaman ko ang mga labi nya sa aking batok.

Nauna akong naligo at ng makatapos ay dito ko sya hinintay.

Nakakatawa mang sabihin, kinakabahan ako ngayong gabi.

"Pa virgin lang Yna."

Hinarap nya ako at pinagmasdan.

Nakasandal parin ako sa barandilya, nakulong duon at sa katawan nya.

Tumaas ang mga kamay nya at ikinulong niyon ang mukha ko.

"My Butterfly...my wife." Sabi nya bago ako hinalikan sa noo.

Awtomatiko naman na niyakap ko sya.

Gumanti sya ng yakap.

Isang mahigpit na yakap. Kulang na lang ipasok nya ako sa katawan nya.

"I love you Sky."

Ipinatong nya ang baba nya sa ulo ko.

"Hindi ko inaakala na matutupad itong pangarap ko. Ako na maging asawa mo, at ikaw na maging pag-aari ko."

Pumikit ako at sinandal ang pisngi ko sa kanyang dibdib, pinapakinggan ang tibok ng kanyang puso.

Hinalikan nya ako sa ulo.

"Mahal na mahal kita Alaina."

Pwede bang magsisigaw. Sobrang saya ko.

Ang saya-saya ko. Gusto kong magtatalon ngayon.

"Gaga imbes na magtatalon ka. Paligayahin mo na lang sya. Ipadama mo sa kanya kung gaano ka kasaya."

Huminga ako ng malalim para alisin ang hiyang nararamdanan ko.

"Mahal na mahal din kita Sky." As I said that, gumalaw ang mukha ko at hinalikan ang dibdib nya.

Good thing wala syang lang-itaas at naka pajama lang.

Naramdaman ko ang paghigpit ng yakap nya.

"B-butterfly..." anas nya na sinagot ko nang...

"Hmmm..." hindi lang bibig ko ang busy ngayon pati iyong kamay ko na nasa abs nya na.

"Shit!" Mura nya.

Ramdam ko naman ang pagkabuhay ng isang bahagi ng katawan nya.

Umakyat ang mga labi ko sa leeg nya, patungong tenga.

Napahigit sya ng hininga.

"Make love to me Sky." Bulong ko sa kanya.

Hindi ko na kailangan ulitin ang sinabi ko dahil sa isang iglap lang hinahalikan nya na ako.

Napatili pa nga ako ng bigla nya akong buhatin paharap. Naisaklang ko tuloy ang mga hita ko sa bewang nya.

"Sky!" Nagulat talaga ako.

Pilyo naman syang ngumiti.

"Lets make an Angel Butterfly." Sabi nya na ipinasok ako sa loob ng kwarto.

Nauwi sa ungol ang tili ko ng muli nyang salakayin ang mga labi at maglumikot ang kamay nya sa buong katawan ko.

Iglap lang pareho na kaming hubad.

"S-sky." Singhap ko ng bumaba hanggang puson ko ang mga labi nya.

Puro ungol at daing lang maririnig sa loob ng kwarto namin.

Ginamit ko ang kaalaman ko sa martial arts para ako naman ang pumaibabaw sa kanya.

Pilya ko syang ngitian ng tignan nya ako ng may bahagyang gulat.

"Let me pleasure you my Sky."

Bago pa sya makasagot kumilos na ako.

Gumala ang mga kamay at labi ko sa katawan nya.

Sa dibdib. Sa abs at hanggang duon.

Malakas syang napaungol ng ikulong ko sa aking mga palad ang kanya. Lalo na ng humamplos at magtaas baba iyon.

"Fuck Butterfly!"

Napangiti ako ng makita ko ang kanyang mukha.

Napapasaya ko sya!

Gumapang din ang mga labi ko papunta duon.

Mas lalo syang napamura.

Wala pa akong limang minuto sa ginagawa ko ng bigla syang bumangon ay hinila ako paupo sa kandungan nya.

Mariin nya akong hinalikan at sunod kong naramdaman ay pagpasok nya sa akin.

"Uhmm Sky."

He moved.

Hindi ko pa man nababawi ang paghinga ko dahil sa sensasyon ng ginawa nyang biglang pagpasok mas lalo akong kinapos sa ginawa nya.

Mabilis syang gumalaw sa ilalim ko at napapasunod naman ang katawan ko sa kanya.

"S-sky." Daing ko na napatingala ng halikan nya ako sa leeg at sapuin ang dalawa kong dibdib.

"Y-you feel so damn good Butterfly!" He said between his thrust.

Bumilis pareho ang galaw namin.

Naisubsob ko ang mukha ko sa leeg nya at nakagat ko sya ruon ng may kung anong namumuo sa katawan ko na gustong lumabas.

Ramdam ko naman ang mas paghigpit pa ng yakap nya sa akin.

Halos magkasabay kaming napaungol ng malakas ng maabot namin ang nais marating.

"Sky..." inaantok na tawag ko sa kanya.

Isang halik naman sa noo ang binigay nya sa akin bago ako hiniga sa kama.

"Pilya ang paru-paro ko." Bulong nya na nahiga sa likudan ko. Niyakap nya ako at nagsumiksik sa leeg ko.

Ngumisi lang ako pero hindi nagsalita. Ninanamnam ko pa iyong naramdaman ko kanina.

"Can we do that again Sky?" Hiling ko.

Nangangapal sa hiya ang mukha but so what. May karapatan na akong humiling ganon I'm his wife after all.

"Of course Butterfly." Bulong nya. At napaungol ako ng muli nya akong pasukin sa ganong ayos.

Hindi ko alam kung ilang oras namin ginawa iyon.

Kung nakailan kami.

Basta ang alam ko lang.

I felt so damn happy!

So damn happy dahil nasa mga bisig nya ako.

Ako si Alaina Mae Montecro/ Yna Montess. Ang malas ng San Gabriel ay ang pinakamasaya at masuwerteng tao dito sa mundo.

----------Wakas----------

*****

H/n:

Wakas na pala hehehe bitin ba?

Meron panaman pong special chap hindi ko lang alam kung kelan hehehe.

Pero pagmaraming magrequest baka mapabilis... hihihiii?

Share ko lang: iyang love scene ginagawa ko habang naglalakad ako ng may nakasalubong akong kakilala at ang akala nya nag p-pokemon go ako hahaha eh hindi nga ako marunong maglaro nun. Pero syempre ngiti lang ako di ko naman pwede sabihin na gumagawa ako ng love scene hahaha hinayaan ko nang isipin nya na hinuhuli ko si pikachu.

MARAMING- MARAMING SALAMAT PO SA INYO.

Helliza Sabida

9242017uvft 12:24

SC1

For 3s_marias maraming-maraming salamat po...

****

Kanina pa palakad-lakad si Sky sa harap ng delivery room.

Sobrang kinakabahan na ako.

Si Yna ang asawa ko, higit tatlong oras nang nasa loob ng kwartong ito.

"Calmed down Sky." Pang-aalo sa akin ni Dylan.

Tinignan ko lang sya.

Nakaupo sila ni Angela kasama ang ilang D&A si Leigh, Keighla, Xienne, Landon, Gelo, Calix at Jensen.

Pinagpatuloy ko ang pabalik-balik na lakad.

"Gosh kaloka , ganyan talaga, masarap gumawa ng anak pero masakit maglabas." Komento ni Xienne.

"Iyang bibig mo." Saway ni Landon sa kanya.

"Bakit bhe totoo namam ah." Sagot Xienne.

"Don't bhe me, your not my girl." Busangot ang mukha ni Landon napatingin ako sa kanila.

Tama yata ang sabi ni Yna, may something sa dalawang ito.

Kahit hanggang dito, ramdam ko ang tension ng dalawa, sexual tension to be exact.

Si Xienne imbes na mainis nang-aakit pa na tinignan ang lalaki.

"Why? Do you want me to be your girl."

"In your dreams." -Landon.

"Tama na iyan kids baka magkapikunan kayo sa iba mauwi." Natatawang sabi ng buntis na si Leigh.

Kaalis lang ni Tyrrone, na nangako sa asawa na babalikan ito kaagad.

Maselan kasi ang pagbubuntis nito na ngayon ay limang buwan na ang tyan. Bago pa nga umalis ang lalaki katako-takor na bilin amg iniwan nya sa amin at sa asawa nya.

Kahit naman ako. Kung ganyan kaselan ang pagbubuntis ni Yna kung maari hindi rin ako hihiwalay sa tabi nya.

Speaking of my wife, napaunat ako ng tayo at nag-aalalang muling pinagmasdan ang delivery room.

Bakit ba ang tagal-tagal.

Kanina ng makita ko ang asawa ko na naminilipit sa sakit dahil sa pagl-labor, parang gusto kong sapak-sapakin ang sarili ko.

I'm the reason why my wife is in pain right now! Fuck! Fuck!

Tumayo si Dylan at tinapik ako sa balikat.

"I know what you feel man. Sigurado akong sinisisi't minumura-mura mo ang sarili mo ngayon. Ganyan din ako. But Par, kung natatakot ka ngayon triple ang naramdaman ko sa loob ng operating room. Good thing hindi ka sumana sa loob dahil sigurado akong hihimatayin ka. Ilagay mo na lang sa isipan mo na hindi basta-bastang babae si Yna, na kayang-kaya nya iyon. Malakas sya, malusog sigurado akong hindi nya hahayaan na malagay sa panganib ang buhay nya at buhay ng anak nyo. Just like my angel here, na tatlo ang inilabas." Hinapit ni Dylan si Angela na lumapit din sa amin.

"Yna can do it Sky." Sabi ni Angela na hinalikan ni Dylan sa ibabaw ng ulo.

"Malakas si Yna, tignan mo baka isang linggo after this nanapak na iyon." Natatawang sabi naman ni Calix.

Nginitian ko silang lahat.

"Makaka-score ka kaagad Sky hindi kana matiti-ummp." Bahagyang nawala ang tension na nararamdaman ko ng biglang takpan ni Landon ang bibig ni Xienne para mapigilan ang kahalayan na lalabas sa bibig ng babae. "Ummp..."

"Pagpasensyahan mo na ito pare, kulang sa disiplina ang bibig ng babaeng ito." Tumayo si Landon na nakatakip parin ang kamay sa mga labi ni Xienne kaya nadala ang babae sa pagtayo nito. "Kukuha lang kami ng kape." Saka hinila ni Landon ang pumapalag na si Xienne.

"May relasyon ba iyang dalawang iyan?" Tanong ni Jensen habang nakatingin sa dalawang papalayo.

"Naku wala, world war ang meron sa dalawang iyan." Natatawang sabi ni Keighla.

Nawala ang pansin ko sa kanila nang may lumabas sa delivery room.

At parang may sumuntok sa dibdib ko ng makita ko si Yna na walang malay habang nakahiga sa itinutulak na hospital bed.

Napaktakbo ako.

"Alaina..." hinawakan ko ang kamay nya. "How is she doc?" Tanong ko na bakas ang pag-aalala sa tinig.

Kitang-kita sa mukha ni Yna ang pagod sa pinagdaanan, basa pa sya ng pawis.

"She's alright Mr. Aragon. Nakatulog lang sya dahil sa pagod. Dadahil muna namin sya sa recovery room, then after an hours ililipat na namin sya sa private room nya."

"My baby?"

"Your baby is a bouncing baby boy. Malusog at walang problema nililinis lang namin siya then dadalhin na namin sa inyo."

Napatango ako sa doktora.

Binitawan ko ang kamay ni Yna at parang tangang sinundan sya ng tingin.

"Congrats pare." Bati ni Dylan na sinundan ni Angela pagkatapos ay ng lahat na.

Wala akong kahit anong reaksyon sa pagitan ng pagbati nila kundi ang parang tangang natatawa habang naluluha.

****

Eros Cloud Aragon.

Walang sawang pinagmasdan ko ang aking anak na ngayon ay buhat-buhat ko na.

Parang timang din ako na nangingiti tapos natatawa.

My baby look so small in my arms.

Noong una takot na takot pa akong hawakan sya.

But nang mabuhat ko na sya, at ngayon ay karga-karga ko na, ayaw ko na syang bitawan.

Kanina pa umalis ang D&A inabot na sila ng visiting hour kaya naman nagpaalam na silang aalis at nangakong babalik kinabukasan.

My butterfly? Tulog parin sya.

Kanina muntik na akong magpanic dahil ang tagal nyang gumising.
Kung hindi pa ako pinaliwanagan ni Doc baka naghumarentado na ako.

Sobrang hirap at pagod daw ang naranasan ni Yna kaya nagbabawi ang katawan nya.

My baby was big ngunit ipinilit ng asawa ko na ilabas sya sa normal na paraan. Matapang at malakas daw si Yna sabi pa ng doctor.

Tinignan ko sya.

Mas lalo ko syang minahal. Hindi biro ang ginawa nya. Inilagay nya talaga ang isang paa nya sa hukay.

Nang makita ko syang magigising na, lumapit ako sa gilid ng kama at naupo.

And when she opened her eyes sinadya kong sa amin ni Baby Eros unang tatama ang nga mata nya.

"Hello Mommy." Bati ko.

Una nya akong tinignan bago dumako ang tingin nya sa anak namin.

"Oh my God!" Nakita ko ang pangingilid ng luha nya, hanggang sa pumatak iyon.

Nangingiting inihiga ko ang anak namin sa tabi nya, bago ko pinunasan ang pisngi nya.

"Hello Butterfly." I said sabay halik sa noo nya bago lumipat sa kanyang mga labi.

Nang lumayo ako, isang ngiti ang nakapaskil sa kanyang mga labi bago sya yumuko at hinalikan ang noo ng anak namin.

I want to captured this moment. Ang unang halik ng asawa ko sa anak namin.

Sayang nga lang at wala akong dalang camera.

"Our Angel..." bulong nya na umabot sa pandinig ko.

"Yes Butterfly, our Angel." Muli ko syang hinalikan.

"Maraming salamat Butterfly. Thank you for making me this si happy." Bulong ko sa pagitan ng paghalik sa kanya.

Naramadaman ko ang pangiti nya sa ilalim ng mga labi ko.

"Anytime Sky... anytime. At kapag ready na ulit ako I'm happy to give you an another one."

Nanlaki ang mga matang humiwalay ako sa kanya at tinignan sya.

"Pagkatapos ng mga pinagdaanan mo!" Gulat na sabi ko.

Shit! Parang hindi ko na yata kayang makita syang nahihirapan ng ganon.

Masuyo syang ngumiti.

"That pain was part of motherhood. Iyong sakit na iyon ay parte ng pagiging babae ko. At iyong sakit na iyon ay ang sakit na paulit-ulit kong gugustuhing maranasan kung kapalit naman ay ang mga Anghel natin." Tinignan nya si Baby Eros. "I want to have another Angel, Sky."

Saka nya ako tinignan.

Damn! This woman always making me falling in love with her again and again.

Niyuko ko sya at muling hinalikan. Sa pagkakataong iyon mas matagal, mas masuyo.

"Okay if my Butteryfly want to, I'm happy and very willing to make another Angel with you. Pero hindi ngayon maybe after five years." Sabi ko na hindi inilalayo ang mukha sa kanya.

Napangiti ako ng sumimangot sya.

"Ang tagal naman." Angal nya. "Paano tayo makakarami nyan."

Damn! I really love this woman!

*"*Three years." Sabi ko naman.

"Two years." Tawad nya.

Natawa ako at hinalikan sya sa tungki ng ilong.

"Two years it is."

Wala na akong mahihiling pa.

I'm so contented and happy.

Nasa tabi ko ang babaeng pinakamamahal ko, at may anak na kami...and more to come dahil gusto pa ng aking Misis.

Ano pang hihilingin ko.

I'm a very happy Man now, na haharapin ang mundo kasama ang aking pamilya.

*****

H/n

Special chap na hahaha kailangan na kasi lalabas na si Eros sa HML ????.

At tulad nga ng sabi ni Yna MORE TO COME???.

11182017npo 12:38